

Ang Susi sa Dagling Kaliwanagan

Ika-2 Aklat

The Supreme Master Ching Hai
International Association Publishing Co., Ltd.

Mga Nilalaman

1. Lakadin ang Daan ng Pag-ibig- Ang mga Yapak ng isang Buhay na Naliwanagang Guro	5
2. Ano ang Kaliwanagan?.....	9
3. Ang Maka-Langit na Liwanag	26
4. Ano ang Nangyayari Kapag Namamatay?	50
5. Paano Abutin ang Likas na Langit	79
6. Ang ‘Tao’, Ang Tunog, Ang Salita.....	104
7. Simulan Natin ang Kapayapaan sa Ating Mga Sarili	124
8. Ang Anim na Perpeksyon ng Budismo	141
Inisasyon: Ang Pamamaraang Quan Yin.....	153
Mga Lathalain.....	157
Paano Kami Kontakin.....	164

Isang Maikling Mensahe

Sa pagbanggit sa Diyos, o sa Makapangyarihang Espiritu, ang Master ay nagtuturo sa atin na gumamit ng orihinal at walang-kasariang mga termino upang maiwasan ang pagtatalo kung lalaki o babae ba ang Diyos.

She + He = Hes (gaya ng Bless)

Her + Him = Hirm (gaya ng Firm)

Hers + His = Hiers (gaya ng Dear)

Halimbawa: When God wants, Hes makes things happen according to Hiers will to suit Hirmself.

Bilang isang tagalikha mga likhang-sining at bilang isang espiritwal na guro, naiibigan ng Supreme Master Ching Hai ang mga pagpapahayag ng kagandahang panloob. Ito ang dahilan kung bakit tinatawag Niya ang Vietnam na “Au Lac” at Taiwan na “Formosa”. Ang Au Lac ay sinaunang pangalan ng Vietnam na ibig sabihin ay “kaligayahan”. At ang pangalang Formosa na ang ibig sabihin ay “maganda”, ay mas naglalarawan ng ganap na kagandahan ng isla at ng mga naninirahan dito. Nadarama ni Master na ang paggamit ng mga pangalang ito ay nakapag-aangat sa espiritwalidad at magandang kinabukasan ng lupain at ng mga naninirahan dito.

Lakadin ang Daan ng Pag-ibig

Ang mga Yapak ng isang Buhay na Naliwanagang Guro

Tayo’y maghahanap kahit saan

Ng konting pag-ibig,

Ng konting pag-ibig,

Na ating maibabahagi sa lahat ng nilalang

Sa lahat ng panig ng mundo

Si Supreme Master Ching Hai ay isang kilalang makatao, makakalikasan, autor, taga-disenyo, musikero, film director, at espiritwal na guro na ang pag-ibig at pagkalinga sa sangkatauhan ay walang pinipiling lahi. Mula taong 1980, Sya ay isa sa mga dedikadong tagapanguna sa pangangalaga sa kalikasan. Kanyang pinasimunan ang pangangalaga sa kalikasan, preserbasyon ng iba’t ibang nilalang sa ekosistema (biodiversity), pagtanim ng mga puno, simpleng pamumuhay, at higit sa lahat, ang organikong vegan na pagkain na siyang pinakamabilis at pinaka-epektibong paraan sa paglutas sa krisis sa klima.

Walang pasubali Nyang inilalaan ang kanyang oras at pag-aari sa pagmumulat sa mundo sa mapaminsalang pagbabagao ng klima (climate change) at sa solusyong vegan. Mula 2006 hanggang 2008, kanyang inilunsad ang mga kampanyang: Alternatibong Pamumuhay at SOS kamalayan sa pag-init ng mundo. Sya rin ay naglathala ng mga dyaryo, nagsulat ng mga aklat, nagprodus ng vegetarian na dokumentaryong “The Real Heroes” (2005) at ng teleseryeng “The King & Co.” na ipinalabas sa Supreme Master Television, a 24/7, global satellite channel na nagpapalabas ng mga balita sa ‘climate change,’ vegan na pagkain, at iba pang nag-bibigay liwanag na mga tema. Mula 2007 ay ibinahagi ni Master Ching Hai ang kanyang kaalaman sa mga eksperto sa kalikasan, pamahalaang opisyal, VIPs at mga may-malasakit na mamamayan sa

pamamagitan ng 27 na pagpupulong tungkol sa climate-change sa 13 na bansa na ipinalabas ng 'live' sa satellite TV at radyo.

Dahil sa mga gawaing ito, ang kanyang motto na “Be Veg, Go Green 2 Save the Planet” at “Be Vegan, Make Peace” ay kumalat sa buong mundo at nagpabago sa karamihan na maging vegan at dahil ditto, sila’y nagtamo ng kapayapaan at magaan na pakiramdam.

Sa tulong ng kanyang magandang halimbawa, ipinaalala sa amin ni Supreme Master Ching Hai ang aming panloob na kabutihan at pag-ibig para sa lahat ng nilalang ng Diyos. Ang masidhing pagkaunawa na natamo nya sa kanyang meditasyon ang nagpabatid sa kanya ng punong-sanhi ng lahat ng pagdurusa, pag-aaway-away ng mga tao, at pagkasira ng kalikasan: ang karahasan at pagpapahirap na ating ipinadanas sa ating kapwa, hindi lang sa mga kapwa tao, pati sa mga inosenteng mga hayop. Dahil sa kanyang pagmamahal sa mga mahina at walang-bose, sinulat ni Master Ching Hai ang #1 international bestsellers “The Birds in My Life,” “The Dogs in My Life,” at “The Noble Wilds.” Ang mga panlitteraturang kayamanang ito, na mababasa sa iba’t ibang wika, ay nagpapakita ng malalim na isipan at emosyon ng ating mga kaibigang hayop at nagpapakita ng kanilang makalangit na katangian at walang-pasubaling pagmamahal.

Ang Simula ng Kanyang Misyon

Ipinanganak sa sentral Aulac (Vietnam), si Supreme Master Ching Hai ay nag-aral sa Europa at nagtrabaho sa Red Cross. Agad niyang natuklasan na ang pagdurusa ay umiiral sa lahat ng panig ng mundo at ang kanyang hanngarin na matuklasan ang lunas sa mga ito ang naging tanging layunin ng kanyang buhay. Dahil dito, sya ay naglakbay patungo sa Himalayas para hanapin ang espiritwal na kaliwanagan at sa wakas ay natanggap nya ang banal na transmisyong panloob na Liwanag at Tunog, na kanyang tinawag na Quan Yin Method. Matapos ng masigasig niyang praktis (ng meditasyon), natamo ni Supreme Master Ching Hai ang Dakilang Kaliwanagan.

Sa kanyang pagbabalik sa Himalayas, dahil sa mga pakiusap ng mga taong nakapaligid sa kanya, ibinahagi ni Supreme Master Ching Hai ang Quan Yin Method. Hinikayat nya ang kanyang mga estudyante na tumingin sa kanilang kalooban para matagpuan ang kanilang sariling banal na

kadakilaan. Hindi nagtagal, nakatanggap sya ng mga imbitasyon na magbigay ng mga lektur sa Amerika Europa, Asya, Australia, at Africa. Ang maawain nyang puso ay makikita rin sa kanyang pag-aalaga sa mga higit na nangangailangan. Ang mga pondong kinita ng kanyang mga likhang-sining ay sumuporta sa kanyang misyon na mag-bigay ginhawa sa mga anak ng Diyos na nangangailangan sa pamamagitan ng mga disaster relief at mga charity work sa iba't ibang panig ng mundo.

Pagandahin ang Mundong Ating Ginagalawan

Bagaman hindi sya naghahangad ng anumang pagkilala sa kanyang mga kawanggawa, si Supreme Master Ching Hai ay nakatanggap ng napakaraming parangak mula sa mga gobyerno at pribadong organisasyon sa iba't iabang panig ng mundo, kabilang dito ang World Peace Award, World Spiritual Leadership Award, Award for Promotion of Human Rights, World Citizen Humanitarian Award, Outstanding Public Service to Mankind Award, 2006 Gusi Peace Prize, Los Angeles Music Week Certificate of Commendation, First Place Silver for the 27th Annual Telly Awards 2006, President Active Lifestyle Award mula sa dating US President George W. Bush, at 2010 President's Volunteer Service Award mula kay President Barack Obama.

Bilang karagdagan, ang Oktubre 25 at Pebrero 22 ay itinalagang "Supreme Master Ching Hai Day" sa Amerika ng mga opisyaes ng gobyerno ng Hawaii at Illinois. Sya ay pinadalhan ng mensahe ng pagbati ng dating mga Presidenteng Amerika na sina Clinton, Bush at Reagan.

At upang kilalanin at hikayatin ang mga taong nagpakita ng mabubuting halimbawa, nilikha ni Supreme Master Ching Hai ang serye ng Shining World Awards na kumikilala sa mga nararapat na mga tao at mga hayop na nagpakita ng natatanging kabayanihan, pagmamahal, liderato, kagitingan, at katalinuhan.

Ang Pangarap ni Master

Inilalaan ni Supreme Master Ching Hai ang kanyang buhay sa pagpapaganda ng kinabukasan ng ating minamahal na planeta at sa ating pinakamamahal na mga kapwa-nilalang. Sa kasaysayan ng mundo, ang mga dakilang bisyonaryo ay may mga pangarap, and sumusunod ang Kanyang pangarap:

“Pangarap ko na ang buong mundo ay maging payapa.

Pangarap ko na lahat ng pagpatay ay mahinto.

Pangarap ko na ang lahat ng kabataan ay magkaroon ng kapayapaan at pagkakaunawaan.

Pangarap ko na lahat ng mga bansa ay makipagkasundo sa isa't isa, at protektahan at tulungan ang isa't isa.

Pangarap ko na ang maganda nating planeta ay hindi mawawasak.

Bilyon, bilyon at trilyong mga taon ang kinailangan para magawa ang planetang ito at ito'y napakaganda, kamangha-mangha.

Pangarap ko na ito ay magpapatuloy, pero sa kapayapaan, kagandahan, at pag-ibig.”



Ano ang Kaliwanagan?

Sinabi ni Supreme Master Ching Hai

Marso 5, 1987

Taipei, Formosa

(Orihinal sa Chinese)

Madalas nating naririnig sa mga tao na nakita na nila ang Buddha (lubos na naliwanagang nilalang) o ang Bodhisattva (naliwanagang nilalang). Pero madali lang ba ito? Sa palagay ko’y hindi.

Minsan, ang nakaraang monghe na si Guang Chin ay nakangiting tumugon sa isang Budistang guro na nagsabing kaya nyang makita ang Quan Yin Bodhisattva, “Talaga? Madali lang?” Mataas na ang naabot ni Guang Chin sa ispiritwal-praktis, kaya alam niya na hindi ganon kadali makita ang Buddha o Bodhisattva. Kailangan na ang “bulaklak ay bukas,” ibig sabihin ay ang mata ng karunungan ay bukas, bago ka makakita ng Buddha o Bodhisattva. Kaya ngayon ay pag-usapan natin kung paano buksan ang mata ng karunungan.

Madalas mabanggit ang kasabihan, “Kapag ang bulaklak ay bukas, ang Buddha ay makikita at ang kawalang-hanggan ay mapagtatanto.” Ngayon ang tanong: Anong uri ng bulaklak iyon? Paano iyon mabubuksan? Mayroon ba tayo ng bulaklak na iyon? Alam nyo ba kung nasaan ito? (*May sumagot: Ang ‘bulaklak’ ay ang puso natin.*) Ang ating puso? Pero paano mabubuksan ang ating puso? OK, sabihin nating iyon ay ang puso; kung gayon, nasaan ang pusong ito? (*May sumagot, “Ito ang pumupuno sa buong sansinukob.”*) Ang puso mo ba ay ganong kalaki? Hindi ako naniniwala. Imposible na ang “bulaklak” na ito ay ganon kalaki na sakop nya ang buong

sansinukob. (*May tumugon: Ang puso natin ay katulad ng puso ni Buddha.*) Paano naging ganon? (*May sumagot: Dahil ang Likas na Buddha ay nasa lahat ng nilalang.*) Tama, pero ang puso nyo ang gumagawa ng pagkakaiba; dahil kung hindi, ay makikita nyo na ang lalaki at babae ay magkapareho. Nakikita nyo ba? (*May sumagot: Ang Kalikasan, ang Orihinal na Mukha ng puso, ay pareho lang.*) Oo, pero hindi nyo pa natatagpuan. Hindi ba? (*May tumugon: Oo.*) Ngayon, alamin natin kung paano matatagpuan ang bulaklak na ito.

Maraming “bulaklak” sa ating katawan, na tinatawag na “chakras” sa yoga, o mga sentro ng katawan; at kahapon ay napag-usapan natin ang mga mabababang chakras. Lahat sila ay itsurang lotus (uri ng bulaklak). Ang uri ng lotus na may libo-libong mga dahon, kung saan umupo si Buddha habang ipinangangaral nya ang Surangama Sutra. Makikita nyo ito sa Unang Daigdig, kapag naabot nyo ang pinakataas o ang bubong ng Unang Daigdig. Pero ang tungkol sa mga panloob na pangitaing katulad nito ay hindi natin pag-uusapan dito. Hahayaan kong maranasan nyo ito sa inyong praktis. Ngayon ay gusto ko lang malaman nyo na maraming bulaklak na lotus sa katawan, kasali dito ang lotus na nandito, (*itinuro ni Master ang gitna ng noo*) na makikita nyo lang sa tulong ng mata ng karunungan, hindi ng pisikal na mata. Ang iba na mas mababa kaysa dito ay babanggitin ko sa ibang pagkakataon.

Sa loob ng lotus na ito (sa gitna ng noo) ay ang “mani pearl” (isang uri ng perlas). Kapag ang bulaklak ay bukas ay makikita natin ang “mani pearl.” “Ang buksan ang bulaklak”, ibig sabihin ay buksan ang mata ng karunungan o ang tinatawag na mata ng Buddha, o maliwanagan. Maraming iba’t ibang kasabihan ang mga sinaunang Master na ginamit para ilarawan ito. Pero ngayon, kung sabihin ko na ” Ang bulaklak ay bumubukas dito” (sa gitna ng noo) hindi mo malalaman kung ano ito o makikita kung nasaan ito. Tanging ang mga estudyante ko lang na nakakita na rito, o naranasan na ito, ang makakaalam sa tinutukoy ko.

Ngayon, sabihin nating naniwala ka sa sinabi ko, na nandito ang lotus na bulaklak at kapag ito’y nabuksan, makikita mo ang Buddha. Pero anong uri ng Buddha ang makikita natin? Amitabha? Quan Yin Bodhisattva? Maaring parehong magpakita sayo, pero anumang anyo ang makita natin ay hindi pa rin totoo. Kaya, ang makita ang Buddha ay nangangahulugang ang makita ang sarili nating Likas na Buddha (Buddha Nature), o Tunay na Kalikasan, o ang ating “Tunay na Mukha bago ang kahapon.” May nakakaalam ba sa inyo kung ano ang itsura ng Likas na Buddha?

Marami siguro ang nakarinig na sa Budistang mantra: “Om mani padma hum.” Alam nyo ba ang ibig sabihin nito? Ang ibig sabihin nito ay ang ‘mani pearl’ ay nasa lotus na bulaklak.” Ang “mani” ay ang ‘mani pearl’, at ang “padma,” ay ang lotus na bulaklak. Kaya may isang dakilang Budistang master sa Tibet na nanggangalang Padmasambhava, ibig sabihin ay isinilang mula sa lotus na bulaklak.

Kaya may kanyang kahulugan ang mantrang ito: Ang ‘mani pearl’ ay nasa lotus na bulaklak. Kaya hindi tayo magkaron ng anumang espesyal na inspirasyon sa pagbigkas ng “Om mani padma hum.” Kailangan muna nating unawain ang malalim na kahulugan nito. Ito ay isang mantra na sinasabi ng sinaunang Master para ipaalala sa mga disipulo na ang “perlas” ay nasa lotus na bulaklak; na dapat silang magpraktis ng meditasyon araw-araw kung nasaan ang perlas. Katulad ng ilan sa aking mga salita, tanging ang mga disipulo ko lang ang makauunawa at hindi nyo mauunawaan. At dahil sa espesyal na pagkakaunawaan sa pagitan ng Master at disipulo, minsan ay gumagamit lang ako ng senyas, nang walang salita. At mauunawaan na nila ang gusto kong sabihin.

Pagkatapos ng inisasyon, hindi ko na kailangang magturo gaano. Mauunawaan na nila ang instruksyon ko sa kanilang mga problema, sa pamamagitan lang ng senyas ng kamay o sa pagpapalala sa kanila na ulitin ang Banal na mga Salita. Ito ay maaari nyo, mga hindi disipulo, na mapagkamalang na pagbigkas ng ngalan ni Amitabha Buddha at tularan iyon, pero hindi ito iyon. Tanging ang mga disipulo ko lang ang nakakaalam kung ano at paano bigkasin at hindi sa pamamagitan ng wala-sa-pusong pagbigkas, gaya ng kadalasang ginagawa ng mga tao, na hindi ang tunay na pagbigkas ng “Banal na mga Pangalan.”

Gayon din, kung basta basta na lang natin basahin ang Banal na Kasulatan at bigkasin ang “Om mani padma hum,” at isipin na ito ay esoteriko (lihim na salita na tanging ang mga miyembro ng ispiritwal na grupo lang ang nakakaunawa) at kapaki-pakinabang na inkantasyon, kahit gaano katagal nating bigkasin ay wala tayong patutunguhan kundi, siguro, isang araw may mabuong tugon na resulta ng iyong malalim na konsentrasyon sa pagbigkas, at hindi mula sa mantra. Mahalagang ulitin na itinuro ng mga Master ang mantrang ito sa kanilang mga disipulo bilang paalala na magpraktis, at tiyak na naging misteryoso ito sa mga mata ng mga taga-labas dahil hindi nila ito maintindihan.

Halimbawa, kapag sinasabi ko sa mga disipulo ko, “Ulitin nyo ang mga Banal na Salita,” iyon ay isang “esoterikong mantra.” Sabihin nating isa sa aking mga disipulo ay napaharap sa mahirap na sitwasyon sa ispiritwal na praktis at sa kung anumang dahilan, ay matatanong lang nya ako tungkol dito sa pamamagitan ng iba kong mga disipulo. Maaari kong sabihin na, “Sabihin mo sa kanya na ulitin ang Banal na Salita. Kailangan lang ng praktis.” O maaari ko ring sabihin na, “Sabihin mo na ipokus nya ang puso nya sa sentro.” Alinman doon ay mauu awaan nila ang ibig kong sabihin. Pero ang mga hindi-disipulo ay hindi mauunawaan ito. Magtataka sila, “Anong ibig nyang sabihin doon? Nasaan ang pusong iyon? Bakit?” Kaya para sa amin ang pangungusap na iyon ay mahalaga. At makakatulong sa kanilang umusad sa kanilang praktis -kung itatak nila ang “mantra” na ito sa isip nila araw-araw. Iyon ay sikretong inkantasyon hindi dahil inuulit nya ang mga salitang: “Ipokus ang atensyon sa sentro. Ipokus ang atensyon sa sentro...” pero dahil nauunawaan nya ito at isinasaisip.

Kaya ang “Om mani padma hum” ay maikling instruksyon na itinuro ng mga Master ng Zen noong unang panahon sa kanilang mga disipulo, na maaaring nasa gulo o pagkadapa o hindi maipokus ang isipan sa praktis. Ang mga salita ay nagpapaalala sa mga disipulo ng paraan, “ang perlas na nasa lotus” para matagpuan ang tunay na “perlas.”

Pero sa panahon ngayon, inuulit ulit lang ito ng mga tao nang walang ideya sa orihinal na kahulugan nito. Kaya kahit na bigkasin nila iyon buong araw, wala itong magagawa. Sa totoo lang, walang pakinabang. Natitiyak ko ito kahit ilang beses nyo itanong dahil hindi nila nauunawaan ang napakalalim na paraan. Wala silang ideya kung bakit ito itinuro ng mga sinaunang disipulo. Kaya hindi nila maisagawa ang praktis.

Isa pang halimbawa. Sa nakaraang 7-day retreat, marami sa aking mga disipulo ay nagsama-sama para mag-meditate. Kapag nakita ko na ang ilan sa kanila ay kailangang itama, lalapitan ko ang ilan na lumilipad ang isip, para ipaalala na ulitin ang mga Banal na Salita. Sa isa sasabihin ko, “Ituon mo ang iyong isipan sa sentro.” Tapos para sa isa ay wala akong sasabihin, kundi ipapakita ko lang sa kanya ang limang daliri. Dahil sa oras na iyon, ay may iba’t iba silang problema na nangangailangan ng iba’t ibang instruksyon, kaya tinuturuan ko sila sa iba’t ibang paraan, pero ang pamamaraan ay iisa. Sa oras na iyon, sabihin nating may ibang mga tao, na hindi disipulo, na nagmemeditate din kasama namin sa kanilang sariling paraan ng praktis, tulad ng pag-iisip sa ilong,

ng mababang bahagi ng tiyan, paghinga, atbp.; kapag nakita nila na ginagawa ko ang mga ito, hindi nila ito nauunawaan at mapapaisip sila, “Bakit ang Master na ito ay halo-halo ang itinuturo?”

Kaya para makuha ang kaliwanagan, dapat munang matagpuan ang tamang paraan. Hindi siya pwedeng basta basta pumili ng kahit anong paraan at isipin na sigurado syang maliliwanagan, dahil wala siyang kaalaman kung ano ang kaliwanagan, kaya kahit patuloy siyang magpraktis, hindi nya malalaman kung sya ba ay naliliwanagan o hindi. Kaya ngayon ay ipapaliwanag ko kung ano ang “kaliwanagan.”

May mga ninunong mga Intsik (Chinese) na napakataas na ng naabot sa praktis, na lumikha ng napakaraming mga ‘Chinese characters.’ Sa Intsik, ang kaliwanagan ay “Wu,” at ang “Wu” ay nangangahulugang “Ming Bai” (mapagtanto) na ang karakter na “Ming” ay binubuo ng “Jih” (ang araw) sa kaliwa at “Yueh” (ang buwan) sa kanan. Ibig sabihin “ang liwanag ng araw, o ng buwan,” sa estado ng kaliwanagan. At iyan ang tunay na nangyayari – maari mong makita, sa “loob,” ang araw, ang buwan, habang o matapos mong maliwanagan..

Sa puntong ito, ay maaaring naalala ng mga nagpapraktis ng Zen meditasyon, na minsan ang Zen Master ay lumilibot sa bulwagang pang-meditasyon , hawak-hawak ang patpat sa kamay at tatanungin ang mga disipulo, “Nasaan ang araw?” Sa halip na ituro kung saan ito dapat hanapin, itatanong lang niya ng itatanong. Kapag sumagot ka, “Hindi namin makita ang araw ngayon dahil tag-yelo ngayon,” hahampasin ka gamit ang patpat. At pag tumugon ka ng “Nasa kanluran ,” hindi rin sya sang-ayon. Pag sinabi mo na ang araw ay kasisikat lang sa silangan, dahil umaga, hahampasin ka rin. Hindi ka makapagbibigay ng tamang sagot.

Kaya nasaan ba talaga ang araw? May nakakaalam? May nagpapraktis ba sa inyo ng Zen? Ang “paghahanap ng araw” na ito ay hindi pa rin ang tunay na nakapag-bibigay-liwanag na paraan kung saan makikita ang “araw,” “buwan,” – hindi ang panlabas na araw at buwan sa mundong ito. Iyan lang ang pwede kong ibunyag sa inyo rito, hindi marami.

Gaya ng sinabi ko, may mga napakabubuting praktisyoner sa sinaunang China na kahit papaano ay nakita ang panloob na araw at panloob na buwan, kaya ginamit nila ang salitang “MingBai” para ilarawan ang estado ng kaliwanagan. Pero ang makita ang araw at buwan ay nasa antas pa rin

ng Tatlong mga Daigdig; at ang tungkol sa iba pang matataas na daigdig ay masasabi ko lang sa inisasyon.

Ngayon, alam nyo na kapag ang isa ay naliwanagan, makikita niya ang Liwanag, makakakonekta sya sa Liwanag. Ang tanong, nakita ba ng mga taong-naliwanagan noong unang panahon ang Liwanag? Oo. Makikita natin ito sa mga karakter na kanilang nilikha, gaya ng kasasabi ko pa lang. Ang liwanag na ating makikita sa kaliwanagan ay Liwanag ng Diyos, ay sarili nating Liwanag, sarili nating Likas na Buddha, na hindi pangtao ang katangian, walang anyo, walang materyal na pwede mong hawakan o hipuin o amuyin; na siguradong busilak at payak pero alam nito ang lahat, nilalaman nito ang lahat, lahat ng karunungan, at nililikha nito ang lahat.

Ang Liwanag na hindi masyado kapansin-pansin ay ang Tunog, na katulad ng musika pero hindi ng boses na nagsasalita; napaka banayad at mahina at makapag-papakalma at makapag-papalamig ng ating isip. Kaya nitong paunlarin ang ating karunungan. Kaya nitong baguhin ang pagtingin natin sa buhay. Sa pagdalas ng ating pakikinig dito, sa pagbawas ng ating pagdurusa, mas magiging masaya tayo sa mundong ito. Unti-unti nating mauunawaan ang mga Banal na kasulatan, ang ating Sarili, pagkatapos ay ang ibang mga nilalang, at ang buong sansinukob!

Kapag tayo ay kunektado sa Liwanag na ito at nakita natin ang Liwanag, sa sandaling iyon ay ay nakita natin ang Buddha, nakita natin ang sarili nating Likas na Buddha. Sa reyalidad, ang Buddha ay walang anyo, pero ang Buddha ay maaaring magpakita sa mundong ito, gamit ang katawang tao bilang instrumento, bilang ahensya, bilang kagamitan para iligtas ang mga nilalang. Anumang lupain – kahit na iyon ay teritoryo ng Buddha – kung saan may nakikita pa rin tayo, kung saan may nakikita pa rin tayong aspeto, ay hindi pa rin ang pinaka Realidad o Katotohanan, kundi iyon ay segunda klase lang na manipestasyon ng Buddha. Ang unang klase, ang pinakamataas na manipestasyon, ay ang Pinakamataas na Katotohanan, na walang anyo, walang materyal. Tanging kapag ang konsepto ay lumitaw saka nagkakaron ng anyo, ng materyal, ng kulay, ng tunog.

Mula sa pag-iral ng tao hanggang sa pinakamataas na estado, hanggang sa Kaitaasan, mayroon pa ring iba't ibang antas ng Tunog at Liwanag na dapat nating akyatin paisa-isa. Hindi ang pisikal na tunog at liwanag ng mundo, pero ang panloob na Tunog at Liwanag na nakakubli at napakapino

na hindi makikita at maririnig ng pisikal na mata at tainga ng mga tao. Kahit na hindi pa sila ang pinakamataas, napakahalaga nila.

Sa Surangama Sutra ay nabanggit na ang Daloy ng Tunog, nang sinabi ni Shakyamuni Buddha: ***Lahat ng mga Buddha ay sinusundan ang Daloy ng Tunog para bumaba patungo sa mundong ito para iligtas ang mga nakararamdam na nilalang; habang ang mga nilalang ay sinusundan ang Daloy ng Tunog para makabalik sa kanilang tunay na Tahanan.*** Nabasa nyo na ba ito? Marahil ay hindi nyo masyado napansin ang maikling pangungusap na ito. Ang Daloy ng Tunog ay ang daan ng Tunog. Bagaman ipinaliwanag ni Buddha ng napakalinaw, pero ang mga karaniwang tao, na walang aktwal na karanasan, ay tiyak na hindi nila maintindihan. Gaya kapag binanggit ko ang salitang “eroplano,” ang taong hindi pa nakakakita ng eroplano sa buong buhay niya ay hindi ito kayang isipin.

Sa Sutrang iyon, ay sinasabi rin ang karanasan sa praktis ng dalawampu’t limang Bodhisattva (Santo), na nagpahayag na nakita nila ang Liwanag – iba’t ibang uri ng Liwanag – nang sila ay maliwanagan. Ang ilan sa kanila ay narinig ang sari-saring Tunog gaya ng kulog, tunog ng tambol, kampana, alon ng karagatan, boses ng makalangit na nilalang, atbp. Ang mga ito ay mga nagbibigay-kaliwanagan na mga karanasan: ang makita ang Liwanag at marinig ang Tunog. Anumang karanasan maliban sa dalawang ito ay hindi kaliwanagan. Halimbawa, ang maglulundag dito o roon, magsesensyas, o mga bagay na gaya nyan, wala akong nabasa sa mga Banal na Kasulatan na may kinalaman ang mga iyan sa kaliwanagan.

Sa katunayan, ang Bibliya ng Kristyano ay nabanggit din ang tungkol sa Liwanag. ***Nang makita nya ang Panginoon, Siya ay tulad ng malaking apoy. Ang Kanyang boses ay tulad ng tunog ng kulog, tulad ng tunog ng maraming tubig,*** na katulad ng inilarawan sa Sutra ng Budismo. At sa Banal na Kasulatan ng Hinduism, inilahad din ang katunayan ng kaliwanagan gaya ng pagkakita sa panloob na liwanag, pagkadinig sa panloob na Tunog. Kaya, ang mga karanasan ng kaliwanagan ng anumang relihiyon ay pare-pareho lang, at ang maglulundag at magsesensyas ng kamay (mudra) ay hindi kaliwanagan.

Nakita ko na lahat ng Banal na Kasulatan ay naglahad ng magkaka-parehong mga karanasan at ito ang sinabi ko sa inyo ng pawang katotohanan ayon sa mga kasulatan, hindi mula sa aking personal

na patotoo, kahit na kapareho lang ito ng sa mga Banal na Kasulatan. Kaya, para pagsamahin ang nasa Kasulatan at ang sarili kong mga karanasan ay pwede nating sabihin samakatwid: *Kapag nakita ng isang tao ang panloob na Liwanag, ay nakikita niya ang Likas na Buddha*, isang parte nito. Sa loob ng Liwanag ay maraming mga estado, maraming karunungan at maraming iba pang bagay; pero ang kaliwanagan ang simula nang pagkunekta sa Liwanag. Kaya dapat munang makita ang Liwanag kapag naliwanagan.

Gaya ng binanggit ko, ang kaliwanagan ay “Ming Bai” sa Chinese characters, na may kasaling “Liwanag.” Ibig sabihin nito, una kaailangan muna nating magka-Liwanag, hindi kadiliman, pagkatapos ay makikita natin ang paglikha sa buong sansinukob. Tayong mga tao ay sapat na “madidilim” na. Ang ating mata ay nakakakita at ang ating tainga ay nakakadinig hanggang sa maikling distansya lamang, at hanggang doon lang. Wala tayong walang-katapusang kapangyarihan para makita ang buong sansinukob, para madinig ang Makalangit na mga Tunog ng napakamataas, napakagandang daigdig.

Bago ang kaliwanagan, kung makadinig tayo ng tunog na may napakataas na ‘vibration,’ ang ating tainga ay masasaktan –napatunayan na ito ng mga siyentipiko. Gayundin sa napakalakas na ilaw, masisira ang ating mga mata. Pero kung tayo ay naliwanagan na, kaya nating tanggapin kahit gaano kalakas ang Liwanag, kahit gaano kataas ang vibration ng Tunog, nang hindi nasasaktan ang ating tainga o mata. At lahat ng ito, ang tunay na estado ng kaliwanagan, na malinaw na isinaad sa Lotus Sutra.

Gayunpaman, hindi lahat ng Liwanag ay mula sa mataas na antas. Maraming klase ng Liwanag, katulad ng sa Daigdig ng Asura, na Unang Daigdig lang. Kailangang magpraktis ng isang disipulo para maabot niya ang Ikalawang Daigdig, ang Ikatlo, ang Ikaapat at ang Ikalima.

Nakikita natin ang anino kapag tumayo tayo sa ilalim ng lampara, araw, o kahit buwan, pero walang ganitong anino sa estado ng Liwanag ng Buddha. Kaya sinasabi na, **“Ang Liwanag ni Buddha ay walang anumang dilim”**, at ang pangungusap na ito ay naging paksa ng pag-aaral, isang kontrobersiya sa mga Budista na walang aktwal na karanasan ng kaliwanagan. Kung may karanasan sila nito ay hindi na nila ito masyado pag-uusapan. At magagawa nilang sunugin ang banal na Kasulatan, na wala naman talagang gamit!

Dahil hindi pa sila naliwanagan, kaya wala silang magawa kundi ang pagtalunan kung ano ang **“Liwanag ng Buddha na walang anumang dilim.”** Kung ano “ang tasa na hindi tasa.” O kung ano ang “materyal na kawalan,” na parang alam nila ang kahulugan ng mga iyon. Pero kapag pinalo mo sila, magagalit pa rin sila. At salungat ito sa kanilang kamangmangan tungkol sa **Materyal ang kawalan**, na isinasaad ng Kasulatan. Sapat na na mapakinggan ang lahat ng kanilang pagtatalo para malaman na hindi sila naliwanagan (unenlightened). Ang tunay na naliwanagan (enlightened) na tao ay hindi mahilig makipagtalo, dahil ito ang pinaka-nakaka-pagod na bagay.

Kaya ako nagpunta dit\to ay para mangaral dahil tungkulin ko ito bilang isang mongha. Dahil rin ang mga estudyante ko sa lugar ay lumuluhang nagsumamo, kahit na ayoko noong una. Ano ba ang dapat pag-usapan? Anong pwede kong sabihin para maunawaan nyo ang mga bagay na naunawaan ko? Paano ko ilalarawan sa mga tao na hindi pa nakakakita ng elepante kung ano iyon? Napakalimitado ng makmundong lenggwahe, gaano lang karami ang kaya kong ipaunawa sa inyo? Kaya noong una ay ayokong mangaral ng kahit ano. Lalong ayokong makipagtalo, na ginagawa lang ng mga hindi pa naliliwanagang mga tao; sa pagitan ng mga taong mabababa ang antas at nagiging sanhi lang ng awayan sa isa’t isa.

Ano ang: **“Liwanag ng Buddha na walang dilim?”** Ano ang: **“Materyal na kawalan?”** Ang lahat ng ito ay mauunawaan natin matapos tayong maliwanagan. Hindi na kailangan magtalo; ni hindi natin kailangang mag-usap. Kapag matagal na tayong nagpapraktis ay parami nang parami ang mauunawaan natin at sa pagdalang ng ating pagsasalita.

Kaya ngayon ako ay pagod na pagod at naisip ko, “Gaano kaganda kung manatili na lang ako sa bundok at matulog!” Kaya nagreklamo ako sa aking mga disipulo. Pero para pagbigyan ang kanilang tapat na pakiusap ay pumayag akong magbigay ng lektyur sa loob ng isang linggo kaya kailangan kong tupadin ang aking pangako.

Palaging ganito. Madalas akong napapa-“Oo” agad, at nagsisisi ako. Pero sa sunod ay makakalimutan ko ang aking pagsisisi at o-“Oo” na naman ako. “Wala nang susunod na lektyur” ang parating desisyon ko pagkakatapos ng bawat lektyur, pero, hindi ko naman natutupad, dahil ang mga disipulo ko ay parating makikiusap, “Pakiusap Master, pakiusap...” Kaya ako ay

mahihikayat, at pagkatapos ay maiisip ko: ” Mas mabuti pa kung natulog na lang ako sa bundok.” Sa totoo lang, wala akong gana. Ano ba ang palaging pag-uusapan? Ngayon lang ay nabanggit ko na may iba’t ibang klase ng Liwanag na may iba’t ibang kulay at katangian sa bawat daigdig. Kung walang inisasyon at paggabay ng naliwanagang Master kapag nakita natin ang liwanag, hindi natin malalaman kung aling daigdig iyon, o kung anong antas ang naabot natin. Halimbawa, Ang makita ang Liwanag ng Unang Daigdig o Ikalawang Daigdig ay wala-lang gayon din ang marinig ang panloob na tunog na kulog, tunog ng tambol, kampana, alon ng karagatan, dagundong ng liyon, atbp., na nabanggit sa Buddhist Sutra.

Gayundin ang mga sinasaad sa Bibliya, *Nang makita nya ang Diyos, sya ay tulad ng isang malaking apoy. Ang kanyang boses ay tulad ng tunog ng kulog...* Ibig sabihin nito, ayon sa Katolisismo, mayroon ding dakilang Liwanag at Tunog sa oras na makita natin ang Diyos, na katulad ng pagkakita sa Buddha ayon sa Budismo. Pareho itong naglalarawan sa kaliwanagan. Minsan ang paglalarawan ay hindi magkatulad dahil sa ibat ibang lenggwahe.

Kung hindi ka pa nabigyan ng inisasyon ng tunay na Master at nagkataong narinig mo ang Tunog ng kulog o ng pagpalo sa tambol o sa alon ng karagatan o ng ungal ng leyon, atbp., na nabanggit ko, maiisip mo na, “Ang galing, Naliwanagan na ako!” Pero sa sunod na araw, malalaman mo na imposibleng maranasan muli ang “kaliwanagan” na ito, dahil aksidente lang na ito’y dumating. Gaya ng sinasabi sa kasabihan sa Vietnam, “Kapag ang aso ay humihikab, maaaring may makapasok na langaw sa bibig nya.” Ang hindi inaasahang Tunog o Liwanag ay maaaring makapagpadama sa atin na tayo ay naliwanagan, pero hindi ganon. Kahit na pwede nating tawagin itong isang uri ng kaliwanagan, pero, kung ito ay isang minuto o isang segundo lang, wala itong pakinabang, hindi ito gaanong nakapagbibigay-lakas.

Halimbawa, kung tumikim ka ng isang kutsara ng vegan milk, masasabi mo na nakatikim ka ng vegan na gatas at alam mo kung ano ang lasa nito. At mas mabuti iyon kaysa sa iba na ni hindi pa nakatikim, dahil kahit papaano ay alam natin kung ano ang vegan milk. Pero ang nutrisyon ba na nakuha natin sa isang kutsara ng vegan milk ay sapat? Ang baby ba ay mabubuhay kung isang kutsara lang ng gatas ang ipapainom mo isang beses sa dalawa o tatlong araw? Syempre hindi.

Gayon din sa kaliwanagan. Masasabi mo lang na tunay na kaliwanagan kung pwede tayong “makapasok sa liwanag” araw-araw at hindi na “mapaloob sa kadiliman” muli; kung kaya nating madinig ang Tunog anumang oras natin gustuhin simula noong una natin itong madinig. Mayron ba sa inyo dito-maliban sa ating mga kapwa-praktisyoner – na may kakayanang gawin ito? Wala? Kung gayon, hindi pa kayo naliwanagan. Ikinalulungkot ko. Ang makita ang Liwanag o Buddha o madinig ang Tunog ng aksidente ay walang iba kundi ilusyon lang, gaya ng sinasabi nila: “Ang bulag na pusa ay nakahuli ng patay na daga.” Nagkataon lang na nakuha ng pusa ang daga, hindi sa pagsisikap. Bago iyon, hindi nya alam kung nasaan ang daga.

Ang tunay na naliwanagang tao ay kayang “hulihin ang isang daga, dalawang daga, tatlong daga...” kahit kailan nila gustuhin. Pero kahit ang ganitong uri ng kaliwanagang-karanasan ay hindi gaanong mataas. Katulad ng pakikinig sa Tunog ng kulog, sa alon ng karagatan, atbp., ang mga ito ay kabilang lang sa Tatlong mga Daigdig o sa mas mababa kaysa sa Ikatlong Daigdig, at napakalayo pa sa mga matataas na daigdig kung saan may ibang mga uri ng Liwanag, Tunog at iba pang estado. Ang mga detalyeng ito ay hindi natin malalaman kung wala tayong Master na may kakayanan, at sa halip ay nagbabasa lang ng mga Banal na Kasulatan. Dahil ang mga iyon ay mga rekord lang ng mga panimulang karanasan ng mga nakaraang disipulo.

Halimbawa, nang magbigay si Shakyamuni Buddha ng inisasyon sa lima o anim o isang daang mga tao, isinulat ng mga taong ito ang mga nakita at nadinig nila sa oras ng inisasyon, na naging Sutra (Buddhist Scriptures) na ating binabasa ngayon. Kaya ang mga Banal na Kasulatan ay nagsasaad lang ng mga karanasan ng iba, ng mga sinaunang tao, at walang masyadong maitutulong sa atin kapag binasa natin. Huwag nang banggitin na ang mga karanasang iyon ay nasa mabababang estado dahil ang mga estudyanteng iyon ay sinulat ang mga iyon sa oras ng inisasyon, nang nagsisimula pa lang sila sa praktis kasama si Buddha. Ito ang tinatawag na “dagling kaliwanagan” -ang maliwanagan agad sa oras ng inisasyon, sa Kapangyarihan ng transmisyon.

Para maabot ang matataas na daigdig, kailangan ng pag-gabay ng isang tunay na Master na magdadala sa atin doon o maglalarawan sa atin kung ano ang nasa daigdig na iyon, para masukat natin ang ating sariling antas para sa hinaharap. Pero ang totoo hindi na natin kailangang sukatin kung nasa anong antas na tayo. Sa kaorasan, malalaman agad natin – tulad kapag kumakain tayo ng biskwit, alam natin na kumakain tayo. Walang duda na may naabot na tayong kaliwanagan.

Paglampas ng Tatlong Daigdig, ang ating buong mentalidad ay magbabago, ang ating karunungan ay uunlad para makita natin nang malinaw nang walang tanong o anuman. Ito ang estado ng dakilang kaliwanagan, ang sinoman na nakakamit nito ay hindi dapat tumigil sa praktis, at hindi dapat magkaron ng delusyon sa isipan at kung gayon, siya ay matatawag na hindi-umuurong na Bodhisattva o Ikawalong-ranggong Bodhisattva.

Sinasabi, narinig ko lang, na sa makabagong panahon, ay may dakilang Intsik na master na sa oras ng kaliwanagan ay may nakitang taong umihi sa labas ng dingding. Alam nyo ba ang ibig sabihin nito? Isang uri din ito ng kaliwanagan. Paano nagawa ng kanyang paningin na tumagos sa dingding? (*May sumagot: Dahil ang mata niya ay nabuksan.*) Aling mata? (*May sumagot: Ang mata-ng-deva.*) Pero iyon ay hindi kaliwanagan, kundi isang uri lang ng supernatural na kapangyarihan. Ganito ito. Bukod sa materyal na katawan na ito, mayroon pa tayong ispiritwal na katawan na nakaalam ng lahat kahit na ito ay walang mga pandamdang na bahagi (gaya ng mata, tainga, ilong, bibig o anuman); sa tulong nito ay makakalabas tayo sa katawan na ito at makakapunta sa maraming mga lugar para mag-saya. Pwede nating makita ang ginagawa ng iba, pwede nating tingnan ang katawang-materyal na ito. Katulad ito kapag tayo ay patay. Pero ito ay ang anyo ng ikalawang katawan, ng ispiritwal na katawan . Katulad ito ng tinatawag na “astral projection,” at ito ay maliit na kaliwanagan. Sa estado ng malaking kaliwanagan ay makikita natin hindi lamang ang mga bagay sa mundong ito, makikita rin natin ang matataas na daigdig, kung saan may mga Liwanag at Tunog ng matataas na antas, at iba pang mga bagay.

Ang kaliwanagan ay nangangahulugan na nakikita mo ang Liwanag, samantalang ang astral projection ay paghihiwalay lang ng materyal na katawan at ng ispiritwal na katawan, na hindi ang tunay na kaluluwa kundi isa pang anyo ng katawan. Marami tayong mga patong ng katawan, kasama ito, ang materyal na katawan, sa kalooban kung saan may pangalawang katawan -mas pino- at sa loob ng ikalawa, ang ikatlo, na mas pino pa, at pagkatapos ay ang ikaapat, ang ikalima, at iba pa. Ang panghuli ang pinakaibuturan, ang pinaka-tagung-tago sa maraming patong ng katawan, ang pinakapino, na hindi na katawan kundi ang ating Tunay na Sarili, ang ating Tunay na Kaluluwa.

Kapag iniwan natin ang materyal na katawang ito, dala-dala ang ibang patong ng katawan para maglakbay, ang ating Tunay na Ispirito, ang atin pang-huling “katawan” ay nakalupi pa sa ibang

patong ng katawan. Kaya, hindi ibig sabihin na tayo ay naliwanagan, tayo lang ay mas malaya na iwanan ang pisikal na katawan, at iyon lang yun. Samantala, ang ispirito ng dakilang naliwanagang tao ay pwedeng makalaya nang lubusan sa lahat ng mga katawan. Pwede natin silang iwanan kailan man natin gustuhin, at iyan ang tunay na kaliwanagan.

Kapag ang panghuling katawan, ang tinatawag na ating sariling Master, o ang ating Tunay na Mukha, na sa pagkakataong ito ay nakakulong sa loob, ay pwedeng makalayo ng konti, mas malayo ng konti sa ating pisikal na katawan – bagaman hindi gaanong malayo – at doon tayo masisimulang makakita ng ibang daigdig. Halimbawa, kapag naabot nito ang Unang Antas, pwede nating makita ang Liwanag ng Unang Daigdig, at pagkatapos, medyo malayo-layo pa, makikita natin ang Liwanag ng Ikalawang Daigdig.

At kung ang Tunay na Kaluluwa ay makakalaya nang walang-hanggan mula sa daigdig, ay pwede itong makarating at makaalis kailanman Nya gustuhin. Sya ngayon ay “Ju Lai”- hindi dumadating, hindi umaalis (o ang tinatawag sa Sanskrit na Tathagata). Ang Kanyang Tunay na Sarili ay mananatili sa napakataas na estado kung saan Sya ay mangingibabaw sa katawan, sa anim na pandamdang at persepsyon para magawa ang mga bagay sa mundong ito. Siya ay dumadating at umaalis, pero hindi Sya dumadating at umaalis. Nakikita nya ang buong nilikha, nalalaman Nya ang buong sansinukob.

Kaya kayang pakinggan ng mga uri ng taong ito ang ating mga panalangin agad. Dahil wala na Sya sa maliit na bahay na ito – ang katawan: Siya ay nasa ibabaw ng bahay. Hindi ba’t kapag tayo ay pumupunta sa kabundukan ay nakikita natin ang pinakamagandang tanawin ng bayan, mula sa eroplano ay makikita natin ang maraming mga bahay – at lalo na kung mayron tayong telescope? Kaya, kapag nakaron ng sakuna sa karagatan, mayron tayong bandila at malalaman ng mga tao sa helicopter ang kaganapan at dali-dali nila tayong hahagisan ng lubid at hihilahin pataas.

Ganon din sa estado ng Ju Lai. Hindi na Nya kailangang pumunta dito para malaman ang lahat at hindi na Nya kailangang pumunta kung saan para gumawa ng kahit ano. Pwedeng maghagis na lang Sya ng lubid para hilahin tayo pataas. Nadidinig at nakikita Nya ang kahit ano kahit saan dahil Sya ay nasa napakataas na daigdig. Sya ay “dumadating, at umaalis.” Gayon din ang estado ng Quan Yin Bodhisattva, na kayang alamin ang anumang panalangin mula sa kahit saang sulok nang

hindi nangangailangang maparoon para madinig, o maparoon para makita. Kung tanging ang pisikal na katawan lang ang mayroon Sya, Sya ay magiging labis na abala sa pagtakbo kung saan-saan para sagutin ang lahat na mga panalangin, na maaaring magmula sa buong daigdig!

Kapag nakamit ng sinoman ang estado ng Ju Lai, ibig sabihin nito na ang Kanyang kaluluwa ay nakalaya na, ang Kanyang Master ng katawan ay nagpunta na sa pinakamataas na daigdig. Katulad kapag ang boss sa pabrika ay wala, pero ang buong mga trabahador at opisina ay nandoon pa. Kaya, ang boss na nasa ibang lugar, ay pwedeng tumawag at mag-utos sa kung anong dapat gawin. Katulad din ito ng awtomatikong makina na kayang magpatuloy sa pagtatrabaho nang walang operator. Ito ang estado ng Ju Lai. Kaya, ang pag-alis ng kaluluwa sa katawan para maglakbay ay hindi estado ng Ju Lai, kundi isang klase lang ng “paglalakbay nang walang pisikal na katawan” na mas madali kaysa sa habang nasa katawan at katulad ng kondisyon ng mga multo.

Ayon sa Amerikanong doktor, na espesyalista sa pananaliksik ng kamamatay-lang na mga tao, ang ibang mga tao ay muling-nabubuhay matapos ng isang oras ng pagkamatay, o pagkatapos ng dalawang oras, o ilang araw. Nakarinig na ba kayo ng ganon? (*Sumagot ang iba:Oo.*) Nangyari na ito sa Formosa at Au Lac sa ilang mga tao; ang ilan ay nagbahagi ng kanilang mga karanasan habang ang iba ay hindi nangahas. Ganito ang iniulat sa Amerika. May taong namatay sa sasakyan dahil sa aksidente, sinabi nya na naramdaman nya ang sarili nya na nasa isang katawan, na tumayo para tingnan ang sarili nyang katawan na nakahandusay doon, at maraming mga tao ang dali-dali sa paligid, at may mga pulis na dumadating para magtala ng mga bagay-bagay, at ang doktor ay dumadating din, at ang lahat ng kaganapan. Sinabi nya itong lahat sa doktor pati sa pulis pagkatapos nyang magka-malay, at nagtaka ang lahat kung, “Paano nalaman ng patay na tao ang lahat ng iyon!?”

Kapag ang komposisyon ng ibang patong ng katawan ay iniwan ang pisikal na katawan, makakapunta ito kahit saan, at makakalusot sa mga katawan ng tao nang hindi nya nararamdaman. Sa daigdig na ito, minsan ay nakakasalubong natin ang mga multo pero hindi natin ramdam. Maraming mga tao na namatay at nabuhay muli ang nagsabi ng ganito, na nang namatay sila, naramdaman nila ang kanilang katawan na lumulutang habang nakikita ang sarili nilang mga katawan na nakahiga o nakaupo doon, o dinadanas ang grabeng aksidente. May ilang mga tao din na ang kaluluwa ay lumabas sa katawan nang sila ay inooperahan. Pero, gaya ng sinabi ko, hindi

ito ang Tunay na Kaluluwa na lumabas. Ang Tunay na Kaluluwa, Ang Tunay na Sarili, ay ang Karunungan na nasa pinaka-kaibuturan sa loob ng ating katawan. Pero kapag sinabi kong nasa loob ng ating katawan ay hindi talaga ibig sabihin na nasa loob. Yun lang ang pwede kong sabihin dahil walang ibang salita na mas akma at hindi ko pwedeng sabihing nasa “labas” ito, dahil baka sa labas kayo tumingin. Kaya huwag nyong isipin na makikita nyo ito sa pamamagitan ng pagbubukas sa katawan, sa bawat patong, patong, na parang nagooperasyon. Huwag nyong susubukan, o naghahanap kayo ng problema. (*Tawanan*)

Ang ibang mga tao ay nagsasabi na habang inooperahan sila, ang kanilang ispiritwal na katawan ay nakakatayo at nakakalutang patungo sa ibang mga kwarto ng hospital para makita ang nangyayari sa ibang pasyente, at pagkatapos ay bumabalik sila sa kanilang materyal na katawan. Sinabi nila na sa mga oras na ‘yon ay nakikita nila ang lahat ng ito ng malinaw na para silang nagmamasid. Ganyan ang sitwasyon kapag namamatay ang mga ordinaryong tao, na nasa napakababang antas pa .

Kapag ang mga mahuhusay na praktisyoner ng Katotohanan ay namatay, hindi ganyan. Ang iba ay agad na pumupunta sa Kanlurang Busilak na Lupain, at ang iba ay pumapasok sa estado ng Ju Lai, at ang mga ito ang kondisyon na gusto natin. Ayaw natin ng kondisyon ng multo. Sinoman ay dadating sa oras ng kamatayan at mararanasan ang estado ng multo, maliban sa mga taong labis ang kasamaan, napaka-mapaminsala, na didiretso sa impyerno pagkamatay nila, kaya hindi na sila makakapanatili sa daigdig na ito para makita ang kanilang sariling pisikal na mga katawan o ang kanilang pamilya na buhay pa.

Ang mga ispirito ng ilang mga tao, matapos nilang mamatay, ay nananatili sa kanilang mga bahay at sinusubukang makipagusap at mahawakan ang kanilang mga mahal sa buhay, na hindi nararamdaman ang kanilang presensya. Kaya sila ay umiiyak, nagdurusa, at nag-iisip, “Heto oh, ang katawan ko ay katulad pa rin ng dati. Bakit? Patay na ba talaga ako? Bakit?” Hindi nila ramdam na patay na sila, pero gayon talaga, hindi na sila nadidinig ng mga buhay, hindi alam ng mga buhay na humihingi sila ng pagkain. Anumang ginagawa nila ay hindi nakikita ng kanilang mga mahal sa buhay! Minsan ay gumagamit sila ng matinding lakas para mag-ingay, para madinig sila ng mga tao at tumugon ng “Ayan... may multo!” Gagawin nila ang kahit ano, ihampas ang pinto, basagin

ang mga baso o maglulundag sa kama. Tunay na nangyayari ang mga bagay na ito, dahil galit na galit sila dahil salita sila nang salita pero walang nakikinig sa kanila! (*Tawanan*)

Maaaring gusto niyang yakapin ang kaniyang asawa, na hindi naman nakakaramdam ng kahit ano o na nagdala na ng ibang asawa sa bahay, (*Tawanan*) at gumagawa ng mga bagay sa harap ng patay na asawa, na lalong magpapagalit sa multo. Kaya susubukan nitong lumikha ng tunog para ipaalam sa mga tao na nandoon siya, kahit na hindi siya naririnig ng mga tao, kahit na hindi pa rin siya makita ng mga tao. Ang ilan na may maraming meritos o kapangyarihan ay kayang magpakita sa anyong pisikal ng ilang saglit, o sa maikling panahon, para makita sila ng mga tao at magulat at mapasigaw, “Mu...mu...multo!” (*Tawanan*) Oo. Lahat ng ito ay nangyayari.

Kaya huwag tayong magiging malungkot na multo, na walang pumapansin, kahit na ang ating sinasabi ay mabuting impormasyon; huwag tayong maging isang multo na ang asawa ay nagdala ng bagong asawa sa bahay pagkamatay-na-pagkamatay natin. Gaano kasakit iyon, may bibig pero hindi makapagsalita, may katawan na hindi makagawa ng kahit ano, walang magawa sa kahit anong bagay! Ayaw nating maging ganito. Gusto natin ng kamatayan na kaya nating asikasuhin ang sarili natin. May karapatan tayong pumili kung saan tayo pupunta sa halip na mapunta sa sitwasyon ng multo na walang-magawa, nag-iisa’t malungkot, na labis na hindi pinapansin ng sangkatauhan, na wala nang ibang magagawa kundi ang pumunta sa libingan at makipag-usap at makisama sa ibang mga multo. Napakalungkot, walang-duda.

Ang mahusay na praktisyoner ng Katotohanan, ay kayang makaalis ng kusa kapag siya ay namatay. Alam nya kung kelan sya mamatay, at kung saan sya mapupunta. Ito ay tulad ng malaya, Tunay na Tao, na dumating ng malaya; at aalis din ng malaya. Bilang marangal na sangkatauhan, na hindi gumawa ng masasama, ayaw nating tratuhin na parang preso, na inaaresto at inilalayo ng mga mensahero ng “Kamatayan.” Hindi. Kaya dapat tayong magpraktis. Panindigan natin ang ating karapatan na makaalis nang malaya. Malalaman natin agad ang araw ng ating paglisan para makapagpaalam tayo sa asawa, anak, o disipulo para maging handa sila. Tanging sa pagkakataong iyon lang, tayo ay Tunay na mga Tao, na makakaalis nang mag-isa, at hindi nangangailangan ng mensahero ng “Kamatayan”, nang walang pakealam kung naririnig tayo ng mga buhay o hindi.

Anong halaga ng pagiging tao kung hindi natin kayang maging sarili nating Master sa pagsilang at pagkamatay? Ang mga multo, mga demonyo ay mas mababa sa atin; sila ay ating mga tagapaglingkod. Pero mang-aaresto, mang-bibilanggo sila ng mga masasamang tao, gaya ng mga pulis sa mga kriminal na presidente ng bansa at pagkaitan siya ng kanyang kapangyarihan bagaman siya noon ang sumasakop sa pulisya.

Alam nyo ba kung ano “ang tatlong mapait na lupain ng pag-iral?” Ang mga ito ay ang impyerno, gutom na kaluluwa at mga hayop. Ang mga multo ay mas mababa kaysa sa mga tao, pero kapag tayo ay namatay, maaari pa rin nila tayong hulihin, pwersahin tayo palayo, gamit ang matinding mga pamamaraan para tayo ay parusahan. Hindi ba’t nakakawala ng dignidad at labis na kahiyahiya? Hindi dapat natin ito hayaang mangyari.

Ang tunay na mahusay na praktisyoner ng Katotohanan ang pinakamarangal na nilalang, lilisanin niya ang daigdig na ito gaya ng ginagawa ng mga Buddha: na kasabay ng makalangit na Musika, ng mga anghel mula sa Langit, at nang may mainit na pagtanggap ng Buddha. Masusunidan niya ang daan ng hindi-na-uurong na Bodhisattva (Santo) at sya ay mas mataas kaysa sa mensahero ng Kamatayan. Tanging ang mga tao na hindi nagpa-praktis para sa Katotohanan o hindi nagpa-praktis ng maayos, ang mahuhulog sa kamay ng mga demonyo at mabibilanggo at pasasakitan, na sa katunayan ay hindi dapat kahantungan ng isang tao, ng isang tunay na maginoo.

Sa daigdig na ito ay alam natin kung paano alagaan ang ating katawan. Nagtatrabaho tayo ng matindi para makapag-ipon para sa ating pagtanda. Kaya, para sa ating kabilang-buhay, bakit hindi tayo mag-ipon ng meritos na mas mahalaga kaysa sa pensyon para sa pagtanda? Maaaring hindi na natin magamit ang inipon natin sa banko, dahil baka mamatay na tayo bukas, bago tayo tumanda. Kaya ang magpraktis para sa Katotohanan, ang mag-ipon ng meritos para sa araw ng ating pagtatapos sa ating paglalakbay sa daigdig na ito, ang tamang unahin bago ang ano pa man, ang pinakamahalagang bagay sa buhay ng tao, mas mahalaga pa kaysa sa pag-iipon para sa pagtanda!

Ang Maka-Langit na Liwanag

Sinabi ni Supreme Master Ching Hai

Abril 25, 1987

Peng Hu, Formosa

(Orihinal sa Chinese)

Ngayong araw na ito, pag-uusapan natin ang tungkol sa “Quan Yin,” pero iba ito sa napag-usapan natin kahapon. Ngayon, pag-uusapan natin ang tungkol sa Liwanag ng Tunog. Kanina lang ay kinanta natin ang “Banal na Awit ng Amitabha Buddha”-ang Amitabha ay isang Sanskrit na salita na ang ibig sabihin ay walang-hanggang Liwanag. Saan nagmula ang walang-hanggang Liwanag na ito? Nagmula rin ito sa Tunog. Ang Tunog na mas hindi-kapansin-pansin ay nagiging Liwanag, na napakahalaga rin para sa atin. Kahapon ay sinabi ko na napakahalaga ng Tunog, at ngayon ay sinasabi ko na ang Liwanag ay kasing-halaga rin. Narinig nyo na siguro ito.

Kung walang mga lampara, hindi tayo mabubuhay. Kung walang araw, hindi tayo mananatiling buhay – hindi lalago ang mga halaman, ang ating katawan ay hindi makakakuha ng sapat na Vitamin D, at ang mga bata ay hindi magsilalakihan, atbp. Kahit sa gabi, kailangan natin ang liwanag ng buwan, ng mga lampara. Noong lumang panahon, gumamit sila ng garapa, ngayon ay mayron na tayong de-kuryenteng mga ilaw. Bakit kahapon ay ipinaliwanag ko ang tungkol sa Tunog, at ngayon ay ang Liwanag? Dahil sila ay magkaugnay, at ang magpraktis ng Quan Yin Method ng meditasyon ay ang pagpapraktis ng pamamaraan ng Liwanag. Simula ng sinaunang panahon, bawat relihiyon, bawat sekta, bawat naliwanagang Master ay binigyang-diin ang Liwanag at Tunog sa ispiritwal na meditasyon. Dahil naipaliwanag ko na ang tungkol sa Tunog kahapon, ngayon ay dapat ko namang ipaliwanag ang Liwanag para mas lalo nyong maintindihan.

Sinomang mahusay na praktisyoner (meditator) ay binanggit ang tungkol sa Liwanag. Ang Chinese character para sa kaliwanagan na “Ming” ay nangangahulugang Liwanag, at ibig sabihin nito na ang kaliwanagan ay nasa Liwanag. Paano maliliwanagan ang sinoman kung walang

Liwanag? Samakatuwid, ang kaliwanagan ay may Liwanag- ang makita ang Liwanag o pailawin ang Liwanag ng sarili, o ang kumunekta sa Liwanag.

Kahit na ang liwanag ng mga lampara ay napakahalaga. Gaya ng sinabi ko kahapon, ang umiiyak na sanggol ay agad tatahan sa pag-iyak kapag nakarinig ito ng kumakalansing. Minsan ang sanggol ay umiiyak dahil pinatay natin ang ilaw at hinayaan natin syang matulog sa madilim na lugar, na dahilan para matakot ito. Kapag binuksan natin muli ang ilaw, o pakitaan natin ito ng ilang nagliliwanag na makukulay na laruan, pag nakita nito ang mga makukulay at maliliwanag na bagay, titigil ito sa pag-iyak.

Kaya, simula pa sa kamusmusan, ang Liwanag at Tunog ay napakahalaga na para sa atin. Bakit ganito? Dahil ang fetus o sanggol ay konektado na sa Liwanag nang ito ay nasa sinapupunan pa ng ina. Ang Liwanag ang bumubusog dito. Ang Liwanag at Tunog ay magkaparehong bagay pero magkaibang katangian.

Halimbawa, ang yelo at tubig, o tubig at ang hangin ay halos parehong bagay lang dahil sa hangin ay may H₂O, oxygen at hydrogen, at gayundin sa tubig. Pero ang tubig ay hindi ang hangin, at ang hangin ay hindi ang tubig, at kailangan natin sila pareho. Kailangan natin ang hangin dahil kailangan nating huminga, kailangan natin ng tubig dahil gusto nating uminom, magluto, maglinis... at marami pang mga bagay. Kaya kailangan natin silang pareho. Pareho silang oxygen at hydrogen, pero magkaibang bagay sila. Hindi natin pwedeng inumin ang hangin, at hindi rin natin pwedeng langhapin ang tubig. Habang tayo ay lumalangoy sa H₂O (tubig), pero kailangan pa rin nating huminga ng oxygen, kung hindi ay malulunod tayo at mamamatay sa napakaikling sandali.

Sa daigdig na ito, hanggang isang daan-taon lang tayo pwedeng magtagal, kahit gaano kaginhawa, kahit gaano nakakalibang ang buhay. Pero sa totoong buhay, mas maraming pagdurusa kaysa sa kaligayahan, tunay na walang masyadong maganda sa buhay. Pero maraming mga tao ang nagpapagawa ng malalaki at matitibay na bahay at pinapalamutian nila ng bonggang-bongga, na parang maninirahan sila sa mga bahay na iyon nang walang-hanggan. Pero ang totoo ay hindi nila iyon magagawa. Mga hanggang isang-daan taon lang ang pinakamahaba, kahit gaano kayaman at ka-haba ng buhay nila. Nakakalungkot! Sa kalooban natin ay may napaka-ganda, matibay na

palasyo na may maraming kamangha-manghang mga bagay, pero hindi natin alam kung paano ito i-enjoy (tamasahin). Palagi tayong abala sa pagsuong ng mga panlabas, at pansamantalang kaginhawaan sa buhay.

Ang Liwanag at Tunog ay napakahalaga para sa atin. Alam nating lahat na kung walang liwanag, hindi tayo magtatagal, kung wala ang araw, ang mundong ito ay hindi iiral. Kahit ang mga bata ay gustong gusto ang araw, ang mga maliliwanag na bagay. Kaya pagkasilang ng sanggol, sa pagliwanag ng kulay ng suot na damit ng tao, mas lalong gusto syang tingnan ng sanggol. Hindi ba? Mapapansin nyo ito kung may mga anak kayo. At napansin ko rin na ang mga laruan ng mga bata ay lahat ay nasa kaakit-akit na maliliwanag na kulay, halimbawa: maliwanag na pula o berde o puti, o iba pang maririkit na mga kulay dahil ang mga kulay na ito ay nagbibigay ng liwanag na gusto ng mga bata. Hindi sila binibigyan ng matatanda ng mga laruan na may madidilim na kulay. Bakit? Dahil sa sinapupunan pa lang ng ina, kunektado na sila sa Liwanag. Kahit wala silang kinakain, lumalaki silang mabuti dahil binubusog sila ng Liwanag at Tunog. Pero sa oras na lumabas sila mula sa sinapupunan ng ina patungo sa mundong ito, napuputol ang koneksyon nila sa Liwanag. Kung nabasa mo na ang isa sa mga Buddhist Sutra – ‘The Womb Treasury Sutra – mababasa mo sa Sutra na iyon na, bago ang isang fetus ipanganak, ang kaluluwa nito ay nasa estado ng ‘walang kaalaman tungkol sa espasyo at oras’ hanggang sa makita nito ang Liwanag at sinundan niya Ito. At sa oras na pumasok sya sa Liwanag na iyon, ay isinilang sya sa mundong ito.

Patuloy na inaalagaan ng Liwanag ang fetus sa sinapupunan ng ina hanggang sa ito’y isilang. Habang nasa sinapupunan ng ina, ang Liwanag ay napakaliwanag at makinang, pero hindi nito nasasaktan ang mga mata ng fetus, hindi ito nagdudulot ng hapdi at masakit na pakiramdam sa katawan nito, balat, o buhay. Dahil ito ang Liwanag ng Diyos, Liwanag ng Buddha. Ito ang Liwanag ng Tunay na Sarili, na napaka-banayad; na hindi tayo masasaktan o tatakutin. Ang sanggol ay nasanay na sa banayad na Liwanag ng Diyos sa sinapupunan ng ina.

Pero pagkatapos na dumating ng sanggol sa mundong ito, bagaman may liwanag dito, pero ang araw, ang hangin o iba pang materyal na liwanag ay nagdulot ng sakit dito, sa mga mata nito. Kaya sa oras na ito’y isilang, ang mga mata nito ay hindi makamulat dahil dama nito ang daan-daang tinik sa mga mata nito at sa katawan. Para sa kanyang sensitibong balat, ang hangin sa Mundo ay napakahapdi, napakasakit, kaya ito umiiyak. Umiiyak ito, dahil sa sakit ng katawan, dahil sa hindi

ito masaya sa pagkaputol ng kontak sa Liwanag. Hindi ito komportable, samantalang ang saya sa loob ng sinapupunan ng ina. Kaya ito umiiyak. Napakasakit para dito, at masasanay lang sya sa kapaligiran ng mundo nang unti-unti habang sya ay lumalaki.

Karamihan sa mga umiiyak na sanggol ay masosorpresa, at agad na tatahan kapag ipadinig natin sa kanila ang kumakalansing na kampanya o bell, o kapag binuksan natin ang ilaw sa madilim na kwarto. Mapapatingin sila at mapapaisip na iyon ang liwanag na nawala sa kanila. O kapag narinig nila ang mga kalansing, aakalain nila na iyon ang panloob na Tunog na pamilyar sa kanila noon. Kaya mapapatigil silang sandali, makikinig at mapapatingin, pero muling iiyak matapos nilang madiskubre na peke ang lahat ng ito at walang mabuting magagawang mabuti sa kanila, at hindi makapagpapasaya sa kanilang mga kaluluwa. Kaya ang mga matatanda ay hahanap ng mas maraming kumakalansing na laruan para lumikha ng mas marami at mas mahabang tunog para patahanin sila. Kaya tatahan sila muli, pero iiyak muli kapag nalaman nila na isa pa itong daya o trick. Kaya iiyak sila at titigil, iyak at tigil, nang paulit-ulit gaya nito.

Minsan, sa walang malinaw na dahilan ay iiyak din sila, dahil naiinis sila. Saka hindi sila makapagsalita, pero ang kanilang pakiramdam ay pinakasensitibo at matalas, ang kanilang karunungan ay pinakabusilak sa oras ng kanilang pagdating sa mundong ito. Kaya nilang madama kahit ang pinakamaliit na hirap. Matapos na isilang ng mga sanggol at mailagay sa parehong kapaligiran gaya ng sa atin, sa paglipas ng panahon, masasanay na rin sila sa ating istilo ng pamumuhay; pero, paglaki nila, gusto pa rin nila ng mga maliliwanag at nagniningning na mga bagay. Kaya makikita nyo ang mga kababaihan ay mahilig mag-aplay ng kolorete sa kanilang mga mukha. Hindi ba? Dahil din ito sa alaala ng Liwanag habang nasa sinapupunan pa sila ng kanilang mga ina.

Ito ang dahilan kung bakit lahat ng mga nasa modang mga kasuotan, karamihan, lahat ay makukulay. Isa pang halimbawa: ang ating mga katawan ay mas komportable twing tag-araw. Hindi ba? Sa taglamig, tayo ay walang-sigla dahil ang kalangitan ay walang kulay at hindi masyadong maliwanag. Kaya ang mga katawan natin ay hindi ganon kaginhawa, at ang ispirito natin ay mas malungkot. Ang lahat ng ito ay dahil sa pagbabago ng antas ng liwanag sa ating kapaligiran.

Kaya paglaki natin, patuloy tayo sa paghahanap sa maliliwanag na bagay, at nagsusuot tayo ng mga damit na may matingkad na kulay. Ang dilaw na roba na suot ko ngayon ay para ipaalala sa inyo ang Liwanag sa inyong kalooban. Ito ang uri ng damit na kadalasang sinusuot ng mga monghe sa India, na nangangahulugang isang maliwanag na tao, ang tao na may Liwanag, ang tao na naliwanagan na – na nakita na ang panloob na araw. Kaya ang dilaw ay kumakatawan sa kulay ng kaliwanagan.

Kahit ang ordinaryong tao, na hindi pa naliwanagan, ay gusto rin ang maliliwanag na mga kulay. Kaya nakikita nyo ang mga lugar para sa libangan o aliwan gaya ng mga bar, restoran, lahat ay napapalamutian ng maririkit, at sari-saring kulay. Hindi ba? Sa pag rikit ng lugar, sa pagdami ng mga taong naaakit dito. Kahit na wala masyadong mga tao roon, kailangan panatilihin ang pagkamaliwanag ng lugar para maakit ang mas maraming tao. Hindi ba? Ang pinaka-kaakitakit na mga lugar ay napapalamutian ng lahat ng klase ng mga liwanag, para hulihin ang ating mga mata na parang lumilipad na gamu-gamo na walang-katapusang naaakit sa liwanag at napapaso.

Kaya, lahat ng mga nilalang ay mahilig sa liwanag, pero ang ganitong uri ng liwanag ay kabilang pa rin sa panlabas, na makamundong antas. Mayroong “Supra-Worldly Light” o Makalangit na Liwanag na tinatawag nating ang Liwanag ng ispiritwal na praktis. Ang mga ispiritwal na praktisyoner ay nagtataglay lahat ng Liwanag. Kaya nakikita natin si Jesus Christ, Shakyamuni Buddha, Quan Yin Bodhisattva ay may mga halo sa itaas ng kanilang mga ulo. Na ibig sabihin na nalinang na Nila ang Kanilang panloob na antas ng kaliwanagan sa mataas na antas at kaya nilang magbigay ng Liwanag, tulad ng puno na lumago ng napakalaki, na kayang makita kahit mula sa napakalayong distansya.

Ang mga karaniwang mga tao ba ay may Liwanag? Oo, mayroon tayo, pero ang Liwanag ng ilang mga tao ay napaka “dilim” at “itim”; (*Tawanan*) at sa iba ito ay kulay kape, asul, ube, pula, o dilaw, atbp. Ang ilang mga mahusay na praktisyoner ay may Liwanag ng maraming mga kulay tulad ng gintong kulay, puti, atbp., at hindi ito ang ordinaryong liwanag. Kung ang ating mata ng karunungan ay hindi bukas, hindi natin ito mababatid; at kung ang ating mata ng karunungan ay bukas lang nang konti, konting bahagi lang ng kanilang Liwanag ang kaya nating makita, hindi malinaw.

Bakit pwedeng magkaroon ng ganitong uri ng Liwanag ang isang mahusay na praktisyoner? Hindi lang ito isang palamuti para ipakita sa mga tao. Ang Liwanag na ito ang kanilang katawan. Dahil ang panloob na Liwanag na ito ang nakapag-papakita ng kapangyarihan nito, na makapagliligtas sa atin, makapag-poprotekta sa atin at makapag-papaghinawa sa atin kapag pumasok tayo dito, kaya ang taong may ganitong Liwanag ay nagbibigay sa mga tao ng napaka-ginhawang pakiramdam. Pero ang mga taong may demonyong-isip o mabigat na sagabal ay maaaring hindi madama ang Liwanag at maging balisa; sa kanila ay mas mabuting dumistansya, kung hindi, kapag napalapit sila ay hindi sila maging komportable.

Noong isang araw ay maynagsabi sa akin, “Nakikita ko ang puting Liwanag na nakapaligid sa Iyo, pero ramdam ko na hindi ko kayang lumapit sa Iyo, at sa halip kaya lang kitang tingnan mula sa malayo.” Paglapit niya, madarama nya ang pagkabalisa. Sinabi nya, “Baka maaaring napatay ako ng iyong Liwanag kung pinilit kong lumapit.” At sinabi ko, “Hindi, hindi gayon. Kita mo ngayon ay nakaupo ka malapit sa akin at buhay ka pa. Pakiramdam mo lang iyon.”

Ito ay dahil ang ilang mga tao ay may ilang mga sagabal ng Maya sa kalooban, may ilang madidilim na sulok na hindi pa nalinis, bagaman naabot na nila ang isang tiyak na antas sa praktis. At dahil ang kanyang panloob na Maya ay ayaw sa mga tao ng Liwanag, hindi dahil sa ang Liwanag ay ayaw sa lalaking ito.

Halimbawa, ang mga sumuway sa batas o mga gumagawa ng kasamaan ay magiging balisa pagkakita sa mga pulisya at matatakot kaya tatakas sila agad. Hindi sa ang mga pulis ay may ginawang anuman sa kanya. Sya mismo ang tumakas bago pa man sya makita ng pulis. Ayaw ng mga kriminal sa mga pulis dahil silang dalawa ay kumakatawan sa dalawang magkaibang ideya, o magkaibang lugar, magkaibang sirkumstansya. Ang isa ay madilim, at ang isa ay puti. Ang pulis ay kumakatawan sa hustisya at legalidad, habang ang mga kriminal ay sa panig ng kadiliman, ng ilegalidad. Kaya karamihan sa mga ordinaryong tao ay hindi komportable kapag napalapit sila sa banayad na Liwanag na ito, at ang mga tao na may ilang madilim na sulok sa kalooban o may sagabal ng Maya ay maaaring maging balisa sa unang pagkakataon ng pagkontak dito, dahil ang liwanag ay kayang hugasan ang kanilang madidilim na sulok, na tinatawag nating sagabal ng karma, o ng Maya. Wala silang magiging problema at magiging komportable sila matapos nilang malinis. Kung maging komportable sila o hindi ay depende sa kung mayroong sagabal ng Maya, o

madilim na sulok o wala. Hindi sa namimili ang Liwanag o ang tao mismo ay nagbabago. Ang kanyang tunay na Sarili ay walang problema; kundi ang mga kakaibang mga bagay mula sa panlabas na daigdig ay humahalo sa kanyang orihinal na busilak na Sarili at iyon ang nagpapabalisa sa kanya.

Halimbawa, tayo ay komportable kapag tayo ay naliligo sa malamig na tubig o sa mainit na tubig. Pero kung tayo ay nasugatan o napasong, dahil sa ang balat natin ay nasugatan at ang mga laman natin ay busaksak, magiging komportable ba tayo kapag tayo ay naliligo? Syempre hindi. Hindi ba? Nawa'y hindi nyo pa nararanasan ito. Pero kaya nyong isipin ang sitwasyon. Hindi ang tubig mismo ang nakapag-papahapdi, ang sugat ang dahilan. Kapag ang nasugatan na bahagi ay gumaling, wala na tayong problema sa pagligo. Kaya, ang hapdi ay dahil sa sugatang balat, hindi dahil sa tubig.

Gayundin sa mga tao na sinapian o may madilim na sulok sa kalooban. Magiging balisa sya sa umpisa ng paglapit nya sa isang dakilang praktisyoner, pero pagdaka habang nagtatagal ang kontak ay magugustuhan nya ito at hindi na sya masasaktan. Kaya ang isang praktisyoner sa reyalidad ay hindi kailangan ng proteksyon ng pulis dahil hanggat hindi nya gustuhin, walang makakapasok sa kanyang dingding ng proteksyon, na nagpoprotekta sa kanya mula sa mga mapanghimasok na nilalang. Hindi sa ang Liwanag ay itutulak palayo ang mga mapanghimasok na nilalang, kundi sya mismo ay natural na palalayu, dahil ang mga madilim na bagay ay hindi kayang magtagal sa Liwanag. Kung saan may liwanag, ang dilim ay naglalaho; kapag araw, ang gabi ay hindi pwedeng magpakita. Halimbawa, sa South Pole o North Pole, ang kadiliman ay nananatili hanggang sa kalahati ng buong taon. Pero sa oras na magpakita ang araw, kahit isang beses lang, ang isang beses na iyon ay sapat na para magbigay liwanag sa lahat ng lugar sa paligid gaano man naging madilim doon noon. Kahit na daan-daan, libo-libong taon, sa oras na magpakita ang araw, ang kadiliman ay mawawala – lahat ay matatalo ng liwanag ng araw; dahil ang dalawang magkaibang katangian ay hindi kayang magsama.

Gayundin, ang praktisyoner ay kumakatawan sa Liwanag ng busilak na bahagi ng sansinukob, habang ang hindi-praktisyoner o ang sinoman na may mabigat na sagabal na karma ay nasa madilim na bahagi. Ang sagabal na karma ay nangangahulugang ang impluwensya ng masamang natirang impresyon ng nakaraan. Gaya ng ang araw at gabi ay dalawang magkahiwalay na bahagi

ng isang araw, ang taong may mabigat na sagabal na karma ay tiyak na hindi kayang makihalubilo sa maliwanag na bahagi. Kaya ang isang praktisyoner ay hindi nangangailangan ng proteksyon ng pulis.

Ngayon, ang ilan sa inyo ay maaaring magkaron ng pagdududa sa inyong isipan: kung gayon, bakit si Hesukristo ay napako sa krus? Alam nyo ba kung bakit? Dahil handa Sya magpapako sa krus. Alam na nya iyon bago pa Sya pinatay. Pero para akuin ang mga sagabal na karma ng Kanyang mga disipulo, kinailangan Nyang isakripisyo ang sarili Nyang katawan, para ang mga sagabal na karma ng kanyang mga disipulo ay mawala. Kung hindi, ang Kanyang mga disipulo ay mapupunta sa gulo, mabibigo sa praktis, at hindi magkapagtatamo ng liberasyon. Pero ang Kanyang kapangyarihan ay gumagana lang habang Sya ay nasa daigdig na ito. Ngayon ay wala gaanong naidudulot na mabuti kahit na naniniwala tayo sa Kanya – o hindi kasing lakas nang Sya ay buhay pa.

Dahil ang isang buhay na Master ay iba sa mga nakaraang mga Master, gaya ng ang mga buhay na doktor ay iba sa mga nakaraang mga doktor. Sina Hua Tuo at Bien Chueh, na ating nirerespeto bilang mga “may mahikang mga doktor,” ay tiyak na tinaguriang pinaka-sikat na doktor noong nakaraan, pero nilisan na nila ang mundong ito. Hindi na sila makapagpapakita sa atin ngayon para pagalingin ang ating mga karamdaman kahit gaano natin sila nirerespeto o sinasamba. Para mapagaling ang ating kasalukuyang mga karamdaman, kailangan nating pumunta sa mga kasalukuyang mga doktor. Gayundin, nirerespeto natin ang mga dakilang mga Master pero hindi natin Sila kayang kausapin wala tayong matututunang paraan ng meditasyon mula sa Kanila. Kaya ang ang isang buhay na Master ang pinakamahalaga. Sina Hesukristo, Shakyamuni Buddha, Lao Tzu ay mga pinakasikat, pinakadakilang mga Master. Pero, marami pang mga nakaabot ng parehong antas na Kanilang naabot, pero hindi Sila nakilala sa mundo dahil hindi Sila sikat.

Halimbawa, ang ilang mga doktor ay biglang nagiging sikat dahil ang mga partikular na kaso ng kanilang mga pasyente ay iniulat sa publiko. Pero marami ring ibang mga doktor ang napakagalang din, mga Bachelor of Medicine din, napakahusay rin, pero hindi sikat. Kaya hindi sila kilala ng mga tao. Isa pang halimbawa ay: sa daigdig na ito ay maraming mga mayayaman na tao, mga bilyonaryo, pero ilan lang ang kilala natin bukod kina Rockefeller, at Onassis? Maraming mga mas mayaman pa kaysa sa kanila, pero hindi masyadong sikat. Maaaring dahil walang partikular

na dahilan para sila ay maging sikat, maaaring ayaw nilang maging sikat, o dahil ang kanilang mga produkto ay hindi internasyonal na espesyal.

Si Shakyamuni Buddha ay naging sikat dahil matapos nyang lumisan, marami sa mga taong may malalaking impluwensya ay sinamba Sya, at dahil sa kanilang mga impluwensya ang doktrina Niya ay lumaganap ng malayo at malawakan at syang dahilan kung kaya ito ay naging kilalang relihiyon sa buong daigdig.

Si Hesukristo ay napakasikat din, dahil ang paraan ng Kanyang pagkamatay ay ang pinakamapait na paraan sa buong mundo. At matapos Niyang mamatay, ipinalaganap ng mga disipulo Nya ang Kanyang mga pangaral kung saan-saan, kung kaya unti-unti Syang sumikat, dahil Sya ang kauna-unahan sa kasaysayan na namatay sa matinding pagdurusa para pasanin ang mga kasalanan ng ibang mga tao. At matapos Nyang mamatay, nagpakita Sya sa Kanyang mga disipulo at sa iba pa, kaya sya'y mas lalo pang sumikat. Ang ibang mga naliwanagang Master, bagaman napakataas ng mga antas sa ispiritwal-praktis, ay hindi gaanong nakilala ng publiko dahil hindi sila namatay sa trahedyang. Bagaman ang mga dakilang Master ng lahat ng panahon ay hindi gaanong sumikat katulad nila Shakyamuni Buddha at Hesukristo, pagkatapos ng bawat salinlahi, nagkaroon ng ganitong uri ng Master na bumababa dito sa mundong ito para turuan ang mga nakararamdam na nilalang. Kung wala sila, matagal nang nawasak ang mundong ito, dahil hindi tayo nagkaroon ng mga kabutihan, mas maraming masasamang karma ang nalikha natin kaysa sa kabutihan, at iyan ang dahilan kung kaya hindi balanse ang negatibo at positibong pwersa. Kapag ang negatibo at positibo ay hindi balanse, ang daigdig ay hindi pwedeng manaig; at ito'y magiging impyerno.

Ano ang impyerno? Ibig sabihin nito ay ang lugar kung saan walang kabutihan, kung saan tanging mga masasamang kaluluwa ang nakatira at tanging pagpaparusa at pagdurusa ang nananahan. At ano ang Langit? Ang langit ay isang lugar kung saan may mas maraming kaligayahan kaysa sa kadalamhatian. Tanging ang Kaharian ng Diyos lang ang pinakamagandang lugar, kung saan tanging kaligayahan lang, at walang kahit anong pagdurusa.

At sa ating daigdig, may kaligayahan at kalungkutan, kaya ito ay may pagka-negatibo at pagka-positibo. Ang pagka-negatibo ay nangangahulugang ang bahagi ng kadiliman at pagdurusa, at ang pagka-positibo ay kumakatawan sa maliwanag at mabuting bahagi. Ang dakilang praktisyoner ay

kabilang sa positibong bahagi dahil sya ay may kabutihan, Liwanag at kapangyarihan na pwedeng magligtas sa mga nakararamdam na nilalang; at kaya nyang balansehin ang mabuti at masamang pwera sa daigdig. Sya at ang kanyang mga disipulo ay nagpraktis nang istrikto para magdala ng mas maraming Liwanag sa mundo, para ang masasamang gawain ng mga nilalang ay hindi magpapatuloy sa pagpapadilim ng daigdig at gawin itong impyerno. Sa bawat salinlahi, sina Shakyamuni Buddha, Jesus Christ at Lao Tzu ay naging mga dakilang Master na kumakatawan sa katangian ng Liwanag para balansehin ang mabuti at masamang atmospera sa daigdig na ito. Kaya ang Liwanag ay napakahalaga sa atin. Kita natin na ang mga nilalang sa Langit at ang mga anghel ay may Liwanag, samantaalang ang mga dyablo ay maitim at walang Liwanag dahil kumakatawan sila sa kadiliman. At ang Buddha, mga anghel ay kumakatawan sa Liwanag. Sa daigdig na ito, ay may liwanag at kadiliman katulad ng may araw at gabi. Sa Kaharian ng Diyos, tanging Liwanag lang ang naroon, at sa impyero ay kadiliman lang. Kung alam natin kung paano pumunta sa impyerno para magmasid, makikita natin na walang Liwanag doon, tanging kadiliman lang araw-araw. Dahil ang ating daigdig ay pinaghalong kaliwanagan at kadiliman, kaya may kaligayahan at kadalamhatian, may liwanag at may kaitiman. Ang ilang mga tao ay ayaw ng kaitiman ng gabi at nais na araw-araw ay may liwanag lang. Para makamit ito, kailangan nilang magpraktis ng Quan Yin method.

Mayroong Liwanag sa Quan Yin Method, hindi lamang ang Tunog (ang Tunog ay isang uri din ng Liwanag). Kailangan pa rin nating magnilay sa Liwanag dahil ito ang magpapakita sa atin ng daan. Hindi tayo makakaakyat sa pamamagitan lang ng Tunog at sa pagsunod sa Tunog dahil sa kadiliman, hindi natin makikita ang daan. Kaya mayroong Liwanag sa ating Quan Yin Method.

Narinig natin na sa sandali na naliwanagan ang isang tao, makakakita sya ng maraming Liwanag, ng malawak at malaking Liwanag. Hindi ba? Sa oras na iyon dama nya na tanging ang malawak na Liwanag lang ang umiiral. Ang sandaling iyon ay maaaring magwakas hanggang lima, o sampung minuto, o kahit isang araw. Kahit na nabubuhay pa rin sya dito sa mundo, para na itong Kaharian ng Diyos. Para sa kanya, kahit ang gabi ay napakaliwanag. Kapag ang ganitong uri ng Liwanag ay nagliwanag, ang mga tao sa labas ay kaya rin itong makita dahil ang buong bahay ay magiging napakaliwanag, nagniningning, na kaya nyang makakita sa dilim nang walang gamit na lampara. Tanging mga ispiritwal na praktisyoner lang ang may kakayanan na maabot ang ganitong

estado. Ang Liwanag na ito ay iba sa liwanag ng ordinaryong bumbilya. Halimbawa, ngayon ay nakaupo ako dito; sabihin nating may Liwanag ako at ang inyong mga mata ng karunungan ay bukas, kung gayon ay makikita nyo ang Liwanag ko. Maraming mga ilaw na dekuryente dito sa bulwagang ito , pero ang liwanag nila ay walang sinabi sa liwanag ng Buddha. Kaya kahit may mga dekuryenteng ilaw dito, ay makikita pa rin natin ang Liwanag. Dahil ang Liwanag ng Buddha ay hindi kapareho ng materyal na liwanag.

Bakit natin kailangang hanapin ang Liwanag ng Buddha na ito? Kaya ba nating mabuhay nang walang (ispiritwal na) praktis, nang hindi hinahanap ang Liwanag na ito? Oo, kaya nyo; kung ang gusto nyo lang ay ang mundong ito, kung gusto nyo na may puti at itim, may araw at gabi, pwede kayong manatili at hindi na kailangang magpraktis. Pero kung gusto nyo ang Supra-Worldly na Liwanag; ang Liwanag na nabibilang sa pinaka orihinal at pinaka-kamangha-mangha; ang Liwanag na makapagbibigay sa atin ng dakilang benepisyo; na kaya tayong palayain; na kaya tayong gawing pinakadakila, pinakamatalinong mga nilalang sa buong sansinukob, kailangan nyong magpraktis ng Quan Yin Method, na may pinakadakilang Liwanag, at kailangang nyong umakyat para hanapin ang lugar ng pinaka-dakilang Liwanag.

Paano hanapin ang lugar na iyon? Una kailangan mong makatagpo ng naliwanagang Master. Ano ang kahulugan ng naliwanagan? Ibig sabihin nito na sya ay nasa loob na ng Liwanag na ito, na kaya nyang maunawaan ang kahit ano, na mayroon na sya ng Liwanag na ito at kaya nyang ipaabot ang ilan nito sa atin. Kung hindi, paano natin malalaman kung sya ang naliwanagang Master? Sinoman ay kayang sabihin na sya ay isang naliwanagang Master, pero ang katotohanan ay hindi niya nauunawaan ang lahat.

Kaya kung ang isang master ay sinasabi na sya mismo ay isang naliwanagang Master o Shih Fu (Chinese, na ibig sabihin ay Master at Father), kailangan nya tayong bigyan ng konti ng mayroon sya. Paano natin mapaniniwalaan na sya ang mayaman na tao kung hindi natin nakikita ang pera nya? Hindi sa pinag-nanasaan natin ang mga ari-arian nya, dahil alam natin na iyon ay kanya lang; kundi gusto natin na mapag-kalooban ng ilang pera mula sa kanya para makapag-bukas tayo ng sarili nating mga tindahan. Kung sinabi nya bibigyan nya tayo ng konting pera mula sa kanya pero hindi nya tayo binibigyan, paano natin matitiyak na sya ay mayaman o hindi? Kahit na sya ay tunay na mayaman na tao, pero hindi nya tayo tinutulungan sa ating pinakahirap na sandali at sa

ating pagkagutom, at sa halip ay humihingi pa sa atin ng pera, kung gayon wala na tayong pakialam kung sya nga ba ay mayaman o hindi.

Gayundin sa isang naliwanagang Master. Kung sinabi nya na matutulungan nya tayo na maliwanagan, pero wala tayong anumang liwanag, wala tayong nakitang Liwanag, o narinig na anumang tunog ng Buddha, paano natin malalaman na tayo ay naliwanagan o hindi? Ano ang pruweba? Walang nagbago sa dati. Kapag tinanong natin sya, “Ano ang kaliwanagan?” Sasagot siya , “Kailangan mong ipagpatuloy ang iyong praktis at malalaman mo ito pagkatapos ng sampung taon.” Pero kung mamatay na tayo pagkatapos ng limang taon, o kahit kinabukasan, hindi na natin maaabot ang kaorasan para makamit ang kaliwanagan, ang matagpuan ang Liwanag na ito para patidin ang pagkauhaw natin sa kaliwanagan. Anong magagawa natin kung gayon? Pagsasayang lang ng oras ang ganito. Posible na mapupunta tayo sa impyerno nang walang sinoman ang tutulong sa atin.

Kung kaya ang tunay na naliwanagang Master ay mayroon nitong Liwanag na ito, at kaya niya itong ipakita sa atin ng konti bilang mabilis na pruweba sa oras ng inisasyon para tulungan tayong maliwanagan. Maipapakita nya sa atin ang ilang liwanag at maipapadinig nya sa atin ang ilang panloob na Tunog. Ang inisasyon ay para tulungan tayong makakuha ng ilang kaliwanagan muna, at pagkatapos nito, kailangan nating magpraktis nang masipag araw-araw para mas lalong mapaunlad ang kaliwanagang ito hanggang sa isang araw, tayo ay magiging lubusan nang naliwanagan. Pagkatapos ng inisasyon, dapat tayong magpraktis araw-araw, para ang ating karanasan ng kaliwanagan ay magpapatuloy, at mangyayari araw-araw dahil ito ay sa atin na. Ang Liwanag at Tunog ay ang Quan Yin Method, na tanging ang tunay na naliwanagang Master lang ang makakatulong sa atin na ito’y maranasan.

Noong una, mayroon na tayo ng Liwanag at ng panloob na Tunog, na syang ating “Tunay na Kalikasan,” o ” Likas na Buddha ” gaya ng sinabi sa Budismo. Sinabi ni Hesukristo: **Ang Kaharian ng Diyos ay nasa kalooban mo**; Sinabi ni Buddha: **Ang Buddha ay nasa iyong isip**; at gayundin ang itinuro ni Lao Tzu. Hindi nya sinabing maghanap sa labas ng ating sarili para sa “Tao” (Katotohanan), at hindi nya sinabi na tayo ay mag-pilgrimahe sa kabundukan, sa mga ilog para matagpuan ang “Tao.” Hindi ba? Ang pinakapunto ng Tao Te Ching (Ang Sutra ng Kabutihan) ay na tayo ay tumingin sa “Tao”na nasa kalooban natin.

Pero bakit tayo ay tumitingin pa rin palabas, kahit na lahat ng mga dakilang Master ay iyon ang binigyang diin? Bakit tayong lahat ay pumupunta sa mga templo, mga simbahan para maghanap? Bakit hindi tayo makinig paloob sa ating sariling Kalikasan para makita kung nasaan ang ating sariling Likas na Buddha? Ang makita ang ating panloob na Likas na Buddha ay hindi nangangahulugan na gumamit tayo ng kutsilyo para buksan ang ating katawan, kundi gamitin natin ang “susi” para buksan ito. Ang tunay na naliwanagang Master ay may “susi.” Hindi siya tunay na naliwanagang Master kung hindi nya ito kayang buksan para sa atin; hindi sya isang naliwanagang tao kung hindi nya tayo mabigyan ng ilang karanasan ng kaliwanagan.

Ang Quan Yin Method ay kailangang may Liwanag para gumabay sa atin sa daan, para ipaalam sa atin kung paano magpatuloy; dahil napakaraming mga lupain, paano tayo makakakita ng malinaw nang walang Liwanag? Kung walang Liwanag, paano natin makikita ang mga panloob na lupain (realms), ang ating panloob na mga kayamanan? Kahit dito sa mundong ito, wala tayong pwedeng makita nang walang Liwanag, lalo na sa mga matataas na daigdig. Hindi tayo makakakita nang walang paggabay ng Liwanag. Kaya ang Liwanag ay napakahalaga.

Para sa ikabubuti ng mga sunod na henerasyon, ang mga praktisyoner ng Katotohanan noong una ay isinulat ang kanilang mga karanasan ng kaliwanagan, kung saan nakita natin na, palaging mayroong Liwanag sa oras ng kanilang kaliwanagan. Maaaring maliit sa umpisa, pero naging malaki ito matapos nilang makamit ang dakilang kaliwanagan. Ang Liwanag na ito ay sisikat at makikita ng ibang mga tao. Kaya kita natin ang Liwanag mula kay Shakyamuni Buddha, mula kay Hesukristo.

Pero minsan ay nakikita rin natin ang Liwanag o bigla tayong makadidinig ng ilang Tunog kahit na hindi pa tayo nakakatanggap ng inisasyon mula sa isang naliwanagang Master, o kahit hindi pa tayo nagpapraktis, o nag-memeditate. Pero ang Liwanag man o ang panloob na Tunog ay madidinig o makikita lang natin sa maikling sandali, hindi tuloy-tuloy, dahil wala tayong inisasyon mula sa isang naliwanagang Master.

Kahapon ay sinabi ko na may dalawang uri ng tunog. Ang isa ay negatibo, na kumakatawan sa tunog sa loob ng Tatlong Daigdig, at ang isa pa ay nabibilang sa lupain sa itaas ng Tatlong Daigdig – ang nakapagpapalayang Tunog. Ang pakikinig sa Tunog ng Tatlong Daigdig ay magpapabalik

sa atin paulit-ulit sa transmigrasyon (sirkulo ng pagsilang at kamatayan), samantala, ang pakikinig sa Tunog sa itaas ng Tatlong Daigdig ay magdadala sa atin sa liberasyon. Pero kung walang gabay ng naliwanagang Master ay hindi natin mauunawaan at matutukoy kung alin ang tunay na Tunog – ang perpektong tunog na makapag-papalaya sa atin – at ang pekeng tunog, na hindi-perpekto, na hindi tayo kayang palayain. Ang Liwanag ay mayroon ding dalawang klase: ang isa na nakapagbibigay-kalayaan at ang isa naman na magtatali sa atin sa walang katapusang sirkulo ng transmigrasyon.

Kaya, hindi sa ang bawat Tunog na iyong nadidinig o bawat Liwanag na iyong nakikita ay magbibigay sayo ng Liberasyon. Kaya kailangan natin ang paggabay ng isang naliwanagang Master. Alam Niya ang parehong negatibo at positibong Liwanag at Tunog, kaya matuturuan Nya tayo kung paano matukoy ang totoo sa peke. Kung hindi, ano ang silbi ng paghahanap ng naliwanagang Master, kung pwede naman tayong magmeditate nang mag-isa? Huwag nyong isipin na sapat na ang magnilay nang mag-isa sa inyong sarili o magbigkas ng ngalan ni Buddha. Syempre, mas mabuti ito kaysa sa walang ginagawa, pero hindi ito ang pinakamagaling na paraan, hindi ito ang daan para matulungan tayong makamit ang dakilang kaliwanagan.

Kaya, simula pa nang sinaunang panahon hanggang ngayon, bago naliwanagan, ang lahat ng mga dakilang praktisyoner ay naglakbay paakyat at pababa para makatagpo ng naliwanagang Master. Ano ang silbi ng paghahanap ng naliwanagang Master kung sapat na ang magpraktis nang solo sa kanilang sarili? Sinasabi na si Hesukristo ay isilang na Santo, na anak ng Diyos, pero bakit kinailangan pa rin Niyang magpunta sa India para sumunod sa maraming mga dakilang Master at magpraktis sa mahigit sampung taon? Sinasabi na si Shakyamuni Buddha ay nakalakad ng pitong hakbang pagkatapos Nyang maisilang sa mundong ito, at sa bawat hakbang ay may isang lotus na lumilitaw, kaya lahat-lahat ay may pitong mga lotus sa kanyang paanan, dahil Sya ay isang reinkarnasyon ng isang Bodhisattva. Gayunpaman, kinailangan pa rin Niyang maghanap ng naliwanagang Master para mag-aral at pagkatapos ay matiyagang magpraktis sa anim na taon bago Niya nakamit ang lubos na kaliwanagan.

Ang ikaanim na Patnyarka ng Cha'n na sekta ng Budismo, si Hui Neng ay agad na naliwanagan nang madinig Niya ang isang tao na binibigkas ang Dyamanteng Sutra, bagaman Sya noon ay isa lang mangmang na tagasibak ng kahoy. Pero bakit humingi pa rin Sya ng inisasyon sa Ikalimang

Patnyarka, Hung Jen, at pagkatapos ay humiwalay sa mundo para magpraktis sa loob ng labing-anim na taon bago Niya nakamit ang kumpletong kaliwanagan, saka pa lang Siya nakapagbigay ng inisasyon sa iba? At si Hesukristo ay sumunod sa maraming mga dakilang Master sa Himalaya para magpraktis para maunawaan ang maraming katotohanan. Si Shakyamuni Buddha ay nagkaroon ng anim na guro, na lahat ay patay na nang Kanyang makamit ang Pagka-Buddha, bagaman Kaniyang ipapangal ang Katotohanan sa kanila bilang sukli sa kanilang mga naitulong sa Kanya. Kaya huwag nating isipin na si Buddha ay walang guro. Nagkaroon Siya ng anim na guro. Sinoman na reinkarnasyon ng mga Buddha, Bodhisattva, lahat ay kinailangan na makatagpo ng naliwanagang Master para makamit ang kumpletong nakamtan sa praktis.

Kaya may dalawang uri ng Liwanag. Ang unang klase ng Liwanag ay kabilang sa antas ng Diyos o ng Buddha at makapagpapalaya sa atin. Ang ikalawang klase ng Liwanag ay magbabalik sa atin sa walang-tigil na sirkulo ng pagsilang at kamatayan. Kapag nag-meditate tayo at nagpraktis nang walang maayos na paggabay ng isang tunay na naliwanagang Master, minsan ay bigla nating madidinig ang panloob na Tunog o aksidenteng makikita natin ang Liwanag at makakakuha rin tayo ng konting karunungan. Pero kung walang paggabay ng isang naliwanagang Master, ang Liwanag na ating nakikita o ang Tunog na ating naririnig ay tiyak na kabilang lang sa segunda klase. Kung hindi natin ito alam, iisipin natin na napakabuti na nito at maari tayong matali sa mababang mga daigdig dahil sa segunda o ikalawang klase ng Liwanag o Tunog, at hindi magawang maranasan ang pinakamataas na antas; at hindi makamit ang tunay na dakilang karunungan. Ang tanging makukuha lang natin ay ang maliit na karunungan, na segunda klase lang; karunungan sa loob ng Tatlong Daigdig lang, ang karunungan na kabilang sa anim na daan ng transmigrasyon.

Ano ang anim na daan ng transmigrasyon? Sila ang mga deva, mga tao, mga Asura, gutom na multo, impyerno at mga hayop. Kaya kahit makita natin ang segunda klaseng ng Liwanag o ang madinig ang segundang klase ng Tunog, hindi pa rin natin makamit ang Karunungan.

Maraming mga tao ang nagtatanong sa akin, na kahit kumakain sila ng karne ay nakikita rin nila ang ispiritwal na Liwanag, kaya para sa anong dahilan na iginigiit ko na maging vegan? Ang sagot ay napakasimple. Ang dahilan ay kasasabi ko lang. Ang mga kumakain ng karne ay pwede ring makita ang ikalawang klase ng Liwanag, pero hindi nila matatagpuan ang Katotohanan;

magpapaikot-ikot lang sila sa anim na daan. Pero syempre, mas marami silang kayang unawain kaysa sa mga ordinaryong mga tao dahil sila ay nakapagpraktis.

Halimbawa, kung madumi ang tasang ito, at walang naghugas nito, kahit anong ilagay mo dito ay wala ring magiging silbi sa akin. Kapag ininom ko iyon, siguradong magkakasakit ako dahil sa ang tasa ay hindi malinis, kahit anong ilagay mo dito ay magiging lason. Ang gatas na ibuhos mo dito ay magiging maasim at mapait; ang basi (wine) ay sasama ang lasa; kahit ang tubig ay sasama ang amoy. Dahil ang tasa ay hindi malinis, kahit na ang tubig ay napakalinis, ang basi ay napakapuro, o ang gatas ay napakabango, wala tayong makukuhang benepisyong kundi isang tiyan na may mapaminsalang mga bagay. Gayundin, ang isang praktisyoner na hindi nalinis ang katawan, pananalita at isip ay magkaka-problema sa antas o sa kanyang makakamit, kahit na gaano kataas ito. Katulad lang ito ng maruming tasa na madudumihan ang tubig na ilagay dito. Tayo ang nagpadilim sa liwanag, at tayo rin ang makaka-kamit ng maliwanag na Liwanag kung panatalihin nating malinis ang ating praktis.

Ang katawan, pananalita at isipan, lahat ay napakahalaga. Hindi sapat na hindi ka nagsasalita ng masama tungkol sa iba sa buong araw, dahil kailangan pa rin nating magsalita ng mga mabubuting bagay. Katulad ng bukod sa pag-iwas sa mga nakalalason na bagay, kailangan pa rin nating kumain ng masusustanyang pagkain. Hindi rin natin pwedeng linangin lang ang isipan. Hindi rin pwedeng isipan lang ang ating paunlarin. Isa pa, para maiwasan ng isipan nating maka-isip ng anumang masasamang bagay, kailangan nating gumawa ng mabubuting bagay. Ang paglalagay ng maduduming bagay, tulad ng mga karne ng ibang nilalang, patungo sa ating mga bibig ay hindi rin pinapayagan. Anumang kainin natin ay nakakaapekto sa ang ating isipan. Kita nyo, ang mga baboy ay mga feeds, ang mga baka ay kumakain ng damo, ang mga kabayo ay kumakain ng kumpay, ang mga manok ay kumakain ng patuka, at tayong mga tao ay dapat kumain ng pagkaing tunay na itinalaga para sa atin, ang mga halaman. Sa Bibliya ay sinabi na *nilikha ng Diyos ang maraming mga herbal at prutas at ang mga ito ang magiging pagkain natin.*

Sa lahat ng Sutra ng Budismo, binigyang diin ni Buddha na huwag tayong papatay, na huwag tayong kakain ng karne ng mga buhay na nilalang. Sinabi Niya na *ang mga praktisyuner na kumakain ng karne ay hindi magiging mga Bodhisattva dahil ang mga kumakain ng karne ay walang maawaing isipan. Ang pagkain ng karne ay pumuputos sa ating mga binhi ng awa.*

Kaya ang pinakamataas sa kanila ay ang tanging makakamit ay ang bunga ng hari ng Maya (Satanas), ang ikalawa ay ang mga lalaking tagasunod ng Maya, at ang pinakamababa ay ang babaeng tagasunod ng Maya. Sinabi niya ito nang napakalinaw.

Kaya, pinapayuhan ko sinoman na nagpapraktis ng anumang paraan ng meditasyon na maging vegan, para kahit papaano ay may konting pag-asa para sa kanya na magkaroon ng pagkakataon sa hinaharap na maabot ang matataas na daigdig. Hindi na kailangan na sinusunod mo ako sa pagpapraktis ng Quan Yin Method o na maniwala kayo sa akin, pero kung anumang paraan ang iyong pinapraktis, kailangan mong linisin ang iyong katawan, salita at isipan para ang mga masasamang impluwensya ay mahugasan.

Halimbawa, minsan kapag uminom tayo ng gamot, sasabihin ng doktor sa atin na , “Pagkatapos mong inumin ito, huwag kang iinom ng kape, dahil kapag humalo ito sa kape, magkakaroon ng mga side-effects na magdudulot ng masamang epekto sa kondisyon mo.” Katulad lang ito ng minsan matapos mong uminom ng pills para sa sakit ng ulo, biglang sumakit ang tiyan o ibang bahagi ng katawan. Kung gusto nating magpraktis kailangan muna nating linisin ang ating katawan, salita at isipan.

Araw-araw ay nililinis natin ang ating panlabas na katawan, gayundin dapat ang gawin natin sa ating kalooban. Nakakalimutan ng mga tao na gulay ang itinakdang pagkain para sa kanila, at nasanay lang silang kumain ng karne, kaya ngayon ay napakahirap para sa kanila na bumalik sa pagkaing gulay. Kung ayaw nating hawakan ang mga baboy, manok, bibe, baka o tupa sa ating mga bisig, bakit natin ipinapasok ang kanilang mga bangkay sa ating mga bibig? Wala itong katuturan.

Ngayon lang ay sinabi ko na ang mga kumakain ng karne ay pwede ring makita ang Liwanag o marinig ang Tunog. Totoo ito. Pero hindi ito ang Liwanag at Tunog na nabibilang sa mataas na kaharian, na tunay na makapagpapalaya sa atin.

Nang si Shakyamuni Buddha ay nasa daigdig na ito, ang Kanyang mga mongheng disipulo ay tiyak na mga vegetarian. Simula pa ng unang panahon hanggang ngayon, karamihan ng mga Hindu ay mga vegetarian, at iyan ang dahilan kung bakit maraming mga Master ay nagmula sa India o

may kaugnayan sa India. Ang mga namamahay na disipulo (hindi-monghe) ni Shakyamuni Buddha ay mga Bodhisattva rin, kaya karamihan sa dalawampu't limang mga Bodhisattva sa Surangama Sutra ay Kanyang mga namamahay na disipulo.

Bakit natin sila tinatawag na mga Bodhisattva? Dahil tinanggap nilang lahat ang “panunumpa sa Buddha,” at ayon dito ang pagkain ng karne ay hindi pinapayagan. Dahil tinanggap nila ang panunumpa sa Buddha, kaya isinalin ni Shakyamuni Buddha sa kanila ang pinakamataas na pamamaraan. Kung hindi, sila ay magiging ordinaryong namamahay na mga tao lamang. Pagkatapos ng panunumpa ang mga namamahay na Bodhisattva ay hindi na pwedeng kumain ng karne, kaya nakaya nilang maabot ang matataas na antas.

Sa kanilang mga panloob na pangitain na isinalaysay nila sa Surangama Sutra, makikita natin na nagkaroon na sila ng matataas na antas (na karanasan sa meditasyon) kahit na simula pa lang ng kanilang praktis. Ito ay dahil hindi na sila kumakain ng karne. At siyempre, hindi pinapayagan ang mga monghe ng Buddha na kumain ng karne.

Alam nating lahat na lahat ng Banal na Kasulatan ay sinasabi na ang mga monghe ay hindi dapat kumain ng karne. Kaya dapat ganon. Pero sa panahon ngayon, ang mga Buddhist sa ilang mga bansa lamang gaya ng Au Lac, Formosa at Mainland China at iba pa, ang tanging sumusunod sa vegetarianismo. Sa bansang katulad ng Korea, ang proporsyon ng mga vegetarian na monghe sa kumain ng karneng mga monghe ay kalahati-sa-kalahati. Sa Japan ay mas malala – halos walumpung porsyento ng mga monghe ay kumain ng karne.

Kaya kung titingnan natin ang alinmang mga praktisyoners, hindi natin pwedeng tingnan lamang kung sya ba ay nagpapraktis ng masipag. Kailangan din nating tingnan ang kanyang ‘etikal na buhay’ dahil kung walang disiplina, walang tunay na mapayapang isipan, at kung walang tunay na mapayapang isipan, walang tunay na karunungan. Kaya ang mga disiplina at ang mga kautusan ay napakahalaga.

Ano ang mga kautusan? Maging mabuting mga tao, sumunod sa Batas ng sansinukob. Dahil ayaw nating mapatay, kaya huwag tayong papatay ng mga hayop. Dahil hindi tayo payag na makain, kaya huwag tayong kakain ng karne ng ibang nilalang. Ang lahat ng buhay na nilalang ay may

buhay. Sila rin ay may pagpapahalaga sa buhay at takot sa kamatayan. Kapag pinatay natin sila, matatakot sila at magdurusa nang sobra, na lilikha ng ilang nakalalasang mga elemento ng galit.

Pero ang kamalayan ng mga halaman ay hindi pa umuunlad sa ganoong antas ng pag-aasam sa buhay at pagkatakot sa kamatayan, kaya kapag kinain natin sila, walang magiging malaking paniningil. Mayroon din konti, syempre, dahil ang pagpatay ng anuman ay may paniningil, pero dahil ang mga halaman ay walang “isip” para maghiganti, hindi tayo mahihila pababa sa kanilang galit. Hangga’t tayo ay nagpapraktis ng Quan Yin Method, sa pagdami ay sa paggaling, pinakamababa ang dalawa at kalahating oras, araw-araw, ang maliit na sagabal na karma ay mahuhugasan nang mabilis. Pero ang karmang sagabal mula sa pagkain ng karne ay hindi madaling mahugasan, dahil sila ay may isip, maghihiganti sila sa atin, at hindi tayo tatantanan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga kumakain ng karneng mga praktisyoner ay hindi kayang abutin ang matataas na daigdig.

Ang “liberasyon” ay nangangahulugan na hindi na babalik muli. Kapag kumain tayo ng karne ng mga nilalang, pero ayaw na nating bumalik muli, sino ang magbabayad ng “kautangan ng pagkain ng karne?” Salungat ito sa Batas ng Sanhi at Bunga na kapag kumain ng karne ay pwede pa ring magkaron ng liberasyon o makalaya. Ang Batas ng sansinukob ay: kapag may sanhi, magkakaroon ng epekto. Kumain ka ng karne at kailangan mong magbayad ng karne. Kaya ang mga kumakain ng karne ay hindi makapagtatamo ng mataas na antas ng praktis.

Sinabi ko sa inyo ang lahat ng ito ayon sa mga Banal na Kasulatan. Hindi sa gusto ko kayong pulaan. Dahil pinapangaral ko ang Katotohanan, kaya kailangan kong sabihin ang katotohanan. Sinabi ko sa inyo ang nalalaman ko. Kung talumpati ito para kayo ay pasayahin, ay hindi ko na kailangang magsalita pa; hindi ko na kailangang maging isang monghe para magbigay ng pangaral. Ang dapat ko lang gawin ay ang sabihin sa inyo na kayo ay napaka-ganda, ang mga damit nyo ay napaka-ganda. Aanyayahan ko kayong gawin ang anuman, ang magpakasaya sa mundo – bastat kayo ay may debosyon sa akin, okey lang na kumain kayo ng karne at uminom ng alak. At ang mga tao ay matutuwa at hindi ko na kailangang magbigay ng anumang lektyur. Pero kapag sinabihan mo ang isang kumakain ng karne na okey lang kumain ng mas maraming karne dahil mabuti ito sa kanyang kalusugan, maya-maya ay malamang na iuulat niya ang kanyang pagdating sa ospital.

Maraming mga kumakain ng karne ay nakakaran ng kanser, samantalang ang mga vegan ay hindi nagkakaran ng ganitong problema. Ang mga hindi-nagagamot na mga sakit ng ika-dalawampung siglo, ang AIDS, ay nangyayari lang sa mga maka-karne at tiyak na hindi sa mga vegans.

Kaya dapat nyong malaman na kung gusto ko lang kayong pasayahin, hindi ko na kailangang sabihin ang mga dahilan na ito: hindi ko na kailangang uli-ulitin sa inyo na dapat kayong maging vegan. Dahil ang pagiging-vegan ay ang kabaligtaran ng inyong kasalukyang kinagawian, kaya ang ibang mga tao ay ayaw itong madinig. Pero bilang isang praktisyoner, kailangan kong sabihin ang katotohanan: ang sabihin ang mga prankang salita sa mga taong may sapat na karunungan. Sinabi rin ni Confucius na ang isang tunay na maginoo ay kailangang maging kasing-tuwid ng kawayan. Kaya sa twing nakakaisip ako ng anumang kapaki-pakinabang sa iba, kailangan ko itong sabihin, gusto man ito ng iba o hindi.

Sinabi rin ni Confucius: ***Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin sa iyo***. Alam nyong lahat ang kasabihang ito at madalas ay gustong-gusto nyo itong sabihin, hindi ba? Bakit gusto nyo ito? Dahil ang Katotohanan ay nananahan sa ating tunay na kalikasan: ang mabubuting mga dahilan ang inaasam natin. Ang mga mararangal na talumpati at mga ideya ay sadyang nananahan na sa kalooban natin. Ang mga tao ang pinakamarangal na nilalang. Siguro, biglang imposible para sa inyo na maging vegan dahil sa nahihirapan kayo, dahil ang asawa nyo ay hinahadlangan kayo, o maaaring dahil sa inyong trabaho. Gayunpaman, gusto nyo pa rin makadinig ng mabubuting mga bagay, gusto nyo pa ring madinig ang Katotohanan dahil, sigurado ako, na sa kalooban nyo ay may isang pinaka-marangal na nilalang. At iyon ang inyong Likas na Buddha. Dahil sa Likas na Buddha na ito, o sa “Langit sa kalooban,” paano natin hindi magugustuhan ang Katotohanan? Paano natin hindi magugustuhan ang mararangal na ideya? Hindi ba’t ganoon? (*Ang ilan sa mga nakikinig ay sumagot: Opo!*)

Minsan, hindi natin alam ang tungkol sa Katotohanan dahil hindi pa natin nadidinig ang sinoman na nagsalita tungkol dito. Hindi ito dahil sa ayaw natin itong gawin. Ang Batas ng Sanhi at Bunga ay eksakto at istrikto, walang kahit katiting na mali. Ang sanhi ay siguradong masusundan ng epekto. Katulad ito ng sinasabi ng mga tao, “Ang lambat ng Langit ay maaaring malaki, pero walang nakakatakas dito.”

Noong ay mayroong isang dakilang praktisyoner na tinatawag na Kabir. Isang araw, may lalaking lumapit sa kanya pero wala sya sa bahay. Ang kapwa nya praktisyoner (noon ay kanyang asawa, pero naging kapwa-praktisyoner dahil naging kanyang disipulo) ay sinabi sa lalaki, “Pumunta ka sa libingan para hanapin sya. Nakikipag-libing sya sa kanyang isang kaibigan.”

Sumagot ang lalaki, “Pero paano ko sya mahahanap, hindi ko pa sya nakikita noon?” Ang mga Hindu ay halos magkakamukha at magkakapareho ng pananamit, katulad ng mga monghe sa Formosa na nagsusuot ng pare-parehong damit.

Sumagot ang asawa ni Kabir, “Kapag nakakita ka ng isang lalaki na may Liwanag sa kanyang ulo, ang lalaking iyon ay si Kabir.”

Nang dumating ang lalaki sa libingan, may ilang mga tao na naghuhukay ng pag-lilibingan, ang iba ay buhat-buhat ang kabaong, at ang iba ay naghahanda sa paglilibing. Bawat isa sa kanila ay may Liwanag sa kanilang ulo. Hindi niya alam kung sino si Kabir, at dahil lahat sila ay nananatiling tahimik habang nakikipaglibing, hindi sya nangahas magtanong. Kaya, bumalik sya sa asawa ni Kabir at sinabi, “Hindi ko makita si Kabir, dahil may Liwanag silang lahat. Anong dapat kong gawin ngayon?”

Sumagot ang asawa ni Kabir, “Okey lang. Bumalik ka sa libingan: hintayin mong matapos ang libing. Habang nagsisi-uwian na sila, may isang tao lang na may Liwanag at iyon si Kabir.”

Bumalik ang lalaking iyon sa libingan. Nang nagsisi-uwian na sila, tunay na may isang tao lang na may Liwanag sa kanyang ulo.

Alam nyo ba kung bakit? Bakit sa oras ng paglilibing, lahat sila ay may Liwanag at pagkatapos ay tanging ang dakilang Master na lang ang mayroon? Dahil habang naglilibing ng patay, lahat sila ay may napaka-banal na pag-iisip sa kaning mga isipan. Ang tanging iniisip nila ay, “Bakit kailangang isilang ng mga tao at mamatay?” Sa sandaling iyon, sila ay nag-iisip ng malalim tungkol sa liberasyon, kaya ang kanilang panloob na katangian ng Liwanag ay nagliwanag at nakita ng lalaking iyon. Napagtanto niya na ang sirkulo ng pagsilang at kamatayan ay napaka-nakakatakot na bagay; naunawaan nila na ang buhay sa mundong ito ay pansamantala lang, at

hindi sila masyadong madikit sa mundong ito, sa halip ay may malalim na pag-aasam na magpraktis para makakuha ng liberasyon. Kaya ang kanilang panloob na maliwanag na katangian ay lumabas at nakita ng iba ang kanilang Liwanag.

Sinoman ay may ganitong uri ng Liwanag. Subalit pagkatapos ng libing, nakalimutan nila agad ang tanong ng pagsilang at kamatayn, dahil ang mga ordinaryong tao na hindi nagpapraktis araw-araw ay hindi makontrol ang kanilang mga isipan nang napakadali, hindi nila magawang pasunurin ang mga iniisip nila sa kanilang utos. Minsan, gusto nating isipin ang hilaga pero ang atin isip ay pumupunta sa timog; gusto natin ang kanluran pero pumunta ito sa silangan. Ang mga utak natin ay palaging tumatakbo kung saan-saan. Kaya pagkatapos ng libing, dahil wala na silang nakikitang kabaong at bangkay, ang kanilang mga isip ay naiwala ang punto ng konsentrasyon at ang kanilang mga isipin lahat ay nakawala. Kaya hindi na nila iniisip ang pagsilang at kamatayan, iniisip lang nila ang kanilang mga asawa, pagkain, pagtulog, kasiyahan at lahat ng mga makamundong mga bagay. Kaya ang Liwanag ay nawala.

Tiyak na mayroon tayong Liwanag, kung maililiko natin ang ating isipan tungkol sa pagsilang at kamatayan at transmigrasyon. Maaari nyong subukan pag-uwi nyo. Naiwala ng mga taong iyon ang Liwanag dahil pagkatapos ng libing ay mga makamundong mga bagay na lang ang inisip nila.

Ang mundong ito ay isang madilim na lugar na mababa ang antas. Kapag ikaw ay galit, ikaw ay nasa kadiliman at ibinababa sa antas ng impyerno. At kapag iniisip mo ang makamundong mga bagay, ito rin ay madilim sa isang bahagi at itim sa kabilang bahagi. May Liwanag lamang kapag iniisip mo ang tungkol sa mga bagay tungkol sa praktis.

Si Kabir ay matagal nang nagpapraktis, kaya nagagawa niyang mapanatili ang isipan nya sa praktis, sa mataas na hangarin, at dahil dyan siya ay may Liwanag palagi. Tayo ay maliwanag kung tayo ay may marangal na hangarin, tayo ay pangkaraniwang tao lang kung mga makamundong mga bagay lang ang iniisip natin; at tayo ay nagiging dyablo kung tayo ay may kagahaman, kalaswaan, poot, pagkamadikit at kamang-mangan sa ating isipan, at iba pa.

Ngayon lang ay aking nabanggit na ang Batas ng Sanhi at Bunga ay eksakto at tiyak. Hindi ito nagkakamali. Noong ang Master ko ay nabubuhay pa sa mundong ito, mayroon syang disipulo na

nagpapraktis nang matindi ng Quan Yin Method. Isang araw, lumabas sya para maglaro at nakakita ng bulati na nagdurusa sa mga kagat ng kumpol ng mga langgam sa katawan nito, halos namamatay na at hindi na makatakas. Dahil sa awa, kinuha nya ang bulati, nilagay sa ligtas na lugar at pinalayo ang mga langgam.

Noong gabing iyon, noong sya ay nagmeditate, nakakita sya ng kuyog ng mga magagaang ispiritwal na katawan, hindi ang magaspang na pisikal na mga katawan, ng mga langgam na dumadating para sa'y kagatin, na nagpatakot sa kanya ng sobra. Sila ay nanga-ngagat at nagrereklamo sa lenggwahe ng mga langgam. Kapag natamo na natin ang mataas na antas sa praktis, mauunawaan na natin ang lenggwahe ng mga hayop. Sinabi ng mga langgam, “Ang bulati ay tumatanggap ng kanyang paniningil. Kailangan niyang pagbayaran ito. Bakit ka nange-alam sa aming gawain? Ito ang pabuyang para sa amin. Kailangang pagbayadan ng bulati ang kanyang karmang sagabal na nilikha nya sa nakaraan.”

Kaya mayroong sanhi at bunga sa anumang ginagawa natin. Kailangan nating pasanin ang karmang sagabal ng tao kung gusto natin syang iligtas. Pero kung mayroon kang malaking pabuyang biyaya, hindi magiging masyadong seryoso ang pumasan ng karmang sagabal ng iba bagaman, magkaron pa rin ng mga sakit, mga karamdaman, mga kahirapan, atbp., sa iyong sarili. Ang pinaka-masamang kondisyon ay katulad ng kay Hesus, na napako sa krus sa pinakamapait na paraan para pagbayaran ang karmang sagabal ng mga ‘nakararamdam’ na nilalang. O katulad ng kay Shakyamuni Buddha, na nakaengkentro ng maraming-maraming mga gulo gaya ng mga taong bumabato sa Kanya, sinisiraan Siya, at sinusubukan Siyang patayin, sinusubukang akusahan Siya nang kasinungalingan, atbp.

Bakit kaya matapos na ang isang tao ay maging isang Buddha, taglay ang dakilang Kapangyarihang iyon, ay nakakaranas pa rin sila ng mga akusasyon, paninira at kapahamakan na mapatay? Dahil tumanggap Siya ng maraming mga disipulo – binigyan sila ng inisasyon – pinasan ang kanilang mga karmang sagabal, para mula sa pagiging ordinaryong nilalang ay gawin silang mga banal na nilalang. Kaya kailangang bayadan ng Master ang mga karmang sagabal ng kanyang mga disipulo.

Kaya kapag ating ginagawa ang anim na paraan ng perpekasyon ng Budismo: kawanggawa, pagpapanatili sa panuntunan, pagpapasensya, kasipagan, meditasyon, at karunungan, kailangan natin itong gawin nang maingat. Kailangan muna nating unawain ang tunay na sitwasyon bago natin ito gawin. Kung hindi, dadalhin natin ang ating mga sarili sa maraming mga problema. Napakaraming mga bagay ang binaggit sa Diamond Sutra, na maaaring imposible para sa ating magawa dahil bilang mga ordinaryong nilalang tayo ay walang kapangyarian. Kita nyo, ang pagliligtas ng buhay ng isang bulati ay sapat na para magdulot ng isang kakilakilabot na kondisyon. Ano pa kaya ang magiging resulta ng mga karmang sagabal na ginawa natin mismo.

Oras na para sa mga tanong. Mayroon ba kayong mga tanong? Sa palagay ko ang pinakamalaking tanong ko ay: Bakit nyo gustong magpraktis? Bakit napakaraming mga tao ang hindi interesadng magpraktis? Ang mundong ito ay hindi-permanente at ang buhay na ito ay pansamantala lang – hanggang sa isang-daang taon lang ang pinakamahaba. Maraming mga tao ang nagrereklamo na ang buhay ay mapait, walang-kahulugan, na wala nang iba kundi pagkain, trabaho, at pagtulog, na paulit-ulit kada-araw. Pero karamihan ng mga tao ay madikit pa rin sa makamundong buhay na ito, ayaw pa rin iwanan ang mundo at bitawan ang kanilang pagkakahawak sa Mundo. Bakit hindi ito Makita ng mga nakararamdam na nilalang? Ito ang aking pinakamalaking tanong.

Ano ang Nangyayari Kapag Namamatay?

*Sinabi ni Supreme Master Ching Hai
Setyembre 11, 1987 (Audio Tape#CE2A)
Lotung, Formosa
(Orihinal sa Chinese)*

Ngayon araw na ito, gusto kong magsalita tungkol sa pinaka-kinatatakutan pero hindi maiiwasang bagay: ang kamatayan. Sa pagitan ng pagsilang, pagtanda, pagkakasakit at kamatayan, ang pinaka-kinatatakutan natin ay ang huli. Hindi ba? Takot tayo dito, pero hindi ito maiiwasan. Ang ipapaliwanag ko ngayon ay kung ano ang nangyayari sa karamihan kapag namamatay. Narinig natin na ang mga katawan natin ay binubuo ng limang pangunahing elemento -metal, kahoy, apoy, lupa- at kaluluwa. Sa Budismo ang kaluluwa ay kilala bilang ang Esensya, ang Orihinal na Mukha o Buddha Nature. Ngayon ay hindi na natin kailangang problemahin ang mga katawagang ito. Tatawagin ko itong “kaluluwa” para mas madali nyong maunawaan.

Narinig natin na kapag tayo ay namamatay, ang kaluluwa ay lumalabas, lumalabas sa pisikal na katawan ng limang elemento. Ang limang pisikal na elemento ay maghihiwa-hiwalay sa isa’t isa, hindi na dikit-dikit; dahil kapag ang kaluluwa ay nandoon, ito ay parang bagay na nagdidikit sa limang elemento. Ang sitwasyon ay katulad ng rosaryong ito: sa loob ay may piraso ng tali na nagdurugtong sa mga “beads.” Kapag tinanggal mo ang tali, ang mga ‘beads’ ay maglalaglagan sa sahig. Gayundin sa ating kamatayan. Pero hindi tayo ang rosaryo, dahil may pakiramdam tayo.

Kapag tayo ay malapit nang mamatay, nagdurusa tayo ng sobra-sobra. Bakit? Una, dahil ayaw nating iwanan ang mundong ito, ayaw nating iwanan ang ating mga kamag-anak, kaibigan, asawa, mga anak, ama at ina, atbp. Pangalawa, dahil hindi natin alam kung saan tayo mapupunta matapos nating lisanin ang mundong ito, kaya takot tayo. Hindi natin alam ang tungkol sa ibang daigdig bukod dito. Ikatlo, dahil hindi natin naihanda ang ating mga sarili, kaya hindi natin alam kung

anong gagawin kapag tayo ay namatay. Kung hindi, ang oras ng kamatayan ay ang pinakamasayang sandali, walang dapat katakutan.

Totoo, ang kamatayan ang pinakamasayang sandali. Kung mamamatay lang ako bukas, labis akong magagalak. Pero sa ngayon ay hindi ako makaalis dahil inilagay nyo ako dito, at may mga responsibilidad pa ako – hanggat hindi ko nagagampanan ang mga iyon, hindi pa ako makakaalis sa daigdig na ito. Kahit na umalis ako ngayon, itutulak ako pababa ng mga Buddha at Bodhisattva pabalik sa mundong ito muli.

Narinig nyo na ba na noong ang dakilang monghe na si Guang Chin ay pumasok sa malalim na meditasyon, sya ay nakapunta sa mataas na estadong ispiritwal at natuto mula sa mga Buddha at Bodhisattva at ayaw na niyang bumalik, dahil napakasaya nya doon? Ang mga estado na iyon ay napakabuti, napakaganda, napakapayapa at malaya. Sino ba ang may gustong bumalik dito sa maliit, madilim na kulungan (ang katawan)? Wala. Kung ang ating mga kaluluwa ay makakalabas sa ating mga katawan patungo sa matataas na lupain para mag-aral, ayaw na nating bumalik dito sa “maliit, at madilim na bilangguan.” Gayon din ang dakilang monghe na si Guang Chin. Pero sinabi sa kanya ng mga Buddha at Bodhisattva na kailangan nyang bumalik sa daigdig na ito para iligtas ang mga ” nakararamdam ” na nilalang bago sya manatili sa matataas na estado. Ganito rin ang sitwasyon ng maraming mga naliwanagang Master.

Isang araw ang Master ng aking Master ay nakaupo sa silya, mukhang walang-sigla at malungkot. Pagkatapos ay tinanong sya ng kanyang dakilang disipulo, “Master, hindi ko pa kayo nakitang ganyan kalungkot. Bakit labis kayong nababagabag ngayon?” Hindi sumagot ang Master; kaya nagtanong muli sya, pero hindi pa rin sumagot ang Master. Sa pangatlong tanong, saka sya sumagot, “Syempre malungkot ako. Sino bang gustong bumalik at mamuhay dito? Sino bang may gustong bumalik sa pisikal na katawan na ito, na tunay na malungkot na bagay?”

Gayon din, kung napraktis na natin ang ating mga sarili, ang paghihintay sa paglisan sa daigdig na ito ay katulad ng paghihintay sa ating ina na namimili sa palengke, dala-dala pabalik ang mga kendi at biskwit para sa atin. Gayon din sa mga ispiritwal na praktisyoner ng matataas na antas. Walang dapat na ikatakot. Pero karamihan sa mga tao ay hindi nagpa-praktis (ng meditasyon)

habang nabubuhay; hindi nila alam, at walang nagtuturo sa kanila kung ano ang dapat gawin. Kaya dama nila ang paghihirap kapag sila ay namatay.

Maraming taong nagtuturo sa atin ng maraming bagay sa daigdig na ito. Ang mga magulang natin ay tinuruan tayo kung paano kumain, paano maglakad. Ang mga guro ay tinuruan tayo kung paano magsulat sa English, Chinese, at iba pang mga bagay. Ang mga doktor, nars, midwives, ay tinuruan ang mga magiging-ina kung paano manganak, halimbawa: kung paano alagaan ang sarili at paano alagaan ang fetus para ang panganganak ay magiging madali at hindi gaanong masakit. Pero walang nagturo sa atin kung ano ang dapat gawin kapag tayo ay namatay – nakaligtaan ito.

Pagdating sa pagsilang, pagtanda, pagkakasakit, at kamatayan: ang ilang mga tao ay tinuruan tayo kung paano manganak, ang ilan ay inaalagaan tayo sa ating pagtanda -ang mga pensyon sa pagtanda at insurance, atbp ay inihahanda – ginagamot ng mga doktor ang ating mga karamdaman, ang mga taga-mediko ay tinuturuan tayo kung paano iwasan o bawasan ang tsansa ng pagkakasakit. Subalit, ang kamatayan ay nakakalimutan. Hindi ito mabuti. Kaya, bukas ay tuturuan ko kayo kung paano “mamatay” (ibig sabihin sa inisasyon). Ngayon ay pag-usapan muna natin kung anong nangyayari kapag namamatay.

Kapag ang karamihan sa mga tao ay namamatay, ayaw pa nilang iwanan ang mundo. Ayaw nilang iwanan ang kanilang mga ama, ina, asawa. Bakit? Dahil buong buhay nila, namumuhay sila nang magkakasama at araw-araw ay iniisip nila ang isa’t isa. Kaya kapag lilisanin na nila ang daigdig, tanging ang mga taong ito ang nasa isip nila dahil ang pag-ibig ay hindi pa lubos na nauubos. Halimbawa, hindi sila handa na iwanan ang asawa nila, iniisip na, “Napakabata pa niya. Sino ang mag-aalaga sa kanya? Ang mga anak ko ay maliliit pa. Paano ko sila iiwanan ng ganito?” Ang isipan nila ay puno ng pag-aalala. At kapag tayo ay nag-aalala ay inilalagay natin ang pinakamahalagang ekspektasyon sa ating mga anak o asawa, at dahil sa nakapag-bubuklod na kapangyarihan ng isip ay kailangan tayong ipanganak muli. Kapag tayo ay pinanganak muli, pwedeng hindi nila tayo maging asawa, o magulang, kundi baka maging mga aso nila tayo – ang mga aso ay pwedeng maging malapit din sa kanila- at nandito ang magiging problema. Syempre okey lang na bumalik muli at maging kanilang mga ama o asawa. Kung gayon, ang lahat ay malayang bumalik!

Pero ang ating mga hiling ay imposibleng matupad parati. Bakit? Dahil sa Batas ng Karma. Halimbawa, kapag nagtanim tayo ng buto ng orange, aani tayo ng mga orange; kung buto ng mansanas, aani tayo ng mga mansanas. Kung wala tayong ginawang mabuti sa halip ay lumikha tayo ng masasamang gawain sa buhay na ito, matatanggap natin syempre ang masamang paniningil kapag tayo ay ipinanganak muli. Kaya kung ang ating mga katangian, pag-uugali, at paraan ng pamumuhay ay katulad ng sa mga aso, tayo ay hindi karapat-dapat na isilang bilang mga tao muli. Dapat tayong isilang bilang mga aso. Hindi dahil pinaparusahan tayo ng Diyos kundi tayo mismo ang gumawa ng daan at gumawa ng sitwasyon. Gaya ng pag-aani ng mansanas kung nagpalago ka ng puno ng mansanas, ang sanhi ng mga aso ay magdadala ng epekto ng pagiging aso, at ang sanhi ng tao ay magresulta sa epekto ng pagiging tao.

Ano ang sanhi ng pagiging tao? Ang tao ay dapat na magkamit ng mga katangian ng pagbibigay ng kawanggawa, pagsunod sa mga precepts o panuntunan, pagpa-praktis nang masigasig at pagmemeditate. Ang Limang Panuntunan na dapat sundin ng mga tao ay: hindi pagpatay, hindi pagnanakaw, hindi pag-iinom ng alak, hindi pakikiapid, at hindi pagsisinungaling. Ang hindi pagpatay ay nangangahulugan ng hindi pagkain ng karne dahil kahit hindi mismo tayo ang pumatay, pinatay sila ng iba para sa atin; pumatay sila para may makain tayo; pumatay sila dahil sa atin at ito ay hindi-direktang pagpatay at maaapektuhan tayo nito. Kung hindi natin masunod ang Limang Panuntunan, hindi tayo pwedeng isilang bilang mga tao muli.

Kaya, lahat ng mga relihiyosong Kasulatan ay binibigyang-diin na huwag natin masyadong isipin ang mundong ito, huwag tayong kumapit sa mundong ito. Bakit? Dahil kapag inisip natin ang daigdig na ito ay babalik tayong muli sa daigdig na ito. Kapag ang Diyos ang iniisip natin, tayo ay mapupunta sa Langit. Kung iniisip natin ang Buddha, mapupunta tayo sa Lupain ni Buddha. Lahat ng mga relihiyon ay itinuro sa atin ang mga bagay na ito. Pero hindi madaling isipin ang mga Buddha at ang Diyos.

Gusto nyo bang mamatay agad? Ang magpa-initiate ay pag-alam kung paano mamatay. Kaya kung takot ka, huwag ka nang magpa-initiate. Sa inisasyon, ituturo ko sa inyo kung paano mamatay. Wala akong ibang ituturo sa inyo; sinasabi ko lang kung anong mayroon kapag namamatay. Kapag kayo ay na-initiate, ang kondisyon nyo ay katulad ng pagkamatay, pero hindi ito ang tunay na pagkamatay. Ito ay masayang pagkamatay, hindi ang masakit na pagkamatay. Kung takot ka sa

kamatayan, huwag kang magpapa-initiate, na kasing karaniwan ng aking pagsasalita ngayon, walang nakakatakot kundi masaya.

Matapos ng pagkamatay ng isang tao, ang taong walang sapat na biyayang-pabuya ay isisilang muli bilang hayop o malungkot na multo, gutom na multo – ang mga multo na ipinag-sisindi ng mga tao ng kwitis; inaalayan ng mga manok, baka, baboy, prutas, atbp., at ipinag-sisindi ng patpat na “joss” sa “lunar July.” Kung walang tao ang magpapakain sa kanila, sila ay magugutom. Ang mga tao na walang sapat na biyayang-pabuya ay magiging ganyang klase ng gutom na multo o iba pang klase ng multo pagkatapos mamatay.

Ang mga may mabibigat na sagabal na karma ay mahuhulog sa impyerno kapag sila’y namatay. Ano ang mga sagabal na karma? Ibig sabihin nito ay ang mga masasamang gawain, tulad ng mga malulupit na gawain, pagpatay, pakikiapid, panloloko, atbp. Hindi ko kayo tinatakot, pero sinasabi ko lang kung ano ang sinasabi ng Sutra. Mayroon talagang mga impyerno, na nilikha ng mga masasamang karma ng mga ” nakararamdam ” na nilalang.

Kasasabi ko lang na sa pamamagitan ng pagpapalaki ng mga puno ng orange, tayo ay aani ng mga orange. Ang mabuti ay tatanggap ng kabutihan, ang masama ay tatanggap ng kasamaan. Ang mga impyerno ay nalikha dahil nakagawa tayo ng masasamang gawain. Kung may Langit, mayroon ding impyerno. Kung naniniwala ka sa impyerno, dapat kang maniwala sa Langit. Kung naniniwala ka sa multo, dapat kang maniwala sa Buddha. Para sa mga taong walang mga pabuyang biyaya, hindi na ito kailangan pag-usapan masyado, pero umaasa ako na mayroon kayong lahat. Ang mga taga-Formosa ay mukhang mayroong maraming mga pabuyang biyaya. Maraming tao ay mayaman, pero ano ang mangyayari sa kanila kapag sila ay namatay? Walang nagsasalita tungkol sa bagay na ito.

Maraming mga manghuhula ang maaaring magsabi sayo, “Ang kapalaran mo ay maganda. Paglipas ng dalawang taon, ay yayaman ka, magtatapos ka sa pag-aaral, magiging boss ka...” pero walang makapagsabi kung saan ka mapupunta pagkamatay mo. Walang sinoman ang gustong magsalita tungkol dito. Walang nagtuturo sa atin ng bagay na gusto nating mapakinggan. Walang sinoman ang nagtuturo sa bagay na pinaka-gusto nating malaman. Hindi ba? Tinuturo lang nila ang lahat ng mga walang kasaysayang bagay. Halimbawa, tungkol sa panganganak: ang

panganak ay hindi na kelangan ituro. Walang nagturo sa mga hayop kung paano manganak, pero sila ay dumadami. Kung hindi sila kinakain ng mga tao sa napakalaking bilang, nang walang awa, ay mas dadami ang mga anak nila. Hindi ba? Ang mga hayop ay hindi tinuruang manganak pero kaya nila. Kaya hindi na kailangang ituro ang panganak.

Paano naman ang pagtanda? Natural tayong tatanda. Pagkalipas ng ilang dekada, tatanda tayo kahit wala tayong ginagawa. Ang mga pensyon sa pagtanda at mga insurance ay hindi nakakagarantiya ng ating kaligtasan. Ang ilang tao ay nagdedeposito para sa pensyon sa pagtanda pero hindi na sila nabuhay nang matagal para matamasa ito. Hindi ba?

Pagdating sa karamdaman: maraming mga doktor pero hindi pa rin ligtas sa panahon ngayon dahil maraming mga sakit ang hindi kayang gamutin ng doktor gaya ng AIDS, kanser. Hindi ba? Ang mga tao ay napakadaming pera, maraming ospital, at lahat ng klase ng mga gamot, pero ang dami paring mga sakit, at mas malala pa kaysa dati. Maraming mga bagong sakit na noon ay wala. Bakit? Dahil patuloy tayo sa paglikha ng napakadaming mga sagabal na karma.

Ang mga tao na nabubuhay sa Mundo ay mukhang naging mas walang-pakealam sa kalikasan. Nakalimutan natin ang moral, nakalimutan natin ang buhay na naaayon sa Katotohanan, nakalimutan natin ang pamumuhay na sumusunod sa Batas ng Kalikasan. Nakalimutan natin itong lahat. Ginagamit natin ang mga likas na yaman, ng mundo, ng himpapawid nang walang kosiderasyon. Walang pakundangan nating pinuputol ang mga puno nang hindi inalam ang kaangkupan ng heyograpiya ng kapaligiran. Sinisira natin ang maraming mga likas na kapaligiran, kaya hindi na natin ma-enjoy ang umakyat sa mga bundok katulad noon.

Sa maraming mga lugar ay pinuputol nila ang mga puno sa tabi ng mga kalsada, kaya nawawalan ng proteksyon ang mga lupa. Walang ugat para humawak ng mga lupa, walang mga sanga para bakudan ang mundo, kaya madaling naaanod ang mga lupa. At ang mga ito ay isa lang sa mga halimbawa. Pinutol nila mula sa mga puno hanggang sa mga hayop, mga tao, ang buong syudad, hanggang sa buong bansa. Ang Hiroshima City sa Japan ay halos napatag sa alikabok dahil sa World War II.

Na para bang hindi pa tayo kontento sa pagputol ng mga puno, pagkatapos pinapatay rin natin ang mga hayop. Kaya ang ating moralidad ay labis na bumaba. Dahil nilikha natin ang atmospera na ito, ang iba't ibang uri ng mga sanhi, binago natin ang Mundo sa isang napakapangit na lugar, kahit na napakaganda nito noong una, dahil kung tayo talaga ang pinakamarangal na nilalang, dapat ang Mundong tinitirhan natin ang pinakamaganda. Hindi ba? Pero dahil hindi natin kinikilala ang ating sariling posisyon, ay hinihila natin pababa ang ating sarili. Kaawa-awa.

Siguro ay magdadahilan tayo na, “Ipinanganak tayo para mamatay, kaya anong problema sa pagpatay ng konti? Kahit na hindi natin patayin ang mga hayop, sila ay mamamatay din pagdating ng panahon o dahil sa sakuna o mga sakit.” O pwede nating isipin, “Kung hindi natin papatayin ang taong iyon, mamamatay din sya sa sakit o pagtanda. Kaya anong problema sa pagpatay ng konting mga tao?” Syempre malaking pagkakamali ito, dahil ang takdang oras ay hindi pa dumating at pinwersa natin syang mamatay. Para itong ganito: makakain lang natin ang mga prutas o gulay kung sila ay hinog o pwede nang kainin: o kung hindi, baka magkasakit tayo, sasakit ang tyan natin, o ang ulo, atbp. Kaya kapag pumatay tayo, pinilit natin ang kaluluwa na lumabas sa katawan kahit na hindi pa nya gusto at hindi pa sya handa dahil hindi pa nya oras. Kapag pinwersa natin sya, lumilikha tayo ng mga sagabal na karma.

Ngayon may ikukwento ako sa inyo. Noong nabubuhay pa si Shakyamuni, may isang hari ang ipinakulong ng kanyang anak. Hindi ba't dapat ang isang anak ay maging masunurin sa mga magulang, pero hindi siya. Ikinulong nya ang sarili nyang ama, at maging ang ina niya, na bumibisita sa hari nang may dalang mga pagkain. Ang prinsipeng na syang naging hari ay galit na galit at ikinulong din ang kanyang ina. Kung nagbabasa kayo ng mga kwento ng Budismo, malalaman mo na pareho silang ikinulong.

Kahapon ay sinabi ko ang tungkol sa Guan Wu Shou Sutra. Ito ay Budistang Sutra tungkol sa buhay ng reynang iyon. Noong ang reyna ay labis na nagdurusa sa pagkakulong, sya ay nagdasal kay Buddha, na kanyang Master, na puntahan sya para tulungan. At ang transedental na mga katawan nina Shakyamuni at Ananda Maudgalaputra ay nagpunta sa kulungan para turuan sya at pasayahin sya. Pagkatapos ay tinanong nya si Buddha, “May mundo bang mas mabuti at mas busilak, mundong may mas konting pagdurusa kaysa sa dito?” At sa oras na iyon ay ipinakita ni

Shakyamuni sa kanya ang maraming mga daigdig at pinaka-nagustuhan niya ang Kanlurang Paraiso. At dahil dito ay nagkaroon tayo ng Guan Wu Liang Shou Sutra.

Ang paniningil sa reyna na ito ay dahil sa nakaraang sanhi. Ang nagdurusang reyna ay nagtanong kay Buddha, “Wala naman kaming ginawang masama, bakit ito nangyari sa amin? Bakit kami tinrato ng masama ng prinsipeng? Nagmamakaawa ako na sabihin Nyo sa amin ang dahilan.”

Sinabi ng Buddha sa kanya, “Naalala mo ba noong nakaraang mga dekada, nang wala pa kayong anak, pareho kayong nanalangin na magkaanak? Dahil napakataimtim nang inyong panalangin, isang araw ay nanaginip ka na sinabi sayo ng isang anghel, ‘May isang lalaki na praktisyoner sa Himalayas, sa hinaharap sya’y iyong magiging anak, ang prinsipeng. Sa sumunod na araw ay gumising ka para hanapin ang lalaking iyon, at itinanong mo kung gusto nyang maging iyong anak. Ang lalaking iyon na isang ispiritwal na praktisyoner, ay alam na agad ang iyong pakay, habang sya ay pumapasok sa samadhi, ay tumugon sya sayo, ‘Oo, gusto ko. Pero may tatlong taon pa ako para mabuhay. Maaari bang maghintay ang Inyong Kamahalan ng tatlong taon pa para ako ay makapag-praktis pa ng mas mahaba? Pagkatapos niyon, ang buhay ko ay matatapos, at ako’y isisilang bilang iyong anak.’”

Pero ang hari ay hindi na makapaghintay at sinabi, ‘Napakatanda na namin. Pagkalipas ng tatlong taon, posibleng mamatay na kami. Hindi na ligtas na maghintay. Kailangang maging anak ka na namin agad.’

Sumagot ang praktisyoner, ‘Huwag mo akong pilitin. Hindi ko pa kaorasan; hindi pa dumating ang oras ng aking kamatayan.’

Ang hindi makahintay na hari ay binantaan sya, gamit ang espada na itinutok nya sa kanya, ‘Ngayon na. Maging anak ka na namin. Hindi na ako makahintay.’

Dahil hindi pa sya disipulo, ang hari ay walang pasensya. Hindi sya nagkakawanggawa, hindi sya sumusunod sa panuntunan, hindi sya matiisin. Hindi pa nya natagpuan ang mga pangaral ko noon. Kaya pinilit nya ang disipulo o praktisyoner na mamatay, hanggang sa sinabi ng disipulo, ‘Habang ako’y buhay pa, ginamit mo ang kapangyarihan mo para pilitin akong mamatay. Sa hinaharap,

kapag ako’y naging anak mo, hindi ko kayo igagalang bilang ama, papatayin kita, at aagawin ko ang trono sa iyo!’ Pagkasabi nito ay ininom nya ang lason para patayin ang sarili.

“Pagkatapos nyang mamatay, agad na nabuntis ang ina, at ipinanganak ang prinsipe. Pinahulaan ng hari sa manghuhula ang kapalaran ng sanggol, na nagsabi ng katulad ng mga huling sinabi ng nagpakamatay na praktisyoner. Sinabi ng manghuhula, ‘kapag laki nya, iistorbohin nya ang kapayapaan ng palasyo. Papatayin nya ang hari at pagkatapos ay ituturing ang reyna ng masama...’

“Pagkadinig dito, takot na takot ka kaya itinapon mo ang prinsipe mula sa ikatlong palapag, para patayin ang sanggol dahil ayaw mo na syang palakihin, sa takot sa hinaharap na kamalasan. Pero hindi namatay ang prinsipe, nabalian lang ng daliri. Nang pinulot mo sya, umiiyak sya ng malakas.

Mabilis na lumaki ang prinsipe at naging napaka gwapo at matalino, kaya labis na minahal ng reyna at hari ang bata, iniisip na, ‘Hindi na bale. Palalakihin natin sya.’ Kaya hindi nyo inasahan na kapag sya ay lumaki, na gagawa sya ng karumal-dumal na mga krimen.”

Naalala ang lahat ng ito ng reyna. At nagsisi sya nang labis at hindi na sya galit sa kanyang anak. Pagdaka, nagsisi din ang anak niya at sumunod sya kay Buddha, at nagpraktis nang may buong debosyon, at naging napakabuting tao.

Kinuwento ko ito dahil gusto kong maunawaan nyo na imposibleng makatakas sa Batas ng Karma – *Kung anong iyong itinanim, sya mong aanahin*. Kapag tayo’y pumatay, pinupwersa natin ang kaluluwa na lumabas sa kanilang mga katawan, kaya kailangan nating harapin ang idudulot nitong karma. Ang mga pinatay natin ay babalik para patayin tayo o pipilitin tayong mamatay, gaya ng ginawa natin sa kanila. Maaari tayong ipanganak muli bilang mga hayop at mapatay, hindi tiyak na mapatay bilang mga tao, at pwedeng hindi sa buhay na ito. Maaaring pagbayaran ang karmang ito sa sunod na buhay.

Kaya lahat ng relihiyon, lahat ng sekta ay binigyang diin ang “hindi-pagpatay,” at kabilang dito ang hindi pagpatay ng mga hayop, dahil sila ay may mga kaluluwa. Mahal din nila ang buhay at takot silang mamatay, hindi katulad ng mga gulay at mga puno at bato, na kadalasan ay walang kamalayan ng pagnanais na mabuhay at pagkatakot sa kamatayan. Kaya ang sagabal na karma sa

pagkain ng gulay ay napakakonti, na pwedeng linisin-hanggang walang matira-kung araw-araw tayong magpapraktis ng Quan Yin Method sa loob ng dalawa at kalahating oras. Pero ang mga hayop ay may kamalayan at takot sa kamatayan katulad ng mga tao, kaya nakalilikha tayo ng sagabal na karma kapag pinatay natin sila.

Kaya ngayon, balik tayo sa sitwasyon ng mga tao. Bakit ang mga tao ay labis na nagdurusa kapag namamatay kahit na hindi sila pinilit na patayin, o hindi sila pinatay ng iba? Ito ay dahil hindi pa sila handa, ang “pintuan” ay hindi pa bukas. Halimbawa, sabihin natin na ang pintuan dito ay sarado, dahil hindi ito nabuksan sa napakatagal na panahon, dahil dito tiyak na hindi na ito magagamit. Kahit na pilitin natin itong buksan, hindi natin ito mabubuksan. At kapag biglang may kumalat na apoy, takot na takot nating gustong buksan ang pintuan pero hindi talaga natin makaya. Kaya sinubukan natin ihampas ang katawan natin sa pinto pero dahil dito baka tayo’y masunog, masaktan, at makaramdam ng sakit. Kung ang pintuan ay nabubuksan araw-araw, magiging swabe at madaling maitutulak pabukas ang pinto ng walang anumang problema.

Gayundin, ang ating katawan ay maraming mga “pintuan,” bagaman hindi lahat ito ay mabuti. Halimbawa, kung nakatira tayo sa ikatlong palapag, hindi tayo makakalabas sa pamamagitan ng pagtalon sa bintana dahil tayo ay masasaktan. Mayroon tayong hagdan pababa. Pero marahil ay hindi natin alam na mayroon tayo nito, o nakalimutan natin kung nasaan ito dahil tayo ay kabado, maaari nating masalubong ang apoy at masunog. Kaya dapat tayong magpapraktis. Katulad habang hindi pa sumisiklab ang giyera, pinagpapraktis tayo ng gobyerno kung paano magtago, tumakas, at protektahan ang sarili na parang may nagaganap na tunay na giyera.

Nang ako ay nasa Au Lac, ang gobyerno ay mayroon ding sistema ng alarm, isang beses kada linggo, o kada-buwan. Kapag nadinig namin ang sirena, “wooo,” magtatakbuhan kami para magtago sa ligtas na lugar at lalabas kami pagkatapos ng lima o sampung minuto kapag nadinig namin ang senyales na “okey na ang lahat”. Alam namin syempre na walang nangyari pero kailangan namin magpapraktis sa ganitong paraan.

Pero karamihan sa mga namatay na tao ay hindi nagpapraktis bago ang giyera. Alam natin na lahat tayo ay mamamatay pero walang nakakaisip na dapat tayong maghanda para dito ngayon. Ang mga ordinaryong tao ay iniisip lang kung, “ano ang kakainin ko ngayong umaga, at sa hapon, sa

gabi?” At pagkatapos ng alas diyes ng gabi, lalabas pa sila para magmerienda. Pansinin nyo lang ng konti at mapupuna nyo ito. May mga ilang daan mga tagapakinig lang, pinakamadami na ito, ang dumadalo sa aking lektyur, pero sa labas, andaming mga kumakain. Ang mga kumakain ay higit na mas madami kaysa sa mga nakikinig sa ispiritwal na lektyur. Ito ay dahil ayaw nilang magpraktis para sa kamatayan, nakalimutan lang nila. Kahit na alam nila na hindi magtatagal, sila’y mamamatay din, akala nila ay may isang daang taon pa sila.

Pero may isang daang taon nga ba? Mahirap masabi. Baka bukas ay mamatay na tayo. Maraming mga tao ay namamatay nang bata pa. Kaya dapat tayong maging matalino, maghanda para sa kamatayan habang tayo ay buhay pa.

Hindi ba’t naghahanda kang mabuti para sa panganganak ? Nagtatahi ka o bibili ng magagandang damit, habang naghihintay sa pagsilang ng sanggol. Bukod pa rito, aalamin mo agad kung babae o lalaki ang sanggol para makapaghanda ka ng tama. Masyado tayong nababahala sa pagsilang na hindi nangyari ng maayos. Pero bakit hindi sa kamatayan, na syang pinakamahalagang bagay? Kapag tayo ay nanganak, maraming tao ang mag-aalaga sa atin, mag-aasikaso, magbabantay sa atin. Pero kapag tayo ay namatay, walang sinoman ang makakasama sa atin, bagaman ito ang sandali na tayo ay pinakamalungkot, pinaka-nagdurusa. Kaya bakit hindi natin simulan ngayon? Matalino ba na hindi ito paghandaan?

Ngayon ay alam natin na magdurusa tayo sa kamatayan dahil hindi tayo handa para dito. Para maging handa, kailangan muna nating hanapin ang taong makapag-bubukas ng pintuan para sa atin. At araw-araw, dapat nating buksan at sarhan ang pintuan para madaling mabubuksan ang pintuan sa oras na kailangan na nating umalis. Kung hindi, napakahirap na lumabas dahil marami tayong pintuan na hindi syang labasan. Halimbawa, ang bintana dito ay mukhang may espasyo, pero kapag lumabas tayo mula sa bintana, masasaktan ang ating ulo. Kailangan nating gamitin ang “main door.” Pero hindi pa rin tayo makakaalis kung ang “main door” ay hindi pa bukas.

Sa ating katawan, ang mga mata ang pintuan. Ang tainga, ilong ay mga pintuan din. Ang ating mga katawan ay may siyam na butas at silang lahat ay pintuan para labasan na maaaring magdala sa atin sa mga hindi matataas na lupain, na hindi natin kayang makita ng ating pisikal na mga mata, at hindi mabubuksan gamit ang karaniwang susi. Tanging ang mga dakilang praktisyoner lang ang

kayang magbukas nito. Kung hindi natin ito kayang buksan, kailangan nating makiusap sa taong nakaabot na sa mataas na antas, na nakapagbukas na ng pintuan, at na may alam kung paano buksan ito, at na tuturuan at tutulungan tayo. Para sa kanila ay napakadaling buksan ang pintuan.

Ang lahat ay naghahanda sa panganganak, para sa pagtanda at para sa pagkakasakit. Hindi ba't habang tayo ay nagtatrabaho, sinusubukan nating mag-ipon ng pera dahil hindi natin sigurado ang hinaharap, maaaring magkasakit tayo at mapatigil sa pagtatrabaho? Mas higit na kailangan nating mag-ipon ng mga meritos para magamit kapag tayo ay namatay. Ang mga meritos ay hindi nakukuha sa pagbibigay sa charity, kahit na ito ay makatutulong dahil kapag tayo ay nagbibigay, ang ating isipan ay lumalawak. Sa halip na isipin ang sarili lang natin buong araw ay iniisip din natin ang iba, at kung mayroon tayong silid para sa iba, ang ating isipan ay mas magiging bukas. Kaya sa oras ng digmaan, ang isipan ng mga tao ay mas bukas. Isipin natin ang kaligtasan ng bansa sa halip ng ating sariling mga pamilya. Pinalalawak natin ang ating isipan. Halimbawa, kapag itinuon natin ang ating mga mata sa ating ilong lang, ang ilong lang ang makikita natin. Pero kung itinuon natin ang ating atensyon sa magagandang babae, makakalimutan natin ang ating ilong. Sa oras na iyon, hindi ba't ang espasyo ng ating mga isipan ay umaabot sa magagandang babae?

Gayundin, nagbibigay tayo ng mga bagay sa charity, ang ating isipan ay mas lumalawak, nakakalimutan natin ang ating ego, ang espasyo natin ay mas lumalawak. At kapag ang ating espasyo ay naging mas malawak, mas relaks tayo at hindi balisa. Kaya ang mga tao na nagbibigay sa charity ay mas relaks. Mas mukha silang malaya at mas masaya dahil ang kanilang isip ay mas malawak at mas bukas, tulad ng matang tumitingin sa malalayong lugar. Kung nakatira tayo sa masikip na kwarto, hindi tayo makakilos ng ayos. Hindi ba? Para tayong binilanggo. Kapag ang bahay ay malaki, ramdam natin na mas presko. Hindi ba? Ang ilang mga tao, matapos manirahan sa syudad sa mahabang panahon, ay nakadarama ng pagkapagod, kaya nagbabakasyon sila sa bukid, o sa bundok, dahil gusto nila ng espasyo. Gayundin sa pagbibigay ng charity. Lumilikha ito ng hindi-nakikitang espasyo (invisible space) at ng mabuting atmospera para tayo ay makahinga. Nakatutulong ito sa ating ispirito.

Kaya lahat ng relihiyon ay tinuturuan tayo na mahal in ang iba katulad ng pagmamahal natin sa ating mga sarili, dahil ang kawanggawa ay mabuti para sa atin. Pero ang pagbibigay lamang ay

walang kinalaman sa pagbubukas ng pintuan ng ating karunungan. Kahit na magbigay ka ng abuloy, kawanggawa araw-araw, matapos ng milyon-milyong taon, hindi mo pa rin mabubuksan ang pinto ng karunungan, na dapat mabuksan ng propesyonal, na katulad ng doktor na espesyalista sa pag-oopera; ng arkitekto na espesyalista sa paggawa ng mga bahay; o ng guro na espesyalista sa pagtuturo ng Ingles. Ang naliwanagang tao ay espesyalista sa pagbubukas ng pintuan ng karunungan para sa iba dahil lubos na nyang nabuksan ang sa kanya.

Kung hindi pa natin nabubuksan ang hindi nakikitang pintuan na ito, ang ating mga kaluluwa ay maliligaw. Kapag namatay tayo sa kondisyon na hindi natin napraktis kung paano “mamatay,” ang lahat ng mga pintuan sa ating mga katawan ay nakasarado sa oras na gustong lumabas na ng kaluluwa. Kaya sila ay magpapauli-uli. Kaya ramdam natin ang matinding sakit. Kung ang mga pintuan ay handa, ang ating mga kaluluwa (na tinatawag na kamalayan, o Master) ay makakalabas agad.

Kung ang nabuksan na pintuan ay mabuti, ang kaluluwa ay mas magiging Masaya pagkalabas. Kung ang masasamang pintuan ang nabuksan, ang mga kaluluwa ay agad makararanas ng paghihirap. Basta-basta sila hahanap ng sinapupunan at papasok doon, at pwedeng maging tao muli, na hindi ganon kasama. Pero kung sinapupunan ng hayop ang napasukan nya, nandon ang problema. Nangyayari ang mga bagay na ito. Minsan may ganitong mga balita sa dyaryo at TV: ang isang hayop ay umiiyak, o isang hayop na mukhang tao, o isang tao na mukhang hayop, atbp. Ito ay dahil ang mga kaluluwa ay lumabas nang naguguluhan at hindi alam ang daan.

Sa oras ng inisasyon, ituturo ng Master sa inyo kung aling daan ang dapat mong piliin, katulad ng pag-eensayo para sa “air attack”. Kahit na ang pag-eensayo ay hindi tunay, kapag ang aktwal na kondisyon ay nangyari ay magagawa mo nang maayos at madali. Gayundin sa kaso ng mga sundalo. Sa Formosa, ang mga batang lalaki, pagdating ng takdang edad ay kailangang suma-ilalim sa serbisyong militar. Hindi ba? Kahit pagkatapos ng serbisyo, ay hinihikayat silang muling pag-aralan ang mga pagsasanay paminsan-minsan. Gayundin sa ating praktis. Sa inisasyon, ay tuturuan ko kayo kung paano mamatay; walang espesyal dito, tuturuan ko lang kayo kung paano mamatay. Pero pagkatapos, kailangan nyong magpraktis araw-araw. Kung hindi, baka makalimutan nyo.

Bakit ganon? Dahil masyado kayong naging pamilyar sa mundong ito, kaya ang atensyon nyo ay napupunta sa inyong mga asawa, sa trabaho, sa inyong boss. Halimbawa, gusto nyong umidlip, pero agad silang dadating para istorbohin kayo, ang iyong asawa ay dadating para istorbohin ka. Hindi ba? Kaya araw-araw, kailangan nating magreserba ng dalawa't kalahating oras para magpraktis na mamatay.

Parang sa serbisyo militar. Alam ng lahat na kailangang magpraktis ng mga sundalo sa ordinaryong oras para kapag sumiklab ang giyera, madali nilang malalabanan ang mga kalaban. Pero walang sinoman ang nakaisip na kailangan nating ihanda ang sarili natin kung paano mamatay, na hindi naman mysteryoso, walang hindi-makatwiran dito, ito ay napakasimple at napaka-natural na bagay katulad ng pagkain at pagtulog. Dahil walang nagpapa-alala sa atin, walang gumagamit ng simpleng lohika para ipaliwanag sa atin ang katotohanan, inaakala natin na ito ay mysteryoso at komplikadong bagay na tanging si Shakyamuni lang ang makagagawa, habang tayong mga pangkaraniwang tao ay hindi.

Pero ano ba talaga ang pinagkaiba ni Shakyamuni sa atin? May ilong sya, may mata, tainga, at mayroon din tayo. May mas marami pa nga syang sagabal na karma kaysa sa atin. Walang sinoman nangahas na magsabi nito sa inyo. Pero ngayon, sinasabi ko ang tungkol sa Kanyang mga sagabal na karma.

Sya ay ipinanganak na prinsipe, at ang lahat ay nag-papaligsahan na mayakap Sya; mayroon syang sampu-sampu, o daan-daang mga nars-na katulong na nag-dadali-daling alagaan Sya anumang oras na Sya'y umiyak. Marami syang pagkakautang. Sa loob ng halos tatlung taon, wala syang mabuting nagawa sa iba kundi ang sayangin ang Kanyang oras sa mga makamundong kasiyahan gaya ng madalas na pangangaso. Kahit ang mga lugar na Kanyang tinirhan ay inaayon sa panahon – may palasyo para sa tagsibol, palasyo para sa tag-araw, at para sa taglamig... Paano ang mga ito nakakatulong sa iba?

Hindi nya isinasabuhay alinman sa pagkakawanggawa, panuntunan, pagpapasensya, pagiging-masipag, meditasyon at karunungan – gaya ng anim na paraan ng perpekasyon na dapat gawin ng isang tao. Hindi sya nagbibigay kundi kumukuha lang. Pinalaki sya mula sa ari-arian ng bansa. Araw-araw maraming mga tao ang nag-aasikaso sa Kanya, at ang Kanyang mga magulang ay

palaging nakapaligid sa Kanya para ibigay anumang gustuhin Nya. Ang kanyang maraming mga asawa ay sumusunod sa kanya, at agad Syang pinagsisilbihan sa anumang kanyang mga utos. Ang buong bansa ay pinaglilikiran lamang Sya. Dahil dito, nagkautang Sya sa maraming tao, hindi ba?

Narinig natin na kapag ang isang tao ay hindi nagkakawanggawa o hindi nagtatrabaho, ang kanyang mga sagabal na karma ay magiging napakabigat. Hindi bat ganon? Kailangan nating maging mabubuting tao, mabubuting asawa. Kailangan nating tulungan ang lipunan dahil kailangan nating bayadan ang apat na uri ng tagapagpala. Pero si Shakyamuni ay hindi nagbayad kahit katiting. Hanggang sa edad na trenta ay nagpakasaya lang sya sa daigdig. Hindi ba't dahil dito ang kanyang karma ay napakalalim at napakabigat? Pero kahit na ang ganyang klase ng tao ay kayang maging Buddha, eh kayo pa kaya? Na napakabuti, na naging masunuring anak mula pagkabata; na maraming naitulong sa lipunan; na may awa, may mapagmahal n kabaitan; na mapagkawanggawa, sumusunod sa panuntunan, at may tiyaga!

Tiyak na pwede kayong maging Buddha. Natitiyak ko ito sa inyo. Huwag nyong maliitin ang mga sarili nyo. Ang problema ay nasa sa atin- hindi natin nirerespeto ang mga sarili natin. Maaaring tayo ay arogante sa ating kapwa, pero hindi ibig sabihin nito na nirerespeto natin ang sarili natin. Ang pagrespeto sa sarili at pagiging arogante ay magkaiba.

Ano ang pagiging arogante? Ibig sabihin nito na tinitingnan mo ang ibang tao nang may mga matang hindi lubos na bukas. Ang tingin mo sa mga babae ay hindi mabuti; ang mga mabababa ang pinag-aralan ay hindi mabuti; ang mga tauhan mo ay masama, ang iyong boss ay masama dahil sya ay mas matalino kaysa sa kanila; hindi sya pwedeng maging boss dahil lang sa wala syang kapital. Ito ay kaarogantehan- ang hindi pagrespeto kanino man maski sa sarili. Dahil hindi nya nirerespeto ang sarili nya kaya hindi nya nirerespeto ang iba. Ang ganitong klase ng kaarogantehan ay parang isang uri ng karamdaman at hindi tunay na pagrespeto sa sarili.

Ang tunay na may respeto sa sarili ay may respeto din sa iba; alam niya ang halaga ng sarili niya at ng iba. Ang mga ganitong tao ay mabubuti, may tiwala sa sarili, pero hindi arogante. Ang mga aroganteng tao ay hindi naaabot ang pagka-Buddha dahil wala silang pagpapahalaga sa iba; tanging ang mga may tiwala sa sarili lang ang may kakayanan nito. Dapat nating malaman ang pinagkaiba ng dalawang klase ng tao at maging ang pangalawang uri – may tiwala sa sarili,

naniniwala na ang lahat ay pwedeng maging Buddha. Mapupunta ako sa impyerno kapag ang sinasabi ko ay kasinungalian.

Walang sinoman ang hindi kayang maging Buddha, pero marami ang hindi kayang maging Buddha. Bakit ko ito nasabi? Dahil sa kawalan ng tiwala sa sarili; sa kawalan ng paggabay ng isang naliwanagang Master, ng tao na manghihikayat sa atin na magpraktis, na magsasabi sa atin kung sino tayo, kung ano ang ating halaga, at kung anong kaya nating maging.

O siguro may mga nagsabi sa atin nito, pero hindi natin siya maintindihan o mapaniwalaan dahil masyado tayong naimpluwensyahan ng sosyedad. Maaaring tayo ay napagalitan ng ating mga magulang simula ng ating kabataan, sinasabihan tayo na, “Magiging pulubi ka paglaki mo. Sa mukha mo ay makikita na siguradong wala kang mararating,” at kung maniwala tayo doon, paglaki natin ay mawawalan tayo ng tiwala sa sarili. At pagkatapos, tayo ay maaapektuhan ng sosyedad. Maaari tayong sabihan ng ating mga kaibigan at mga boss na, “Wala kang silbi. Wala kang kwenta dahil, dahil...,” at pinaniwalaan natin. Gayundin ang mga guro, “Kayong mga bobong estudyante ay hindi nyo pa rin ako maintindihan kahit ilang beses ko nang itinuro sa inyo. Napakabobo nyo, hindi kayo makapagsalita ng Ingles!” Pero hindi talaga ito kabobohan dahil ang hindi matuto ng makamundong bagay ay hindi kabobohan.

Para sabihin ko nang prangkahan, walang bagay sa mundo na karapatdapat na pag-aralan. Nag-aral tayo mula elementarya, sekondarya, at sa mga unibersidad, pero anong napala natin? Sa loob ng labing-siyam na taon, gaano karami lang ang kaya nating magamit? Maaaring nakalimutan na natin ang lahat ng iyon. Nag-aaral ng English sa napakaraming taon pero hindi pa rin tayo makapagsalita ng English, at gayundin sa pag-aaral ng French. Ang pag-aaral ng matematika ay hindi nakatulong sa ating magkalkula. Sa panahon ngayon, ang paggamit ng calculator ay mas mabilis. Marami tayong natutunan pero napakaliit ng ating napala. Nag-aral tayo ng Ingles pero hindi tayo marunong mag-translate (o magsalin sa ibang wika). Tiyak akong karamihan sa mga nakapagtapos sa unibersidad na nandito ngayon ay hindi kayang sagutin ang simpleng tanong gaya ng “Ano ang matematika sa Chinese?” (*Tumawa si Master*) Bakit? Dahil ang makamundong mga bagay ay wala masyadong silbi para sa atin.

Ang mundo ay hindi permanente. Kahit na mag-aral tayo ng sobra, wala itong maitutulong masyado. Ang mga dakilang siyentipiko ay kinailangang mamatay, ang mga pinakasikat na henyo ay kinailangan ding lisanin ang mundong ito, nang walang anumang bitbit sa kabilang buhay. Kaya, ang sinoman na hindi magaling sa pag-aaral ng mga makamundong mga bagay ay hindi bobo, o ang sinoman na hindi nakapagtapos sa paaralan. Ang pinaka, at tunay na bobo ay ang mga tao na hindi natutunan kung paano mamatay. Karamihan sa mga tao ay hindi naisip ito sa kabila ng sapat na kaalaman sa pagsilang, pagtanda at pagkakasakit. Bakit hindi nila napag-aralan ang tungkol sa “kamatayan”? Ang mga taong ito ay tunay na bobong mga tao. Dahil ang pagkamatay ay labis na napakasakit na bagay.

Kaya kita natin na ang mga taong namamatay ay masyadong nagdurusa, at sobrang nahihirapan. Hindi ba? Sa oras na iyon, parang kawalan-ng-awa na ang Budistang guro kung kanino tayo ay napaka-deboto ay nakatayo lang dyan at bumibigkas ng mga ngalan ng Buddha; na ang ating mga magulang ay nakatayo doon at bumibigkas din para sa atin; na ang ating mga guro ay nagsasalita ng Ingles sa atin; na ang diploma ng ating doktoral ay nakasabit lang doon para ating makita. Ang mga asawa at mga anak ay hindi alam kung paano tayo matutulungan. Kaya dapat nating hanapin ang Siyang makakatulong sa atin kapag tayo ay mamamatay.

Ngayon ay may isang lalaki na dumating at tinanong ako, “Kapag ang mga tao ay namamatay, karamihan sa kanila ay ayaw pang lumisan, umiiyak para sa kanilang mga asawa, nababahala sa mga makamundong pag-aalala. Sa ganito, paano nya mabibitawan ang buhay dito sa Mundo?” Ito ay tunay na seryosong problema. Tayo ay nagdurusa dahil tayo ay masyadong madikit sa mundong ito, at isa pa, ay dahil hindi natin naihanda ang ating mga sarili. Kaya, ang maghanap ng isang buhay, na tunay na Master ay napakahalaga, na siyang tinatawag na Buddha. Ayokong gamitin ang salitang “Buddha” dahil sa twing binabanggit ko ito ay idinudugtong nyo agad kay Shakyamuni ng Budismo. Kaya ang ginagamit ko ay ang salitang “naliwanagang Master” o “tunay na Master,” na tumutukoy sa isang tao na nakamit na ang antas ng Buddha; ang antas na lampas sa sirkulo ng transmigrasyon; na nangangahulugan na sya ay nakaka-akyat-baba sa sirkulo ng buhay at kamatayan nang malaya at kasingdali ng ating paglabas-pasok sa pintuan. Dahil dito ay kaya nya tayong hilahin pataas, kung natanggap natin ang kanyang inisasyon para maging kanyang mga disipulo habang tayo ay nabubuhay.

Ano ang inisasyon? Ibig sabihin nito na ang tunay na Master ay inilalagay tayo sa kanyang mga kamay, sa ilalim ng kanyang proteksyon, at kapag tayo ay namatay ang kanyang transedental na mga katawan- na napakaganda, napakaliwanag, na may tinatawag na tatlumput-dalawang uri ng mabubuting katangian – kasama ang iba pang mga Buddha at Boddhisattva ay dadating para tanggapin tayo. Kapag nakita natin ang paglitaw ng Master at ng Kanlurang Busilak na Lupain ay makakalimutan natin ang ating mga asawa, dahil kung ikukumpara, malalaman natin na napakapangit nila at maiisip natin, “Iwanan mo na ako. Gusto ko nang sumama sa mga Buddha at Boddhisattva ngayon.”

Pero ang totoo ay ni hindi natin kailangan mag-isip. Dadalhin ka agad ng Master pataas, at wala ka nang oras para isipin ang iyong mga asawa at ang mundong ito. Hindi mo maririnig ang kanilang pag-iyak sa halip ay maririnig mo lang ay ang mga salita ng Master at ang makalangit na melodya. Gaano ito nakamamangha! Hindi mo makikita ang mga nagluluksa mong mga asawa o kamag-anak, sa halip ay makikita mo ang labis na maliwanag, kagalang-galang, at makapangyarihang Master, at ang kamangha-manghang Kanlurang Paraiso o ang iba pang mabubuting kaharian, depende sa antas na iyong nakamit sa praktis kapag ikaw ay namatay. Halimbawa, ang mga disipulo ko ay may iba’t ibang antas sa praktis. Ang mga nakarating sa Unang Antas ay makikita ang Unang Daigdig kapag sila ay namatay, na labis na napakaganda kaysa sa daigdig na ito, na ang mga nilalang ay mas magaganda kaysa sa atin sa mundong ito. Sa oras na iyon ay makikita natin na ang ating mga asawa ay walang-sinabi – napakapangit nila kung ikukumpara- at hindi na tayo aali-aligid sa kanila. Kung hindi, hindi natin kayang bitawan ang daigdig na ito dahil labis tayong natali nang maigting, buhay kada buhay, at syempre kabilang ang buhay na ito!

Naging napaka-pamilyar natin sa daigdig na ito at hindi natin alam ang ibang mga daigdig. Kung walang mas magandang kaharian na magpapakita para akitin tayo o kung walang banal na mga Buddha at Boddhisattva na dadating para gabayan tayo, hindi tayo makakatakas mula sa daigdig na ito. Kaya ang isang naliwanagang Master ay napakahalaga, na syang dadating para sunduin tayo kapag tayo ay namatay, na magpapalaya sa ating mga kaluluwa sa pamamagitan ng pagkuha sa ating atensyon, at hindi hayaang matali sa daigdig na ito. Ang pagkuha ng inisasyon ay ang pag-aaral “mamatay,” at walang iba. Gayunpaman, kahit na ito ay pag-aaral na mamatay, kailangan nating malaman ang mas mabuting kondisyon para kapag tayo ay namatay ay malaya tayong

pumili kung aling kaharian ang gusto nating puntahan pagkatapos nating mamatay, hindi tulad ng ibang mga tao na sunod-sunuran lang at walang-magawa.

Kapag ang karamihan, ang mga taong may ilang kabutihan habang sila ay nabubuhay, ay nilisan ang daigdig na ito, makikita rin nila ang Liwanag at maririnig nila ang Musika, pero tanging ang napaka-babang antas. Halimbawa, maaaring marating nila ang antas ng Unang Daigdig, ng daigdig ng Asura, kung saan may mga Langit at impyerno. Hindi lahat ng lugar sa Asura ay masama, pwede rin tayong makakita ng Liwanag doon.

Sa Amerika, ay may baguhang propeta, na ang propesyon ay isang doktor. Sa hospital kung saan sya ay nagtatrabaho ay kanyang inirekord ang mga sinabi ng mga pasyente na namatay at muling nabuhay, at kanyang nadiskubre na ang lahat ng mga karanasan na kanilang nabanggit ay parepareho. Lahat sila ay nakakita ng Liwanag, o ng isang lalaki ng Liwanag na sumusundo sa kanila, atbp. Bagaman hindi mga nagpapraktis-ng-Katotohanan ang mga taong ito, pero dahil sila ay may ilang mga basbas na pabuya – dahil sa pagiging mabuting tao habang sila ay nabubuhay – kaya nakapunta sila sa Langit matapos nilang mamatay at sinalubong sila ng mga “tao ng Liwanag” na mga Anghel ng Liwanag, kaya nasabi ng mga tao na nakita nila ang Liwanag. Ang iba ay umiiyak nang ilang linggo matapos nilang bumalik mula sa napakagandang lugar. Dahil labis na napakaganda nito kaya ayaw nilang bumalik sa mundong ito. Sa halip ang mga tao doon ay pinabalik sya at sinabi, “Hindi mo pa natatapos ang iyong relasyon sa daigdig na iyon. Hindi pa natatapos ang mga karmang-bunga ng buhay na ito.” Kaya matapos na bumalik ng mga taong ito, iyak sila nang iyak nang ilang linggo, at hindi nila masabi ang tungkol dito hanggang sa tanungin sila ng ibang tao.

Karamihan sa mga tao, na nakarating sa matataas na kaharian sa pagitan ng kanilang kamatayan at muling pagkabuhay, ay ayaw sabihin sa mga tao ang kanilang mga karanasan ; dahil kahit na sabihin nila, walang maniniwala sa kanila. Nangyayari ito lalo na sa bandang Kanluran, tulad ng Amerika, kung saan ang mga tao ay mas pinagkakatiwalaan ang siyensya kaysa sa mga pagkamatay na mga pangyayari. Karamihan sa mga tao na bumalik mula sa kanilang pagkamatay ay napakalungkot, at iyak nang iyak sila nang napakatagal dahil hindi sila makapanirahan sa mga magagandang lupain na kanilang nakita, dahil kailangan pa nilang ituloy ang buhay nila dito. Syempre, sobrang hirap tiisin nito,

Palagi kong gustong makita ang mga taong masasaya; samantala, mayroon akong disipulo na isang araw ay iyak nang iyak nang ako ay makita. Nang tanungin ko kung bakit, sumagot sya, “Dinala ako ng panloob na Master sa mas mataas na daigdig, at pagkabalik ko sa mundong ito, labis akong nayamot na hindi ko na kayang mabuhay pa nang matagal!” Pero kailangan pa rin nating magpatuloy sa buhay, sa halip na tumakas, na hindi syang pamamaraan ng mga matataas na praktisyoner kundi nang mga baguhan dahil masyado silang atat na lumisan para sa mga matataas na daidig. Sinoman na sumusunod sa aking instruksyon sa praktis ay makakarating sa matataas na lupain sa hinaharap, kaya bakit kailangang magmadali, at umiyak? Pero, ang ilang mga tao ay umiiyak pa rin; dahil matapos na maglibang sa lahat ng kamangha-mangha at magagandang mga daigdig ay kailangan pa rin nilang lumabas ng meditasyon para bumalik sa araw-araw na gawain gaya ng pag-aasikaso sa asawa, mga anak, pamimili sa maduduming mga palengke, atbp. At mas masaklap pa kung hindi sila tinatrato nang maayos ng kanilang asawa.

Ang mga ito ay nangyayari sa mga bagong praktisyoner na walang sapat na kapangyarihan kontrolin ang isipan, dahil nasanay silang magkumpara sa pagitan ng matataas na daigdig at sa mundong ito. Samantalang ang mga matataas na praktisyoner ay walang pakealam sa kaligayahan o sa pagdurus. Pareho nila itong hinaharap nang walang problema. Kung hindi, paano sila makapagpapatuloy sa buhay?

Kahit na ang Master ng aking Master ay mukhang nainis isang araw, at maaaring dahil noong araw na iyon ay hindi-mabuti ang pakiramdam nya, at ang mga disipulo niya ay hindi masunurin, atbp. Kung hindi, hindi sya magkakaran ng ganyang pagkainis. Minsan ay naiinis din ako pero hindi ko hinahayaang malaman ng iba. Kahit na ang Master ay gustong lumisan dahil dito, gaano pa kaya ang mga estudyante!

Ang ilang mga disipulo, matapos magpraktis sa loob ng panahon, ay maaaring masabi na gusto na nilang iwanan ang kanilang mga asawa. Pero hindi ito praktikal, dahil ang ating makamundong responsibilidad ay kailangang mapunan, kailangang mapag-bayadan ang mga karma natin para sa buhay na ito. Hindi tayo makakatakas. Ang mga praktisyoner ng Quan Yin Method ay dapat maging matapang, at matiisin sa anumang mga kadalamhatian, dahil ang buhay na ito ang kanilang huling buhay sa mundong ito. Tayo ay napakaswerte kumpara sa ibang mga tao, na kailangang bumalik sa mundong ito. At walang nakakaalam kung gaano katagal pa nila kailangang maghintay.

At pagbalik nila, maaaring hindi sila isilang bilang mga tao muli, at mas posible bilang mga multo, o mga hayop, atbp.

Sa oras ng inisasyon ay malalaman natin na ito na ang ating huling buhay, pero ang mga tamad na disipulo na hindi sumusunod sa instruksyon ko na magpraktis araw-araw ay kailangang bumalik, maaaring tatlo o apat na beses pa, hindi lang isang beses. Hindi ko ipinangako na ang mga tamad na tao ay makakalaya sa loob ng isang buhay. Kahit na si Shakyamuni ay hindi rin ito ipinangako. Kita natin na sa Kanyang panahon, ang ilan sa kanyang mga disipulo ay nakamit lang ang bunga ng Srota-apanna, na nangangahulugan na kailangan nilang bumalik sa loob ng dalawa, tatlo, o apat na beses, at hindi gaya ng Arhat na hindi na kailangan pang bumalik muli. Ang mga nakakamit sa pagiging-Arhat (pagiging Santo) ay tiyak na masisipag na praktisyoner ng mataas na antas, samantala ang Srota-apanna ay ang mga mababagal na praktisyoner, maaaring kada-dalawa o tatlong araw. Ang ganitong mga uri ng tao ay kailangang bumalik sa mundong ito.

Tunay na pagdurusa ang isilang muli sa mundong ito. Kailangan muna nating maging mga bata, na walang alam kung ano ang ano, at paglaki natin ay posible na hindi tayo makatagpo ng isang tunay na Master hanggang sa ating pagtanda. Maraming mga tao ay lampas walumpung taon na nang magsimula silang sumunod sa akin. Kadalasan, para sa kanila ay ipapayo kong bigkasin na lang ang ngalan ni Amitabha, dahil masyado nang huli. Ang Master ko at ang Master ng Master ko ay mas istrikto pa. Hindi nila bibigyan ng inisasyon ang sinomang mas matanda pa sa animnapung taong gulang, maliban kung mga magulang sila ng mga matatagal nang disipulo. May mga eksepsyon sa mga espesyal na sitwasyon.

Ang mga disipulo ko ay kinabibilangan ng lahat ng edad, mula anim na taon hanggang lampas ng walumpu, babae at lalaki. Lahat sila ay pwedeng magpraktis at may mga napakagandang mga karanasan katulad ng mga Arhat o Bodhisattva ng sinaunang panahon.

Ang nga Arhat at Bodhisattva ay sa katotohanan ay hindi mga pambihirang ‘ nakararamdam ‘ na nilalang. Sa panlabas na anyo, sila ay kamukha natin, walang pinagkaiba. Pero sa loob, sila ay iba. Ang kanilang panloob na antas ay mas mataas, ang kanilang kamalayan ay lumago at ang kanilang karunungan ay higit na maunlad. Ang panloob na antas ay mababago matapos nilang tumanggap ng inisasyon mula sa Master.

Si Shakyamuni ay tumanggap ng isang disipulo na noon ay pumatay ng siyamnaput-siyam na tao at muntik na Siyang patayin para maging isang-daan. Ang taong iyon, ay walang dudang mayroong napakabigat na masamang karma, at nararapat na mahulog sa walang-katapusang impyerno. Hindi ba? Matapos nyang patayin ang mga Arhat ay gusto pa niyang patayin ang Buddha! Pero, niligtas sya ni Shakyamuni, dahil naniwala sya sa Kanya. Nagsisi at nagbago sya pagkatapos, at bandang huli, dahil sa praktis ay naging isa syang Arhat. Sa ganitong dahilan ay napakahalaga ng isang buhay-na-naliwanagang Master.

Kaya sa Sutra ay sinabi ni Shakyamuni na: ***Mahirap makatagpo ng isang Buddha, na makasalubong ng isang Buddha. Tanging sa pagkanlong sa isang Buddha lamang makakalaya ang sinoman at hindi mahuhulog sa mga impyerno o mga daigdig ng mga hayop!*** Ang salitang “Buddha” ay nangangahulugang isang buhay-na-naliwanagang Master, at ang pagkanlong sa Kanya ay hindi ibig sabihin na pagdikit kay Shakyamuni lang – ginawa natin iyon nang sya ay buhay pa; pero matapos Nyang lumisan ay kailangan nating kumanlong sa Kanyang disipulo, at kapag ang Kanyang disipulo ay lumisan na, ang disipulo ng Kanyang disipulo naman, atbp. Ang tradisyon ng pagkanlong, na mayroon tayo ngayon, ay minana lang mula sa sinaunang panahon.

Kaya, para makamit ang tunay na liberasyon ay kailangan nating matagpuan ang kasalukuyang tunay na Master. Wala itong kinalaman sa pag-aalay ng mga ritwal para sa mga nakaraang mga naliwanagang mga Master. Gaya nang walang kinalaman ang paggaling ng ating karamdaman sa pagsamba sa mga nakaraang magagaling na doktor tulad nina Hua Tuo, Bien Chueh. Dahil ang mga nakaraang dakilang doktor ay hindi magagamot ang ating kasalukuyang mga karamdaman. Dapat tayong pumunta sa kasalukuyang doktor, na hindi man gaanong sikat, pero matutulungan nya tayo. Hindi nya kailangang maging kasing-sikat tulad ni Hua Tuo. Hindi ba? Si Hua Tuo at Bien Chueh ay napakatalinong mga doktor na kilala sa China, pero wala na sila at hindi na nila tayo matutulungan, kahit pa paano natin sila sambahin.

Gayundin, ano ang silbi ng pagsamba sa mga nakaraang mga Buddha? Pwede nating gawin iyon bilang pagrespeto; respeto para sa nakaraan, kasalukuyan, at mga darating na Master. Pero para makuha ng liberasyon, kailangan nating hanapin ang isang tunay na Master na buhay pa, na nabuksan na ang Kanyang sariling pintuan at nakamit ang pinakamataas na liberasyon; na syang may hawak ng susi para mabuksan ang pintuan para sa atin.

Ito ay napakasimpleng bagay at walang misteryoso at pambihira dito. Sa una pa lang ay dapat nating pag-aralan kung paano harapin ang apat na bagay: pagsilang, pagtanda, pagkakasakit, at kamatayan. Ngayon na natutunan na natin ang tatlo, anong napakahirap, o di-makatwiran kung aralin natin ang isa pa? Ang kamatayan ay napakahalagang paksa, bukod sa pagsilang, pagtanda, at pagkakasakit, na dapat nating pag-aralan; at para matutunan ito, kailangan nating humanap ng isang tao na malaya sa pagkamatay at pagkabuhay. Kaya nyang mamatay o mabuhay nang kusa. Tanging ang mga ganitong klase ng tao ang makakatulong sa atin dahil sila ay mga espesyalista. Sya ay may kakayanan na turuan tayo tungkol sa kamatayan gaya ng isang guro ng English na may kakayanang magturo ng English. Maaaring takot na takot ka sa kamatayan, pero hindi mo ito kayang iwasan; at dahil hindi mo ito kayang iwasan, kailangan mong matutunan na harapin ito sa lalong madaling panahon. Hindi ba?

Gusto nyo bang matutunan mamatay? Wala kayong pagpipilian, dahil kung hindi ay mahaharap kayo sa matinding pagdurusa sa oras ng pagdating ng mensahero-ng-Kamatayan na pipilitin kang lumisan. Kung mabubuksan natin ang pintuang ito habang tayo ay nabubuhay, ang pagkamatay ay hindi magiging problema.

Bukod sa siyam na mga butas, ang ating katawan ay mayroong hindi-nakikitang pintuan dito, (*itinuro ni Master ang mata-ng-karunungan*) na syang ikasampung pinto; na mabubuksan agad kapag tayo ay namatay kung nagpraktis tayo ng Quan Yin Method araw-araw habang tayo ay nabubuhay. Isang segundo lang ang kailangan para ito ay buksan, pero dahil ang mga pintuan nyo ay nakasara nang matagal, kailangan ng Master ng isang oras para buksan ito.

Kahapon ay tinanong nyo, “Master, hindi Nyo pa naibibigay sa amin ang susi.” Walang problema sa pagbibigay ng susi, pero kailangan ng isang oras dahil ang pintuan nyo ay mahirap buksan. Kaya kong buksan ang pintuan kahit kailan, pero ang pintuan mo ay nakasara nang napakatagal, na kailangan kong kumatok at kumatok muli, na kailangan ng mahabang oras. Hindi sa dahil ayaw ni Master na bigyan ka ng susi agad, kundi dahil para maibigay sayo ang susi, kailangan mong sundin ang ilang kondisyon. Katulad kapag tinatanong ng mga tao na buksan o saraduhan ang mga makamundong mga pintuan o maggawa ng makamundong mga susi, kailangan mo silang bayadan ng pera o ilibre ng hapunan. Kung gusto mong buksan ng Master ang iyong pintuan, kailangan mong sundin ang mga panuntunan ko: na maging vegan at maglaan ng dalawa’t

kalahating oras araw-araw para matulungan kita na mabuksan ang pinto na hindi mo kayang buksan ng sarili mo. Ang dalawa't kalahating oras na ito ang kabayaran. Iyon lang. Wala nang iba.

Ang mga taong gustong buksan ng Master ang pinto para sa inyo ay dapat na pigilan ang sarili na pumatay dahil kailangan nilang magkaroon ng maawaing isipan. Ito ang una kong panuntunan. Dahil ayaw nating pwersahang patayin sa masakit na paraan, natural na hindi natin gagawin sa ibang nilalang ang ayaw natin para sa ating sarili. Ang mabubuting sanhi ay nagbubunga ng mabubuting epekto. Kailangan nating hayaan ang mga nilalang na mamatay nang mapayapa dahil gusto nating mamatay nang mapayapa. Kung hindi, paano natin matatanggap ang mabubuting resulta kung hindi tayo lumikha ng mabubuting sanhi? Kung hindi ko ituturo sa inyo ang hindi-pagpatay, ang mga pangaral ko ay mali, mapanlinlang, at laban sa Batas ng Sanhi at Bunga. Paanong nagtanim ang isang tao ng puno ng orange at umani ng mga mansanas? Imposible. Kaya kailangan ko munang ilarawan ang mga panuntunan.

Ang pang-araw-araw na dalawa't kalahating oras na hinihingi ko sa inyo ay sa totoo lang ay hindi para sa akin, pero para sa inyong sarili. Pero-pareho lang iyon, dahil kung masaya ka, masaya rin ako. Kaya kung ayaw nyo iyong gawin para sa sarili nyo, ay gawin nyo iyon para sa akin. Bigyan nyo ako ng dalawa at kalahating oras araw-araw. Wala akong ninanais na iba, kundi ang mamalimos sa inyo ng dalawa't kalahating oras. Kung maibibigay nyo ito, mamamatay kayong masaya, at araw-araw ay mabubuhay kayo ng masaya. Makakapunta kayo sa Kanlurang Paraiso kapag kayo ay nag-meditate, at bumalik sa trabaho pagkatapos nyong magmeditate. Ganun lang, araw-araw ang mga estudyante ay pumupunta sa mga paaralan para mag-aral at umuuwi sa bahay para maghapunan at gawin ang mga takdang-aralin. Sa sunod na araw ay ganon muli.

Ang tinatawag na “walang katapusang pag-aaral kasama si Buddha” ay nangangahulugang ang pag-aaral sa Lupain ni Buddha, hindi sa mundong ito. Sa totoo lang, ano ba ang matututunan natin mula sa mundong ito? Kahit ako ay walang maituturo sa inyong kahit ano, maliban sa pagpapaliwanag sa inyo ng mga karaniwang mga dahilan at pakikipag-kwentuhan sa inyo, gaya ngayon. Pero kung pupunta ka sa mataas na lupain, matuturuan kayo ng Master ng ibang matataas na teorya, dahil makagagamit tayo ng iba't ibang paraan sa matataas na lupain.

Kahapon ay inilarawan ko ang Unang Daigdig. Anumang inimbento ng mga nilalang doon, gaya ng makinarya, ay higit na mas “advanced” kaysa sa atin; hindi ito bagay na kaya nating isipin gamit ang imahinasyon, base sa ating mga nakita o narinig na. Akala natin ay napaka-sibilisado na natin dahil mayron na tayong mga computer, telebisyon, telepono, atbp., na sa totoo lang ay walang iba kundi mga basura na nalaglag sa ating mundo at pinulot natin. Kahit na ang pinaka-magagaling na siyentipiko sa mundong ito ay nagmula sa mga pinakabobong estudyante o ang mga hindi makapagtapos sa kanilang daigdig. Ang mga nakakapagtapos doon ay nasa sa mararangal na lupain at gumagawa ng ibang mga bagay.

Kaya, “ang patuloy na pag-aaral kay Buddha” ay nangangahulugan na pag-aaral sa Lupain ni Buddha. Sa mundong ito, susubukan din ng Master na turuan ka sa kanyang makakaya. Pero kung pumunta ka sa mas matataas na lupain, matuturuan ka ng Master ng maraming mga bagay, at sa pagtaas ng iyong antas, sa pag-iba ng ituturo sa iyo.

May mga paaralan sa bawat daigdig. Halimbawa, sa daigdig na ito sa ating Center, tinuturuan ka ng Master ng konti ng panloob na misteryosong mga bagay at sa mga paaralan ng mas matataas na lupain, tuturuan ka ng Master ng mas matataas na antas ng karunungan. Kapag ikaw ay natutulog, dadalhin ko kayo sa matataas na paaralan para mag-aral. Ginagawa ko ito habang kayo ay natutulog dahil sa araw ay napaka-abala nyo at ang iba ay ni hindi rin nagmemeditate, kaya hindi ko sila maipasyal.

Mas madaling dalhin ang mga tao sa ibang mga lugar habang sila ay natutulog dahil hindi na nila kailangang makipag-punyagi at ang kanilang mga utak ay hindi masyadong mapagmatigas. Nagdadahilan sila na wala silang oras na mag-meditate pero kahit na may oras sila ay gagamitin nila yun para magpunta sa sayawan o makipagtsismisan sa iba, sa mga ganyang bagay. Hindi sa hindi ka dapat magsayaw o manood ng telebisyo , kundi dahil kailangan mong maglaan ng oras para sa meditasyon araw-araw. Walang magiging problema kung wala kang oras na manood ng TV, pero hindi mo dapat kalimutan ang meditasyon, na kalimutan ang praktis ng pagkamatay araw-araw. Kung may apat na oras kang bakante ngayon, pwede kang manood ng TV ng isa at kalahating oras at magmeditate sa dalawa at kalahating oras. Kung may dalawa at kalahating oras ka sa sunod na araw, kailangan mong gamitin ang lahat ng iyon sa meditasyon.

Gayunpaman, kung wala kang isang tunay na Master para magturo sa iyo, ay nanunulad ka lang ng meditasyon, hindi talaga nag-memeditate. Ang “manulad” ng meditasyon ay nangangahulugan na hindi ka nagmemeditate ng tama. Maaari syang masapian, o antukin kung hindi sya nagmemeditate nang tama. Sinasabi kong “panunulad” ng meditasyon dahil karamihan ng tao ay nagmemeditate nang mali, nang hindi alam kung saan dapat magpokus. Ang mga nagmemeditate sa tamang paraan ay napakasaya, hindi inaantok; at sa pagtagal nilang nagmemeditate, sa pagbuti ng sitwasyon.

Ano ang meditasyon? Ito ay “Ch’an Ding” (Chinese). Ang Ch’an ay nangangahulugang paglayo sa mga panlabas at makamundong anyo, at ang Ding ay nangangahulugang pagpapanatili ng kalmadong kalooban.

(Sa pagkakataon ito ay may taong nag-iingay sa labas ng bulwagan) Ngayon alam nyo ba ang ibig sabihin ng Maya kung hindi pa kayo nakakakita ng ganito noon. Ano ang Maya? Iyon ay ang bagay na sumasagabal sa akin na maghatid ng lektyur sa pamamagitan ng pagsira sa aking kotse para hindi ito umandar, o sa pananadyang pang-iistorbo habang ako ay naglelektyur, iyon ay Maya. Hindi nila kailangan ng sungay sa ulo. Siya ay Maya kung pinipigilan nya, hinahadlangan nya ang mga tao o disipulo, o ang isang naliwanagang Master sa pagliligtas ng mga nilalang; Maya ang mga pumipigil sa mga tao na makapunta sa lektyur, o nagpapatulog sa kanila o nagsasalita kapag nagbibigay ng lektyur ang Master; sya na naglilihis ng atensyon ng mga nakikinig mula sa Katotohanan patungo sa kanilang maduduming mga paniniwala; at syang dahilan para magkwentuhan ang mga tao nang mga bagay na walang kabuluhan buong araw.

Bagaman ang lektyur na ito ay matatapos sa loob ng dalawang oras, ilan sa mga nakikinig ay hindi ito pinahahalagahan at magsasalita pa dahil napaka-importante ng tingin nila sa sarili nila. Nakipagkwentuhan na sila buong araw at gusto pa ring makipagkwentuhan dito, at ayaw bigyan ang Master ng tsansa na makapagsalita. Ito ay mga sitwasyon ng tao na naiimpluwensyahan ng Maya. Ang Maya ay hindi ang sarili nya, pero isang uri ng negatibong pwersa na nag-iimpluwensya sa kanya ng ganyan.

Isang araw, nang nagbibigay ng lektyur ang isang master sa Germany, may isang tao sa labas na pumunta sa ‘podium,’ para tapunan ng mga dumi ng kabayo ang master ko. Sinabi ng aking Master,

“Ok. Ibigay mo iyan saken,” at hindi inaasahan na walang nangyari. Ang lalaki na iyon ay hindi makagalaw doon- hindi makapagtapon o mabitawan ang mga dumi. At ang kakaiba ay sa twing sinusubukan nya itong itapon, ay para syang nabibigla ng elektrisidad. Bigla na lang siyang matitigilan, hindi makagalaw paunahan o pabalik. Sa wakas ay nakagalaw sya nang sumenyas ang aking Master. At nang lumabas sya, ang mga bagay na dala-dala nya ay naglaglagan sa akin, na nagkataong nakaupo sa harapan. Kaya ang bag ko ay napuno ng mga “basura” ng mga nakararamdam na nilalang. (*Nagtawanan.*)

Hindi madaling maging Master, dahil palagi kang pipigilan ng Maya (negatibong pwersa). Bakit mayroong pagsagabal ng Maya? Ito ang sama-samang karma ng mga nakararamdam na nilalang. Dahil ilan sa mga tao na dumalo para makinig sa lektyur ay walang sapat na pagpapalang-pabuya kundi mabigat na sagabal na karma at mga aroganteng isipan. Kaya ginagamit ng demonyo ang mga ganitong klase ng tao para manggulo. Kung lahat ng dumadalo dito ay may busilak at mapagkumbabang isipan, hindi tayo magagambala ng mga demonyo. Ang Maya ay umiiral, at ang nakalaan na karma, ang sama-samang karma ay umiiral, dahil ang mga nakararamdam na nilalang ay hindi sapat na malinis.

Ang mga tao na may pare-parehong karma ay isinisilang sa parehong bansa, o nakatira sa parehong pamilya o kabilang sa parehong grupo. Ito ang tinatawag na sama-samang karma. Bukod dito ay mayroong indibidwal na karma, na dumadating sa isang tao. Para maging malaya sa nakalaan na karma at sa sama-samang karma kailangan nating umasa sa praktis, dahil tayo mismo ay mayroong pinakadakilang Kapangyarihan na tinatawag na Orihinal na Mukha o ang Likas na Buddha. Hindi sinabi ni Buddha na kailangan mong maniwala sa Diyos, sa halip ay sinabi Nya: ***Umasa ka sa iyong Sarili at maging lampara ka ng iyong sarili.***

Ano ang Sarili? Ito ang ating Orihinal na Sarili. Hindi sinabi ni Buddha na umasa sa ating pisikal na mga utak. Ito ang tinatawag na: ***Lahat ng nakararamdam na nilalang ay may Likas na Buddha, at lahat ng nakararamdam na nilalang ay mga Buddha.*** Tayo ay karaniwang mga tao lang, bago natin nakilala ang Sarili na ito, at tayo ay magiging mga Buddha pagkatapos. Sa ating kalooban ay ang Likas na Buddha, pero may Maya din. Kapag ang isang tao ay mas pinaunlad ang Maya, sya ay bababa sa lupain ng Maya.

Sa Budismo ang dalawang uri ng pwersa ay tinatawag na Buddha at Maya; sa Taoismo, Yin at Yang – na ang ibig sabihin ay pagka-negatibo; at pagka-positibo. Linangin natin ang Yin, at tayo ay magiging negatibo; linangin natin ang Yang, at tayo ay magiging positibo. At ang paglinang sa parehong positibo at negatibo nang pantay ay Tao (ang Katotohanan). Ang ordinaryong isip ay Tao. Ang umaakto ayon sa Tao ay nasa pantay na pagka-negatibo at pagka-positibo, ay syang Tunay na Tao. Ang Tunay na Tao ay ang tao na hindi nakasandal sa pagkanegatibo o pagkapositibo.

Nang ang ikaanim na Patnyarka ng Zen, si Hui Neng, ay unang umalis para makita ang ikalimang Patnyarka, sya ay maliit at payat at hindi-maayos-tingnan na lalaki mula sa Au Lac. Kaya pinagalitan sya ng ikalimang Patnyarka, “Ikaw ay isang barbaryano. Paano ka magiging Buddha?” Sa panahong iyon ay tinatawag ng mga Chinese ang mga Aulacese na barbaryano dahil sinakop nila ang lupain ng mga taga- Aulac at kinagalitan sila. Ang maliit, maitim at payat na si Hui Neng ay isang taga-sibak ng kahoy at kumikita ng kabuhayan mula sa pagsisibak ng kahoy. Kaya sa unang pagkikita ay sinabihan sya ng ikalimang Patnyarka ng ganoon. Pero ang ikaanim na Patnyarka ay tumugon, “Ang mga tao ay hindi mapag-papangkat-pangkat bilang taga-hilaga o taga-timog, ang Likas na Buddha ay walang ganyang pagkakaiba-iba.”

At gayundin ang sasabihin ko. Ang mga tao ay nahahati sa lalaki at babae, pero ang Likas na Buddha sa kanila ay iisa. Ang mga naniniwala na tanging ang mga lalaki lang ang pwedeng maging Buddha ay mali. Ang babae ay ang taong nagtataglay ng maraming pagka-negatibo, o may pambabaeng katangian; habang ang lalaki ang syang nakasandal sa pagka-positibo. At ang Tunay na Tao ay ang tao na nakamit ang pantay na timbang ng estado ng “Yin at Yang” -negatibo at positibo.

Samaktuwid, ang Tunay na Tao ay hindi patungkol sa pisikal na tao. Syempre ang katawan ay kailangan para tulungan ang mga nakararamdam na nilalang pero hindi ito ang anyo ng Tunay na Tao, na makikita lang natin gamit ang mata-ng-Buddha, makalangit na mata o mata ng karunungan, at hindi ng pisikal na mga mata. Pero, pagkatapos na mabuksan ang mata ng karunungan at mapaunlad ito sa tiyak na antas, posibleng makita rin ng pisikal na mata ang anyo ng Tunay na Tao dahil sa pagkakataong iyon ay ang pisikal na mata ay naging mata ng karunungan. Kahit pisikal na bukas ang mga mata, makakapagmeditate pa rin tayo, makikita pa rin natin ang mga impyerno at ang mga Langit. Bagaman ang katawan ay nandito at nagbibigay ng lektyur, ang

transedental na katawan ay kaya ring pumunta sa mga Estados para iligtas ang mga estudyante doon; kaya nitong sagutin ang mga panalangin ng mga nakararamdam na nilalang kahit saang lugar. Iyan ang tinatawag na, “Mayroong daan-daang, bilyon-bilyong transedental na mga katawan.”

Hindi lang si Shakyamuni Buddha ang mayroong hindi-mabilang na transedental na katawan. Sinoman na nakamit ang Pinakamataas na Kaliwanagan (ang Katotohanan) ay maaaring magkaroon ng hindi mabilang na transedental na katawan, at sinoman na nakatanggap ng inisasyon ng taong ito ay magkakaroon ng Kanyang transedental na katawan para sa ay bantayan. Kung hindi, paano makakayanan ng mga ganitong uri ng tao alagaan o protektahan ang napakaraming mga disipulo? Paano makakayanan ng Master na may isa lang pisikal na katawan na bantayan ang napakaraming tao? Paano matitiyak ng Master na dadalhin Niya ang kanyang mga estudyante sa matataas na daigdig kapag sila ay namatay?

Tiyak na ang ganitong uri ng tao ay may hindi-mabilang na transedental na mga katawan, kaya sinoman ay makakatanggap ng kanyang proteksyon. Kaya tinatawag natin Siyang “Shi Fu” (Chinese), ibig sabihin ay Guro at Ama, dahil Sya ay parehong isang guro na nagtuturo sa atin at ama na nagbabantay sa kanyang mga anak, at nagliligtas sa ating mga kaluluwa. Kapag tinatawag natin silang Fa Shih (Chinese, na ibig sabihin ay Master of Dharma), ito ay dahil kaya nilang ituro sa mga tao ang Dharma. Fa Shih, isang Master na nakamit na ang Tao, isang Master ng Dharma, ay katulad ng isang Guro ng English na nakapagsasalita ng English dahil sya ay master ng English. Tanging sya lang na nakamit ang Dharma ang pwedeng tawagin Fa Shih o Shi Fu, kung hindi ito ay katawagan lang na walang tunay na kapangyarihan.

Paano Abutin ang Likas na Langit

Sinabi ni Supreme Master Ching Hai

May 24, 1989

San Francisco, CA, USA

(Orihinal sa English)

Araw-araw, sa loob ng maraming taon ay nagsasalita ako ng Chinese, at kahit hanggang sa huling minuto. Medyo kinakabahan ako na ang English ko ay biglang yumao kung saan, (*Tawanan*) pero susubukan natin nang sama-sama sa tulong ng inyong pagpapala. Bawat isa sa atin ay may dakilang pagpapala, at ang pagpapalang iyan ay nagmumula sa ating sinseridad. Ito ang tinatawag nating biyaya ng Diyos. Ang biyaya ng Diyos ay biyaya ng tao, ang Diyos ay nananahan sa ating kalooban. Kaya, dahil sa inyong sinseridad at sa inyong tapat na atensyon, ang English ko marahil ay magiging mahusay sa bawat minuto.

Kaya aking mga minamahal na kaibigan, mabubuting mga kapatid, ito ang unang pagkakataon na nakita natin ang isa't isa, pero naniniwala ako na marami tayong kaugnayan sa nakaraan. Ayon sa Budismo, at kahit sa Katolisismo, naniniwala tayo sa “buhay pagkatapos ng buhay”, naniniwala tayo sa tinatawag na “sanhi at kondisyon.” Anumang mangyari ngayon ay bunga ng nangyari sa nakaraan. Iyan ang Batas ng Sanhi at Paniningil – ang tinatawag nating “karma” sa Sanskrit. Ang karma ay nangangahulugan na *anumang iyong itinanim, sya mong aanihin* na terminolohiya ng Kristyano.

Napakasaya ko, napakasaya ko na kayo, mga kababaihan at kaginoohan ng napaka-abalang sosyedad at ng napakataas na antas ng sibilisasyon ay naglaan ng konti mula sa inyong napakahalagang oras para pumunta dito at makinig sa isang estranghero mula sa hindi kilalang lupain. Napakasaya ko. Ibig sabihin nito na ang pagpapala ng Diyos ay nasa atin. Sigurado akong gumagawa kayo ng bagay na mabuti.

Ngayon, lahat kayo marahil ay umaasa na magsasalita ako nang higit sa kagandahang-asal tulad ng, “Kamusta ka?” at “Ang ganda ng klima.” Kaya didiretso na ako sa punto, at hindi ko na kayo paghintayin ng matagal. Ok? Komportable ba ang lahat? (*Palakpakan*)

Hindi ito ang unang pagkakataon na nagbigay ako ng ilang impormasyon sa Amerika; ang nakaraan lang ay hindi naisapubliko, ayun lang. Sa New York iyon, sa maliit na grupo ng mga tao. Pero, naisip ko na kapag mayroon tayong mabubuting mga bagay, may tungkulin tayo na ibahagi ito sa ating kapwa, mga kaibigan, at mga kapatid. Tanggapin man nila o hindi ay may buo silang karapatan, pero mayroon akong tungkulin na ipahayag ito, ipakilala ito, at hayaan ang ating mga kapatid na magpasya. Kaya ako naparito at nakibahagi sa inyo sa masayang okasyon na ito.

Ito ay biyaya mula sa Langit, o kung anumang pinaka-makapangyarihang Pwersa na pwede nyong pangalanan. Sa iba’t ibang bansa ay tinatawag natin ang Kapangyarihang ito sa iba’t ibang pangalan. Sa Chinese ay tinatawag nila itong Tao; sa Sanskrit ay Likas na Buddha; sa ibang sekta ay Ch’an (Zen); at sa Kristyanismo ay Diyos, biyaya ng Diyos o Langit.

Pero nasaan ang Langit na ito? Tiningnan natin sa Bibliya at ayon dito: Ang ***Langit ay nasa kalooban natin***, ibig sabihin ay sa ating mga puso. Pero kapag inoperahan natin ang ating puso, makikita ba natin ang Langit? (*Tawanan*) Hindi. Totoo iyan. Kapag ang ilang tao ay inatake sa puso o anumang katulad nito, binubuksan natin ito at wala tayong nakita sa loob. Kaya mayroon pang iba bukod sa pisikal na puso. Ang totoo, nang sinabi nang mga sinaunang tao ang “puso” ang ibig sabihin nila ay karunungan, ang ating pag-iisip, hindi ang pisikal na pusong ito. Kaya bakit natin tinatawag ang karunungan ito na Langit? Dahil kung mayroon tayo ng karunungan ito, dama natin na tayo ay nasa Langit, napakasaya at napakakontento natin.

Ngayong araw, habang papunta kami sa San Francisco – nakatira kami sa San Jose, sa bahay ng aking disipulo, at ipinagmaneho nya ako papunta rito- kami ay nag-uusap sa daan. Sinabi nya na simula ng inisasyon, matapos nyang malaman ang paraan mula sa akin, ay hindi sya nakapagpraktis nang masigasig. Sya ay nagmemeditate lang paminsan-minsan. Pero nang tinanong ko sya, “May natamo ka bang anumang kasiyahan?” Sumagot sya, “Oo, oo, oo. Tiyak na oo. Sa aking kalooban, napakakontento ko, napakasaya, na hindi maunawaan ng iba mula sa labas.” Hindi

sya makagamit ng anumang lenggwahe para ipaliwanag ang kanyang panloob na kaligayahan, kaya nagdudulot sya ng konting hindi-pagkakaunawaan.

Ang lenggwahe ay hindi sapat para ilarawan ang ganitong uri ng panloob na kaligayahan, ang ganitong makalangit na pagpapala, dahil ang daigdig ng Langit at ang ating daigdig ay magkaibang lupain. Katulad nang pagkakaiba ng daigdig ng tao at ng daigdig ng mga hayop. Kahit na tayo ay nabubuhay sa parehong daigdig, at nabubuhay nang malapit sa isa't isa, pero kadalasan hindi tayo maintindihan ng mga hayop, at hindi natin sila maintindihan. Syempre mayroong ilang mga hayop na halos parang tao na rin, gaya ng mga aso, pusa at mga kabayo. Minsan ay nakadarama sila na halos parang tao at tumutugon sa paraan na parang tao, at parang nakabuo tayo ng napakalapit na pagmamahalan sa pagitan ng tao at hayop. At ramdam natin na parang nauunawaan natin sila, kahit na may malaking pugwang sa pagitan ng isang hayop at isang tao.

Gayundin, may ilang mga tao na may “mataas na kaalaman,” o tinatawag nating “supra-intelihensya,” dakilang katalinuhan. Bagaman, sa labas, ay kahawig natin sila pero sa loob, sila ay hindi natin katulad. Ito ang dahilan kung bakit minsan kapag narating natin ang ganun kataas na katalinuhan, ay hindi natin maipaliwanag sa iba na nasa mas mababang antas ng katalinuhan.

Bakit may ganoong pagkakaiba sa pagitan ng mga tao? Nakikita natin ito nang malinaw. Sa ating pang-araw-araw na buhay ay nakakakilala tayo ng iba't ibang mga tao, halimbawa, ang mga siyentipiko. Medyo mas matalino sila kaysa sa mga pangkaraniwang tao, o iyon ang inaasahan natin, kahit na sa kanilang panlabas na anyo ay katulad lang natin sila. Hindi mo masasabi sa unang tingin kung sino ang siyentipiko, sino ang doktor, sino ang abogado, at sino ang Presidente – pero syempre, ang Presidente ay matutukoy agad natin. Pasensya na, nagkamali ako. Dahil sya ay napakasikat dahil pinapalabas sa telebisyon ang kanyang mukha, kaya kilala nating lahat sya. Ang ibig kong sabihin ay para sa karamihan, ang mga ordinaryong matatalinong tao, hindi natin agad matutukoy. Hindi ba?

Ngayon, ang ganitong uri ng katalinuhan ay kaya nating matamo sa ating mga sarili. Katulad ito na natutunan natin kung paano maging siyentipiko o maging isang doktor, isang abogado o isang uri ng matalinong tao. Halimbawa, noong tayo ay bata pa ay wala tayong kaalaman, hindi pa tayo marunong bumasa o sumulat. Pero unti-unti, sa pag-aaral, nalaman natin kung paano ito gawin, at

natutunan natin ang iba pang mga bagay pagdaka. Ngayon, gayundin, matatamo natin ang dakilang kaalaman, na tinatawag nating “supra-wisdom,” na karunungan. Hindi ito ang tinatawag na talinong pang-tao, sa halip ay ang karunungan ng kosmos. Ito ay hindi mysteryosong bagay, hindi ito mahirap matamo.

Labis akong nasorpresa nang ito ay aking matamo, na napakadali pala. Parang katulad ng tinatawag ng mga Amerikano na “know-how” lang. Katulad rin sa bawat siyensya, bawat trabaho, bawat espesyalidad, gaya nang pag-aaral kung paano gumawa ng tulay, o ng eroplano. Noong nakalipas na 100 taon ay imposibleng isipin na pwede kang lumipad mula sa Amerika patungo sa Formosa sa loob lamang ng 10-oras. Kahit ang isipin ito ay imposible noon. Hindi ba? At ngayon, sa pag-unlad ng siyensya, hindi na ito napapansin ng mga tao. Walang problema. Ngayon ang umupo sa eroplano ay katulad na lang ng pag-upo sa taxi – medyo mas mahabang distansya lang, iyon lang.

Maaari tayong pumasok sa isang naiibang yugto, sa mas mataas na siyentipikong sibilisasyon. Pwede nating malampasan ang limitasyon ng espasyo at maski na ang limitasyon ng dimensyon, ang dimensyon ng daigdig. Hanggang sa ngayon, sa palagay ko ay ang natutunan pa lang natin ay ang ikatlong dimensyon. Hindi ba? Pero may paraan para malaman ang ikaapat, ikalima, ikaanim... ikasampung dimensyon, at iba pa., kung alam natin kung papaano. Ang ganitong uri ng transedental na paraan ay matatamo natin sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap sa tulong ng sinuman na nakakaalam na ng paraan.

Napakadaling maintindihan, di ba? Gaya kung gusto mong maging doktor, maghahanap ka ng doktor o ng isang medical school at mag-aral kasama ang mga espesyalista sa larangan. At pagkatapos ng konting panahon, ilang taon, ikaw ay magiging doktor. Ganun kasimple. Ngayon, ang mga ito ay siyensya ng mundo, na tinatawag nating “makamundong mga siyensya” – ang gumawa ng eroplano, ng mga spaceships, ng mga sasakyan. Ang pinakamabuti ay ang pag-aralan natin ang Quan Yin Method, ang nagbibigay-kaliwanagang pamamaraan. Sa gayon, ay hindi na natin kailangan ng komplikasyon, pwede tayong makipag-usap mula sa kalooban. Sa Amerika ay malalaman nyo na kung anong kailangan ng mga taga-Formosa at malalaman nyo kung paano sila tulungan, at iyan ang dahilan kung bakit maraming tao ang interesado na maging naliwanagan. Sa kalooban natin ay mayroon tayong dakilang kapangyarihan, dakilang karunungan, at ito ang

tinatawag nating “Christ Power,” o “Kapangyarihan ng Diyos,” o “Kapangyarihan ng Buddha.” Sila ay iisa lang; iba’t iba lang ang tawag ng iba’t ibang bansa.

Natutuwa ako na wala kayong diskriminasyon sa inyong isipan, na nagpunta kayo rito para makinig sa akin. Ibig sabihin nito na ang mga puso ninyo ay napakalawak at madaling makipag-usap sa inyo. Kung ang isang tao ay kumapit lang sa kung anong relihiyon, mahirap para sa akin ang makipag-usap sa kaniya. Ang mga nandito ay napaka-bukas ng isipan, kaya napakarelaks ng pakiramdam ko at parang napakalapit ng pakiramdam ko sa inyo. Hindi ko alam kung anong nararamdaman nyo. Malapit ba ang pakiramdam nyo? (*Tagapakinig: Opo.*) Mabuti iyan. Ibig sabihin na mayroon tayong kung ano sa ating mga puso, kung anumang kaugnayan.

Ano ang dahilan kung bakit si Kristo ay napakadakila? Ano ang nagpasikat kay Buddha? Ano ang dahilan kung bakit si Lao Tzu, Chuang Tzu at Confucius ay sikat pa rin hanggang ngayon? Ito ay ang Kapangyarihan na kanilang natamo. Mayroon tayong lahat ng ganitong Kapangyarihan, ipinapaalam ko sa inyo. Hindi ang impormasyon ko ang magbibigay sa inyo ng Kapangyarihan na ito, ang impormasyon ko ay hindi magpapa-dakila sa inyo; kayo talaga ay dakila na. Pero hindi nyo pa alam; dahil nakalimutan ninyong gamitin ito. Kaya, isang karangalan para sa akin na ipaalam sa inyo, pwede nyong maalala, pwedeng hindi. Tungkulin ko na ipaalam sa inyo, dahil simula nang ito ay aking matagpuan ay wala na akong ibang ginugusto sa mundong ito. Wala na akong anumang gusto. Sa palagay ko, ang ilan sa inyo ay nagnanais din na magkaroon ng ganitong uri ng kaligayahan, ng ganitong uri ng kompletong katuparan ng kasiyahan, para hindi na kayo magkakaroon ng ganitong uri ng suliranin, “Hindi ko alam kung ano ang kulang. Gusto kong hanapin ang isang bagay pero hindi ko alam kung ano iyon.”

Mayroon tayong mga asawa, pera, kayamanan, posisyon, kahit ano na maihahandog ng sosyedad, pero malungkot pa rin tayo, dama natin na may mali. Dahil hindi pa natin natatagpuan ang ating Tahanan; hindi pa natin natatagpuan ang Kapangyarihan ng Diyos na nasa ating kalooban; hindi pa natin natatagpuan ang Kapangyarihan ni Kristo sa ating kalooban; hindi pa natin nahahanap ang Langit sa loob ng ating puso; hindi pa natin natatagpuan ang ating Likas na Buddha. Iyan ang hinahanap natin. At natagpuan ko na ito kaya naisip ko na dapat kong ipaalam sa inyo na may paraan na napakadali, napaka-ganda, at walang kabayaran, walang komplikasyon, hindi kailangan magpalit ng anumang katayuan sa sosyedad o anumang kapaligiran, walang pag-kakalbo ng ulo.

Hindi nyo kailangang tumingin sa aking ulo. Baliw ako noon, (*Tumawa si Master*) hindi nyo kailangang gawin ito pero matatagpuan nyo pa rin ang parehong Kapangyarihan. Pero nasimulan ko nang mag-ahit, kaya pinagpatuloy ko lang ito, (*Tawanan*) para ipakita sa inyo na hindi natin kailangan palitan ang kahit ano. Kung anuman tayo, manatili tayong ganyan. Maaaring bukas ay gustuhin kong magpalago ng buhok muli. Wala itong epekto sa akin o sayo, o sa Likas na Buddha sa loob.

Natagpuan ni Hesus ang Kapangyarihan na ito kaya napakadakila Niya. Nakapagpagaling Sya ng may sakit, at nakapagbukas ng kanilang mga mata ng karunungan. Kaya Nyang dalhin ang mga tao pabalik sa Kanyang Ama. Kaya Siya dakila. Si Buddha ay natagpuan din ang Kapangyarihan na ito, at iyon ang dahilan kung bakit Sya ay isang Buddha, “ang pinarangalan-ng Mundo,” ang pinakamarangal sa lahat ng mga tao at mga diyos. Hindi ang pinakamataas na Diyos ang ibig kong sabihin kundi ang mga maliliit na diyos, ang mga deva. May mga mas malalaking diyos at mas maliliit na diyos. Kaya Siya ang pinakadakila sa lahat ng mga diyos at mga tao, dahil natagpuan Nya ang Kapangyarihan. Natagpuan nina Confucius at Lao Tzu ang Kapangyarihang ito at sila ay naging dakila. Sikat man o hindi, walang pinagkaiba. Natagpuan nila ito, at iyon na yun, at iyon ang nagpasaya sa kanila; nagbigay-kaligayahan at kapangyarihan sa kanila.

Tayo ay tao. Bawat relihiyon ay sinasabi na ang mga tao ang pinakamagaling, pinakamagaling na uri ng nilalang. Kahit ang mga anghel ay kailangan yumuko sa mga tao – sinabi ng Diyos. Noong ginawa ng Diyos ang mga anghel, sinabi ng Diyos na kailangan nilang yumuko sa atin, at may isa o dalawa na hindi yumuko, kaya pinarusahan sila ng Diyos at dinala sa impyerno. Sila ang tinatawag nating “Satanas,” hindi ba? Ang may dalawang sungay, napakapangit.

Ang totoo, hindi pa ako nakakita ng Satanang, kaya ang paglalarawan ko ay hindi maaasahan, pero ang masasabi ko lang sa inyo ay tungkol sa Diyos, kung gaano Siya kaganda. Ang mga Buddha at mga anghel at mga diwata, at lahat ng magagandang nilalang sa kosmos ang masasabi ko sa inyo, mula sa magandang panig. Ang pangit na panig ay iniwan ko na nang matagal na panahon na, kaya maaaring nakalimutan ko na kung anong hitsura niyon. Kung gusto nyo, maaari siguro kayong bumisita sa impyerno at tingnan ito. (*Tawanan.*)

Ang totoo, kapag nagpraktis tayo sa daang ito na tinatawag na Katotohanan, pwede rin tayong pumunta sa impyerno, pero bilang bisita. Pwede tayong pumunta kung gusto natin, hindi para magdusa pero para magbigay ng pagpapala. Kapag tayong lahat ay ay pumunta sa mga impyerno, ang mga impyerno ay mauubos ang laman. Kailangan natin pumunta minsan para iligtas ang ating mga kamag-anak, mga disipulo, mga kaibigan, mga asawa, na naligaw ng landas noon, bago tayo nakatanggap ng inisasyon. Kaya minsan, kailangan nating pumunta. Pero malaya tayong pumunta at umalis. Dadalhin tayo ng Master doon at pabalik sa ating tahanan.

Ngayon, huwag na nating pag-usapan ang impyerno, dahil takot na takot ang lahat doon. Hindi tayo madalas pumupunta doon, minsan lang. Ang totoo, pagkatapos ng inisasyon, karamihan sa ating mga kamag-anak ay maililigtas agad; ang iba ay halos agad mapupunta sa ibang lupain para mabuhay ng masaya. Pero kung ang ilan sa kanila ay may mabigat na sagabal dahil sa kanilang mga nakaraang madidilim na pag-iisip sa maraming nakalipas na buhay, maaari silang manatili muna doon nang medyo matagal at pagkatapos ay kailangan nating bumaba paroon para iuwi sila sa Tahanan.

Sa palagay ko ay narinig nyo na ang tungkol kay “Swedenborg,” siya nga? Pumunta sya sa impyerno para iligtas ang ilang mga tao. Umuwi kayo at tingnan nyo. Hindi ko pa talaga nababasa ang kanyang mga gawa. (*Tumawa si Master*) Hindi ko alam kung kanino ko nalaman ang impormasyong ito, dahil hindi ko pa nga iyon nababasa. Pero pwede nyo iyon basahin, napaka-interesante nito. Hindi sya nag-iisa. Si Buddha ay pumunta rin doon. At ang mga disipulo ni Buddha at si Hesus at ang Kanyang mga disipulo, minsan ay pumunta doon; ang ating mga disipulo ay nakapunta na rin doon. Pagbalik nila, makukwentuhan nila kayo ng mga kakilakilabot na bagay na magbibigay sa inyo ng bangungot. Pero hindi kami madalas pumupunta doon. Kung wala kaming misyon, o wala kaming dapat gawin doon, hindi kami pumupunta.

Kailangan lang nating pumunta pataas sa mas mataas at maluwalhating daigdig, para mapalapit sa Makapangyarihang Panginoon. Ang Karagatan ng Pag-ibig at Awa ay ang tinatawag nating Diyos. Hindi siya isang nilalang, bagaman pwede Syang magpakita minsan bilang isang nilalang para madama natin na malapit tayo sa Kanya, mahipo Sya at makausap Sya. Kung hindi, Siya ay tanging ang Karagatan ng Pag-ibig at Awa, ng Biyaya at Pagmamahal. Ang lahat ng mabuti at maligaya,

iyang ang Diyos. Tayo sa sandaling ito kahit wala pang inisasyon, at kahit hindi pa natin alam ang ating likas na karunungan, ang ating likas na makalangit na Kapangyarihan, tayo ay Diyos pa rin.

Sa twing ipinapakita mo ang iyong pagmamahal para sa iyong kapwa, sa iyong mga anak, mga kaibigan, mga kamag-anak o sinomang nangangailangan, ipinapakita mo ang Diyos. Kaya, sa pagdalas na ating ipinapakita ang ganitong uri ng awa, pag-ibig at karunungan, mas malapit tayo sa Diyos. Pero ang Diyos sa ganitong diwa ay napaka-limitado. Kaya lang nating magmamahal ng isa o dalawang tao at kaya lang nating makatulong sa iilang mga tao sa bawat sandali. Ang Diyos, sa pinaka-diwa, ay kayang tulungan ang buong daigdig. Kaya ito ang layunin na gusto nating makamit. Ito ang nakamit nina Buddha at ni Hesukristo. Ang totoo, hindi Kristo ang Kanyang pangalan. Dapat nyong malaman; ang “Kristo” ay isang titulo. Katulad ng ang “Buddha” ay hindi ang pangalan ni Shakyamuni, kundi kanyang titulo. Ito ang indikasyon ng isang naliwanagang nilalang, ang Pinakamataas na Kapangyarihan. Kapag natamo natin ang kapangyarihang ito, tayo ay nagiging Kristo. Siguro ay magkakaroon ng isang Maria Kristo, isang Jose Kristo o isang Smith Kristo. Tayo ay magiging iba’t ibang Kristo dahil ang ating mga pangalan ay iba’t iba.

Sa palagay ko ay may Hebrew sa ‘naliwanagang Master,’ na tinatawag na isang “Messiah,” di ba? Katulad lang ito ng sa Sanskrit ay tinatawag nila ang isang naliwanagang Master bilang Buddha, at ngayon sa modernong panahon ay tinatawag nating isang “Guru.” Dito nalilito ang marami. “Ano ang pinagkaiba ng isang Guru sa isang Buddha?” Ang totoo, ang tunay na Guru ay isang Buddha. Ang Buddha ay nangangahulugang isang Guru na tagapag-tanggal ng kadiliman o tagapagbigay ng Liwanag. Ibig sabihin nito na kapag nakipag-ugnayan ka sa ganitong klase ng tao, tatanggalin niya ang kadiliman ng kamangmangan at bibigyan ka ng Liwanag.

Kaya sinabi ni Hesus: Ang *mga sumusunod sa akin ay hindi na maglalakad sa kadiliman*. Sinabi nya: *Ako ang Liwanag ng daigdig, pero idinagdag nya: hangga’t ako ay nasa daigdig*. Ito ang parirala na hindi naunawaan ng mga sumunod na henerasyon, na iniisip na Sya ang tagapagbigay ng Liwanag nang walang-katapusan, kaya Niya sinabi na, *habang ako ay nasa daigdig, ako ang Liwanag ng daigdig*. Hindi Niya sinabi na walang-katapusang Liwanag ng daigdig. Sinabi Niya na: *Kapag ako ay lumisan, magpapadala ako ng Taga-aliw para iuwi ang sunod na mga henerasyon pabalik sa Tahanan, kaya huwag kayong iiyak para sa akin*. Ibig sabihin nito na matapos Nyang mamatay, may dadating na panibago. Ganon iyon.

Noong may nagtanong kay Hesus kung sino Siya, sinabi Nya na Sya ang inkarnasyon ng mga nakaraang mga Santo. Hindi ba? Minsan ay binabasa natin ang Bibliya at mabilis nating nakakalimutan, o maaaring hindi natin napansin ang impormasyong ito, at kapag binanggit ko ito ay mukhang napaka-kakaiba. Pero ang totoo, nandoon ito. Ito ay sinaunang impormasyon, at hindi aking impormasyon.

Gayundin, kapag nakakausap ko ang mg Budistang mga tao, iniisip nila na nagsasalita ako ng kakaibang mga bagay dahil iniisip nila na hindi pa nila ito narinig noon. Pero sabi ko, “Nakasaad ito sa Bibliya, sa Budistang Bibliya, at doktrina ng Budismo.” Gayundin, minsan kapag may sinasabi akong tungkol sa Bibliya ng Kristyano ay maaaring kakaiba para sa inyo, kung hindi nyo naaalala.

May nagtanong sa akin na, “Sa Budistang doktrina, mayron kaming Batas ng Pagsilang at Muling-pagsilang, at ang Batas ng Karma,” ang karma ay ang Batas ng Sanhi at Paniningil, ang Batas ng Sanhi at Bunga, “pero ang mga Kristyano ay wala nito?”

Sagot ko, “Meron, meron ang Kristyanismo nito, dahil sa Bibliya ay sinabi na, ***Kung anong iyong itinanim; sya mo ring aanihin.*** Kung hindi ito Batas ng Sanhi at Bunga, ano ito?”

Nais kong ipaalam sa inyo na ang Bibliya ay sinensor, binawasan at pinawi nang napakadaming beses. Maraming mga impormasyon ay ipinagbawal sa publiko. Gaya ng alam natin, maraming mga tao ang nanaliksik sa buhay ni Hesus at nadiskubre nila ang nakakagulat na impormasyon para sa atin, pero kapaki-pakinabang. Mga bagay gaya ng: si Hesus ay isang vegetarian mula nang Siya ay bata pa. Ang mga Romano Katoliko ay hindi ito tinatanggap, pero ang katotohanan ay ang katotohanan, at ang kasaysayan ay kasaysayan. Walang makapagbabago nito. Subalit minsan ang katotohanan at ang kasaysayan ay hindi alam ng karamihan sa mga tao.

Kaya, kapag may nagsabi nito, para itong kakaibang impormasyon, iyun lang. Pero kung maglalaan kayo ng oras at tyaga, makakapagkolekta kayo ng napakadaming impormasyon na hindi pa natin alam. Hindi ba? Minsan, sa inyong sariling mga larangan, bigla rin kayong nakakadiskubre ng bago. Kapareho ito ng mga siyentipiko na walang tigil na dumidiskubre ng

anumang bago. Anumang hindi kapani-paniwala ngayon, bukas ay mapapatunayan na napaka-mapagkakatiwalaan.

Katulad ito ng istorya ni Galileo. Inaprubahan nya ang Heliocentric Theory na nadiskubre ni Copernicus. Nagdulot ito sa kanya ng pang-uusig at pamumwersa ng Simbahan noong panahong iyon. Ganun lang iyon. Masyado silang pabigla-bigla, walang pasensya, at hindi makatao. Minsan ang mga dogmatikong tao ay nagdudulot ng ganitong uri ng sakuna dahil sa kamangmangan. At makalipas ng isang daang taon, nagsisisi tayo, at para saan? Hindi na natin ito maibabalik. Nawalan tayo ng dakilang talento, isang dakilang propeta. Sa palagay ko ay hindi niya ginamit ang pantaong mga mata para tingnan ito, at maaaring hindi sya gumamit ng telescope. Anong ginamit niya? Ginamit nya ang kanyang mata ng karunungan para makakita.

Ang Katotohanan lang ang kaya nyang makita, kaya sinabi nya ang Katotohanan. At sa oras na iyon, kung mayroon nang telescope o maunlad na siyensya, napatunayan sana nila ito. Pero sila ay hindi gaanong maunlad, kaya pinatay nila ang mabuting tao, pagkatapos ng lahat. Wala silang pakealam sa kung anong antas na ang naabot niya o kung gaano sya naliwanagan. Siya ay maganda, maamo at pinatay lang nila siya ng ganon, para sa wala!

Ngayon, ang mga taong ito ay ang mga nakatamo na ng kanilang panloob na karunungan, katulad ni Hesus at ni Buddha. Masyado silang mataas ang narating sa panahon nila, na hindi sila matagalan ng mga tao – pwede nating sabihin na ganon. Hindi ba? Kaya, nang si Buddha ay buhay pa, hindi lahat ng tao ay sumasamba sa Kanya. Maraming mga tao ang sinubukang saktan Siya, patayin Siya, siraan Siya, at dumihan ang Kanyang pangalan. Nang si Hesus ay buhay, marami syempre ang sumasamba sa Kanya pero marami rin ang sinaktan Siya at sinubukan ang lahat ng klase ng paraan para patayin Siya. Kahit na alam ng tagapaghukom na si Hesus ay inosente, wala pa rin syang kapangyarihan laban sa mga masasamang taong iyon.

Gayundin, si Galileo ay isa ring dakilang tao, isang propeta ng panahong iyon. Masyado siyang mataas (sa ispiritwalidad) na ang mga tao ay hindi makasabay sa kanya. Hindi nila maintindihan ang kanyang mga ideya at ang kanyang karunungan. Kaya nakikita natin na ang siyensya ay hindi parating husto. Kaya ngayon, anong gagawin natin? Sundin ang sarili nating karunungan.

Karamihan sa mga siyentipiko ay palaging ginagamit ang kanilang utak. Ginagamit nila ang kanilang mga utak nang mas madalas kaysa sa ordinaryong mga tao. Kaya nakakadiskubre sila at nakakaimbento ng napakadaming mga aparato. Nakakaimbento sila ng napakadaming bagay na nagpapaalwan sa atin, pero ang kanila lang ginagamit ay konti lang ng karunungan na ibinigay ng ating Ama, ng Diyos sa araw ng ating pagsilang.

Ngayon, may paraan para magamit ang ating kumpletong karunungan, at napakadali nito na kahit sino ay kaya itong gawin. Kung kayo ko itong gawin, isang napakaliit na tao na may timbang lang na mahigit sa pitumpung libra (70lbs), ay sigurado na kayo na napakalaki at matatangkad ay mas magagamit ito. Ito ang ating pag-asa sa hinaharap, dahil hindi tayo parating makakaasa sa materyal na siyensya, kailangan din nating umasa sa ganitong uri ng ispiritwal na siyensya na magdadala sa atin sa napakalayong “daigdig sa kabila ng daigdig.” Ito ay magbibigay sa atin ng ligaya at kahulugan sa ating buhay.

Sa palagay ko ay, karamihan sa atin ay nagtatanong kung para saan ang pag-iral ng mga tao. Bakit tayo pinapamuhay ng Diyos ng 100 taon at pagkatapos ay hahayaan tayong mamatay? Para itong pagsasayang ng oras. Isipin natin kung mabubuhay tayo ng mas matagal, mas madami tayong magagawa. Hindi ba? Oo. Totoo talaga ito. May paraan para mabuhay ng matagal pero hindi sa katawang ito. Kailangan nating mabuhay ng matagal sa ibang katawan. May mga katawan na kayang magtagal ng ilang daang taon; mayroon ibang katawan na kayang magtagal ng ilang libong taon; may ilang uri ng mga katawan na kayang magtagal ng ilang milyong taon; at mayroong kayang mabuhay nang habang buhay. Ang katawan na iyan ay ang katawan ng karunungan at kailangan nating gumamit ng pamamaraan ng karunungan para makamit ito. Gaya ng gumagamit tayo ng medikal na pamamaraan para makamit ang antas ng medikal na doktor, gayundin ginagamit natin ang pamamaraan ng karunungan para makamit ang ating katawan ng karunungan.

Sa katawan ng karunungang ito ay wala tayong kinatatakutang apoy, tubig, o anumang uri ng sakuna, at wala tayong sakit na mararamdaman o anuman. Wala akong salita sa pantaong lenggwahe na maisip para tunay na maipabatid sa inyo, aking mga kapatid, ang kadakilaan ng ating karunungan, ng ating Kristong Kapangyarihan na likas sa atin. Ito ang tinatawag na “Langit sa kalooban” – *tingnan mo, ang Langit ay nasa kalooban*. Alam ito ng lahat pero maaaring maitanong ninyo, “Ano ang Langit? At nasaan ang – ‘kalooban’? At anong ginagawa

ng ng Langit sa akin habang dinadala ko ito bente-kwatro oras araw-araw? Anong magagawa nito sa akin? Anong gamit nito para sa akin? Ano ang silbi ng Langit na ito sa aking kalooban, habang ako ay miserable araw-araw? Nagpapakahirap ako sa walang-katuturan na daigdig at kailangan kong harapin ang lahat ng klase ng inis at inggit mula sa loob at labas. Ano ang silbi ng iyong pagsasabi sa akin ng tungkol sa Langit na ito?”

Oo, sang-ayon ako sa iyo. Wala itong silbi. Tanging kung alam natin ito, taglay natin ito, at ginagamit natin ito, ito magiging kapaki-pakinabang. Kung hindi, madadala mo ito ng isang daan, isang libo, isang milyong, isang bilyong mga taon at ikaw ay isa pa ring tao, o isang leyon o isang uod o isang tigre – maging kung ano ka. Ito ang dahilan kung bakit natin dapat malaman kung ano ang Langit na ito, kaya ako nagpunta dito para ipaalam sa inyo para malaman nyo ang inyong kayamanan. Maniwala kayo o hindi, umaasa lang ako sa inyong karunungan. Napakadali na paniwalaan dahil mayroong pruweba.

Matapos na ang isang tao ay makatanggap ng inisasyon, agad ay may pruweba sya at araw-araw ay mas maraming pruweba. Bawat minuto ay mas maraming pruweba. Bawat segundo ay nabubuhay ka sa ibang daigdig, nang may ibang pagtingin. Ang mundo mismo ay hindi nagbago – sinabi lang ng kaibigan ko na ang palagid ay hindi nagbago; sya ang nagbago. Oo, dahil hindi natin kayang baguhin ang daigdig. Hindi mahalaga kung gaano kaunlad ang ating sibilisasyon, hindi mahalaga kung gaano kadaming materyal na bagay ang mayroon tayo, parehong hirap pa rin ang nadadama natin. Hindi ba? Kailangan pa rin nating harapin ang pagkayamot, at ang kaligayahan ay hindi kayang bilhin ng pera. Kaya, nagbabasa tayo ng dyaryo, nanonood tayo ng telebisyon at nakakakita natin na maraming mga milyonaryo na nagpapakamatay.

Maraming mga dakilang tao ang hindi makayanan ang pasanin ng mundong ito at winawakasan ang kanilang buhay sa trahedyo. Ito ay dahil nakalimutan nila ang kanilang walang-hanggang kayamanan, umaasa sila sa kanilang pansamantalang kayamanan. Kaya sinabi ni Hesus: **Huwag kayong mag-imbak ng kayamanan sa Lupa, kung saan ang mga anay at kalawang ay nakakapanira; sa halip ay mag-imbak kayo ng kayamanan sa Langit kung saan ito ay magtatagal nang walang-hanggan.** Ibig sabihin niya na hanapin mo ang sarili mong kayamanan, ang walang hanggang kayamanan, at palagi kang makakakuha mula sa bukal na ito at palagi itong may suplay.

Kaya ito ay walang-katapusan biyaya. Sinasabi ko ito nang paulit-ulit at wala akong mga salita para i-anunsyo ito. Mapapapurihan ko lang ito at umaasa lang ako na maniniwala kayo sa aking papuri. Umaasa lang ako na ang aking tinatawag na ‘liwanag’ – ang aking enerhiya, ang aking ‘magnetic field’ (aura) -at katapatan ay makahipo kahit papaano sa inyong puso at makapag-angat sa inyo sa ganoong uri ng maligayang pakiramdam, at kahit papaano ay maniwala kayo. At pagkatapos ng inisasyon ay tunay nyong malalaman ang ibig sabihin ng aking mga salita. Ngayon ay nag-aanunsyo lang ako para sa “biskwit” at sa “biskwit” na hindi nyo pa natitikman. Pero ito ay libre.

Hindi ko alam kung ano pa ang magagawa ko. Kung utusan nyo akong magwalis sa bahay nyo para patunayan ang katapatan ko, masaya kong gagawin. Kung sinabi nyong pakintabin ko ang mga sapatos ninyo para patunayan ang aking walang-pag-iimbot na serbisyo, gagawin ko agad. Wala akong paraan para maipabatid sa inyo ang dakilang biyayang ito na ipinagkaloob ng Diyos sa akin, na may karapatan akong ipamahagi. Hindi Nya lang ito ibinigay sa akin, binigyan Nya rin ako ng karapatan – pinayagan Nya akong ipamahagi ito sa sinomang may gusto, at nang walang kabayaran, walang anumang kondisyones, ng anumang bahid ng materyal na pagnanasa.

Ngayon, sa palagay ko ay nagkaron tayo ng ilang komunikasyon. Hindi ba? Naramdaman nyo ba ang aking katapatan? Sasagutin ko ang mga katanungan nyo. Anumang katanungan na mayroon kayo ay malugod kong sasagutin.

Bago ko natagpuan ang pamamaraan na ito, ay hindi pa ako nakapagpraktis, hindi pa ako nakakonekta sa dakilang pagpapalang ito ng karunungan. Maraming mga uri ng bagay na ang sinubukan ko, gumawa na ako ng maraming uri ng mga kawanggawa. Dama ko na kailangan kong tulungan ang mga nangangailangan gaya ng gagawin ng ilan sa inyo dito. Pero, sa pagdami ng aking tinutulungan ay sa pagdami ng aking gawain, at lalo kong nadarama na hindi ang mga iyon sapat.... Para bang sa pagdami ng inyong pagtulong, sa pagdami ng taong nangangailangan; parang ang iyong oras at lakas ay napakalimitado, at ang daigdig ay napakalawak. Napakadaming mga tao ang nagdurusa, at ikaw ay nag-iisa, o kahit na ang isang daang ikaw ay hindi kayang tulungan ang ganon kadaming tao.

Noon ay iniisip ko, “Ano ang ginawa ni Hesus, na nagawa Niyang tulungan ang napakadaming mga tao? Ano ang ginawa ni Buddha, at nasabi ng mga tao na pwede Syang maparoon kahit saang lugar at nang sabay-sabay?” Nag-iisip ako ng matindi noon at naisip ko, “Hindi ito pwede, dahil napakaliit ng aking pangangatawan at ang aking lakas ay limitado. May hangganan ang kaya kong gawin at ako ay babagsak. Kaya ano ang ginawa ni Buddha at hindi Sya bumagsak at natulungan Nya ang napakadaming mga tao?”

Nabasa ko ang Sutra, ang mga doktrina ng Budismo (ang Sutra ay Sanskrit sa doktrina o banal na kasulatan). Nabasa ko na ang Buddha ay kayang gamitin ang Kanyang transedental na katawan para magpakita sa anumang lugar at sa anumang oras. Sa Kristyanong terminolohiya, ay tinatawag natin itong omnipotence o omnipresence. Hindi ba? Oo. Kita nyo ang mga Budista at Kristyano ay iisa lang ang sinasabi. Kahit sa Hinduismo ay binanggit din ang omnipresence. Ibig sabihin nito na habang ikaw ay nandito, ikaw ay nasa kahit saang lugar din sa parehong oras, at sa anumang oras. Iyan ang ibig sabihin ng omnipresence.

Kung ating lang iisipin na ang isang tao ay kayang maging ‘omnipresent.’ Kaya nyo bang isipin? Hindi ba’t napakagaling? Oo, totoo. Akala natin ay si Hesus at Buddha lang ang makakagawa nito, at akala natin ay si Buddha ay dumating lang ng isang beses sa bawat milyong beses, at si Hesus ay dumating lang ng isang beses sa napakaraming habang-buhay. Hindi ito lohikal. Katulad ng sa bawat panahon ay may mga tao na nagdurusa mula sa mga sakit, kung kaya sa anumang kapanahunan ay kailangang mayroong mga manggagamot para manggamot ng kanilang mga sakit.

Simula noong sinaunang panahon, ang mga tao ay nagdusa mula sa pangkaisipang kawalang-kasiyahan. Isang uri ito ng sakit. Ang sakit sa ating pisikal na katawan ay madaling maghilom. Hindi ba? Umiinom tayo ng mga gamot, magpapaopera o magpapabakuna at okey na tayo. Pero ang pagdurusang pangkaisipan, walang sinomang makapanggamot, ang araw-araw na pagkayamot sa buhay na walang sinoman ang kayang makapawi. Kaya, kung si Hesus ay nag-alay lang ng Kanyang pagpapala isang beses sa bilyon-bilyong pagkakataon – sa katunayan, karamihan sa mga tao ay naniniwala na Sya ay dumating lang noong panahon iyon – ito ay pang-mamaliit sa awa ng Diyos.

(*Suminghot si Master at sinabi*) Ito ang dala ng sibilisasyon sa akin -aircon at mga sigarilyo. (*Tawanan*) Nakatira ako sa Formosa sa may bukid, sa parang. Lahat kami ay nakatira sa tent at ang aming templo ay isang tent din. Hindi kami nagsasayang ng pera at gumagawa ng ingay sa pagbuo ng templo. Nakatira kami sa bukas na hangin. At ngayon ay nakakulong ako sa naka-aircon, at puno ng usok na entabladong jumbo jet at agad akong sinisipon. Ito ang benepisyong sibilisasyon. (*Tawanan*)

Kaya, huwag kayong tumingin sa aking halimbawa. Tingnan ako at nakikita nyo na napakaliit ko, napakapayat at may sakit, at iisipin nyo na ang magpraktis ng ganitong pamamaraan ay walang kwenta. Pero ito ay may lahat ng uri ng gamit, dahil kung ikaw ay isang Master, pwede ka lang magbigay, hindi ka pwedeng kumuha. Iyan ang pinagkaiba. Ang iyong mga disipulo ay napakaginhawa, tinatamasa ang lahat ng kaligayahan, kasiyahan at pagpapala, pero kailangan ng Master magdusa. Kaya si Hesus ay dumating para iangat ang sangkatauhan at linisin ang kanilang mga kasalanan, at Sya mismo ay napako sa krus, Sya mismo ay hindi matamasa ang anumang prebilehiyo, at kaya Siya pinagalitan ng mga tao, pinulaan Siya, at ipinako Siya.

Si Buddha ay gayun din. Nagdusa rin Sya sa mga karamdaman at sa mga panglalait ng mga tao at lahat ng mga walang-kwentang bagay. Kaya huwag kayong matakot. Sa oras na makuha ninyo ang pamamaraang ito, kayo ay protektado nang isang-daang porsyento ng Kapangyarihan ng Diyos, samantalang ang Master ay hindi-kabilang dito. Kailangan ng Master tiisin ang lahat ng uri ng pagdurusa, at iyon ang pinagkaiba. Ang Master laman ang kailangang magdusa, pero sinoman ay pwedeng magsaya. Ito ang presyo ng pagiging magulang – ang mga bata ay pwedeng matamasa ang lahat ng kaginhawaan. Hindi ba? At ang mga magulang ay kailangang magtrabaho nang sobra para maibigay ang lahat ng bagay at gampanan ang lahat ng responsibilidad. Ngayon, hindi tayo nagrereklamo sa pagiging mga magulang – kaya hindi rin dapat magreklamo ang sinoman sa pagiging isang Master. Ang tunay na Master ay kailangan magdusa.

Bakit ganito, kapag sinoman na natamo ang panloob na Kapangyarihan na ito, sya ay pwedeng maging omnipresent? Nangyayari ito dahil sya ay konektado sa buong sansinukob. Kaya, sa Chinese Taoism ay sinasabi nila, “Wang Wu Tung Yi Ti,” na ibig sabihin ay “Ikaw at ang sansinukob ay iisa”; o gaya ng sinabi ni Kristo: *Ako at ang aking Ama ay iisa*. Ano ang ibig sabihin ng “Ama”? Ibig sabihin nito ay ang pinagmulan ng buong pag-iral, ang ama ng lahat ng

nilalang. Kapag ikaw ay kaisa ng Ama, ibig sabihin na ikaw ay kaisa ng buong kosmos, nakamit mo itong estado ng kaliwanagan ng mas mataas na antas ng kamalayan.

Ngayon, ang kaliwanagan ay hindi nangangahulugan na ikaw umuuli nang may Liwanag sa iyong mukha – pero pwede itong mangyari. Makikita ng mga tao na mayroon kang liwanag na nakapalibot sayo kung ang kanilang mga mata ng karunungan ay bukas. Kita natin sa mga larawan nina Hesus at Buddha at ng lahat ng mga Santo na mayroon silang halo sa palibot nila. Iyon ang Liwanag. Sa katunayan, iyon talaga ang ibig sabihin ng kaliwanagan – dahil mayroon itong liwanag. May Liwanag, pero hindi natin magagamit ang ating normal na matang mental na makita ang Liwanag na ito. Kailangan nating gumamit ng mata ng karunungan, o ikatlong mata, ang mata ng Diyos, mata ng Buddha, mata ng Tao, o mata ng Jehovah (*Tumawa si Master*) – anumang ngalan ang itawag nila. Napakadaming relihiyon na may iba't ibang pangalan kaya tayo ay nalilito.

Paano natin matatamo ang matang ito, at paano natin matatamo ang Liwanag na ito? Ito ang layunin ng aking pagpunta dito sa inyo ngayong gabi. Nais kong ibahagi sa inyo ang simpleng paraan para kumonekta sa Kapangyarihan ng Diyos, o Kapangyarihan ng Kristo, o Kapangyarihan ng Buddha. At ikaw ay magiging Kristo, ikaw ay magiging Buddha, ikaw ay magiging **“ikaw at ang iyong Ama ay iisa”** gaya ni Hesus.

Hindi sinabi ni Hesus na Sya lang ang anak. Sinabi Nya na ang lahat ay anak ng Ama. Sinabi ng Bibliya: ***Nilikha ng Diyos ang mga tao sa Kanyang imahen.*** Ibig sabihin nito na hindi lang si Hesus, kundi tayo rin ay kahawig ng Diyos. Subalit noong panahon Niya ay Siya lamang at ang konti Nyang mga disipulo ang nakapagtanto nito, dahil kailangan ng oras at praktis para madiskubre ang ating sariling dakilang antas, ang ating angking dakilang katayuan sa sansinukob.

Hindi pa natin nagagawa, kaya tayo ay ignorante pa sa ating kadakilaan at tayo ay naglalakad sa kalye na katulad ng mga pulubi. O, paumanhin, hindi ko ibig sabihin na kayo ay mga pulubi. Ang ibig kong sabihin ay kumpara sa ating angkin at likas na kadakilaan, tayo talaga ay mga pulubi, mas malala pa tayo sa mga pulubi. Kung alam lang natin kung gaano tayo kadakila, malulungkot tayo sa ating nakaraang kamangmangan. Ito ang dahilan kung bakit si Hesus ay napakasipag, sa pagtakbo mula sa kung saan saang lugar para sabihin sa mga tao na: ***Kayo ang mga anak ng Diyos,***

kaya nyong maging Diyos, kaya nyong hanapin ang Langit; halika't tingnan mo, ang Langit ay nasa sa kalooban mo. Kaya mong matagpuan ang Langit ngayon.

At si Buddha ay nagtatakbo rin kung saan-saan sa loob ng apatnapu't siyam na taon, at palagi Nyang sinasabi sa mga tao na: ***Lahat ay pwedeng maging Buddha, ang lahat ay may Likas na Buddha.*** Pero napakakonti lang ang nakikinig sa Kanya. Bakit ganon? Dahil tayo ay masyadong balot sa ating mga gawi, sa mga impluwensya ng ating kapaligiran, at nakalimutan natin. Hindi natin mapaniwalaan na mayroon pang higit sa mundong ito. Hindi natin mapaniwalaan na mayroon pang kayang magbigay sa atin ng mas maraming kaligayahan kaysa sa ating pera, mga kotse, mga bahay, mga asawa at mga anak at lahat ng ito. Pinayuko tayo ng mundo sa ganitong antas ng pang-unawa. Gusto ng sosyedad na maunawaan natin iyan, at iyan lang, wala nang iba pa.

At tayo ay abala araw-araw, kaya wala na tayong oras na mag-isip. Minsan ay pumapasok sa ating mga isipan nang mabilis, “O, oo, Ano ito? Ano ito? Para saan ang buhay? Ano ito? Gusto kong malaman kung ano ang Langit, gusto kong malaman kung ano ang Diyos. Paano ko ito malalaman?” At sa sunod na minuto ang mga bata ay dadating at sasabihin, “Mama, gusto ko ito, gusto ko iyon,” o ang asawa ay dadating at mag-aaway kayo, at iyon na, nawala na ang Langit. (*Malakas na tawanan*) At sa sunod na minuto, lubusan mo nang nakalimutan ang tungkol sa Langit, at ang Diyos ay napatapon na sa basurahan. Hindi nyo na Sya kilala. Ang kilala nyo lang ay ang inyong pagkayamot, at alam nyo lang kung paano makipagtalo, paano murahin ang inyong asawa, at patigilin sila sa pagsasalita. At masyado na kayong naiinis at binuksan nyo ang telebisyon at tumawa kayo sa mga komedyante at ayun na, iyon na ang ating Langit. (*Tawanan*)

Nakakaawa ang ganitong araw-araw na buhay. Hindi natin kailangang manood ng TV para maging masaya. Hindi natin kailangan ng mga komedyante para tumawa. Pwede tayong tumawa araw-araw sa ating kalooban kung alam natin kung nasaan ang Langit at kung paano ito diskubrehin at paano gamitin ang ating kayamanan araw-araw. At hindi lang natin ito kayang gamitin, kaya din natin itong ipamahagi. Sinoman na alam ang Langit ay nagniningning sa isang uri ng banayad, maganda, mapagpalang enerhiya sa paligid nya, na sinomang makakita sa kanya ay makadarama ng saya, tiwala, ligtas, napaka-palakaibigan, at may napaka-malapit at maginhawang pakiramdam.

Kaya, nang matamo ni Hesus ang Kapangyarihang ito, kaya Niyang sabihin ng malakas at may katiyakan: *Pumunta kayo sa akin, kayong lahat na may mabibigat na pasanin at pagod, at pasisiglahin ko kayo.* Oo, ibig Nyang sabihin na kaya Nya iyong gawin. Hindi sya nagyayabang: sinabi Nya ang totoo. At maaari ko iyang ulitin dito, parehong bagay, dahil wala akong ginagawa na kaiba kay Hesus. Pareho ang aming misyon. Nauunawaan ko na nagulat kayo dito, pero kung hindi ko ito sasabihin, ano pang masasabi ko? Anong dahilan at nandito ako?

Sa palagay ko ay nahihiya akong sabihin ito nang napakabilis; plano kong hindi ito sabihin. Pero sa palagay ko ay ito ang personalidad ko. Napaka-prangka ko. Minsan hindi ko maitago ang mga bagay at nakakalimutan ko. Minsan hindi ako marunong makiayon, madalas ay nagugulat ko ang mga tao. (*Tumawa si Master*) Sumasabog akong parang bomba at hindi matanggap ng mga tao. (*Tawanan*) Pero hindi bale. Anumang dapat sabihin ay ordinasyon ng Diyos, at kung gusto Nya na umuwi kayo sa Tahanan, kayo ay uuwi sa Tahanan. Kung ang karunungan nyo ay sapat na nakabukas, maniniwala ka sa anumang sabihin ko; at kapag ito ay hindi gaanong bukas, anumang sabihin ko ay walang kahulugan para sa iyo. Hindi ba? Kahit noong si Hesus ay buhay pa, maraming mga tao ang hindi naniwala sa Kanya. Kaya sino ako para umasa ng mas maraming pananampalataya.

Ngayong araw ang unang araw at iniisip ko kung paano ako makikipagkaibigan, paano ko maipapadama sa inyo na matagal na tayong magkaibigan. At pagkatapos ay iniisip ko na hindi ko na kailangang gawin iyan dahil ang Kapangyarihan ng Diyos na nasa sa ating kalooban ang magbubuklod sa atin. Ang lenggwahe ay isa lang napakaliit, madali, kapakipakinabang na paraan. Wala itong pinagkaiba. Kadalasan, ang mga dakilang Master ay hindi gumamit ng lenggwahe para himukin ang mga tao; ginamit nila ang kanilang mga mata at kanilang enerhiya, ang liwanag. Gaya ng sinabi ko sa inyo kanina, sinoman na natamo na ang Kapangyarihan ng Kristo na ito ay magniningning ng isang uri ng katiyakan, isang uri ng mapagkakatiwalaang atmospera na makapag-papaniwala sa mga tao sa kanyang sinasabi at makapag-papadama sa kanila ng labis na kaginhawaan. Maski ang iyong hipo at iyong mga mata ay hihilom sa mga sakit ng maraming mga tao kung mayroon ka ng Kapangyarihang ito.

Si Hesus ay hindi gumamit ng mahikang kapangyarihan. Akala ng mga tao ay gumamit Sya ng mahika pero hindi Sya gumamit. Sya mismo ay isang mahikang kapangyarihan. Sinoman na

mapalapit sa Kanya ay makakakuha ng benepisyo, ng pagpapala, gagaling at magiging masaya. Ganon iyon. Kahit ang Kanyang mga disipulo ay mayroon ng ganitong Kapangyarihan.

Ngayong araw, sa loob ng kotse muli, ay napag-usapan namin ang benepisyo na nakukuha ng mga disipulo mula sa pagpapraktis ng Quan Yin Method. Ano ang “Quan Yin” (salitang Chinese)? Ibig sabihin nito na iyong pinagninilayan ang panloob na Taginting, ang panloob na Musika. Hindi ko pwedeng sabihin na ito ay Musika, at hindi ko rin pwedeng sabihin na hindi ito Musika, at hindi ko pwedeng sabihin na ito ay Taginting. Hindi ko alam kung ano ito sa lenggwahe.

Sa Bibliya, tinatawag itong “ang Salita,” “ang Tunog,” “ang Taginting.” Sinasabi: ***Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa sa Diyos, at ang Salita ay ang Diyos... at bawat bagay na nalikha ay gawa sa Salitang ito, at walang nalikha ang hindi gawa sa Salitang ito.*** Ang Salita ay nangangahulugang Tunog, Taginting, panloob na Musika, makalangit na Musika. Sa Taginting na ito ay hindi tayo makakagamit ng pisikal na tainga para ito ay mapakinggan o anumang uri ng ating pisikal na pandamdang, o paraan para hipuin ito o hawakan ito. Kailangan nating gumamit ng panloob na pandamdang mula sa panloob na Tao. Ang panloob na Taong ito ay ang Tunay na Tao; hindi ito ang katawan, naninirahan lang ito sa katawang ito. Iyan ang ating Tunay na Sarili.

Kapag nadinig natin ang panloob na Karunungan o panloob na Taginting, ibig sabihin nito na ang ating panloob na Sarili ay nagising. Kaya kapag sinabi natin na mayroong nakadanas ng dakilang pagkagising, ganun mismo ang ibig sabihin. Sino ang nagising? “Araw-araw, ang ating mga mata ay bukas na bukas pero hindi tayo nagising? Nagbibiro ka sigurado.” Hindi, hindi ako nagbibiro. Hindi tayo nagising. Nagising lang tayo kung tayo ay naliwanagan, kapag ang ating panloob na Sarili ay nagising. Ngayon ito ay natutulog, kaya hindi natin maranasan ang panloob na daigdig o ang pagpapala mula sa Diyos o mula sa Langit.

Tayo ay nandito sa daigdig, namumuhay, lumalangoy, at nagdurusa sa materyal, pisikal, mortal na daigdig. Kaya tayo ay “patay.” Paumanhin kung nagulat ko kayong muli. Mabubuhay tayong muli kung tayo ay nagising na, kapag naranasan natin ang pagkagising mula sa loob, kapag ang Tunay na Tao, ang ating Tunay na Katauhan ay nagising. Ang prinsipal ay dadating at bibigyan tayo ng halik ng ating buhay at tayo ay magiging, at iyan ang sandali ng pagkagising na tinatawag na kaliwanagan; magkapareho lang iyon.

Ngayon, bakit ko nasabi na tayo ay “patay”? Dahil mayroon tayong mga mata pero hindi tayo gaanong nakakakita – ang nakikita lang natin ay mula dito hanggang doon. Dahil may mga tainga tayo pero hindi tayo nakakadinig masyado – konti lang ang nadidinig natin, sa maikling distansya at hindi natin nadidinig ang makalangit na Musika, at hindi natin nakikita ang makalangit na tirahan. Kaya tayo ay bulag, bingi at pipi.

Nakakalungkot ito. Mayroon tayong makapangyarihang Mata, makapangyarihang Tainga. Kaya nating makadinig mula sa libo-libong milya, kaya nating makadinig mula dito hanggang sa Formosa; kaya nating makakita mula dito hanggang sa Germany; kaya nating makakita mula rito hanggang sa Langit at sa impyerno, pero hindi natin ito ginagamit. Kaya tinatawag natin ang sarili nating bingi at pipi at patay. Ganon iyon. Ang alam lang natin ay ang limitadong espasyo ng oras, kaya lang nating maglakad ng dalawampung milya at bagsak na tayo. Kaya wala tayong kapangyarihan. Napakaliit lang ng kaya nating makita at kaya lang nating manatiling gising sa konting oras at kailangan na nating pumikit at matulog.

Mayroong Tao na hindi natutulog, na hindi kailangang kumain, o gumawa ng kahit ano, at alam niya ang lahat, naririnig niya ang lahat, nakikita niya ang lahat. Ito ang ating Tunay na Sarili, ang tinatawag nating Diyos, Christ Power o Likas na Buddha. Kailangan nating gisingin ang Taong ito, at iyan ang tinatawag na pagkagising. Matapos nating gisingin ang Taong iyon, tayo ay magiging omnipresent; at unti-unti, tayo ay magiging: ***Ako at ang aking Ama ay iisa***. Malalaman natin ang lahat nang walang kaalaman, makikita natin ang lahat nang hindi tumitingin, maririnig natin ang lahat nang hindi nakikinig.

Kaya sa Bibliya ay sinasabi: Naririnig ninyo, pero hindi nyo naiintindihan. Nakikita ninyo, pero hindi ninyo nauunawaan. Iyan ang ibig sabihin ng aking ipinapaliwanag sa inyo. Bakit “naririnig at hindi naiintindihan,” o “nakikita pero hindi nauunawaan”? Dahil sa ang ating pagkakita ay hindi talaga pagkakita, kundi ilusyon. Ang tunay na daigdig ay lampas sa ating pisikal na tainga. Kailangan nating gisingin ang Tunay na Sarili para maranasan, maunawaan ang tunay na daigdig. Ito ang ibig sabihin ng nasa Bibliya: ***nakikita ninyo, pero hindi ninyo nauunawaan***.

Pagkatapos ng pagkagising, tayo ay konektado na sa buong kosmos, sa buong sansinukob, at hindi na tayo kailanman naglalakad nang mag-isa; naglalakad tayo ng kasama ang Kapangyarihan ng

Diyos. Tayo ay konektado katulad ng network, gaya ng tayong ay konektado sa pamamagitan ng network ng radyo at telebisyon o telepono. Pindutin mo lang ang numero at alam na ng lahat ang nangyayari, o magpalabas ka lang ng mga balita at malalaman na ng buong mundo kung ano ang nangyayari sa Formosa o kung ano ang nangyayari sa Amerika. Ito ay pisikal na network, at mayroon tayong mas pino, hindi kapansin-pansin, mas mataas na network, na tinatawag nating “katrabaho ng Diyos,” “katrabaho ng kosmos,” “katrabaho ng Buddha.” Ito ang tinatawag na “pagiging Buddha,” pagiging alam ang lahat, Pinaka-makapangyarihan, ang Omnipresent.

Kaya maaari kang tumigil dito at magsalita at kasabay nito ay magpakita sa kahit saang bansa na nangangailangan ng iyong manipestasyon. Ito ang tinatawag na omnipresence. At makakaupo ka dyan habang nakikinig sa akin, at kasabay nito ay may maraming mga transedental na katawan at pumupunta sa iba’t ibang lugar para tulungan ang mga tao na tumatawag sa’yong tulong. Ito ang omnipresence, isang dakilang layunin na dapat nating mithiin para sa ating mga sarili, na kaya nating abutin -at napakadali. Sa pamamagitan ng paglalaan ng isang-ikasampu (1/10) ng ating pang-araw-araw na oras, maaabot natin ang panloob na kamara sa maikling panahon. Kahit na hindi natin maabot ang omnipresent na estado, kaya nating maabot ang isang dakilang Kapangyarihan at malaking benepisyong para sa ating mga sarili, ng ating mga kamag-anak, ating mga kaibigan at ating mga bansa. Kaya nating magpasikat ng Liwanag na manggagamot sa iba at sa maraming mga paghihirap sa mundo – kaya nating tulungan ang maraming tao.

Isa sa aking mga disipulo ay isang doktor. Napakabata nya, kapagtatapos nya lang at wala pa syang karanasan sa pag-oopera. Pero sa twing mag-oopera sya ng kahit sino, tiyak na gagaling agad ang pasyente sa loob ng ilang araw, at ang mga taong iyon ay kadalasan ay wala nang pag-asa. Ngayon araw ay napag-usapan namin ito sa kotse. Ang doktor na iyon ay anak ng isa sa aking mga disipulo – ngayon ay nasa Formosa at napakalakas na may kokonting karanasan sa pag-oopera. Isang bagong doktor, kadalasan ay hindi sya pinapayagang magsagawa ng operasyon nang mag-isa, pero sa maraming mga desperadong kaso, kung saan mahaba na ang listahan ng mga pasyenteng naghihintay sa kamatayan, kaya wala na silang pakealam at pwede nyang subukan. At sinubukan niya at ang mga pasyente ay nakauwi na pagkatapos ng dalawa o tatlong mga araw. Ang mga taong ito sa katunayan ay napakadesperado, gaya ng mga pasyente na ang mga baga ay puno ng tubig.

Sa twing “hinipo” ng doktor na ito ang sinoman, ang taong iyon ay agad umuuwi. Kaya sabi ng ibang doktor, “P.paano m... m...mo.. ito ginawa?” Hindi nya rin alam. Ito ay isang maliit na aspeto ng Christ Power, ng Kapangyarihan ng Diyos na nais kong ipabatid sa inyo, na ang iyong sarili mismo ay taglay – hindi sa ibibigay ko ito sa inyo o sinoman ay ibibigay ito sa inyo. Ibinigay ito sa atin ng Diyos; tayo ay isinilang na mayroon nito.

Ang Diyos ay napakamaawain na nang tayo ay Kanyang ipinadala sa mundong ito, Sya ay nag-aalala na ang Kanyang mga anak ay mangailangan. Kaya Kanyang ipinagkaloob ang lahat sa atin sa loob. Subalit nakalimutan natin kung paano ito gamitin, at dumating tayo dito at naging napaka lungkot, walang-magawa at walang-lakas at tayo ay miserable, tayo ay hindi masaya.

Kaya ang pinakamasayang tao sa mundo ay hindi talaga masaya, kung hindi niya alam kung nasaan ang kanyang tunay na kaligayahan, kung nasaan ang kanyang walang katapusang kaligayahan. Iyan ang dahilan kung bakit ang bawat isa ay mayroong isang uri ng hindi-mawaring pakiramdam na, “Mayroong kulang pero hindi ko alam kung ano ito.” Hindi mahalaga kung gaano kadaming pera ang mayroon tayo o kung gaano kaganda o gwapo ng ating mga asawa, ramdam pa rin natin na hindi tayo lubusang kontento.

Isa sa aking mga disipulo ay nabanggit ngayong araw na sya ay lubusang masaya sa loob. Sya ay napaka-kontento, at sinabi ko, “Masaya ako para sayo. Kahit na hindi ka masyadong nakakapagpraktis nang mabuti, hindi ka gaanong masigasig, pero marami kang mga benepisyo.” Sinabi nya na noon ay palagi syang masakit ang ulo araw-araw at nahihilo – ang buo niyang katawan ay nasa masamang kalagayan. Pero pagkatapos ng inisasyon, syempre sya’y naging vegetarian, ngayon ay napakalusog nya. Kaya ang buong pamilya nya ay sinusuportahan sya. Salamat sa Diyos, naipakita nya ang isang uri ng pisikal na benepisyo. Kung hindi, walang makakapagsabi ng kanyang panloob na benepisyo.

Itong halimbawang ito ay isang pisikal na manipestasyon lang, at napakaliit lang nito na gaya niyon, at kahit hindi sya gaanong nagpapraktis. Masasabi ko na sya ay isang lawsi (lousy sa english, hindi mahusay, bulok) na praktisyoner. (*Tumawa si Master*) Kaya nasabi ko na masaya ako para sa kanya. Kahit na ang kanyang debosyon ay lawsi, nagkakaran pa rin sya ng napakaraming benepisyo. Kaya, huwag nyong pagdudahan ang isang taong lubusang inialay ang kanyang

katawan, salita, at isip nang buong-puso para sa Diyos, para sa Daan, para sa Propeta, na tiyak na makakakuha ng nagpapagaling na Kapangyarihan, ng buong benepisyo ng pagpapala ng Diyos, at maibigay ito sa iba. Walang duda tungkol dyan.

Pero, hindi ang pisikal na benepisyo ang ating hinahanap. Hindi ito karapatdapat na intensyon. Ang ibig kong sabihin, kahit na ang katiting, isang maliit na piraso ng Kapangyarihang ito ay kayang baguhin nang sobra ang ating buhay, kapaligiran at sinoman na ating makasalamuha, na tayo ay nagdududa kung talaga bang mayroong ganitong uri ng Kapangyarihan.

Malapit na ang ika-21 siglo at tayo ay nasa napaka-siyentipikong panahon. Kapag ikinuwento ko ang ganitong bagay, maaaring isipin ng marami na nagkukwento ako ng isang 'fairy tale.' Kaya mahirap ipabatid ang ating mensahe sa kalakhan ng daigdig, kahit gaano ako katiyaga na gawin ito at kahit gaano kasigasig ng aking mga disipulo na gawin ito. Kailangan pa rin nilang maging mapagpasensya at huwag umasa masyado. Nakakalungkot ito, pero walang remedyo para dito. Kahit noong buhay pa si Hesus, hindi marami ang Kanyang nailigtas; hindi marami ang sumunod sa Kanya. Gayundin si Buddha; hindi maraming tao ang sumunod sa Kanya.

Bakit? Mas madali bang sambahin ang isang patay na Master? Totoo, dahil wala siyang salita. (*Tawanan*) Anumang gusto mong paniwalaan, hindi ka nya itatama; anuman ang iyong maling paniniwala, hindi ka niya pagagalitan at hindi nya sasaktan ang iyong ego. Iyan ang ibig sabihin. Kaya matapos mamatay ng mga Master, ang lahat ay nagsilapitan at sumamba, ginawa iyong malaking bagay, isang palabas, at lahat. Pero noong buhay pa ang Master, mahirap ito.

Mahirap magtagal, lalo na ang makapagsalin ng anumang kapangyarihan o anumang doktrina. Kaya sa Chinese ay sinasabi natin, "Simula noong sinaunang panahon, ang buhay ng tunay na Master ay napaka-maselan, mahina, madaling masira." Ang buhay ng Master ay napakadelikado dahil masyadong silang mataas sa mga tao ng panahon nila na anumang kanilang sabihin, ay hindi mauunawaan ng karamihan at hindi nila matatanggap. Katulad ni Galileo.

Gayundin, sa China, noong sinaunang panahon, karamihan ng mga Master ay kinailangang itago ang mga sarili nila. Tinuruan lang nila ang maliit at tahimik na grupo ng mga disipulo; hindi sila nangahas na magturo sa publiko. Sa pagsikat ng Master, sa paghirap mahagilap ang Master na ito,

at ang komunikasyon at transportasyon ay hindi kasing husay ng sa ating kasalukuyang panahon. Kaya noong sinaunang panahon, ang mga disipulo ay labis na pinahahalagahan ang mga katuruan ng Master dahil napakahirap makakuha kahit isang linya lang nito.

Sa ating kasalukuyang panahon, maraming mga kapakinabangan mula sa transportasyon at komunikasyon, pero kinakailangan din nito ng karmikong-kaugnayan ng publiko. Kailangan ninyong sama-samang magpunla ng maraming mga mabubuting gawain para makalikha ng mabuting atmospera at maiangat ang ating pangkaisipang pang-unawa, ang ating sariling kamalayan para tanggapin ang mga bagong bagay, mga bagay na hindi natin naunawaan noon, na hindi pa natin nadinig noon. Mahirap din ito. Ang transportasyon at komunikasyon ay hindi ang bagay na makatutulong sa atin. Matutulungan lang tayo ng mga ito ng konti, kaya nito tayong dalhin mula Formosa hanggang dito. Pero ang pagtanggap ay kailangang magmula sa mentalidad ng mga tao, mula sa kanilang sariling antas ng pang-unawa, at kanilang sariling antas ng kamalayan.

Ngayon, bawat tao ay may iba't ibang antas ng kamalayan. Kaya ang isang doktor ay ibang mag-isip kumpara sa isang basurero, o ang isang engineer ay ibang mag-isip kaysa sa isang taxi driver, o maaaring ganyan. Mula sa panlabas na anyo, magkapareho lang sila – ang taxi driver at doktor ay magkapareho lang maliban kung nakasuot sila ng uniporme – pero sa loob sila ay may magkaibang kaalaman. Ang taxi driver ay wala gaanong alam sa mga gamot o kung papaano manggamot ng may sakit, pero alam ito ng doktor. Ang ibang doktor ay napakahusay na tingnan ka pa lang sa mukha o sa mga mata mo at alam na nila ang iyong sakit. Ang ibang Chinese na doktor ay pakikiramdaman lang ang iyong pulso, at ang iba ay mas magaling, titingnan ka lang at alam na nya ang sakit mo nang hindi na pinakikiramdaman ang iyong katawan para i-diagnose (alamin ang karamdaman) o pakinggan ang iyong puso o anumang katulad nito. Kaya ito ay ibang antas sa parehong larangan. Gayundin sa karaniwang tao. Ang bawat isa ay may iba't ibang pinagmulan, edukasyon at epekto ng kapaligiran.

Kaya walang duda para sa atin na tanggapin ang katotohanan na may mga taong mas matalino kaysa sa sinoman. Mayroon pang iba na may mataas na katalinuhan, at iyan ay napakadaling maunawaan. Ang mga labis na matalinong mga tao ay ang mga katulad nina Hesukristo, Buddha, Confucius at lahat ng mga sinaunang mga Master.

Ngayon, kung kaya nating tanggapin na ang mga sinaunang sikat na taong ito ay may mataas na karunungan, matatanggap din natin na sa kasalukuyan ay mayroong ilan na gayon din, dahil ang mga tao ay hindi nagbabago. Simula noong unang panahon ay may ilong tayo dito, may dalawang mata doon, at isang bibig sa gitna. Siguro ang balat nyo ay puti at dilaw ang akin, pero sa kabuuan tayo ay pareho lang. Sa Kanluran at Silangan, simula noong lumang panahon, maraming mga Master katulad nina Socrates, Plato at marami pang iba. Konti lang ang kaya nating pangalanan dahil karamihan sa kanila, tinitiyak ko sa inyo ay hindi sikat dahil itinago nila ang mga sarili nila. Wala silang sapat na oras na itago ang sarili nila, lalo na ang maging sikat. Si Hesus lang ang sikat. Bakit? Dahil ipinako nila Siya at binigyan nila ng anunsiyo, libreng anunsiyo . (*Tawanan*) Oo. Kaya ang halaga nito ay hanggang ngayon, dalawang libong taon na ang nakalipas, kilala pa rin ng mga tao ang pangalan Niya. At ni Buddha, dahil Siya ay isang prinsiphe. Mayroon syang isang marangal na angkan, kilala na Siya ng mga tao bago pa man Siya maging Buddha. Syempre, sinoman ay gustong pumunta sa kanya at matuto sa isang prinsiphe na naliwanagan. Mayroon na agad siyang kalamangan – ang pagiging isang marangal na nilalang. Kaya pareho silang medyo sikat.

Si Confucius ay naglakbay mula sa iba't ibang bansa, mula sa isang hari at isa pa, para ianunsiyo ang kanyang doktrina, at ilan sa mga hari at matataas na opisyal ng gobyerno ay naniwala sa kanila at pinasikat siya. Sa oras na nakipag-ugnayan ka sa ganitong uri ng mataas na sosyedad, mabilis kang sisikat. Hindi ba? Kapag naniwala sila sa iyo, iaanunsiyo ka nila. Lalo na noong sinaunang panahon, ang mga hari at opisyaes ng gobyerno ang tanging kinikilala sa mundo – hawak nila ang mga tadhana sa kanilang mga kamay. Ang iba ay hindi masyadong sumikat dahil hindi sila naipakilala sa publiko, bagaman sila ay sinasamba ng kanilang sirkulo ng mga disipulo. Kung hindi sila nag-iwan ng anumang doktrina, hindi natin malalaman. Kahit na ang ilan sa kanilang kinolektang mga gawa ay naiwan, hindi ang mga iyon palaging naiingatan sa paglipas ng panahon. Hindi ba? Ang mga bagay-bagay ay nasira at nasunog, at lahat ng uri ng sakuna ay dumadating sa ganitong uri ng mga naliwanagang tao.

Ang 'Tao', Ang Tunog, Ang Salita

Sinabi ni Supreme Master Ching Hai

May 25, 1989

San Francisco, CA, USA

(Orihinal sa English)

Magandang gabi, mga kapatid. Masaya akong makita kayong muli na sa kabila ng inyong abalang iskedyul ay naglaan kayo ng konting oras para sa akin. Ang ilan sa mga kapatid mula kahapon ay nagsibalikan. Ibig sabihin nito na ang lektyur kahapon ay hindi gaanong nakakabagot! (*Tawanan*)

Ganito ito: ang Katotohanan ay alam nating lahat; nakalimutan lang natin. Kaya minsan kailangang may magpaalala sa atin muli kung ano ang layunin ng buhay at kung bakit dapat nating hanapin ang Katotohanan, bakit natin kailangang magpraktis; at bakit dapat tayong maniwala sa Diyos o Buddha o sinomang sa palagay natin ay ang pinakamataas na Kapangyarihan ng sansinukob.

Noong si Buddha ay buhay pa, madalas Siyang nagsasalita sa Kanyang mga disipulo ng kahalagahan ng disiplina sa sarili at ng pagpapraktis ng pagtanto-sa-sarili (o self-realization). Ngayon, alam na nating lahat ang mga disiplina. Sa lahat ng mga Banal na Kasulatan ay nabanggit ang mga ito, gaya ng hindi-pananakit, pagmamahal sa kapwa, pagmamahal sa kaaway, atbp., at pamumuhay ng busilak at ng napaka-matuwid na buhay. Ang problema ay kapag nalagay kayo sa reyalidad, sa presyur ng lipunan, mahirap para sa ating mahal in ang kaaway o mahal in ang kapwa. Pero ang totoo, hindi tayo ang dapat sisihin dito. Dahil wala tayong kalaban-laban at wala tayong lakas laban sa mga impluwensya ng lipunan at sa presyur ng buhay sa panahon ngayon.

Ngayon, bakit hindi natin mapanatili ang sinaunang disiplina na iniwan ng mga sinaunang Master? Hindi dahil sa ayaw natin o dahil ayaw nating magsikap na gawin ito. Kundi wala tayong sapat na kapangyarihan; pagod na pagod tayo sa buhay. Minsan kailangan nating magtrabaho nang sobra para makaraos sa tumataas na pamantayan ng sibilisasyon, at pagkatapos ay humaharap din tayo

sa mas higit na sibilisadong temptasyon. Noon, ang mga temptasyon ay hindi gaanong sibilisado. Ngayon ay mas sibilisado na ang sosyedad kaya mayroong mga sibilisadong temptasyon. (*Tumawa si Master*) Kaya kailangan natin ng mas sibilisadong pamamaraan para bantayan ang ating mga sarili kung gusto nating panumbalikin ang ating respeto sa sarili at sariling karunungan. Napakahalaga ng kontrol sa sarili kaya dapat natin itong bigyan ng atensyon.

Kaya sa Bibliya ay nasabi: ***Anong benepisyo para sa sinuman na matamo ang buong mundo pero maiwala ang kanyang sarili?*** Ngayon, alam natin ang linyang ito at marahil ay inulit na natin ito ng maraming beses, pero hindi natin alam kung anong ibig sabihin ng “maiwala ang sarili.” Iniisip natin, “Bakit? Walang nawala sa akin. Nagtatamo lang ako araw-araw.”

Kapag nakatanggap ka ng promosyon mula sa boss mo o ang negosyo ay tumatakbo nang napakaayos, o nagkakaran ka ng maraming mga anak bawat taon, tinatawag mo itong iyong promosyon. Pero hindi ito pagtatamo; mas maituturing lang itong mga magagandang pasanin. Ang ibang pasanin ay mahirap tiisin at ang iba ay maganda. Kaya gusto natin ito. Sa pagdami ng posisyon na ating natatamo at sa pagdami ng mga anak, mas madaming pera, mas madaming mga pasanin; at lalo nating naiwawala ang ating mga sarili sa pag-aasikaso sa mga materyal na bagay na ito. Ano ang ibig sabihin ng pagkawala ng ating mga sarili? Sa pagtindi ng ating pagkabaon sa mga materyal na kapaligiran na ito, mas lalong hindi natin makilala ang ating sarili. Ito ang ibig sabihin ng pagkawala ng ating sarili.

Anong dapat nating malaman tungkol sa ating mga sarili? Na tayo ang mga pinakadakilang nilalang sa sansinukob.

Sinoman ay sinasabi sa atin na ayon sa Bibliya ng Budista, ang buhay ng tao ang pinakamahalaga, at gayundin ang sinasabi ng mga Katoliko, at sa Doktrina ng Muslim ay sinasabi na tayo ay mga bisita lang sa Mundo. Kaya ibig sabihin nito na ang ating Tahanan ay hindi dito. Ibig sabihin nito na tayo ay mas higit kaysa sa katawan.

Ngayon, sinoman ay sinasabi na tayo ay dakila, pero nasaan ang ating kadakilaan? Anong napakadakila sa pagiging tao? Kadalasan, sinusukat natin ang ating kadakilaan sa pamamagitan ng ating mortal na pang-unawa. Halimbawa, sa kung anong uri ng posisyon ang

mayroon tayo sa kompanya, o sa kung gaano kataas ang naabot nating tagumpay sa sosyedad. Hanggang diyan lang kadalasan ang ating batayan kung gaano kadakila ang isang tao, sa ating pagtingin.

Pero kung iisipin nating mabuti, hindi permanente ang mga bagay na ito. Kahit na, ipagpaumanhin nyo ang sasabihin ko, ang pagka-presidente ay hindi para hawakan ng sinoman. Bagaman ito ang pinaka-mataas, ang pinaka-prestihiyosong posisyon sa bansa, pero hindi mo ito mahahawakan nang walang hanggan. Napakadaming mga milyonaryo, napakadaming mga sikat na mga tao ang naglaho na at hindi natin alam kung nasaan na sila. Malalaman natin kung saan sila nagpunta kapag ating pinraktis ang paraan na inilatag ng mga sinauna at kasalukuyang Master, na lahat ay nagturo ng isa at parehong paraan. Sinoman na nagsabi na ipinapangaral niya ang Katotohanan, dapat niya talagang ituro ang parehong pamamaraan. Iyan ang pamamaraan na makakatulong sa atin na mapagtanto kung gaano tayo kadakila at kung ano ang relasyon sa pagitan natin at ng ating Ama – Diyos, o tinatawag na Likas na Buddha, o “Tao.”

Ang iba’t ibang mga pangalan mula sa iba’t ibang relihiyon ay tumutukoy sa iisang Kapangyarihan: ang Pinaka-makapangyarihan, ang Palaging-nandiyan, ang Walang-katapusan, ang Purong-Pag-ibig at Awa, ang ‘Tao’, o ang Likas na Buddha, ang Ju Lai, Tathagata.

Bakit kaya tinatawag ng mga tao ang Kapangyarihang ito sa iba’t ibang pangalan? Dahil ito sa iba’t ibang tradisyon at iba’t ibang paraan ng pagpapabatid; dahil din ito sa pagkakaiba-iba ng lenggwahe at dahil hindi kadalasan maisalin ng mga tao ang tunay na kahulugan patungo sa kanilang wika. Halimbawa, kilala ng lahat si Buddha at akala nila ay Siya lang ang nag-iisang Buddha. Hindi, titulo lang ito para sa isang naliwanagang Santo. Pwede mo rin Syang tawaging Kristo. Ang Kristo ay isang titulo para sa naliwanagang-nilalang sa salitang Hebreo, at hindi natin ito isinalin sa Ingles at patuloy natin Siyang tinatawag na Kristo o Buddha; at akala natin ay may dalawa lang na sikat na Santo at na Sila lang ang mga santo na dumating sa mundo, at tanging dadating. Kaya dito ay nilito natin ang sarili natin.

Sa makabagong panahon ay may iba tayong mga salita, gaya ng “Guru.” Ngayon kahit sino ay naging isang Guru, kahit ako. (*Tumawa ang lahat at si Master*) nasorpresa ako na makita sa telebisyon, “Parating na si Guru Ching Hai” at sinabi ko sa sarili ko, “Jesus! Ngayon ay naging

isang Guru ako.” (*Tawanan*) Mabuti ito para sa mga Amerikano dahil pamilyar sila sa salitang “Guru.” Kung ang sinabi ng telebisyon o ng dyaryo ay ‘Ching Hai Fa Shih,’ ang Chinese sa Guru, mapapatanong ang mga tao kung ano ang ibig sabihin at sasabihin, “Ano ang Fa Shi?” O kung ginamit nila ang Sanskrit na titulo, “Ching Hai Buddha,” sasabihin ng mga tao, “Hindi, nag-iisa lang ang Buddha sa India at namatay na Siya 2000 taon na ang nakalipas,” at makikipag-away ang mga tao, sa pag-iisip na pinag-mamayabang ko ang sarili ko na isang Buddha.

Ang totoo, ang maging isang Buddha ay hindi ganon kahirap maabot. Katulad lang ito ng pag-aaral ng ilang taon para maging isang doktor, kaya matututo ka sa loob ng maraming taon sa maraming paraan para maging isang Buddha. Kaya huwag nyong gawing napakalaking kaso ang pagiging isang Buddha at maliitin ang ating mga sarili. Iyan ay hindi patas at napaka-nakasisira sa sarili, nakakawala ng respeto sa sarili, dahil sinabi ni Buddha na kaya nating lahat maging Buddha at mayroon tayong lahat na Likas na Buddha. Ibig sabihin na tayo at Siya ay pantay. Ang tanging pinagkaiba ay nadiskubre Niya ang Kanyang Likas na Buddha, ang Kanyang panloob na kayamanan, at hindi pa natin ito nadidiskubre. Maaaring nadiskubre na ng ilan sa inyo, dahil kahapon ay ipinaalam ko sa inyo kung paano matagpuan ang inyong panloob na Likas na Buddha at ang ilan sa inyo ay natagpuan ang ilang bahagi nito. Kaya iyan ang paraan ng pagiging isang Buddha. Napaka-simple at napaka-siyentipiko; walang misteryoso, walang malaking sikreto, hindi imposible na makamit ng karaniwang tao.

Pero bakit napaka-konti ng narinig natin tungkol sa pamamaraan kung paano maging isang Buddha? Ang unang dahilan ay dahil nadaya tayo at napaniwala na ang tanging Buddha ay si Shakyamuni, ay si Gautama Siddharta ang prinsipe. Napaniwala tayo dito. Gayundin, napaniwala tayo na si Hesus lamang ang Kristo sa mundo at walang iba bago Siya, at wala rin pagkatapos Niya. Pero si Kristo mismo ang nagdeklara na bago Siya dumating ay may ibang mga propeta at na sa katunayan Siya mismo ay reinkarnasyon ng mga nakaraang sinaunang Master. Sa mga pananaliksik tungkol kay Hesus ay mababasa natin ito.

At ganon din ang sinabi ni Buddha. Bago Siya dumating ay may hindi-mabibilang, maraming mga Buddha, kasing dami ng buhangin ng Ganges. Hindi ba sinabi Niya? Oo. Hindi ba kayo Budista? Hindi? Bueno, huwag na nating isipin ang mga Buddha. (*Tawanan*) Pinag-uusapan natin ang ating

sariling Buddha para sa inyong kaalaman. Hindi nyo na kailangan maniwala sa Budismo o sa anumang “ismo”; maniwala lang kayo sa inyong sariling panloob na Langit.

Sinabi ng Bibliya: ***Ang Langit ay nasa inyong kalooban.*** Natagpuan ko ito at magagawa nyo rin. Mas madaling patunayan ang Langit sa ating kalooban kaysa sa humatsing. Para makahatsing, kailangan mo munang humagilap ng tisyu, at kung walang tisyu, may kahirapan ito; samantala para matagpuan ang Langit sa ating kalooban ay kailangan lang ng ilang segundo at minuto.

Kasasabi ko lang sa inyo ng dahilan kung bakit wala tayo masyado narinig tungkol sa mga turo ni Buddha o Hesus, at na ang karamihan ng mga tao ay hindi makapaniwala na kaya nilang maging Kristo, na kaya nilang maging Buddha. Dahil sa napaniwala tayo na tayo ay ay napaka-ignorante, napakabobo, at na tayo ay napakaliit, at walang kakayanan; na tayo ay wala lang, tayo ay makasalanan, at kung anu-ano. Na tayo ay malinaw na walang halaga. At sa bawat henerasyon, tayo ay nalinlang, napaniwala sa ganitong uri ng maling paniniwala.

Pero nakalimutan natin ang sinasabi sa Bibliya na ***Lahat ng mga nilalang ay nilikha ng Diyos at na tayong mga tao ay nilikha ng Diyos ayon sa Kanyang sariling imahen.*** Ibig sabihin nito na tayo at ang Diyos ay iisa, ibig sabihin na tayo at ang Ama ay iisa. Kung mapagtatanto natin ito, lahat ng ating problema ay maglalaho. Ito ay isang simpleng bagay.

Pero ang mapagtanto ang mga bagay na ito ay hindi lang nagwawakas sa pagsasalita at paniniwala na sinabi ko ito; kailangan nyong i-praktis ang inyong sarili. Isang uri ito ng hipnotismo sa sarili. Ang ibang mga tao ay kayang hipnotismohin ang kanilang mga sarili na magawa ang isang bagay, o may tao na kayang hipnotismohin ang iba na gawin ang isang bagay na hindi nya makontrol. Pero ang ganitong klase ng hipnotismo ay hindi gaanong mataas na kaayusan dahil kapag lumabas ka ng kawalan-ng-ulirat (trance), babalik ka muli sa ordinary mong paghihirap, problema, pagkainis, kamangmangan, at mas malala pa. Mawawala sayo ang ilan sa iyong kontrol sa sarili sa ilalim ng impluwensya ng hipnotista. Kaya sa palagay ko ay hindi ito isang bagay na karapat-dapat gawin.

Ang pang-hihipnotismo sa sarili ng pinakamataas na kaayusan ay ginagamit ang sariling panghusga at sariling karunungan para alamin ang mas matataas na lupain ng pag-iral; at ikaw ay

magiging mas pamilyar sa mas matataas na uri ng pamumuhay, mas matataas na uri ng pag-iisip at mas mataas na uri ng kapangyarihan, na ikaw ay nagiging mas makapangyarihan araw-araw. At ang iyong panloob na Kapangyarihan ay kayang maisagawa ang anumang gusto mong ipagawa. Sa oras na iyon, nakikilala natin ang Diyos at masasabi natin na ginagawa ng Diyos ang lahat para sa atin, sa tulong ng katawang ito dahil sa oras na iyon tayo at ang Diyos ay iisa. Gaya ng sinabi ni Hesus: ***Ako at aking Ama ay iisa.*** Sa gayon, ay wala na tayong pang-taong kalungkutan at pagpupumiglas na makamit ang isang bagay gamit ang ating maliit na kapangyarihan at limitadong karunungan.

Ang mga siyentipiko ay gumamit lang ng limitadong parte ng kanilang utak at napakadami na ng nagagawa. Kung gamitin natin ang kabuuan ng ating tunay na masikot na sistema ng utak, syempre mas marami tayong magagawa. Hindi ito mahirap paniwalaan pero ang tanong ay kung paano ito gamitin. May paraan kung paano; pero dahil napakahirap sa mga sinaunang Master na makalibot, dahil sa problema sa transportasyon at komunikasyon, sa sinaunang panahon, karamihan sa mga tao ay ignorante sa kanilang mga turo at paraan ng liberasyon.

At ngayon, marami na tayong kalamangan sa komunikasyon at transportasyon para mapadali ang paghahatid ng mensahe. Pero napansin ko na ang mga tao ay kadalasang walang pinagbago – napakamapag-alinlangan at mapagduda sa sarili. Hindi nagdududa sa Master pero sa kanilang mga sarili. Sa twing nagdududa kayo sa isang Master, o sa inyong mga salita, dapat mong malaman na nagdududa kayo sa inyong mga sarili. Nagdududa na kayo ay magiging isang Buddha; nagdududa kung paano kayo magiging kasing dakila ni Kristo dahil napakaliit nyo at walang-lakas; nagdududa na kung si Kristo ang natatanging inutusan ng Diyos sa Mundo; nagdududa na ang Diyos ay maawain na sa bawat panahon, nagpapadala Siya ng kanyang anak para iuwi kayo sa Tahanan. Ito ang malaking pagdududa ng sangkatauhan. Hindi sa nagdududa sila sa guro o sa katuruan o sa paraan; kundi nagdududa sila sa sarili nila, dahil masyado silang napabayaang, ibinagsak, minaliit sa loob ng daan-daan, bilyong mga taon, sa bawat isang inkarnasyon; at sila ay napaniwala na sila ay wala lang, na sila ay mga makasalanang nilalang at hindi nila kayang maging anumang mabuti!

Hindi ito ang turo ni Hesus. Sa kabaligtaran ay sinabi ni Hesus: ***Anumang kaya kong gawin ngayon ay magagawa nyo rin.*** Hindi ba? Hindi ba't sinabi Nya ito? Oo, sinabi Niya ito. Anong ibig sabihin Niya? Hindi Niya sinabi na Siya lang ang may kakayanan na gawin ang mga himala,

pagpapalaganap ng salita at mga gawaing nakapagpapalaya. Sinabi Nya na magagawa Nyo rin, at maaaring magawa Nyo pa nang mas mabuti. Ito ang Kanyang itinuro pero nakalimutan natin ang tungkol dyan. Pinaniniwalaan natin ang simbahan, ang mga pari na sinasabing tayo ay makasalanan at kung wala si Hesus, tayo ay mapupunta sa impyerno. (*Tumawa si Master*) Kung si Hesus ay muling babalik, mapapahaguhol Sya sa kaiiyak dahil ang Kanyang katuruan ay labis na binago at pinasama sa ganyang diwa, sa ganyang hugis. At tunay na umiyak Sya, naiyak Sya, umiiyak Sya.

Ilan sa aking mga disipulo ay habang nag-memeditate ay nakakausap si Hesus sa loob. Wala na Siya sa Mundo; nagtatrabaho na Siya sa mas matataas na dimensyon, iyon lang. Si Hesus ay hindi namatay. Tanging ang Kanyang katawan lang ang nawala sa Mundo; pero ang Kanyang katawang-kaluluwa ay walang-katapusan. Sya ay palaging umiiral. Sya ay nagtatrabaho lang sa ibang dimensyon kasama ang mga tao na may mas mataas na katalinuhan, mas madaling turuan kaysa sa atin. Ipagpaumanhin nyo ang pagka-prangka ko, pero iyan ang sinabi Nya sa akin. Gayunpaman, ipagmaunhin nyo, hindi nyo kailangang maniwala sa akin. Mahirap magsabi ng totoo minsan. Patawad inyo ako. Mabalik tayo, ang mga disipulo ko ay nag-meditate, at dahil ipinanganak silang Katoliko, natural nilang nakontak si Hesus o Maria.

Sa nakalipas na dalawang linggo, noong ako ay nasa Formosa pa, isa sa kanila ay lumapit sa akin at sinabi na si Hesus ay umiiyak, at tinanong ko, “Bakit kaya?”

Sinabi nya, “Dahil iniisip Nya na ang kanyang mga anak na naniniwala sa Kanyang pangalan ay napupunta sa mas mababang antas ng pag-iral. Naniniwala lang sila sa Kanyang pangalan nang hindi nalalaman ang paraan kung paano Siya abutin, kaya hindi sila nakakuha ng liberasyon. Kaya umiyak Siya dahil sa kamangmangan ng Kanyang mga anak at dahil sa pinsala na nagagawa ng maling paniniwala sa kanila.”

Syempre nang marinig ko ito, gusto ko ring umiyak; ang mga luha ko ay hindi tumulo, pero umagos sa loob at mas masakit iyon. Dahil hindi ko na alam kung ano pa ang magagawa ko para maisakatuparan ang Kanyang naiwang misyon para tumigil na Siya sa pag-iyak.

Kita nyo, sa oras na iniwan nyo ang pisikal na daigdig na ito, kahit na isa kang napakataas na Master, hindi mo na kayang tulungan ang mga pisikal na nilalang kundi sa pamamagitan ng panloob na komunikasyon, na napakahirap maabot sa karamihang mga tao, mapwera sa mga pambihirang mga tao na may likas na telepathy; o may natirang psychic power o abilidad na panloob na komunikasyon dahil sa kanilang (ispiritwal) praktis sa nakaraang buhay. Pwede natin itong tawaging ikapitong pandamdang, ang pinakamataas na dimensyon ng pang-unawa. At maaari nyo ring makita si Hesus nang hindi nagpapraktis ng anumang meditasyon. Ang ilan sa kanila ay napakareseptibo, at habang sila ay nasa pinakasinsinong sandali nang pagdadasal kay Hesus, maaari nila Siyang kontakin paminsan-minsan, o pwede nilang kontakin ang Buddha o ang mga Santo ng nakaraan. Nangyari na ito, pero hindi madalas. Pero kung nagpapraktis tayo sa aming pamamaraan ay sigurado na makikita natin ang mga Santong ito at matututo tayo mula sa kanila ng maraming mga bagay. Sa ganito natin mas matututunan ang tungkol sa Katotohanan – hindi sa pamamagitan ng mga salita ng bibig, hindi sa anumang pagpapahayag o sa mga doktrina, kundi sa pamamagitan ng sariling-intuwisyon, sariling-pag-aaral.

Kapag pumunta tayo sa mataas na dimensyon, makikita natin ang iba't ibang mga santong nilalang ng mas mataas na samahan ng katalinuhan. Maaaring nakarating sila sa mas mataas na daigdig para turuan ang iba o maaaring handa silang turuan tayo sa malapit na hinaharap. Mayroon silang mas mataas na katalinuhan, mas siyentipikong karunungan kaysa sa atin. Nakatira sila sa mas mataas na daigdig, mas mataas na sibilisasyon, na hindi natin maisip gamit ang ating sariling limitadong utak ng tao. Malalaman lang natin kapag pumasok tayo sa loob sa pamamagitan ng meditasyon, ng pagninilay, at kaya namin itong ihandog sa inyo sa pamamagitan ng Quan Yin Method, ang pamamaraan ng mabilis na kaliwanagan.

Marami na kayong narinig tungkol sa mga paraan ng kaliwanagan, at sumasang-ayon ako na mayroong ilang mga paraan patungo sa kaliwanagan, pero iisa lang ang pinakamataas na daan. Pwede kayong dumaaan sa iba't ibang mga daan, pero kailangan nyong dumaaan dito para umangat. Ang daang ito ay sa pamamagitan ng panloob na Liwanag at panloob na Taginting. Ang Taginting na binanggit ko sa inyo kahapon, ay ang tinatawag ng Bibliya na “ang Salita”: ***Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa Diyos, at ang Salita ay ang Diyos.*** At sa Tao Te Ching ay tinatawag

itong: *ang Pangalan na hindi kayang pangalanan*, na ang Salita sa Bibliya, ang Shabd (Tunog) sa Banal na Kasulatan ng Hindu at Quan Yin (ang pagninilay sa Tunog) sa mga Kanon ng Budista.

Sa Banal na Kasulatan ng Budista, sinabi ni Buddha na ang pinakamagaling at ang tanging paraan para maabot ang pagka-Buddha ay sa pamamagitan ng pagninilay sa panloob na Tunog, ang Daloy ng Tunog. Pero sa Bibliya ay hindi nabanggit kung paano magnilay; sinabi lang na kailangan mong “pumasok sa kalooban at makinig sa panloob na Tunog,” na kapareho ng “Fan Wen Wen Tzu Hsing” (Chinese) na nangangahulugang pakikinig sa sarili mong Kalikasan sa pamamagitan ng pakikinig sa kalooban. Kaya tayo’y nalilito kung ano ang ating sariling Kalikasan. Kung titingnan natin ang Bibliya, napakadaling maunawaan. Kung titingnan natin pareho, pabalik-balik, mabilis nating mauunawaan ang lahat.

Ano ang sarili nating Kalikasan, ang ating Likas na Sarili? Ibig sabihin ay kung saan tayo nagmula. Hindi ba? Gaya ng ang kalikasan ng mesang ito ay kahoy. Gawa sa kahoy ang mesang ito at ang ibig sabihin nito na ang kalikasan nito ay kahoy. Masasabi natin ito at madaling maunawaan ninoman. Pero ngayon, ano ang ating Likas na Sarili? Kung sinabi sa atin ni Buddha na pumunta sa kalooban at makinig sa ating Likas na Sarili, o sa Daloy ng Tunog, ibig sabihin nito na ang ating Likas na Sarili ay isang uri ng Tunog, isang uri ng Taginting. At sinabi rin sa Bibliya na: *Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa Diyos, at ang Salita ay ang Diyos*. Kaya, ang Tunog na ito ay ang ating Likas na Sarili, dahil ang lahat ay gawa sa Salitang ito at walang nalikha na hindi gawa sa Salitang ito.

Alam natin mula sa Bibliya na ang lahat ay gawa sa Taginting, sa Salitang ito o Tunog, o panloob na Taginting. At gayundin ang sinabi ni Buddha: *Makinig ka sa sarili mong Kalikasan sa pamamagitan ng pagbaling ng pakikinig sa kalooban*. Ngayon sa pagbaling ng iyong atensyon paloob at sa pakikinig sa sarili mong Kalikasan, kailangang mayroong Tunog na madidinig; kung hindi, sana’y sinabi Nya na ipasok mo ang mga daliri ng paa mo sa iyong kalooban at damhin ang iyong Sariling Kalikasan, o dalhin mo ang kamay mo paloob at kamutin ang iyong Sariling Kalikasan, di ba? (*Tawanan*) Hindi, ang sinabi Niya ay: *Ibaling mo ang iyong pandinig paloob at pakinggan ang iyong Sariling Kalikasan*. At hindi sinabi ng Bibliya na ikaw ay gawa sa kung anumang. Sinabi nito: *anumang bagay ay gawa sa Salitang ito*.

Ang Salita ay isang bagay na tumutunog, isang bagay na tumataginting. Dahil sa pagkakaiba-iba ng lenggwahe minsan, iba't iba ang pakahulugan natin sa mga ito. Noong unang panahon, sa makalumang lenggwahe, ang “Salita” ay nangangahulugang taginting, iyon lang yun.

Sa Tao Te Ching, sinabi ni Lao Tzu: ***Ito ang Pangalan na hindi kayang pangalanan***, pero madidinig nyo ito nang walang tainga, makikita nyo nang walang mata, na iisang bagay pa rin. Iisang bagay ang binanggit ng lahat ng mga Bibliya at Banal na Kasulatan: ang Taginting, ang Pinagmulan ng lahat ng bagay.

Kaya alam natin na ang Kalikasan natin, ang ating Likas na Sarili o Likas na Buddha ay ang Salita, ang Tunog, o ang Taginting. Ang tanging natitirang tanong ay kung paano kontakin ang Kalikasang ito, o ang Diyos. Dahil “ang Salita ay ang Diyos ang bawat bagay ay gawa dito at walang nagawa na hindi gawa dito”; at sa Bibliya ay sinasabi rin na ***nilikha ng Diyos ang mga tao sa Kanyang sariling imahen***, kaya mayroon tayong konting palatandaan ngayon. Hindi ba? ***Ang bawat bagay ay gawa sa Salitang ito at ang Salita ay ang Diyos***, at pagkatapos, ***ginawa ng Diyos ang mga tao sa Kanyang sariling imahen***. Kaya walang duda na ang $2 + 2 = 4$. Ang Diyos ay ang Salita at ang Salita ay ang ating Pinagmulan, at tayo at ang Salita ay iisa; tayo at ang Diyos ay iisa dahil ***nilikha ng Diyos ang mga tao sa Kanyang sariling imahen*** at sa kabilang banda, ***ang bawat bagay ay nagmula sa Salitang ito***. Nauunawaan nyo na ba ngayon?

Kung ang talumpati ko ay napakalawse (lousy), maaari nyo akong batuhin ng kamatis. (*Tawanan*) Kung hindi gaanong lousy, inaanyayahan ko ang inyong tugon, tayo’y sama-samng nag-aaral. Hindi ako nangangaral sa inyo, naunawaan? Tayong lahat ay may parehong Kalikasan. Ang lahat ay ginawa ng Diyos, o ng Salitang ito o ng Likas na Sarili. Kaya huwag ninyo akong ituturing na isang Diyos at maupo dyan na parang mga estatwa at naghihintay sa aking mangaral ng mahirap matarok na sermon o kung anumang katulad niyan. Labis na nakakatakot. Dapat tayong maging pantay-pantay para maunawaan natin ang isa’t isa, at magkaisa para makapag-usap ng epektibo. Ayokong maupo rito na parang isang Guru at gawing napakalaking bagay at maging maligalig sa bawat bagay. Matapat kong ninanais na maipaliwanag sa inyo ang mga tanong natin, mga problema natin, na noon ay mayroon ako at na, alam ko, ay dinadala nyo ngayon sa inyong puso. Kung may nadiskubre akong bago, sasabihin ko sa inyo; at kung mali ako,

pwede nyong sabihin sa akin. Ok? Kung may alam kayong mas tama, maaari nyong ipaalam sa akin mamaya. Mas maganda ang atmospera kung ganyan.

Kaya ngayon, alam nyo na iisa lang ang tinutukoy ng Bibliya at ng Sutra ng Budista. Ang tanging natitirang tanong ay kung paano hanapin ang Likas na Sarili, o ang Salitang ito, o ang Diyos. Ang pagkilala sa Diyos ay ang pagkilala sa Salitang ito. Hindi ba? Bumalik tayo sa konklusyon dahil ang Salita ay ang Diyos at ang bawat bagay ay gawa dito at pagkatapos, ***ginawa ng Diyos ang mga tao sa Kanyang sariling imahen.*** Kaya nagmula tayo sa Salitang ito o sa Diyos na ito. Ngayon ay gagawa tayo ng intelektwal na pagtutugis para katuwaan.

Kung sinabi ng Bibliya na ***ang Salita ay ang Diyos o ang Salita ay nasa Diyos***, kung gayon bakit hindi na “lamang” sinabing: “Sa simula ay ang Salita,” o “ang Salita ay ang Diyos”; o “Sa simula ay ang Diyos”? Hindi ba? Mas simple. Bakit kailangang nitong sabihing: ***Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa Diyos*** at pagkatapos ay balik sa, ***ang Salita ay ang Diyos***? Bakit hindi na lang basta sinabi na, “ang Salita ay ang Diyos” o “Sa simula ay ang Salita”? -kalimutan na lang ‘ang Diyos’ kung may ‘ang Salita,’ at kalimutan na lang ‘ang Salita’ kung may ‘ang Diyos.’ Bakit may mga ganitong komplikasyon? Sinong may alam? Pakitaas ng kamay. (*May sumagot: Dahil ang Taginting ay siyang Diyos.*) Oo, magaling; ikaw ay isang naliwanagan (enlightened)! Nakakuha ka ng “A.”

Natutunan natin mula sa Budismo na sinabi rin nila na: ***Sa simula ay wala, walang pag-iral.*** At sa Taoismo ay sinasabi rin na sa simula ay wala, tanging ang “Tao,” at pagkatapos “ang Pangalan” ay dumating, ang Taginting, ang Salita. Sa Kanluran sinasabi nating “ang Salita” at sa China noong panahong iyon ay sinasabi nilang “ang Pangalan.” Kaya ang pagkakaiba-iba ng mga lenggwahe ang nagpalito sa atin at nagpahiwa-hiwalay sa lahat ng relihiyon at dahilan ng pag-aaway-away ng mga ito. Nakakalungkot ito. Hindi tayo dapat magtalo. Sa simula ay mayroon lamang Diyos, o ano ang tawag natin sa Karagatan ng Pag-ibig. Walang kahit ano; walang Taginting, walang liwanag, walang kadiliman, walang pag-iisip at walang paggalaw; tanging ang Diyos lang. At nagsimula ang paggalaw, at iyan ang Salita, ang Taginting. At nalikha ang bawat bagay.

Kaya ang totoo, ang Salita ay hindi Diyos, pero ang Salita ay Diyos. Kung wala ang Diyos, walang Salita, walang Tunog; at kung walang Tunog, hindi natin kilala ang Diyos. Maaaring ganito ang

eksaktong kahulugan nito. Katulad ito ng karagatan. Kung walang alon, parang hindi iyon karagatan kundi isa lamang malaking 'pool,' o isang payapang lawa dahil ang lawa ay payapa at walang alon. Kaya ang karagatan ay may mga alon, alam natin ito, at ang mga alon ay lumilitaw mula sa karagatan. Pero ang karagatan ay wala talagang alon, kaya ang mga alon "ay" ang karagatan. Malinaw?

Gayundin sa lahat ng mga bagay sa karagatan. Ang isda, pusit at lahat ng mga buhay-na-nilalang at hindi-buhay-na-nilalang sa karagatan ay sumulpot mula sa karagatan. Hindi ba? Ang temperatura at ang paggalaw ng mundo, ang kombinasyon ng atmospera ng karagatan at temperatura at paggalaw ang lumikha sa lahat ng bagay na nasa karagatan. Isinilang sila mula sa karagatan. Kaya, gayundin, ang Taginting ay nagmula sa maligayang karagatan ng Awa at Pag-ibig ng Diyos; at pagkatapos ang lahat ng mga bagay ay lumitaw, sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga pwersa ng karagatan.

May dalawang pwersa na lumitaw. Anumang paggalaw ay lilikha ng isang uri ng pwersa o ng dalawang pwersa. Isa ay pro at ang isa ay kontra, na tinatawag natin sa Chinese na "Yin" at "Yang," at sa Kanlurang terminolohiya na "negativity" at "positivity." Kapag ang negativity at positivity ay nagsama o nagsanib sa isa't isa, lilikha sila ng ikatlong bagay. At ganyan ang lahat ng bagay lumitaw sa pag-iral. Ito ay parang elektrisidad. May dalawang polo, isang negatibo at ang isa ay positibo, at kapag ang 'plus' (+) at ang minus (-) ay pinagdikit, lilikha ito ng kapangyarihan. Iyan ang tinatawag nating elektrikong kapangyarihan, at iyon ang nagsimula ng lahat ng paggalaw, mga ilaw, at lahat ng ating kailangan. Ang totoo ang kuryente ay hindi positibo at hindi rin negatibo, pero kung walang positivity at negativity, hindi tayo magkakaran ng kuryente.

Gayundin sa lahat ng mga bagay. Ang Diyos ay hindi mabuti, at hindi rin masama; Sya ay isang karagatan ng indiperensya at Pag-ibig. Wala syang alam na pagkapoot, walang kadumihan, walang kasamaan, at walang mga kasalanan. Hindi Siya nagsisino sa pagitan ng masama at mabuti, maganda at pangit. Kaya tinatawag natin Siyang ang Karagatan ng Pag-ibig at Awa. Pero dahil ang salitang "Karagatan ng Pag-ibig" ay mahirap para sa ating maunawaan, kaya lumitaw ang Taginting at ang negatibo, positibo, kaya mayroon tayong oras na pagkumparahin, at nagsimula nating maunawaan kung ano ang mabuti at masama, at kung ano ang karunungan at kamangmangan.

Masaya diba? Kung walang kabaligtarang pwersa, marahil ay palagi tayong nasa kamangmangan. Hindi natin mauunawaan ang Pag-ibig at Awa ng Diyos. Kaya may silbi rin ito.

Mayroong isa pang teorya sa Budismo, na ang mga tao ay naniniwala na walang Diyos. Kaya tinatawag sila ng mga Katoliko na ‘atheists,’ na ang ibig sabihin ay hindi-naniniwala sa Diyos, o pagano. Ngayon ay itinatangi ng mga Budista na sila ay mga ‘atheists,’ sa pagsasabi na hindi sila naniniwala sa Diyos pero naniniwala sila kay Buddha. Kaya ang dalawang ito ay nag-aaway sa desperadong intelektwal na labanan. Sa palagay ko noong sinabi ni Buddha na walang Diyos, hindi Niya ibig sabihin na maniwala na walang-Diyos; ibig Nya lang sabihin na ang Diyos ay walang personalidad – “isang” (Diyos) na nakaupo roon na nanghuhusga na ikaw ay masama o mabuti at nagpaparusa sa isa, at nagpapabuya sa isa. Ang ibig Niyang sabihin na ang Karagatan ng Pag-ibig at Awa ay walang pangalan, at ang Pangalan na hindi mo kayang pangalanan ay ang Tunay na Pangalan.

Kaya ang totoo, sa iba’t ibang bansa, ang mga naliwanagang tao ay nagsalita sa iba’t ibang istilo, kung kaya ang hindi-naliwanagang mga tao ay madaling malito. Bukod pa rito, may isang malaking mekanismo ng “gawain ng mga pari” (priest-craft) – mga hindi naliwanagang mga pari na tinatakot ang mga tao sa lahat ng uri ng mga bagay para hulihin ang mga deboto para sa kanilang sariling makasariling mga motibo o sa kanilang sariling pagkauhaw sa kapangyarihan at kasikatan. Ito rin ang dahilan. Kung naliwanagan na sila, irerespeto nila ang lahat ng uri ng mga relihiyosong Kasulatan at mauunawaan nila kung paano pumunta sa loob at kontakin ang Diyos. Malalaman nila ang lahat ng bagay nang hindi kinakailangang gamiting basehan ang mga teksto o lenggwahe.

Iyan ang sinabi ni Lao Tzu: ***Pag-alam nang walang kaalaman***. Sinabi rin Niya: ***Ang mga matalino ay parang mangmang***. Nauunawaan ba ninyo ito? Bakit ka magiging isang matalino kung mukha kang mangmang? May nakakaalam? (*May sumagot: Ibig Nyang sabihin na ang tunay na matalino ay nalalaman na ang mga bobo ay hindi sasang-ayon sa kanya kahit anong mangyari.*) Hindi ba? Dahil ang paraan nya ng paggawa ng mga bagay at pagtingin sa mga bagay ay ibang-iba, kaya hindi niya inaasahan ang isang bobo na maunawaan sya, kaya anumang sabihin ng isang bobo, sasagutin lang ng tunay na matalino ng, “Oo, siguro nga. OK,OK, ituloy mo pa.” Hindi ba? Oo, parang ganyan. (*May isa pang sumagot: Ibig Niyang sabihin na sa pagdami ng*

natututunan ng isang tao, mas lalo nyang nalalaman kung gaano sya kamangmang, at kaya nya itinitigil ang lahat ng pakikipag-usap, lahat ng komento, at pagpapaliwanag; mas nagiging mas mapagkumbaba sya.) Tama! Parang sa pagdami ng natututunan at mas nagiging bobo, mas ignorante, ay mas nagiging mapagkumbaba.

Pero ang totoo, sa pagdami ng natututunan ng isang tao, mas lalo syang nagiging mapagkumbaba, dahil napagtatanto niya na bawat tao ay may Likas na Pagka-Diyos, karunungan ng Buddha, at na pwede syang matuto mula sa bawat isa sa ating kapwa, at na kaya nyang irespeto at mahalín ang bawat isa sa mga tao na kanyang nakakasalubong sa daan. Kaya sa bandang huli, mas nagiging mas mapagpakumbaba sya. Siguro iyan ang ibig sabihin ni Lao Tzu. Oo, sumasang-ayon ako sa inyong dalawa.

Kaya ano ang isang bagay na nakapagpakumbaba sa isang tao? Ito ay ang dakila, malawak na kaalaman ng sansinukob na hindi kayang lubos na maunawaan ng sinoman kaya sya nagiging mapagpakumbaba. Halimbawa, kapag tayo ay nasa elementarya, pinag-aaralan natin kung paano mag-add ng mga numero, gaya ng $4 + 4 = 8$ at $3 + 3 = 6$. At pagkatapos, pinag-aaralan natin ang mas komplikadong mga bagay gaya ng, “Ang isang kamatis ay \$3. Kaya kung bumili ako ng tatlong kamatis, magkano iyon? Kung may nag-utos sayo na bumili sa akin, at mayroon lamang akong dalawa, magkano ang dapat mong bayadan? At magkano ang dapat ibayad ng taong iyon?” at lahat ng uri ng mas komplikadong mga bagay. At kapag nasolba na natin ang problemang ito, napaka-proud natin, at uuwi tayo ng bahay at ipagmamalaki sa ating mga magulang na ang galing natin sa iskul- na kaya na nating magdadag-bawas ng kamatis nang walang kahirap-hirap; na kaya na nating paganahin at patakbuhin ang mga numero. Ito ang ating maliit na napagtapusan at tayo ay napaka-proud. Pagkatapos, pagpunta natin ng hayskul, at kolehiyo, ang munting yabang na ito ay mawawala nang kusa dahil alam natin na napakaliit nang nalalaman natin. Hindi ba? Oo.

Gayundin, ang mga nagpapraktis ng napakonti ay nagyayabang nang masyado. Gusto nilang malaman ng mga tao na sila ay may ‘superpower,’ at ipinapakita nila ito sa publiko o susulat sila ng mga aklat tungkol dito, pagbabayadin ang mga tao para dito. Syempre, iyon ang kanilang pinaka-kita; hindi natin iyan malilimutan. Pero ang mga nakapagpraktis hanggang sa napakataas na antas ay hindi na gagamitin ang mga kapangyarihang ito kailanman. Ikahihiya nila kung gagamitin nila iyon, kahit na pilitin pa silang gamitin iyon.

Naalala nyo ang kwento ni Moses? Bumalik sya sa kanyang kaharian matapos na mawala sa disyerto at makita ang Diyos. Iyon ay noong nakita niya ang apoy at nadinig ang kulog – natatandaan? Iyan ang panloob na Taginting at Liwanag. Kaya ngayon ay alam na natin, kung nakapagpraktis na tayo ng pamamaraang ito. Noon, hindi ko alam kung ano ang kahulugan nito at nagtataka ako, bakit ang boses ng Diyos ay katulad ng kulog? Bakit Sya nagpakita bilang malaking apoy? Parang nakakakilabot at nakakatakot. Hindi, ang apoy ay hindi ang apoy, at ang kulog ay hindi ang kulog. Ang kulog ay napakabanayad na gugustuhin nating pakinggan ito paulit-ulit. At hindi ito ang maingay na nakakarinding kulog sa labas; ito ay ang panloob na tunog na kayang pagalingin ang lahat ng uri ng mga sakit, kamangmangan, kayabangan, at lahat ng uri ng paghihirap.

Pero dapat kong ipaalam sa inyo na hindi pa ang kulog ang pinakamataas na Tunog na dapat mong pakinggan; isa lang ito sa mga paunang mga Tunog. Mayroon pang iba na mas kamangha-mangha, mas makapagbibigay ng karunungan. Hindi ko alam kung paano ipaliwanag dahil bawat-bagay ay nasa loob nito.

Ngayon ay nakalimutan ko na kung nasaan ako bago ito – oh oo, kay Moses. Ngayon, nang bumalik si Moses sa hari, ipinagyabang niya ang kanyang mga mahika; ginawa niyang mga ahas ang mga patpat. Pero pagkatapos nito ay nagsisi siya at sinabing, Patawad. Patawarin Nyo ako, Panginoon, dahil hindi ko naunawaan ang Inyong kapangyarihan. Ito ang pag-iisip na dapat na magkaroon tayo sa simula. At naalala niyo ba ang kwento ni Hesus, nang Siya ay nagpunta sa kasalan? Kinailangan Niyang gawing alak ang tubig. Ginusto Niya ba iyon at masyado ba syang mapagmalaki, at ginawa Niya ba iyon agad? Hindi. Medyo pinagalitan pa nga Niya ang Kanyang ina dahil doon. Pero dahil kanyang nirerespeto ang Kanyang ina, na naihanda na ang lahat – sinabihan niya ang mga tao na punuin ang mga timba at pitsel ng tubig at ilagay doon at maghintay kay Hesus – napilitan Siya sa sitwasyon. Hiyang-hiya Siya. Hindi ba?

Ito ang pag-iisip ng isang marunong. Kapag kailangan nilang gawin ang mga hindi-maiwasang mga bagay sa mga hindi-maiwasang mga sitwasyon ay hiyang-hiya sila, hindi mapagmalaki. Iyan ang paraan ng pag-alam ng tunay sa pekeng Master. Ang isang pekeng master ay parating inaanunsyo ang bawat maliit, at hindi-mahalagang milagrosong kapangyarihan, pero hindi iyon gagawin ng totoong Master. Kung kailangan nila, gagawin lang nila ito ng palihim – tanging ang

mga disipulo ang makakaalam – at kapag kinakailangan lang para tulungan ang mga disipulo na makaligtas sa mahirap na sitwasyon o para pagalingin ang kanilang mga karamdaman, o para tulungan sila sa pag-iisip, o para tulungan ang kanilang ispiritwal na pag-unlad. Alam ng mga disipulo kung gaano makapagyarihan ang kanilang Master; alam na alam nila, sila lang ang nakakaalam.

Kaya noong sina Hesus o Buddha ay nabubuhay pa, sinamba Sila ng mga tao bilang Diyos, dahil alam nila kung gaano kadakila ang kanilang mga Master; sila lang ang nakakaalam. Kaya kapag nakikita ng mga taga-labas na sinasamba nila ang kanilang mga Master na parang Diyos, at na mas higit pa ang paggalang sa Kanila kaysa sa mga karaniwang mga pari, monghe o ibang mga tinatawag na propeta, nainggit at nagalit sila. Doon lumitaw ang lahat ng uri ng pag-atake at pananakit.

Kung maipapakita lamang ng mga tunay na Master sa publiko kung gaano sila kadakila at kung gaano karaming mga milagrosong kapangyarihan ang kanilang tinataglay, maiisip nyo kung gaano kadaming mga tao ang magsisitakbuhan sa kanila! Hindi na Nila kailangang magpakahirap, hindi na nila kailangang gumastos ng napakaraming pera, kailangan lang nilang pumunta sa telebisyon at gumawa ng konting mahika. Oo. Sapat na iyon. O manggamot sila ng ilang mga may sakit na tao sa harap ng libo-libong tao at iyon na ang pagtatapos ng kanilang misyon. Ang lahat ay magpapatirapa sa Kanilang mga paa. Hindi na kailangang gumawa ng mga pag-aanunsyo, at hindi na kailangang gumawa ng napakahirap na trabaho at tumakbo kung saan-saan. Pero hindi Nila iyon gagawin, hindi Nila iyon kayang gawin. At ni hindi Nila maiisip gawin ang ganoong mga bagay. Iyan ang problema. Pero tanging ang kanilang mga disipulo ang nakakaalam kung gaano Sila kadakila at kung anong mga kapangyarihan ang taglay ng Master.

Walang anumang bagay sa sansinukob na ito na hindi pagmamay-ari ng isang tunay na Master na katulad ni Hesus o Buddha o ng sinoman na natamo ang Kanilang antas. Ang buong sansinukob ay Kanilang Tahanan; bawat nabubuhay na nilalang, bawat dahon ng damo ay pagmamay-ari Nila at sinusunod Sila. Pero hindi Nila ginagamit ang awtoridad na ito para pasunurin ang anuman dahil mayroon Silang katangian ng Diyos. At ang Diyos ay may kusang-loob, kalayaan, ang mabuhay at hayaang mabuhay ang iba, pag-ibig at pag-ibig lamang. Walang pamimilit, walang pamumuwersa, walang pangongontrol, walang pagpapahiwatig, walang pandadaya, walang

paggamit ng anumang kapangyarihan para mahikayat ang mga tao kundi paggamit ng karunungan at lohiko para umapela sa kanilang sariling karunungan para sila mismo ay magising. Gisingin nila ang kanilang mga sarili. Hindi sa pamamagitan ng anumang kapangyarihan o hipnotismo.

Ang mga Master ay may kakayanang manghipnotismo, at gumawa ng lahat ng uri ng mga himala, pero hindi nila ginagawa; dahil nagmula sila sa Diyos at ang Diyos ay malaya. Ang Diyos ay hindi nakikialam sa mga problema, ang Diyos ay hindi nakikigulo sa mga suliranin ng iba. Hinahayaan Niya kayong magdesisyon sa kung anong landas ang inyong susundin, sa kung aling uri ng pamumuhay ang inyong pipiliin, sa kung aling lupain ang gusto nyong pasukin. Kung gusto nyong pumunta sa Langit, bubuksan Nya ito. Kung gusto nyong pumunta sa impyerno, wala rin iyong bayad. (*Tawanan*)

Mahirap sundin ang daan patungo sa Kalangitan dahil: ***Makitid ang daan na patungo sa buhay, at malawak ang daan patungo sa pagkawasak at marami ang lumalakad paroon.*** Bakit kaya ang daan patungo sa Diyos ay napakakitid? Mayroon pang nagsasabi na ito ay kasingtalim ng pang-ahit (razor) – napakatalas, napakahirap lakarin. Dahil sa ang daan at ang landas patungo sa Diyos ay kasalungat ng ating mga pamamaraan ng pag-iisip at ng mga makamundong pagnanasa at temptasyon. Kailangan nating lumangoy sa karagatan pero kailangan din nating iwasang mabasa ang ating mga damit. Gayon kahirap. Kailangan nating mabuhay sa mundong ito nang may disiplina at kabusilakan katulad ng lotus na tumubo mula sa putikan pero napakabusilak, napakalinis at napakabango. Ganito dapat tayo – isang Santo sa impyerno!

Sa Budismo ay may isang Santo, at ayon sa alamat: siya ay walang-hanggan na nasa impyerno dahil nanumpa siya na iligtas ang mga ‘nakararamdam’ na nilalang sa impyerno. Ngayon ating iniisip na walang sinoman ang kayang tumira sa impyerno dahil napakainit nito, puno ng apoy at lahat ng uri ng mga kaparusahan. Paanong ang isang Santo, isang Bodhisattva (ibig-sabihin ay isang Buddha na nasa ikalawang antas) ay makakayanang tumira sa impyerno, at nang walang-hanggan? Posible ito sa pamamagitan ng Pwersa ng Awa at ng Kapangyarihan ng Pag-ibig – hindi ka na tinatalban ng anumang pananakit o mga patibong. Kapag ang mga ordinaryong tao ay nagpunta sa impyerno, agad silang masusunog at hindi makakayanan ang init nito; pero ang isang Santo o sinoman na nagpapraktis ng banal na daan ay makakapunta doon at makakabisita, nang

hindi masasaktan, dahil sa proteksyon mula sa Master, na nangangahulugang proteksyon mula sa Diyos.

Ngayon, alam nating lahat na mayroon tayong Diyos sa ating kalooban. Iyan ang sinabi sa atin ng Bibliya. Kaya bakit hindi natin Siya mahanap? Dahil masyado tayong abala, wala tayong oras na kontakin Siya. At sa twing may oras tayo, pumupunta tayo sa simbahan, at abala na naman tayo: salita tayo nang salita, kanta tayo nang kanta, abala rin tayo sa pagtingin sa mga salita sa Bibliya – kung hindi, ay makakanta natin ito nang mali o makakagawa ng maling ritwal na ikagagalit ng pari. (*Tawanan*) Palagi tayong abala sa mga panlabas na palabas na wala na tayong oras para sa taimtim na pakikipag-usap sa Diyos, kaya hindi natin Siya matagpuan. Ito lamang ang sikreto.

Kung gusto nyo Siyang matagpuan, wala ako masyadong maituturo sa inyo kundi kung paano maging tahimik at kung ano ang pinakamagandang oras para mahuli ang Diyos – at anong oras. Pwede tayong makipagtagpo sa Kanya araw-araw at sa ganyang eksaktong oras palagi Siyang lalabas. Pagkatapos, makikilala na natin Siya nang lubos. Magpapakita Siya kahit saan, kahit kailan, anumang oras; at kapag lubos na natin Siyang kakilala, makikita Siya ng iba sa atin o na malapit sa atin, nakatayo sa ating tabi. Iyan ay mabuti. At ang tinatawag na Kapangyarihan ng Diyos ay aagos na parang karagatan o isang batis at mapakikinabangan ng sinomang malapit, gaya ng isang “sandalwood.” O kagaya ng isang tindahan ng pamango na sinoman na lumapit ay maaamoy ang mahalimuyak na amoy, nang libre. O minsan ang tagapagtinda ay bibigyan ka ng libreng spray (pasirit) at lalabas ka na napakabango. (*Tumawa si Master*) Gayundin sa isang kaluluwang Napagtanto-na-ang-Sarili. Nagpapalabas ito ng isang uri ng Banal na amoy at napakataas na kabutihan na sinoman ay mawiwili na mapalapit sa kanya at sinoman ay natural na magiging maginhawa.

Gayundin sa isang Master, sa tinatawag na Master, o Buddha o Christ. Ang totoo, hindi sila nagliligtas ng sinoman, hindi sila gumagawa ng anumang partikular na pagkilos at wala silang intensyon na manghuli ng mga kaluluwa para iuwi sila sa Tahanan. Hindi. Sila mismo ang magnet – natural silang nang-aakit, at hindi nila ito mapigilan. Kahit pa gusto nilang tumigil na magbigay ng mga pagpapala at kaligayahan at kasiyahan sa mga nakapaligid na tao, hindi nila ito kayang gawin – huli na. Katulad ito ng fountain na patuloy sa paglagaslas; katulad ng karagatan, na patuloy

na napupuno ng may hangganan. Kahit gaanong ulan ang bumagsak hindi ito mas aapaw, kahit gaano kalakas ang sikat ng araw, hindi ito mababawasan. Walang-hanggang itong ganon.

Kaya lahat tayo ay kayang maging mga Santo katulad ni Buddha at Hesus. Sinabi ni Buddha na: *Pagliligtas ng mga nilalang, pero hindi pagliligtas ng nilalang* – walang sinuman ang inililigtas ni Buddha. Bagaman ang Kanyang mga disipulo noong oras na iyon ay sinabi na sila ay iniligtas Niya, ipinahayag Niya na hindi Siya nagliligtas ng sinoman. Iyan ang kahulugan ng natural na kapangyarihan na dumadaloy nang kusa at natural mula sa isang mataas na kaluluwa na Napagtanto-na-ang-Sarili, mula sa isang kaluluwa ng Master para tulungan ang iba nang wala Siyang kinokontrol o ginagawa nang pasadya. Ito ang kahulugan ng kasabihan: Pagliligtas ng mga nakararamdam na nilalang pero hindi nagliligtas ng nakararamdam na nilalang. Dahil kung mayroon parin silang ideya ng pagliligtas ng sinoman ibig sabihin na hindi pa sila lubusang nakalaya sa ego, mula sa makasariling ideya ng pag-iral. Hindi pa sila lubos na nakakalaya sa balangkas ng taong-sarili, kaya hindi nila kayang gawin ang pangsansinukubang trabaho. Hindi nila kayang ilaman ang kawalang-hangganang, kawalang-katapusan, ang walang-hanggang kapangyarihan ng Diyos kung mayroon pa rin silang diwa ng sarili, dahil nililimitahan nito ang lahat. Hindi mo kayang ilaman ang kawalang-hangganang kung ikaw ay limitado. Iyan ang lohika nito. Kaya para maging katrabaho ng Diyos o ng isang Messiah o ng kaluluwa ng Master, kailangan mong maging walang-hangganang; at para maging walang-hangganang kailangan nating magpraktis ng pagpapalawak ng sarili.

Kaya nasa Bibliya: *Sinoman na isinasakripisyo ang sarili ay makakamit ang lahat*. Hindi ba? Ang sinoman na iniwala ang sarili ay makakamtan ang lahat, ang sinoman na nag-alaga sa sarili ay mawawalan ng lahat. Hindi ba? Iyan ang ibig sabihin nito. Ang iwala ang sarili ay nangangahulugan na iwala ang ego, ang diwa ng limitadong nilalang at maging kaisa ng sansinukob. Pero mas madaling sabihin kaysa gawin. Para maging ganon, para maging isang walang-hangganang nilalang, kailangan ipraktis ang palaging-umiiral na Kapangyarihan ng Diyos. Kailangang maglaan ng konting oras araw-araw para kontakin ang “Salita,” ang Salita na nasa Diyos, at ang Salita “na” Diyos o sa *Pangalan na hindi kayang pangalanan*, o sa Tagiting, o sa Daloy ng Tunog sa terminolohiya ng Budismo. Lahat sila ay iisa lang ang tinutukoy.

Kung gusto nating abutin ang parehong antas ng sinaunang Master, kailangan nating sundin ang parehong daan gaya ng sa kanila. Napakasimple; napakasimple niyan. Katulad lang ito kung gusto niyang maging doktor, kailangang niyang sundin ang paraan ng unibersidad sa pagtuturo ng medisina, at ang mga nakaraang mga doktor ay matuturuan siya at siya’y magiging isang doktor. Para maging katulad ni Kristo o Buddha, kailangan nating magpraktis ng parehong paraan na ginamit Nila; kailangan nating kontakin ang panloob na apoy, ang panloob na kumukulog na boses ng Diyos. At ang paraang ito, ay kaya kong ihandog sa inyo, at nang may kagalakan, nang libre – nang walang anumang uri ng pang-aalipin, kondisyones, pinansyal o mental na pangako mula sa inyo. Tanging ang debosyon nyo, ang debosyon nyo sa inyong praktis ang kailangan. Araw-araw kailangan ninyong magpraktis sa sarili nyong iskedyul at pagtatakda at sarili nyong pagkukusa. Iyan lang ang kailangan.

Simulan Natin ang Kapayapaan sa Ating Mga Sarili

Sinabi ni Supreme Master Ching Hai

Oktubre 1, 1989 (Video Tape #99)

Malaysia

(Orihinal sa Ingles)

Mga kababaihan, mga kaginoohan at lahat ng aking mga kaibigan, bago ko simulan ang alinmang lektyur saan mang lugar, ang puso ko ay palaging iniisip nang malalim kung paano makapaghatid ng perpektong talumpati para maialay ang pinakamabuting benepisyo sa mga tagapakinig. Kaya bago ako maglektyur ay palagi akong nagdarasal sa Diyos, sa mga Buddha, na kaawaan nila ako at tulungan at na magsalita sila sa pamamagitan ko. Sa gayon, ang ating mga kaibigan sa lahat ng direksyon, kabilang ang mga deva, mga multo at sinoman na nandito, ay makakuha ng pinakamabuting benepisyo mula sa dalawang oras na lektyur.

Labis akong nagdadasal. Hindi ako nagpunta sa templo para magdasal, hindi ako nagpunta sa simbahan para magdasal. Nagdadasal ako sa “simbahan” ng aking puso. Ginamit ko ang aking mahalagang katawan bilang simbahan, bilang templo, para magdasal sa Diyos, sa Buddha, dahil gusto kong makakuha kayo ng pinakamabuting benepisyo, at magkaroon ng pinaka-hindi-malilimutang oras mula sa pakikinig sa lektyur na ito.

Sa twing ako’y nagdadasal ng ganito, may mga biyaya at may mga benepisyo. Dahilan kung bakit sinoman ay nagdarasal araw-araw. Pumupunta tayo sa simbahan para magdasal sa Diyos, sa moske para magdasal kay Allah, o sa templo para magdasal kay Buddha dahil dama natin ang benepisyo. Dama natin ang biyaya mula sa mga Buddha, sa Diyos, kay Allah o sinoman na inyong sinasamba.

Dahil sa ating iba't ibang pinagmulan at iba't ibang kultura, tinatawag natin ang May Likha ng lahat ng bagay sa iba't ibang ngalan. Tinatawag natin ang pinakadakilang Kapangyarihan, na mahal tayo nang sobra, sa iba't ibang pangalan. Ang iba ay tinatawag itong Diyos, ang iba ay tinatawag itong Likas na Buddha, ang iba ay tinatawag itong "Tao" at ang iba ay tinatawag itong Allah, kaya hindi dapat tayo magtalo. Hindi mahalaga kung sa anong relihiyon tayo naniniwala. Maging ikaw ay Kristyano, Muslim, Buddhist, o Taoist, lahat ay naniniwala na ang kanyang relihiyon ang pinaka-kapakipakinabang, at gayundin ako. Anumang pinakamabuti sa atin, ay mabuti para sa atin.

Pero minsan, may mga pagnanais tayo na makita ang pinuno ng ating relihiyon. Halimbawa, kung tayo ay mga Budista, gusto nating makita o makontak ang Buddha, o ang Bodhisattva, si Shakyamuni Buddha o si Quan Yin Bodhisattva. Kung tayo ay mga Kristiyano, minsan ay gusto nating makontak ang Diyos, si Hesus, si Santa Maria o ang mga nakaraang mga Santo kung kanino tayo ay nagdarasal araw-araw. Hindi ko alam kung gusto nyong makita ang Buddha o makita ang Diyos nang sobra, gaya kung gaano ko kagusto; pero gusto kong makita ang Buddha, gusto kong makita ang Diyos. Gusto kong makausap ng direkta ang Diyos, na makausap ang Buddha tungkol sa mga pag-aalala, pag-aalinlangan at pagdurusang sa aking puso na nagmula sa sarili kong karanasan, at mula sa karanasan ng ibang nagdurusang mga nilalang.

Bago ako maliwanagan, palagi akong pumupunta sa simbahan at sa templo para magdasal araw-araw. Kapag nakakakita ako ng simbahan ay pumapasok ako at nagdarasal. Kapag nakakita ako ng templo ay pumapasok ako, sumasamba at nagdarasal kay Buddha. Naalala ko na mayroon lang akong dalawang panalangin. Nang pumupunta ako sa simbahan, sinabi ko sa Diyos, "Panginoon, kung talagang totoo Ka, pakiusap magpakita Ka sa akin; sa kahit anong paraan, pero hayaan Mong makita kita isang araw. Gusto lang kitang makita at wala nang iba." Iyan ang una kong panalangin. At isang araw sa templo ay nagdasal ako kay Buddha, "Mahal na Buddha, kung tunay kang umiiral, pakiusap magpakita Ka sa akin. At hayaan Nyong makita kayo ng ibang tao. Pakiusap hayaan Nyong makita namin kayo, ipaaala Nyo sa amin ang Inyong kaluwalhatian, para maniwala kami sa Iyong awa at kapangyarihan, at nang maging panatag ang aming puso." Nagdarasal ako nang ganyan nang maraming beses pero hindi ko nakita ang Diyos o ang Buddha.

Kaya isang araw medyo napagod na ako, at umiyak. Umaga twing ginagawa ko ang pang-umagang serbisyo sa Buddha. Alam nyo ba kung paano ginagawa ng mga Budista ang pang-umagang serbisyo? Oo? Kukuha ka ng kahoy na isda at ikakatok mo ng ganito: (*Ipinakita ng Master kung papaano*) “ko, ko, ko tung; ko, ko, ko, tung...,” habang inuulit nyo ang mantra, tulad ng “Tabei Chow” “Namo hanadanadorayeye namo ariye polojeti” atbp. Pagkatapos ay uulitin mo ang ngalan ng Quan Yin Bodhisattva, “Namo Quan Shih Yin Pu’sa,” o ang ngalan ng Amitabha, “Namo Omi To Fwo,” nang ganyan, nang maraming maraming beses.

Noong araw na iyon, matapos ko itong gawin at hindi ko nakita ang Buddha, matapos kong magdasal nang maraming beses, napaiyak ako na parang sanggol. Alam nyo yung pakiramdam kapag hindi nyo nakuha ang gusto nyo, ipinapadyak nyo ang mga paa nyo sa hangin at sasabihin, “Bakit hindi ko ito makuha?” (*Tawanan*) Kaya iyak ako nang iyak at sinabi, “Buddha, hindi sa hindi kami naniniwala sa Inyo, kundi dahil sa hindi namin Kayo nakikita, at matindi ang aming pagnanais sa aming puso. Paano Nyo aasahan ang mga tao na maniwala sa Inyo kung hindi Ka nila nakikita?” (*Palakpakan*)

Iyak ako nang iyak at hikbi nang hikbi kaya ang aking kapitbahay ay dumating at kumatok sa pintuan at sinabi, “A.... a.... anong nangyari sa’yo? Hindi ka gumagawa ng anumang kahangalan, di ba ?”

Sabi ko, “Hindi. Hindi. Bakit ako gagawa ng kahangalan?” “Narinig kitang umiiyak buong umaga!”

Akala nya ay gumagawa ako ng kahangalan. Umiiyak lang ako kay Buddha, at iyak ako ng iyak nang malakas na nagising ko ang mga kapitbahay. Hiyang-hiya ako. Pero simula noon ay napagtanto ko na kahit na magdasal ako araw-araw at kahit na gawin ko ang pang-umaga at pang-gabing pagpapatirapaa at pagbigkas sa harapan ng larawan ni Buddha, hindi ako nakadama ng kasiyahan sa aking puso dahil wala akong nakitang anumang senyales ng Buddha. Kaya nagdesisyon ako ng araw na iyon na dapat na akong umalis. Dapat na akong umalis at gumawa ng ibang bagay. Dahil ang paraan na ito ay wala akong mapala. Hindi ako pwedeng manatili doon at walang marating.

Dahil matindi ang pagnanais kong makita ang Buddha, nagpunta ako kung saan-saan, nagdasal sa bawat templo, at sumamba sa bawat lugar sa mundo na may mga templo, simbahan, mga monghe at mongha. Sa twing naririnig kong may tao na may konting kaliwanagan o na sikat, pupunta ako doon, yuyuko at hihingi ng konting kaliwanagan.

Napakarami, maraming mga taon ang lumipas na ganito, pero wala masyado akong natamo. Mayroong ilan, oo, nagkaroon ako ng ilang tinatawag na “Gan Yin,” na ang ibig sabihin ay isang klase ng tugon na nakukuha kapag nagdarasal ka kay Buddha o sa Diyos. Isang araw, tuloy tuloy akong nakatitig kay Amitabha Buddha – isa akong debotong Budista, at isa ring debotong Kristyano – at sinabi ko, “Bakit hindi Mo ako dalhin sa Kanlurang Paraiso?” (*Tawanan*) at sinabi ko rin, “Bigyan mo ako ng ilang Gan Yin – ilang tugon.” At tumugon Sya.

Napakatapat ko at ‘heartbroken’ ako noon, na nadama Nya ang na karapat-dapat akong matugunan, kaya inangat Niya ako nang napakataas. Biglang nadama ko na nakalutang ako. Takot na takot ako; sinabi ko, “Hindi, hindi, hindi. Ibaba mo ako.” Ang pakiramdam ay parang lumilipad. Alam nyo ba yun? Hindi? Naranasan nyo na iyon, ha? (*Tawanan*) Kung magdadasal ka ng napakamataimtim, ang katawan mo ay magiging napakagaan. Makakakuha ka ng ilang Gan Yin, o ilang tugon mula sa Buddha. At minsan ay mapupunta ka sa samadhi. Iyan ang tinatawag nating “Nien Fo San Mei,” (sa Chinese) na ang ibig sabihin ay kapag binigkas mo ang ngalan ng Buddha ay tuwang-tuwa ka, at mayroon kang lubos na kaligayahan – “Ru Ding,” (sa Chinese) o samadhi. Nakaupo ka dyan, at napakaganda, napakaligaya ng pakiramdam, napakapayapa at wala anumang alalahanin sa daigdig. Iyan ang tinatawag nating samadhi sa Sanskrit, o “San Mei” sa Chinese. Oo sa Kanluran ay tinatawag din nila itong samadhi, na ibig sabihin ay pumapasok ka sa napakaligaya, mapayapang estado ng pag-iisip kung saan wala kang kalungkutan, walang alalahanin at walang takot. Iyan ang tinatawag na samadhi.

Sa estado ng samadhi, napakaperpekto ng iyong pakiramdam. Ramdam mo na wala sa mundong ito ang makakagambala sa atin. Walang nangyayaring anuman at lahat ay perpekto. Minsan kapag pumapasok tayo sa kondisyong ito, ramdam natin na ang daigdig ay nasa perpektong pagkakaayos. Kaya nang pumasok si Lao Tzu sa samadhi ay nasabi Nya: “Tien hsia ben wu shih,” na ang ibig sabihin ay sa ilalim ng kalangitan ay walang problema; ang lahat ay nasa perpektong pamamahala.

Ngayon, iyan ay isa sa aking maliit na karanasan noong ako ay tapat na nananalangin sa Buddha at sa Diyos. Pero iyon lang ang nagkaron ako, at wala nang iba. Kaya naghangad pa ako nang mas marami, dahil binigyan ako ng Buddha ng konti lang at hindi iyon sapat. Alam nyo, parang kapag nakakain ka ng napakasarap, napakamalasang pagkain. Kapag pinatikim ka ng konti lang, syempre matatakam ka at gusto mo pa nang madami. Gusto ko pa nang marami. Kaya kung saan-saan ako nagpunta para maghanap ng solusyon. Tanging pagkatapos ko lang makakuha ng kaliwanagan, ang tinutukoy ko ay ang tunay, ang malaking kaliwanagan, hindi ang maliit na kaliwanagan, noon ko lang napagtanto na ang lahat ay nasa sa kalooban natin, at hindi na natin kailangang magtatakbo kung saan-saan para hanapin ito. Kailangan lang nating tumahimik at tuklasin ito.

Karamihan sa atin ay iniisip na si Buddha ang nagbibigay ng anumang ipinagdasal natin. Hindi, hindi, mayroon na tayo nito. Hindi lang natin alam na mayroon na tayo nito. Kapag nagdarasal tayo nang husto at nang taimtim, ang ating ego, ang ating isip ay nawawala. Dama natin na hindi tayo hiwalay sa Pinakadakilang Kapangyarihan na tinatawag nating Diyos, ang Paglikha, ang “Tao” o ang Likas na Buddha. Dahil hindi tayo hiwalay sa Kapangyarihang iyon sa oras na iyon kaya bigla tayong naging mas matalino, biglang nakikita natin ang mga bagay-bagay nang mas malinaw, at nakikita natin na mayroon na talaga tayo ng mga bagay na ito. Hindi sila nagmula sa langit, nasa taguan na sila ng ating mga naipong meritos.

Bakit ko nasabi ang mga bagay na ito? Dahil gusto kong ipaalala sa inyo, na kung sa buhay natin, ang sitwasyon ay hindi mabuti, kung anumang inaasam natin ay hindi matupad, ito ay dahil nakalimutan nating hanapin ang gusto natin. Halimbawa, ang mga Buddha ay umiiral, si Hesus ay nandyan, ang Diyos ay umiiral, si Allah ay umiiral, kung kanino ka man nagdarasal, siya ay umiiral. Pero hindi natin Sya nakikita dahil nakalimutan natin Siyang hanapin o nakalimutan natin Silang hanapin. Hindi lang sina Buddha, ang Diyos, si Hesus o sinoman na pinaniniwalaan ninyo ang umiiral, kundi ang lahat, bawat bagay na gusto natin ay umiiral na sa ating taguan ng meritos. Kung hindi, hindi natin ito gugustuhin. Wala tayong kaalaman ng anumang gusto natin.

Halimbawa, sa Africa ay may ilang mga hindi-sibilisadong mga tribo ng mga tao. Hindi pa sila nakakakita ng telebisyon noon, kahit sa nakaraang tatlumpo o sa nakaraang isang-daang taon. Kaya ang ideya nang manood ng telebisyon ay hindi sumagi sa kanilang isipan dahil sa kanilang alaala, ang telebisyon ay hindi umiiral. Kaya anumang hinihiling natin sa buhay na ito, gaya ng

kayamanan, kasiyahan, kaligayahan, kontak sa Diyos, kay Buddha, atbp., ay umiiral na sa ating taguan para sa atin. Ang ating nakaraang alaala mula sa nakaraang mga buhay sa mundong ito ay inirehistro na ang mga ganitong uri ng mga imahen; kaya ngayon ay gusto natin sila. Kung hindi, paano natin sila gugustuhin? Paano natin malalaman na may ganoong mga bagay? Gusto natin sila dahil alam natin na noon ay mayroon tayo ng mga ito.

Kaya, kapag tayo ay naliwanagan o kapag nakuha natin ang pinakadakilang karunungan, madidiskubre natin ang mga bagay na ito sa ating “taguan.” Hindi ang Buddha ang nagbigay nito sa atin. Hindi ito ipagkakaloob ng Diyos sa atin. Naipagkaloob na nila ito sa atin. Nakalimutan lang nating gamitin ang mga ito. Kaya may paraan tayo para makilala ang pagmamahal ng Diyos, para makilala ang awa ni Buddha, at ito ay ang pagiging walang-kibo, ang maging matahimik, at pakinggan ang sinasabi ng Diyos o ni Buddha sa atin.

Mayroong dalawang bahagi ang praktis araw-araw: ang unang bahagi ay ang pagdarasal sa anumang gusto natin, at ang ikalawang bahagi ay ang pakikinig sa kung anong sinasabi sa atin ng Diyos o ni Buddha – kung saan natin makukuha ang gusto natin. Kung palagi lang tayong nagtatanong at hindi nakikinig, hindi tumatanggap, ay hindi natin ito makukuha. Kadalasan, ay labis tayong abala sa pagdadasal para sa isang bagay at hindi natin alam kung ano ang gustong sabihin sa atin ng Diyos. Halimbawa, kapag pumunta tayo sa isang guro para magtanong tungkol sa English na paksa, kailangan nating tumahimik at makinig sa sagot. Hindi ba? Oo?

Kaya ngayon, kung tinatanong natin ang Diyos o si Buddha para sa anumang bagay sa umaga, sa tanghali at sa gabi, palaging “tayo” ang nagsasalita. Syempre, hindi natin malalaman kung anong sagot ng Diyos at kung anong sinasabi ni Buddha na dapat nating gawin. Ito ang dahilan kung bakit ang buhay natin ay hindi gaanong umuunlad kahit na gusto ng Diyos tayo palaging tulungan; kahit na ang mga Buddha sa sampung direksyon ay palagi tayong binabantayan at gusto tayong bigyan ng instruksyon, gaya ng: paano pamahalaan ang ating buhay, paano solusyonan ang pang-araw-araw nating problema, at paano makuha ang pinakamataas na katalinuhan para makapanatili sa mundong ito, at makapasok sa iba’t ibang antas ng daigdig sa buong sansinukob. Kailangan nating manahimik minsan, at iyan ang tinatawag nating “meditasyon.” Ngayon kung nakaupo tayo dyan at nag-iisip pa rin tayo sa ating mga isip, hindi pa ito meditasyon, kundi “pagsasalita sa katahimikan” lang iyon. (*Tumawa si Master.*) Kaya dapat nating malaman kung paano

magmeditate, kung paano umupo nang walang-kibo, at iyan ang inaalok ko sa inyo. Palaging may paraan para magawa ito nang maayos at nang tama para matanggap natin ang mensahe mula sa Diyos, mula kay Buddha, mula kay Allah o kung sinomang iyong pinaka-pinaniniwalaan. Hindi sa hindi nakikinig ang Diyos sa atin; hindi sa hindi nakikinig si Amitabha sa atin; tayo ang hindi nakikinig sa Kanila.

Kaya sinabi ko sa libro ko na kapag binigkas mo ang mga ngalan ng Buddha at ng Diyos, hindi ito makakatulong sa inyo masyado. Hindi ko sinasabi na hindi kayo pakikidding ng Diyos at ng Buddha; ang sinasabi ko ay napakaingay natin, masyado tayong masalita, at hindi tayo nakikinig. Kaya may paraan para masolusyonan ang problemang ito. Araw-araw, magdasal pa rin tayo kay Buddha, magdasal pa rin tayo sa Diyos, pero maglaan din tayo ng oras para umupo nang walang-kibo, at pakinggan ang mensahe na gustong ibigay ng Diyos sa atin. Makatwiran ba ito? Oo? Salamat.

Sa ngayon ay dadako tayo sa ikalawang bahagi: kung paano umupo nang walang-kibo. Karamihan sa atin ay magalaw; lalo na kapag tayo ay nakaupo. Hindi ba? Ngayon, kung hindi kayo naniniwala sa akin, mamayang gabi, pagdating nyo ng bahay, subukan nyong maupo nang walang-kibo at panatilihing blangko ang isipan sa loob ng limang minuto. Kung kaya nyo iyong gawin, ikaw ang aking master. (*Tumawa si Master*) Napakahirap nito. Maaaring mong ilagay ang katawan mo sa loob ng kahon, pwede mong isara ang sarili mo nang ganito, pero tumatakbo pa rin ang isip mo kung saan-saan. Hindi iyan ang paraan ng pagmemeditate, at hindi iyan ang paraan ng pakikinig sa mensahe ng Diyos o ni Buddha.

Ngayon, may mas mabuting paraan para gawin iyan. Pwede tayong magdasal kay Buddha, sa sarili nating Likas na Buddha sa kalooban o sa sarili nating awa at kabutihan, na umiiral sa kalooban natin, na tinatawag sa Chinese na “Hsin Ben Shan,” na ibig sabihin ay ang orihinal na mabuting kalooban o kabutihan. Kaya, kung naniniwala tayo sa Diyos, ay nagdadasal tayo sa Diyos; kung naniniwala tayo kay Buddha, nananalangin tayo kay Buddha; kung naniniwala tayo sa “Hsin Ben Shan” na ang ibig sabihin ay ang kabutihan sa ating kalooban, nagdadasal tayo sa kabutihan sa ating kalooban; pero , manalangin tayo sa pinakamataas na Kapangyarihan, sa pinakamataas na Diyos, pinakamataas na Buddha. Huwag kayong mananalangin sa maliliit na diyos, gaya ng tinatawag natin sa Chinese na “Shern” (ang mga ispirito) o “Guei” (ang mga multo), o ang

tinatawag na mga lokal na multo dahil ang kanilang kapangyarihan ay “lokal” lang. (*Tumawa si Master*) kaya hindi tayo dapat magdasal sa panglokal lang kundi sa pinakamataas, ang nasa pinakatuktok, para ang makukuha natin ay ang pinakamataas, ang pinakamataas na Kapangyarihan. (*Masigabong palakpakan*)

Nagdarasal tayo sa anumang gusto natin, pero kailangan na ito ay mabuting panalangin. Hindi ko ibig sabihin na tutulungan ka ng Diyos na magtagumpay kapag nagdasal ka na patayin ang sinoman o na nakawan ang isang bangko. Hindi, hindi, hindi, hindi iyon makakatulong. Ang ibig kong sabihin, magdasal ka sa hangganan ng awa ng tao, nang makatwiran, at para sa kapayapaan ng buhay ng tao. Manalangin ka para sa awa, kapayapaan o sa pinakamataas na paggabay para ang iyong buhay, ang buhay ng iyong kapwa at ang buhay ng bansa ay maging masagana, matalino, at mapayapa. At araw-araw, gagabayan tayo ng Diyos, gagabayan tayo ni Buddha kung paano gawin ang mga bagay-bagay. Biglang magbabago ang mga bagay. Magiging mas mabuti, mas magaan at magagawa mo ang mga bagay nang mas mabuti kaysa noon. Dyan mo malalaman na ginagabayan ka ng Diyos.

Pagkatapos mo iyong gawin, magbabago ang pakiramdam mo. Malalaman mo na may tunay na mas higit na Kapangyarihan kaysa sa ating isip, na tinatawag nating Diyos, Likas na Buddha o Tao. Hindi na mahalaga kung ano ang tawag nyo dito, dahil may kalayaan tayong pangalanan ang mga bagay-bagay nang iba't iba. Sa ganyan tayo nakikinig sa Diyos o sa Buddha. Kung hindi natin ito gagawin araw-araw, hindi natin makukuha masyado ang mensahe mula kay Buddha at mula sa Diyos; at hindi natin alam kung totoo bang may Diyos, na mayroong Buddha, at kung mahal ba Nila tayo o hindi.

Ngayon, kung hindi mo makuha ang benepisyong ito mula sa meditasyon na iyong ginagamit, mayroon akong ibang paraan para makita mo ang pagmamahal ng Diyos, ng Lumikha at ng Buddha. Kapag nakakakita ka ng iba't ibang bulaklak, tingnan mo ang puso ng bulaklak, tingnan mo kung gaano kaganda sila at kung gaano sila kabango. Iyan ang layunin ng kanilang pag-iral. Dahil sa mahal na mahal tayo ng Diyos, ng Buddha, Tao o ni Allah, kung kaya nilikha nila ang mga ito para libangin ang ating pandamdam, para gawing mas maganda ang buhay, mas madaling pagtiisan at mas komportable. At kapag tumingin ka sa mga mata ng iyong anak, makikita mo na sila ay kumikislap sa katalinuhan, pag-ibig, kuryusidad na matuto, at sigla, na ibinibigay nya sayo

araw-araw sa pamamagitan ng pag-ibig ng pamilya. Sa ganito ipinapadama ng Diyos o ni Buddha ang Kanilang awa at pag-ibig para sa atin. Kung hindi, kung wala tayo ng ganitong mga bagay, katulad ng pag-ibig ng mga bata, ng mga bulaklak, ng magandang kalangitan, ng mga bituin, ng buwan o ng araw, ang ating buhay ay magiging miserable.

Kaya, kahit na noon na alam natin kung ang Diyos, Buddha o mga Santo ay umiiral o hindi, alam na natin na may walang-pasubaling pagmamahal na nagmula sa hindi natin alam kung saan. May umiiral na pag-ibig para sa lahat ng tao at lahat ng bagay sa mundong ito. Hindi lang mga tao ang mahal ng Diyos, pati mga hayop; hindi lang tayo ang inaalagaan ni Buddha, kundi ang lahat. Kaya kita mo kahit ang mga damo ay ginawa para sa mga baka, ang babaeng mga ibon ay para sa mga lalaking ibon, ang pulot-pukyutan ay para sa mga bubuyog.

Kaya sa Bibliya ng Kristyano ay sinabi na ginawa ng Diyos ang bawat bagay na naaayon para sa bawat nilalang. Sa sutra ng Budista, ipinaliwanag ni Buddha na ang mga Buddha at Bodhisattva minsan ay nagpapalit-anyo sa mga hayop, ibon, bulaklak o tubig, para paglingkuran at tulungan ang mga nakararamdam na nilalang. May kaparehong kasabihan sa iba't ibang lenggwahe at Kasulatan.

Kaya, upang malaman natin ang pagmamahal ng Diyos o ng Buddha para sa atin, kailangan nating pahalagahan ang lahat ng nilikha sa paligid natin; kailangan nating tumingin nang mas dahan-dahan, nang may higit na atensyon, at higit na pagpapasalamat sa lahat ng bagay na pinakikinabangan natin. Kung hindi, ay madaling makalimot at madaling maging hindi-mapagpasalamat.

Ang May Likha at ang Buddha ay walang pakealam kung tayo ay hindi-mapagpasalamat sa Kanila. Hindi sila naghahanp ng pasasalamat. Pero kung nakalimutan nating maging mapagpasalamat, mawawala ang ating pagpapahalaga sa kadakilaan. Makakalimutan natin na may mas mataas na Kapangyarihan na nag-aalaga sa bawat nilalang. At dahil dyan ay malulungkot tayo, sobrang desperado at matinding pagdurusa.

Sa labas, dapat tayong magpasalamat sa lahat ng bagay na ating natatanggap. Sa loob, dapat tayong maupo nang tahimik minsan at alamin na ang Buddha ay umiiral; dapat tayong makinig sa Boses

sa loob, ang tahimik na Boses, ang Boses ng Diyos, Boses ng Buddha. Kapag ginawa natin yan araw-araw, makikita natin ang malaking pagbabago sa pang-araw-araw nating pakikisalamuha sa iba, sa ating katalinuhan at sa ating mga pananaw. Iyan ang tinatawag nating “meditasyon.”

Ngayon, masyadong madali kung uupo lang tayo, magmemeditate, makikinig sa Boses ng Diyos at makinabang nang sobra. Kaya may ilang mga kondisyones na kailangan nating bigyan ng atensyon. Naka-print ang mga iyon sa mga aklat sa labas.

Ngayon, pag-usapan natin ng konti ang tungkol sa mga aklat na ito. Ang aking maliliit na aklat ay hindi talaga aking mga aklat kundi mga aklat ng mga disipulo ko. Wala akong sinulat na kahit anong aklat, hindi rin ako marunong magsulat ng Chinese. Ang lahat ng ito’y mga gawa ng mga disipulo ko. Nagsalita lang ako at inerekord nila ang mga salita ko, inilathala nila, at inilagay ang pangalan ko sa pabalat. Dahil dyan ay sumikat ako at napunta sa gulo. (*Tawanan*)

Nanatili ako sa Formosa, paminsan-minsan, sa loob ng limang taon at walang naging problema. Saan man ako pumunta ay tinatanggap at minamahal ako, binibigyan ng konting pera, makakain at ilang damit na maiisuot dahil ako ay madre, isang sobrang hindi-kilalang madre. Kaya wala akong problema. Pagkatapos, sa kung anong lugar, ay may mga Formosan na nakiusap sa akin na ituro ko sa kanila ang Quan Yin Method, kaya ginawa ko naman. Inerekord nila ang lahat, kahit ang mga bagay na sinabi ko sa kanila nang personal, na para sa kanila lang dapat, dahil ang antas ng mga tao ay iba’t iba. Minsan, pwede mong sabihin ang isang bagay sa taong ito, pero hindi sa ibang tao. Hindi ba? Pagkatapos ay bulag-bulagan nilang inemprenta ang lahat, (*Tumawa si Master*) at ipinamahagi sa publiko, at nagsimula akong mapasok sa gulo. Dahil dyan ay nakilala nyo ako at dahil dyan ako ay napunta sa gulo. Halos lahat ng nagmahal sa akin noon ay naging kalaban ko na. Pero hindi bale, maliit na bagay lang iyon kumpara sa benepisyong nakukuha ng mga tao kaya okey lang sa akin na mapunta sa gulo dahil dito.

Ang mga disipulo ko ay napakabuti ng mga puso at nagnanais silang maibigay sa iba ang mga benepisyo na nakukuha nila. Hindi ko sila pwedeng pigilan dahil may mabuti silang motibo. Kapag pinigilan ko sila, ibig sabihin nito hindi ako kasing-maawain nila. Kaya hinahayaan ko na gawin nila ang anumang sa palagay nila ay mabuti para sa iba.

Sa mga aklat na ito (Ang Susi sa Mabilis na Kaliwanagan), parehong nasa English at Chinese, nagsasalita ako sa aking mga disipulo sa oras na iyon kung paano paunladin ang daan ng kaalaman. Halimbawa, hindi sapat na araw-araw ay maupo tayo ng tuwid, ipikit ang mga mata, na parang isang Buddha, at alam na ng lahat na ikaw ay isa nang dakilang praktisyoner. (*Tawanan*) Hindi sapat. Kailangan nating gawin ang meditasyon na isang paraan ng pamumuhay. Halimbawa, kapag tayo ay nagmemeditate, tayo ay kumokontak sa sa Kapangyarihan ng Diyos at ng Buddha. At kailangan nating hayaan ang Kapangyarihan na ito na makita sa ating araw-araw na pakikitungo sa iba sa pamamagitan ng pagiging mas mapagmahal. Iyan ang ebidensya ng ating pag-unlad.

Ngayon, kung gusto nating patunayan na tayo ay mas mapagmahal, kailangan nating gumawa ng konting kawanggawa: kailangan nating tulungan ang mga mahihirap, maging mas masunurin sa ating mga magulang, alagaan ang mga matatanda, mga sanggol, mga balo, at iwasan ang masyadong pagsasaya. Kailangan nating makita ang pagdurusa ng ibang nilalang na parang ating sarili. Kaya hindi dapat tayo magsaya sa pagpatay ng mga hayop at sa pagkain sa kanila. Iyan ang dahilan kung bakit tayo dapat maging mga vegan.

Kung ayaw mong sumunod sa pagkain ng vegan dahil napakaraming problema, gaya ng dahil sa negosyo, dahil ang may bahay ay ayaw kang ipagluto, dahil... dahil.. at dahil... (*Tawanan*) ay may alternatibong paraan. Halimbawa, noong unang tinanggap ni Buddha ang ilang mga monghe sa Kanyang Samahan ng mga Monghe, ang mga mongheng ito, pati ang ibang mga pangkaraniwang disipulo, ay nasanay sa pagkain ng karne dahil sa kanilang bansa, ang mga damo at gulay ay hindi lumalago. Kaya sinaabi ni Buddha: ” Okey, unti-unti kang magbago mula sa pagkain ng karne patungo sa pagkain ng gulay.”

Kaya, naaayon sa Buddha ay nag-aalok din ako ng ilang alternatibo. Halimbawa, dapat nating subukan na maging vegan sa twing kombenyente sa atin; at dapat nating subukan hanggat maaari, na gumawa ng dahilan para maging vegan sa halip na gumawa ng dahilan para kumain ng karne. Iyan ang ibig kong sabihin sa higit na paghilig patungo sa awa at pagpapalawig ng pag-ibig sa lahat ng nilalang. Lahat ng relihiyon ay binanggit na dapat nating palawigin ang ating pag-ibig sa lahat ng nilalang at hindi lamang para sa mga tao.

Kaya, kung naniniwala man tayo sa anumang relihiyon o hindi, tanging sa “Hsin Ben Shan” sa kabutihan at awa sa ating sariling mga puso, lamang tayo maniwala. Kailangan nating subukang makapagligtas ng mas maraming nilalang sa abot ng ating makakaya. Hindi ibig sabihin na kapag binawasan mo ang pagkain mo ng isang pirasong karne na maraming bagay ang magbabago; pero ito ang prinsipyo ng pagsasanay ng ating mga puso sa pagkamaawain. Palaguin natin ang ating awa; huwag natin itong patayin. Ang intensyon ang mahalaga.

May ibang grupong praktisyoner na hindi kumakain ng vegan dahil sa palagay nila ay hindi ito madali. Araw-araw kailangan nilang pumunta sa aliwan, makipagkaibigan, o makipagtransaksyon sa iba at iniisip nila na hindi madaling manatiling vegan. Kaya nagdesisyon sila na mag mag-fasting isa o dalawang araw sa isang linggo para bawasan ang kanilang kain ng karne, bilang simbulo ng paghilig tungo sa awa sa lahat ng nilalang. Kaya narinig natin na ang grupo iyon ay may “5-day fast,” na ang relihiyong iyon ay may isang buwan, o isang beses sa isang taon na fasting. Tira-tirahan lang ang mga ito mula sa napakatanda, subalit napakamabisang tradisyon.

Sa Budismo, marami rin tayong klase ng mga vegetarian, gaya ng buong-buhay na vegetarian, dalawang beses sa isang buwan na vegetarian, apat na beses sa isang buwan na vegetarian, at anim na beses sa isang buwan na vegetarian, atbp... para matulungan ang mga tao na masanay sa vegetarian na pagkain. Pero ang sistemang ito ay napakakomplikado para sa inyo. Halimbawa, ang mga oryental na Budista ay may napakaistriktong pang-buwang kalendaryo, at vegetarian sila sa unang araw, ika-labinlima, at sa katapusan ng buwan. Kung ikaw ay napaka-abalang tao gaya ng mga negosyante o isang mamamahayag, hindi mo palagi matse-tsek ang “pang-buwang” kalendaryo, at maaaring wala kang “pang-buwang” kalendaryo kundi “pang-araw” na kalendaryo, (*Tawanan*) kaya mahirap malaman kung aling petsa ang alin. Kaya aking iminungkahi, bilang simbulo ng pagsuporta sa pagkamaawain sa lahat ng nilalang na kumain tayo ng vegan na pagkain sa twing ating naaalala, at sa twing kombenyente sa ating buhay, at iyan ay higit na napakabuti na. Ok ba iyan? Oo? Salamat.

Sa ganitong paraan, tayo ay mas relaks sa ating isipan at puso. Bakit? Dahil sa twing tayo ay kumakain ng karne, hindi maiiwasan na ang ilang mga galit, poot at pagkabigo na nasa puso ng hayop dala ng pagkamatay nito, ay tumatak sa ating “subconsciousness”; at madama nating ang pagiging balisa sa kalooban. Kapag natulog tayo sa gabi, babangungutin tayo. Kapag nakita tayo

ng mga hayop, matatakot sila sa atin at tatakbo palayo. At kapag tayo ay may sakit, mahirap tayong gumaling dahil sa atmospera ng galit, poot na nanunuot sa kinain nating karne.

Kaya, sa pagdalas ng ating pagkain ng vegan, sa pagbuti sa ating konsensya. Mas konti ang ating pakiramdam ng pagkakasala ng ating “subconsciousness,” at mas makakatulog tayo ng mahimbing nang kokonti lang ang bangungot. Kaya kailangan nyong subukan. Mas mabuti ito para sa ating isipan, puso, kalusugan at para sa lahat.

Ngayon, hindi ako nagbabasa ng dyaryo na kasing dalas ninyo, maliban kapag naglalakbay ako at nakaupo sa eroplano sa loob ng 15, 20, 30 oras, wala na akong ibang magawa at hindi ako masyado makatulog o makameditate nang napakahaba. (*Tawanan*) Kaya kumuha ako ng dyaryo para mabasa. Sa twing tumitingin ako sa dyaryo, walang mabuting nandoon. (*Tawanan*) Walang balita na mabuting balita.

Noong huli, papunta ako dito mula sa Hong Kong, nagbasa ako ng Newsweek at Time na mga magasin. Nakita ko ang lahat ng klase ng malalaking sakuna gaya ng: ipo-ipo, pagbagsak ng eroplano, patayan at mga sakit. Mayroon nang mga ilang uri ng sakit na hindi natin alam noon sa kasaysayan. Halimbawa, isa sa mga pinakabagong sakit ay isang uri ng uod na sakit na hindi kayang gamutin. Kakainin ng uod ang butas mula sa loob palabas at makikita mo ang mga uod na gumagapang palabas mula sa loob ng butas. Kaya nyo bang isipin ang buong katawan na puno ng ganyang mga uod? Ang mga doktor ay walang alam na paraan para gamutin ito. Nang makita ko ito, alam nyo, nahilo ako; gusto kong masuka. Hindi dahil sa kakila-kilabot na hitsura kundi sa matinding awa para sa pasyente.

Kadalasan, mayroon tayong mga bulati sa tyan, at iyan ay kakilakilabot na. Ngayon, kung mayroon kang mga uod sa kung saan-saan sa loob ng iyong katawan at anumang oras ay pwede silang gumawa ng butas at gumapang palabas nang nakikita mo; ang utak, dugo at laman mo ay puno ng uod... .. kaya mo bang isipin kung anong klase ng buhay iyon?

Kaya, sa palagay ko, tayo na may mabuting kalusugan at pinansyal na katayuan, ay dapat magdasal sa Diyos na huwag tayong ilagay sa ganitong klase ng sitwasyon. Dapat rin nating ihanda ang mga sarili natin para maging mas malinis at mas reseptibo sa proteksyon ng Diyos, para hindi tayo

mahulog sa kaawa-awang kalagayan. Ang pinakamabuting paraan ay ang subukang iwasan ang hindi-direktang pagpatay, tulad ng pagkain ng karne. Kung hindi tayo kakain ng karne, walang papatay.

Sa Budismo, ang Batas ng Sanhi at Bunga ay malinaw at tumpak. Anumang gawin mo sa iba ay gagawin din sa iyo sa isang paraan o sa ibang paraan. Hindi lang sa Budismo, kundi pati sa Kristyanismo ay sinabi : Kung anong iyong itinanim, sya mo ring aanihin. At kung titingnan mong mabuti ang ibang relihiyon, makikita mo na ang Batas ng Karma – ang Batas ng Sanhi at Bunga-na anumang gawin mo ay gagawin din sayo. Kaya sinabi ni Confucius: ***Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin sa iyo.*** Alam din nya ang Batas ng Sanhi at Bunga, na ang ibig sabihin ay kung anumang gawin mo, matatanggap mo ang resulta, maging masama o mabuti. Kung ayaw natin ng masamang resulta, kailangan nating gumawa ng mabuti para makakuha ng mabuting resulta. Hindi ko na kailangan banggitin sa inyo ang Langit at impyerno, ang praktikal buhay sa araw-araw pa lang ang pinag-uusapan natin.

Kung gusto natin ng malusog na isipan, ng malusog na katawan, ng mabuting konsensya at mahimbing na tulog sa gabi, kailangan nating magkaron ng mas maraming awa para sa ibang mga tao at para sa mga hayop. Kung bibigyan natin ang iba ng kapayapaan at seguridad, makakakuha rin tayo ng kapayapaan at seguridad.

Wala akong pinatay na kahit ano simula nang ako ay bata pa, maski isang langgam, isang bulati, o isang ibon. At ayokong nakakakita ng pagpatay. Kaya kita nyo, kahit sa Au Lac kung saan maraming mga sakuna, mga taong napapatay at mga problema, ako ay tumakas. Hindi ko kailangan umalis... katulad ng “mga tao sa bangka,” wala akong anumang problema, dahil umalis ako sa Au Lac bago pa ito sumailalim sa mga komunista. Bakit gayon? Dahil wala akong galit, walang pagpatay at walang masamang gawi sa aking buhay; kaya nakatanggap ako ng mabuting trato.

Kaya mula sa aking karanasan ay masasabi ko sa inyo na anumang mabuting gawin nyo para sa iba, gayundin ang gagawin sa inyo. Hindi dahil sa naging isang madre ako o dahil nagpraktis ako ng Quan Yin Method kaya ko ito nasabi. Hindi, bago iyon ay nakita ko na ang mga resulta ng pagkamaawain. Halimbawa, sa aking bansa, minsan ang mga bata ay ninanakaw ang mga ibon sa

mga pugad, kinakain sila, at iba pa; pero hindi ako nakikilahok. Palagi akong galit sa ganoon at sinasabihan ko sila na huwag gawin iyon. At sa twing nakakakita ako ng ibon na sugatan ay inuuwi ko ito, at inaalagaan hanggang sa ito’y gumaling, at saka ko pakakawalan. Sa palagay ko, dahil dyan kaya ang mga hayop ay napaka-palakaibigan sa akin.

Nang ako ay nasa Germany, isang araw pagkatapos kong bumigkas ng ngalan ni Buddha ay lumabas ako at may ibon na lumapit sa akin. Lumipad ito sa aking paanan at tumayo roon. Kaya sinabi ko, “Anong gusto mo?” (*Tumawa si Master*) Humuni-huni ang ibon na parang nakikipag-usap sa akin. Nanatili ito doon nang matagal; nag-usap kami nang kalahating oras. Hindi ko alam kung naunawaan ako ng ibon o hindi, pero hindi ko sya naintindihan. (*Tawanan*) Pero nagpatuloy kami sa pag-uusap, isa iyong masiglang usapan dahil malapit kami sa isa’t isa, gaya nito, at hindi sya lumipad palayo. Maraming mga tao ang nakakita sa amin na nagkukwentuhan at napatingin sa pangyayaring ito. Pero nang makita ng ibon ang napakaraming mga tao, lumipad ito palayo. Natakot sya sa kanila, pero hindi sa akin.

Noong ako ay nasa India, nanirahan ako sa Himalayas- hindi sa maayos na kwarto, kundi sa mud-house (bahay na gawa sa putik). Ang mud-house na ito ay may konti lang mga bato para sa bubong, na pwedeng gumuho sa akin anumang oras dahil ang pagkakagawa ay hindi matibay. May libo-libong mga butas ang dingding na gawa sa putik. Ang hangin ay nakakapasok, ang liwanag ng mga bituin ay nakakapasok, at lahat ng mga hayop ay nakakagapang paloob at nagiging kaibigan ko.

Araw-araw, paggising ko pagkatapos ng meditasyon, nakakakita ako ng limang alakdan (scorpions) na nakaupo roon at nagme-meditate kasama ko. (*Tawanan*) Alam nyo ba kung ano ang alakdan? Ang kanilang mga buntot ay napakamatulis, at kapag nakagat ka nila ng isang beses, ay “paalam.” Araw-araw, ang mga alakdan at mga ahas ay nakaupo sa paligid at nagme-meditate. Kapag tumayo ako at nakita ang napakadami kong mga kaibigan, iniisip ko na hindi ito mabuting lugar para sa kanila dahil kapag lumakad ako at hindi naging maingat, ay maaapakan ko sila. Kaya araw-araw ay kukuha ako ng isang malaking garapon, ilalagay ko silang lahat doon, at ilalakad ko sila. Ilalagay ko sila sa malaking bato, at maglalaho silang lahat.

Sa palagay ko, dahil napakapalakaibigan ko sa mga hayop kaya napakapalakaibigan din nila sa akin. Makakaisip ba kayo ng mga hayop na ganyan? Kung palakaibigan tayo sa mga tao, sa bawat tao at sa bawat nilalang, ay hindi na magkakaroon ng anumang giyera sa mundong ito. Kaya sa araw na ito o bukas ay simulan natin ang ating “programang pangkapayapaan.”

Bawat tao ay nagsasalita tungkol sa kapayapaan. Nagpapakaabala nang sobra, pumupunta sa malaking hotel, at mauupo sa malaking mesa para pag-usapan ang tungkol sa kapayapaan; pero ang mga usapang ito ay walang pinatutunguhan. Kailangan nating magsimula sa gawa; kailangan nating simulan sa paglayo sa ating pagkahilig sa pagpatay; dapat nating simulang protektahan ang lahat ng buhay sa abot ng ating makakaya. Ang kapayapaan ay nagsisimula sa atin, sa akin at sa iyo; at, ang kapayapaan ay mapapasa-buong mundo. Hindi tayo pwedeng umupo dito at hintayin ang pangulo, ang mga ‘peace-makers’ o sinoman para magsalita para sa atin. Hindi. Kailangan nating magdesisyon sa ating mga sarili.

Kaya, sa palagay ko, kung magmeditate tayo at bawasan natin ang ating karne, sa gayon ay magiging mas mapayapa tayo sa ating kalooban; at dahil tayo ay mas mapayapa, magniningning tayo sa isang klase ng hindi-nakikitang-mapayapang atmospera sa paligid natin, na kayang umapekto sa sinoman. At hindi na natin kailangang pag-usapan ang kapayapaan, ang kapayapaan ay iiral; hindi na natin kailangang itaguyod ang kapayapaan, ang kapayapaan ay iiral. Sang-ayon ba kayo? Oo? Salamat. (*Malakas na palakpakan*)

Oo, kung panatilihin natin ang ating sariling malinis, tayo ay mapapalapit sa Diyos, o sa anumang Kapangyarihan na pinaniniwalaan natin. Kung naniniwala tayo sa Diyos, mapapalapit tayo sa Diyos; kung naniniwala tayo kay Buddha at nilinis natin ang ating sarili, mapapalapit tayo kay Buddha. Tiyak ito. Nasubukan ko na ito kaya nasasabi ko ito sa inyo. Ang totoo, hindi sa ipinapaalam ko ito sa inyo, alam nyo na ito. Ipinapaalala ko lang sa inyo para hindi ninyo makalimutan na mayroon tayong sariling kabutihan sa kalooban natin.

Huwag nyong kalilimutan na mayroon tayong Diyos na nananahan sa ating mga katawan, at huwag nyong kalimutan na mayroon tayong Buddha sa ating mga puso. Huwag nyong kalimutan na mayroon tayong Diyos sa atin kalooban. Mayroon tayong Likas na Buddha sa kalooban natin.

Hanapin, tingnan, at gisingin nyo ang Kapangyarihang ito, para matulungan kayo. Matutulungan kayo at makakakuha kayo ng pagpapala. Nawa'y ang lahat ng mga biyaya ay sumainyo.

Ang Anim na Perpekasyon ng Budismo

Sinabi ni Supreme Master Ching Hai

Oktubre 2, 1989 (Video Tape #100)

Malaysia

(Orihinal sa Ingles)

Magandang gabi mga kababaihan at kaginoohan. Muli nating ipikit ang ating mga mata at ipanalangin na basbasan ng Diyos, at ng mga Buddha ang ating asembliya para pagkatapos ng lektyur ay makakakuha kayo ng maraming benepisyu.

Nais kong ibigay ang aking pinakatapat na pasasalamat sa ating mga disipulong Malaysian at ang iba pang mga tao na nag-abot ng tulong sa asembliyang ito. Hindi naging ganon kadali; napakaraming mga sagabal at hindi namin inasahan na magiging madali, lalo na't ito ang unang beses na pumunta ako sa Malaysia. Maraming mga bagay na wala kaming sapat na oras para maihanda, napakaraming mga bagay na hindi alam ng aming mga disipulo. Kaya, ang pagpupulong na ito ay mula sa grasya ng Diyos, ng mga Buddha sa sampung direksyon; kung hindi, maaaring hindi ito mangyari, maaaring hindi ako makapagsalita.

Sa China ay nag-ayos kami ng dalawang lektyur sa dalawang lugar, pero sa huling sandali ang mga ito'y nakansela. Hindi sa ginusto naming ikansela, kundi dahil sa kasalukuyang kalagayan sa Mainland China. Kaya labis akong masaya at nagpapasalamat sa pagpapala at grasya ng Diyos, mula sa Buddha na nagkaroon ako ng pagkakataon na makita ang inyong nagniningning na mga mukha at maramdaman ang inyong pagmamahal, kahit sa loob ng dalawang araw.

Kagabi ay nagkaron tayo ng matagumpay na pagpupulong at diskusyon. At ngayon, nawa'y ganun muli ang mangyari.

Ngayon ay magsasalita ako tungkol sa bagay na aking natutunan na akin mismong napagtanto; at pagkatapos ay maglalaan tayo ng oras para sagutin ang inyong mga tanong, kabilang ang mga

tanong kagabi na hindi natapos. Kaya, hiling ko na lahat tayo ay magkaroon ng hindi-malilimutang oras at makaraos sa isang magandang oras ng sama-samang pag-uusap. Pagpalain tayo ng Diyos!

May ilang mga tao na nakiusap na magsalita ako ng Mandarin, pero mas maraming tao ang nakiusap sa aking mag-Ingles. Napakahirap mapunta sa posisyong ito. Kaya, bago ang lahat, humihingi ako ng paumanhin sa mga mabubuti nating kaibigang Chinese. Marami tayong mga tapes at libro sa aking mga Chinese na lektyur, at pwede pa kayong umorder ng mas marami mula sa Formosa sa aming address: pero para sa nakararami na mga nagsasalita ng Ingles, ang aming impormasyon ay napakadalang pa, napakakonti. Kaya hayaan nyo akong magsalita ng Ingles muli ngayong gabi, nang walang pagtatampo. Okey ba ito? (*Masigabong palakpakan.*)

Kahit na kaya kong magsalita ng lahat ng lenggwahe, hindi ito magiging sapat dahil dito sa asembliyang ito kahapon ay marami tayong mga nasyonalidad: Hindu, French, Canadian, Australian, German, English, Chinese, at Malayan, syempre; at pagkatapos ang mga Chinese ay nagsasalita ng napakaraming mga diyalekto. Kaya kailangan nating pagtiisan ang ating mga kakulangan sa mundong ito.

Maraming mga tao ang nagtanong sa akin, kagabi, ng parehong tanong, “Paano magmeditate nang tama?” Ipinaliwanag ko na kapag pumili kayo ng teknik ng meditasyon at ng Master na nagtuturo ng ganyang teknik, pagdaka, kung ang teknik at ang Master ay natulungan kang paunladin ang inyong awa, karunungan at kapayapaan ng isipan, kung gayon, ang meditasyon ay tama.

Maraming rin nagtanong sa akin na kung tayo ay nagmeditate nang walang tamang paggabay ng isang Master, hindi kaya ito lilikha ng problema para sa atin – ang tinatawag na “sinapian,” ibig sabihin na ang ating mentalidad ay maiistorbo? Sabi ko ay, “Oo, totoo ito.”

Trabaho ko na bantayan ang sinoman na tumawag sa akin para humingi ng tulong. Katulad ng pulis na obligado kapag mayroong tumatawag sa kanya para protektahan ang kanyang pamilya, kaibigan o mga anak. Sa bawat bansa ay maraming uri ng mga taong espesyalista sa maraming uri ng trabaho, gaya ng doktor para asikasuhin ang sinomang may sakit na tumatawag sa kanya; at ng pulis na pinoprotektahan ang sinoman na kailangan ng proteksyon, atbp. At may ilang espesyal na tao na pinoprotektahan ang lahat ng uri ng mga tao, gaya ng Red Cross. Kapag ang dalawang

bansa ay nakikipag-giyera sa isa't isa at nasugatan ang mga sundalo, inaalagaan ng Red Cross ang lahat ng nasugatang sundalo ng parehong mga bansa, nang walang pakealam kung sino ang mabuti, sino ang tama, o sino ang mali. Iniingatan lang nito ang sinoman na nasugatan at nangangailangan.

Kaya, gayundin, may mga nilalang, maaaring tao, maaaring anghel, maaaring Buddha, Bodhisattva, na nag-aalaga ng sinoman na tumawag sa kanila para humingi ng tulong dahil ang trabahong iyan ay binigay sa kanila. Ikaw mismo ay pwedeng mag-aplay sa ganitong uri ng trabaho. Hindi lang ako ang makakagawa nito, sinoman ay kaya ito.

Kaya, ang motibo ng ating pagpapraktis ng Quan Yin Method ay ang maging katulad nito, ang tumulong sa sinomang nangangailangan, ang tumulong sa kahit na sino, anumang oras, saan man nang walang anumang diskriminasyon ng mga lahi, nasyonalidad, relihiyon, paniniwala; nang walang anumang kondisyones o anu pa man. Ang ganitong uri ng nilalang, sa kabutihang-palad, ay marami sa mundong ito. Hindi nyo sila madalas marinig, at napakahirap nilang makilala maliban sa ating napakaraming kabutihan, meritos sa nakaraang buhay o sa kasalukuyang buhay na ito. Isa pang eksepsyon: kapag nanalangin tayo araw araw para sa grasya at paggabay mula sa Diyos o mula sa Buddha, sa gayon ay makikilala natin ang ganitong uri ng espesyal na tao o nilalang, na espesyalista sa pagtulong sa iba. Malinaw? Walang misteryoso, di ba? Ito ay ibang uri lang ng trabaho.

Karamihan sa mga trabaho ay may-sahod, pero ang trabahong ito ay walang-bayad. (*Tawanan*) Ay! May bayad pala. Binabayaran ng “napakadami.” Binabayadan ng napakaraming pangungutya, (*Tawanan*) pagmumura, mga sagabal at maraming mga magagandang mga bagay. Oo, marami sa mga tao na gumagawa ng ganitong trabaho ay nakakakuha ng napakabigat na kabayaran -mabigat na pasanin ng mga sagabal, karma at masasamang reputasyon. Pero nakakatanggap din sila ng napakaraming pagmamahal mula sa mga tao. Kahit saan sila pumunta, ang mga tao na may kaugnayan sa kanila ay mamahalin sila; ang mga naniniwala at nakakakuha ng benepisyo mula sa kanila ay mamahalin sila. Samantalang, ang mga hindi nakakaunawa sa kanilang kapangyarihan, ang mga hindi nakakaunawa sa kanilang katayuan sa sansinukob, ay maaaring pagdudahan sila at bigyan sila ng mga problema at baka, ipako pa sila sa krus, halimbawa, katulad ni Hesus.

Kaya, bago kayo mag-aplay para sa trabahong ito, papayuhan ko kayo na pag-isipan nyong mabuti, (*Tumawa si Master at ang lahat*) at nang matalino.

Sa panahon ngayon, ang sistema ng komunikasyon ay napaka kamangha-mangha, kaya maraming magagandang bagay ang nalalaman natin. Naniniwala ako na sa Malaysia ay nakarinig na kayo ng ilang mga dakilang Master mula sa iba't ibang bansa gaya ng India o maaaring mula sa Formosa, o sa iba pang bansa; at nagagalak ako para sa inyo kung may mga nakilala na kayo sa sinoman sa mga dakilang Master na ito, at masaya ako kung nakapag-aral na kayo sa alinman o sa marami sa kanila.

Kung sakaling hindi pa kayo nakakakilala ng sinoman sa kanila o hindi pa kayo nakakatagpo ng anumang mabuting teknik o anumang layunin para sa inyong buhay, ay maaari ko kayong tulungan. At kung pagkatapos ay makahanap kayo ng mas magaling na Master, ay malaya kayong lumipad. (*Tumawa si Master at ang lahat*) Wala tayong obligasyon, at walang pangbibigkis sa anumang – hindi ninyo kailangang palitan ang inyong relihiyon, ang inyong pamumuhay para maging aking disipulo, hindi kailangan. Naghahandog lang kami ng paraan para pakalmahin ang inyong pagmamadali at patahanin ang inyong puso para makapagtrabaho kayo ng mas mahusay, mas makapag-isip nang mabuti, para ang inyong kalusugan ay mas mapabuti, at ang inyong ispiritwal na pangangailangan ay mas mapunan; at nang dahil doon ay mas maging epektibo kayo sa pagmamahal at pagtulong sa iba.

Dahil kung mismo tayo ay hindi malakas, mahirap magmahal at tumulong sa iba. Hindi ba? Oo? Oo. Kaya una, alagaan muna natin ang ating mga sarili at pagkatapos ay maaalagaan natin ang iba. Kaya sinabi ni Hesus na: ***Hanapin nyo muna ang Kaharian ng Diyos, at ang lahat ng mga bagay ay mapupunta sa inyo.*** Kaya binigyang diin ni Buddha na bawat isa sa atin ay dapat maging Buddha – ang maging Buddha ay ang pagdiskubre sa Kaharian ng Diyos sa loob, kaya ito ay kapareho ng sinabi ni Hesus, magkaiba lang ang pagkasabi. Maging isang Buddha muna, at pagkatapos ay matutulungan mo ang iba. Halimbawa, kung tayo mismo ay hindi makalangoy, paano natin maililigtas ang iba na nalulunod? Kaya kung gusto nating sagipin ang buhay ng iba, kailangan muna nating matutong lumangoy.

Bago ako naging isang Buddhist na mongha, bago ko iniwanan ang aking tahanan, marami rin akong tinulungang mga tao at naging napakasipag ko tungkol sa pagtulong sa mga tao. Tumutulong na ako simula pa noong bata pa ako. Pero sa pagdami nang aking natulungan, mas lalo kong nadama na wala akong nagagawa. Para bang hindi ka makatulong nang sapat. At ang aking asawa ay nagrereklamo na hindi na nya ako nakikita sa bahay, (*Tawanan*) maski Sabado't Linggo pati Lunes hanggang Biyernes. “Ang magpakasal ay parang pagpapakasal sa multo,” sinabi nya. (*Tawanan*) At pag balik ko ng bahay pagkatapos ng lahat, ay mananatili ako sa silid-ng-altar at bibigkasin ang Bibliya ng Budismo at magmeditate. Kaya ang totoo, wala siyang napakinabangan sa aming pagiging mag-asawa.

At lahat ng perang aking kinikita ay lilipad palabas ng bintana – pupunta ng India, Africa, Afghanistan... para sa lahat ng paghahandog at mga tao – at kahit iyon ay hindi pa sapat. Ilalagay nya ang pera nya para aking magamit, at pati iyon ay ipinamimigay ko. Kahit na mawalan ako. At kahit iyon ay hindi pa sapat. Dama ko pa rin na ang aking pagsisikap ay isang patak lang ng tubig sa disyerto. Kaya sa pagdami ng aking natutulungan, mas lalo kong nadadama na kulang na kulang pa rin. At pagkatapos ay naalala ko na sinabi ni Buddha: ***Kailangan mong maging Buddha – sa gayon ay ang iyong kapangyarihan ay madaragdagan ng maraming marami, at matutulungan mo ang sinomang naisin mo.*** At naalala ko rin ang sinabi ni Hesus: ***Hanapin mo muna ang Kaharian ng Diyos.***

Kaya nagdesisyon akong hanapin ang Kaharian ng Diyos, nagdesisyon akong hanapin ang Likas na Buddha sa aking kalooban. At dahil sa Quan Yin Method ay natagpuan ko ang Likas na Buddha, nang mas mabilis kaysa sa kadalasan, mas mabilis kaysa sa ibang mga paraan. Kaya inirerekomenda ko ito sa inyo, kung sakaling mayroon kayo ng parehong pag-aasam na mahanap ang Kaharian ng Diyos sa loob. Pero kung hindi pa sapat ang inyong pag-aasam, maaari kayong magmeditate sa simpleng teknik na ibinahagi ko sa inyo. Huwag ninyong kalilimutang magdasal sa Diyos, kay Buddha o kaninoman na inyong pinaniniwalaan na protektahan kayo, na tulungan kayo. At sa oras ng emergency, maaari kayong tumawag sa pangalan ko para humingi ng tulong – huwag nyo iyang kalilimutan. Kung hindi, kapag nagmeditate ka ng walang proteksyon, totoo na baka magkaproblema kayo – alam ito ng lahat. Kung sakaling hindi ninyo pa alam, inuulit ko dito.

Kailangan natin ng Master na may karanasan na sa daan para tulungan tayo at hawakan ang ating kamay kung kailangan, sa oras ng problema. Dahil may dalawa tayong panig ng kalikasan sa ating kalooban: ang isa ay ang purong kabutihan, purong kaluwalhatian, purong awa, at purong pagmamahal; at ang kabilang panig ay purong panggulo, kayabangan, nakakawasak, mareklamo at lahat ng uri ng negatibong kalikasan. Kung bulag tayong nakakonekta sa loob, maaaring makakonekta tayo sa mabuti, o maaaring sa masama. Kaya kung walang mahusay na teknik, kung walang mahusay na Master, ay baka makakonekta ka sa masama at lahat ng mga masasamang panig ay magsilabasan at magpagulo ng iyong buhay.

Dapat nating maunawaan na ang negatibong panig sa ating kalooban ay kasing-makapangyarihan ng sa mabuting panig – halos kasing makapangyarihan. Sila ay napaka magkatulad pagdating sa kalikasan. Kaya maaari tayong maging napaka kaaya-aya, napaka-mapagmahal, napaka-maawain, at napaka-makapangyarihan; pero pwede rin tayong maging napaka-nakakawasak, napaka-negatibo, napakawalang-awa kung makakonekta tayo sa maling panig.

May mga tao na kulang sa awa, karunungan o simpatya sa iba. Ito ay dahil nakahilig sila sa negatibong sulok ng kanilang kalikasan. Hindi mahirap kung gusto nating itama iyon. Kailangan nating mas pag-aralan ang Bibliya, kailangan nating mas pag-aralan ang Banal na Kasulatan ng Budista, at kailangan nating maging mas masipag sa pag-papraktis ng anumang relihiyon na ating pinaniniwalaan.

Halimbawa, sa Banal na Kasulatan ng Budista, ipinayo ng Buddha na magkaroon ng anim na paraan ng perpekasyon. Ang una ay ang kawanggawa. Ang ibig sabihin ng kawanggawa ay ipamahagi mo ang mga bagay kung saan ka sagana. Halimbawa, kung marami kang pera at wala ka masyadong ginagamit, kailangan mong alagaan ang sinomang nangangailangan ng pera, o sinoman na walang sapat na mga pangangailangan sa buhay, o tulungan mo ang mahihirap. Iyan ang isang paraan ng kawanggawa.

Nakarinig ako ng isang magandang istorya tungkol sa Malaysia, na hindi ko alam kung totoo o hindi, hindi rin ako sigurado, baka kapag ikwento ko ay baka maka-offend ako ng sinoman. Kung sakali, patawarin nyo ako. Pero napakaganda nito para sa akin, kaya gusto kong ibahagi sa inyo.

Narinig ko na sa Malaysia kapag humiram ka ng pera kung kanino o mula sa bangko, kapag ang iyong negosyo ay hindi nagtagumpay at wala kang sapat na pera para bayaran ito, ay okey lang. Hindi ba? Totoo ba ito? (*May sumagot: Opo.*) Napakabuti niyan, napakaganda. (*Tawanan*) Tunay na iyan ang gusto ng Diyos na gawin natin. Kung wala siyang sapat na pera, ay okey lang; hindi na kailangan na sya’y dalhin sa korte, hindi na sya kailangang bigyan ng problema. Wala siyang pera, kaya wala siyang pera; at kahit mayroon, gagastos siya kagaya mo na gumagastos din. Kaya para ano? (*Tawanan*) Napakabuti niyan. Pinasaya ako nito ng dalawang araw. (*Nagtawanan sina Master at ang lahat*) Napakasaya ko pagdating sa Malaysia at sa palagay ko’y ang kwentong ito’y napakagandang paraan para pasayahin ang iba. (*Nagtawanan sina Master at ang lahat.*)

Sa Sweden ay gayundin ang narinig ko. Kung wala kang kotse at nangyaring gusto mong magmaneho, pwede mong imaneho ang kotse ng sinoman – kahit hindi ka kilala (*Tawanan*) – at imaneho ng maraming milya para umuwi sa bahay o pumunta kahit saan. Marahil ay kailangang-kailangan mo ng sasakyan. At kapag ang may ari ng kotse o ang pulis ay bigla kang nahuli sa ibang lugar at sinabi, “Hoy, hindi ito sa iyong sasakyan. Isoli mo!” Sasabihin mo lang, “Okey,” at isoli sa may-ari. (*Tawanan*) Hindi makakasuhan ng pagnanakaw; kailangan mo lang bayadan ang gasolina na hiniram mo mula sa may-ari. Kailangan mo lang bayadan ang gasolina, at yun na yon.”

Sa palagay ko ang dalawang kwentong ito ay napakahusay. Napasaya ako na tinatrato ng isang tao ang iba na parang kanyang sarili. Para magbanggit ng isang talinghaga: Kung wala kang pera para bumili ng tinapay, sasaktan mo ba ang iyong sarili? Syempre hindi. Mas lalo ka pang maaawa sa sarili mo dahil wala kang pera; hindi mo sisihin ang sarili mo para sa anuman. Kaya sa ganitong dahilan, ang mga Malaysian ay tinatrato ang iba na kasing buti ng pagtrato nila sa kanilang sarili; ito ay lubos kong inaayunan. (*Tawanan*) Ito ay isang napakagandang bagay na aking nadinig sa Penang pagdating ko, at akmang-akma ito sa kawanggawa ng Budismo: ibigay mo sa iba ang anumang mayroon ka na napakadami.

Sa paraang ito, kung gagawin ito ng sinoman, hindi tayo magkakaran ng giyera, at hindi tayo magkakaran ng nakawan. Sa ganyang paraan tayo gumagawa ng kapayapaan sa bansa.

Ayon sa Budismo, isa pang paraan ng pagkakawanggawa ay pwede mong ihandog ang iyong karunungan. Halimbawa, kung ikaw ay naging marunong sa isang larangan o naliwanagan, dapat

mong, kailangan mong ibahagi ang impormasyong ito sa iba para bigyan sila ng tsansa, ng pagkakataon na makapagtamo rin ng kaliwanagan, liberasyon, kagaya mo. Sa Budismo, ang ganitong uri ng kawanggawa ay labis na pinapapurihan, ang pinakamataas na klase ng kawanggawa.

Ngayon, ang sunod na paraan ng kawanggawa ay pagbibigay ng proteksyon sa iba. Halimbawa, ang pagiging vegan ay isang uri din ng kawanggawa. Nagbibigay tayo ng buhay para sa iba, nagbibigay tayo ng mapayapa at ligtas na pakiramdam sa halip na matatakuting pakiramdam. Iyan ang tinatawag natin sa Chinese “Shih Wu W’ei,” na ang ibig sabihin ay huwag mong bigyan ang iba ng nakakatakot na pakiramdam, na isang uri din ng kawanggawa. Kaya palagi naming pinapayuhan ang mga tao na kung hindi ka makapagbigay ng pera, kung hindi ka makapagbigay ng anumang teknik, ay magbigay ka ng ilang kawanggawa na “Shih Wu W’ei,” bigyan mo ang iba ng seguridad, ibigyan mo sa iba ang kanilang buhay.

Ang sunod ay ang mga panuntunan. Ang panuntunan ay ang sinasabi nating, katulad sa Kristyanismo: huwag kang papatay, huwag kang magsisinungaling, huwag kang magnanakaw, huwag kang mananakit ng kapwa, at huwag kang gagamit ng anumang uri ng lason na makakasama sayo, sayong isipan, o sa iba, atbp; at mahalín mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili dahil sinabi ni Hesus, ***Kung minamahal mo ang sinoman na nagmamahal sayo, ano iyon? Wala iyong kahulugan.***

Binigyang diin rin ng mga Buddhist ang “Jen Ju,” na ibig sabihin ay pagpapasensya – isa sa anim na paraan sa perpekasyon. Ang kahulugan ay pagtitiis sa anumang insulto, anumang masamang pakiramdam o masamang pagtrato na ibinibigay ng tao sayo. Iyan ang pasensya, pagtitiis. Kapareho ito ng pangaral ng Kristyano, gaya ng sinabi ni Hesus: ***Kapag sinampal ka sa kanan, ibigay mo pa ang kaliwa.*** (Tawanan)

Kaya minsan sa daan para makapagbigay sa mga tao ng lektyur at impormasyon, nakakaengkwentro din tayo ng mga sagabal at maraming problema at maraming mga pagsalungat, pero hindi tayo lumalaban. Hindi kailanman, hinding-hindi. Hindi mahalaga na ang giyera ay nagpapatuloy sa napakaraming taon, pero hindi kami gumagawa ng anumang aksyon laban sa ganitong klase ng pagsalungat. Hinahayaan lang namin ang mga bagay-bagay na mamatay nang

kusa. Ang isang kamay ay hindi kayang pumalampak, kailangan dalawang kamay. Sinabi ng mga tao na kapag pumalampak sila gamit ang isang kamay, mapapagod sila. Isang araw, mapapansin nila na wala itong nililikhang tunog kaya titigil sila. Ito ang paraan na itinuro ni Buddha kung paano natin itrato ang iba – mahalín mo sila na parang iyong sarili. Gayundin ang itinuro ni Hesukristo.

Kung gusto nyong mas maunawaan ang Limang Panuntunan (precepts), gaya ng hindi-pagpatay, hindi-pagnanakaw, atbp., pwede nyong tanungin sa may counter sa labas na bigyan kayo ng iba pang impormasyon. Ayokong magbigay ng sermon dito sa kung papaano dapat ang mga tao umakto, kaya pinaikli ko ito, ipinakilala lang sa inyo ang mabubuting bagay tungkol sa Budismo at Kristyanismo, kung sakaling gusto nyong kumuha ng ilan para inyong magamit.

Ngayon ang sunod ay kasipagan. Ano ang kasipagan? At maging masipag sa ano? Ibig sabihin na magresolba na magpraktis, gaya ng gawin ang meditasyon, at gawin ito araw-araw nang masigasig. Kung nagresolba ka na sundin ang mga panuntunan – hindi pagsisinungaling, hindi pagpatay, at ang panatilihin ang pagiging vegan, atbp. – ay dapat mong patuloy na gawin ito araw-araw. Kung gusto mong magdasal sa Diyos na tulungan ka, at mag-meditate para matanggap ang Kanyang Kapangyarihan, ay gawin mo ito araw-araw. Gaya ng hindi mo nakakalimutang kumain araw-araw, huwag mong kalimutang magdasal; huwag mong kalimutang magmeditate araw-araw para ang iyong pag-iisip, ang iyong ispiritwal ay makakuha ng “pagkain.” Dahil hindi lamang tayo ang katawan, tayo ay ang ispiritwal na nilalang din, kaya kailangan din nating asikasuhin ang ating ispiritwal na pagkagutom.

Kung hindi natin pinunan ang ating ispiritwal na pagkagutom, ang ating buhay ay malalagay sa maraming mga problema, maraming gulo, at pagkatapos ay sisihin natin ang Diyos, “Bakit? Bakit hindi Siya naging maawain para tulungan tayo?” Ginawa Nya; ginawa Nya ang bawat bagay para alagaan tayo. Tayo ang hindi nag-aalaga sa ating mga sarili; tayo ang lumilihis ng landas.

May nagtanong sa akin kahapon, “Bakit ang Diyos ay napaka-makapangyarihan pero lumikha Siya ng maraming paghihirap?” Hindi lumikha ang Diyos ng maraming paghihirap. Ang sarili nating mga kamay ang lumikha ng lahat ng ito. Hindi ang Diyos ang gumawa ng mga baril; hindi ang Diyos ang gumawa ng mga bomba. Tayo ang gumawa ng mga ito gamit ang ating sariling mga

kamay. Kaya kung ititigil natin iyan, wala nang paghihirap. Tayo ang hindi nagbabahagi ng ating mga ari-arian sa ating mga mahihirap na kapit-bahay; tayong hindi masigasig sa pagpapalaganap ng Katotohanan, sa pagpapalaganap ng mensahe ng pag-ibig, ng kawanggawa, ng pagtitiis, ng pagpapasensya, ng awa para makinig ang iba.

Kung nakatayo lamang tayong sa mga itinayong lugar gaya ng simbahan o templo para mangaral, iilang mga tao lang ang makadidinig sa atin araw-araw, samantalang ang mga tao sa labas ay mas maraming kailangan. Ang mga pumupunta sa simbahan ay may kaalaman na, naniniwala na sila sa Diyos, at dapat natin silang paalalahanan, patibayin ang kanilang pananampalataya sa Diyos. Ang mga taong pumupunta sa templo ay alam na ang tungkol sa Budismo, ang tungkol kay Buddha; alam na kung paano tumungo sa Buddha at magbigay-respeto sa Buddha at subukang maging mabuting mga tao. May alam na sila, at tayong syempre ay dapat pa ring paalalahanan sila kada-linggo o twing may pagkakataon na patibayin ang kanilang pananampalataya.

Ang mga taong tagalabas, na hindi nagsisimba, hindi pumapasok ng templo, na walang alam na iba, ay nangangailangan ng mas maraming atensyon. Kaya bawat isa sa atin ay kailangang dalhin ang mensahe ng Diyos, ng pag-ibig, ng pagpapasensya, ng awa sa ibang mga tao, hindi lamang sa simbahan kundi kahit saan sa kalye, sa restoran, sa hotel, sa market. Kailangan natin palaging alalahanin; alalahanin natin ang ating mga sarili at paalalahanan ang iba.

Kaya kasalanan natin ito. Kung ang mundo ay maging isang napaka-nakapanghihinayang na katayuan, hindi ito dahil sa kamay ng Diyos. Kagandahan lamang ang ginawa ng Diyos. Gumawa ang Diyos ng mga bulaklak para ating tingnan, ng araw para bigyan tayong ng init, at liwanag sa mundo; ginawa ng Diyos ang ulan para patabain ang ating mga pananim, ginawa ng Diyos ang mga kumikinang na bagay para ating ma-enjoy; hindi gumawa ang Diyos ng nakawawasak na mga bagay. Tayong may gawa nito, ang ating negatibong atmospera ang nagdala ng lahat ng mga sakunang ito.

Ngayon ang sunod ay ang “Ch’an Ding” na ibig sabihin ay meditasyon. Tinuruan tayong ni Buddha ng anim na mga paraan ng perpekasyon, at ang ikalima ay meditasyon. Hindi lang niya sinabi na gumawa ng kawanggawa, at panatilihin ang mga panuntunan, o maging mapagmahal, atbp, pero sinabi rin na kailangan nating mag-meditate. Napakahalaga ng meditasyon dahil kung walang

meditasyon, wala tayong karunungan. Sinabi ko sa inyo kahapon na sa panalangin ay nagsasalita tayo, tinatanong natin ang Diyos, ang Buddha na tulungan tayo, na iadya tayo, at bigyan tayo ng mga direksyon. Pero nagsasalita lamang tayo at umaalis na. Hindi tayo umuupo doon at tumatanggap ng instruksyon. Kaya wala tayong pinupuntahan at hindi tayo masyado nakakakuha ng kapangyarihan ng pagpapala mula sa Diyos o mula sa Buddha.

Kaya, ang meditasyon ay napakahalaga. Sa twing natapos kayong magdasal, kailangan nyong maupong sandali at subukang tumanggap, maging reseptibo sa mga panloob na mga mensahe. At makukuha nyo iyon. Makukuha nyo iyon, hindi mula sa boses na nagsasalita sa iyong tainga, kundi sa intwitibong pagkaunawa at malinaw na pag-iisip at napakamayapang pakiramdam sa inyong puso. Sa ganyan ang inyong meditasyon nagiging mabunga.

Ngayon, dahil nagmemeditate kayo araw-araw, sinabi ni Buddha na makukuha nyo ang ikaanim na perpekasyon, at iyan ang karunungan. Ang karunungan ay hindi ang kaalaman; ang karunungan ay hindi nangangahulugang kaalaman. Ang karunungan ay hindi natututunan mula sa mga aklat, hindi mo mahihiram, hindi mananakaw, hindi mabibili. Ang karunungan ay nagmumula sa pagpapakalma ng isipan, mula sa pag-upo sa meditasyon araw-araw at pagtanggap ng instruksyon mula sa pinakamataas na pinagmumulan sa sansinukob. Iyan ang tinatawag nating karunungan, at ang karunungan ito ay mahirap ipaliwanag, mahirap matamo. Kailangan ng pagsisikap, pasensya, at sinseridad sa pamamagitan ng araw-araw na praktis, at paglilinis ng salita, katawan, at isipan para makuha ito. Kung hindi natin nililinis ang ating pananalita, katawan, at isipan, anumang karunungan ating makuha ay magiging malabo dahil sa lahat ng uri ng makamundong mga impluwensya at makamundong instruksyon, kaya hindi ito magiging lubusang malinis.

Kaya napakahalaga ng panuntunan. Hindi ka pwedeng basta na lang maupo dito araw-araw at maging kalmado at magkaron ng karunungan. Hindi. Kailangan din nating ihanda ang lalagyan. Halimbawa, hindi tayo pwedeng basta-basta nalang kumuha ng tubig kahit saang pinagmumulan at inumin ito. Una, ang tasa ay dapat na malinis. Kung ang tasa ay hindi malinis, madudumihan ang tubig, o magiging lason – kapag ininom nyo baka malason kayo.

Kaya sa sinaunang panahon, ang mga Master na nagturo ng meditasyon ay parang napakatigas na nuwes ('nut' sa Ingles; hal. pili, mani) na hindi mabuksan. Hindi nila kayo tinuruan pero

pinagtrabaho kayo nang maraming taon. Nabasa nyo ba ang kwento no Milarepa? Kung hindi, umuwi kayo ng bahay at basahin nyo. Pati ang kwento tungkol kay Tilopa, isang napakasikat na kwento. Pareho silang naging dakilang mga Master. Pero bago yun, sinanay sila ng napakaraming mga taon, sa paggawa ng lahat ng uri ng mabibigat na trabaho at pagtitiis sa lahat ng uri ng pang-iinsulto at mahirap na mga pagsubok mula sa kanilang mga Master. Dahil kung tayo ay magmeditate nang walang tapat na motibo, nang walang busilak na puso at isipan, napakahirap na makakuha ng busilak na karunungan.

Maraming mga tao ang nagtanong sa akin, “Bakit? Bakit pa namin kailangang maging vegan para makakuha ng inisasyon mula Sayo? Bakit kailangan pa naming maging vegan para mapraktis ang Quan Yin Method?” Iyan ang dahilan. Dahil kailangan natin ng malinis na lalagyan, ng malinis na tasa para paglagyan ng malinis na tubig.

Inisasyon: Ang Pamamaraang Quan Yin

Minumulat ng Master Ching Hai ang mga tapat na nagnanais malaman ang Katotohanan, sa Pamamaraang Quan Yin.

Ang mga salitang “Quan Yin” sa Chinese ay nangangahulugang pagninilay sa Tunog. Magkasama dito ang meditasyon sa Panloob na Liwanag at sa Panloob na Tunog. Ang karanasan na ito ay paulit-ulit nang inilalarawan sa mga banal na kasulatan ng lahat ng relihiyon sa buong mundo. inumulat ng Master Ching Hai ang mga tapat na nagnanais malaman ang Katotohanan, sa Pamamaraang Quan Yin.

Halimbawa, isinasaad sa Kristiyanong Bibliya na, Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa Diyos, at ang Salita ay ang Diyos. (John 1:1). Ang Salitang ito ay ang nasa loob na Tunog. Tinatawag rin itong Logos, Shabd, Tao, Soundstream, Naam, o ang Makalangit na Musika.

Ayon kay Master Ching Hai: Ito ay yumayanig sa lahat ng may buhay at nagbibigay lakas sa buong sansinukob. Ang panloob na himig ay nakakapagpagaling sa lahat ng mga sugat, tumutupad sa lahat ng mga kahilingan at pumapawi sa mga makamundong pagkauhaw. Ito ay puno ng kapangyarihan at Pagmamahal. At dahil gawa tayo sa Tunog na ito, ang pagkakaroon ng ugnayan rito ay nagdadala ng kapayapaan at kaluguran sa ating mga puso. Pagkatapos makinig sa Tunog na ito, ang ating buong pagkatao ay nagbabago, ang ating pananaw sa buhay ay labis na nababago para sa ikabubuti.

Ang panloob na Liwanag, ang Liwanag ng Diyos, ay siya ring Liwanag na tinutukoy sa salitang “Kaliwanagan”. Ang sidhi nito ay maaaring magmula sa isang pinong liwanag hanggang sa liwanag ng ilang milyong araw. Sa pamamagitan ng Liwanag at Tunog sa ating kaloob-looban, ay makikilala natin ang Diyos.

Ang pagmumulat sa Paraang Quan Yin ay hindi isang lihim na ritwal o seremonya upang pumasok sa isang bagong relihiyon. Sa pagmumulat, ilang mga tagubilin ukol sa meditasyon sa

Liwanag at Tunog ang ipamimigay. Si Master Ching Hai ang magbibigay ng “Espiritwal na Paghahatid”. Ang unang pagdanas ng Pagdating ng Diyos ay ibinibigay sa katahimikan.

Sapagkat maaari na agad mong marinig ang nasa kaloobang Tunog at makita ang Liwanag sa pagmumulat, ang pangyayaring ito ay tinutukoy kung minsan bilang ang “bigla” o “dagling kaliwanagan”.

Lahat ng tao, mula sa anumang lahi at mula sa anumang ng relihiyon, ay tintanggap ni Master Ching Hai para sa pagmumulat. Hindi ninyo kailangang palitan ang kasalukuyan ninyong relihiyon o paniniwala. Pero kailangan mong maging isang vegan. Ang habang-buhay na pagiging vegan ay kinakailangang bago matanggap sa pagmumulat. Ang pagmumulat ay inihahandog ng walang bayad.

Ang araw-araw na pagpa-praktis sa Quan Yin Method at ang pagsunod sa “Limang Panuntunan” ang tangi ninyong kailangan pagkatapos ng pagmumulat. Ang mga Panuntunan ay mga gabay na tutulong sa inyo upang hindi ka makasakit sa inyong sarili at sa anumang nabubuhay na nilalang. Mapapalalim at mapapatibay ng meditasyon ang iyong paunang karanasan sa kaliwanagan, at matutulungan kang makamtam ang pinakamataas na antas ng pagpupukaw o PagkaDiyos sa iyong sarili. Kung walang arawang praktis, tiyak na halos makakalimutan niyo ang iyong kaliwanagan at babalik lang kayo muli sa inyong karaniwang antas ng kamalayan.

Ang layunin ni Master Ching Hai ay maturuan tayo kung paano umasa sa ating sarili. Samakatuwid, nagtuturo Siya ng isang paraan na kayang gawin ninoman ng mag-isa lamang sila na walang gamit o anumang kagamitan.

Hindi Siya naghahanap ng mga tagasunod, alagad o magtayo ng samahan na kailangang magbayad upang maging kasapi. Hindi Siya tatanggap ng salapi, regalo o paninikluhod mula sa inyo kaya hindi niyo na ito kailangan pang ihandog sa Kanya.

Ang tatanggapin lamang ni Master Ching Hai ay ang inyong katapatan sa inyong pamumuhay at pagpa-praktis ng meditasyon upang mapaunlad ninyo ang iyong sarili sa aspetong-ispiritwal.

Ang Limang Panuntunan

1. Pigilin ang sarili mula sa pananakit sa anumang nilikhang may buhay*;
2. Pigilin ang sarili mula sa pagsasalita ng hindi totoo;
3. Pigilin ang sarili mula sa pagkuha ng hindi nya pag-aari;
4. Pigilin ang sarili mula sa pakikiapid;
5. Pigilin ang sarili mula sa pag-inom ng mga inuming nakalalasing**;

*Ang panuntunang ito ay nangangailangan ng mahigpit na pagsunod sa vegan diet. Walang karne, isda, gatas, itlog (napertilisa o hindi, sa keyk, biskwit, ice cream, atbp.) o kahit na anumang anyo ng produktong mula sa hayop.

**Kasama dito ang pag-iwas sa lahat ng nakalalason, gaya ng alcohol, droga, tabako, sugal, malaswang babasahin at panoorin, at mga labis na bayolinteng pelikula o literatura o video games.

"Ang inisasyon (pagmumulat) ay hindi talaga inisasyon... pupunta ka lang dito at hayaan mo akong tulungan kang matulungan ang iyong sarili. Hindi ako naparito upang gawin kayong mga disipulo. Naparito ako upang tulungan kayong maging mga Masters. "

~ Ang Kataas-taasang Master Ching Hai

"Alam na ng lahat kung paano magnilay, ngunit naninilay kayo sa mga maling bagay. Ang ilang mga tao ay nagninilay sa mga magagandang babae, ang ilan sa pera, ang ilan sa negosyo. Sa tuwing nagbibigay ka ng buong pansin, buong puso, sa isang bagay, iyon ang pagninilay. Pinagtutuunan ko lamang ang panloob na Kapangyarihan, ang Pagka-maawain, ang Pag-ibig at Awa na mga katangian ng Diyos. "

~ Ang Kataas-taasang Master Ching Hai

"Ang inisasyon ay nangangahulugang ang simula ng isang bagong buhay sa isang bagong kaayusan. Nangangahulugan ito na tinanggap ka ng Guro na maging isa sa mga nilalang sa samahan ng mga Santo. Sa gayon hindi ka na isang ordinaryong tao, nakaangat ka. Noong unang panahon tinawag nila itong "Binyag" o "Pagsilong sa Master."

~ Ang Kataas-taasang Master Ching Hai

Mga Lathalain

Upang maiangat ang ating diwa at makapagbigay ng inspirasyon sa ating araw-araw na buhay, mayroong isang koleksyon ng mga turo ni Supreme Master Ching Hai na nasa anyong libro, videotape, audiotape, DVD, MP3, at CDs.

Maliban sa mga libro, mayroon ding mga turo ni Master na maaaring makuha ng mabilis at libre mula sa Internet. Halimbawa, may mga website na itinatampok ang madalas na ilimbag na News na magasin (tingnan ang “website ng Quan Yin” sa ibaba). Ang ibang itinatampok na publikasyon online ay ang mga tula ni Master, at mga inspirasyonal na salita, at mga panayam na nasa anyong video at audio na file.

Mga Aklat

Ang pagbasa ng isa sa mga libro ni Master sa gitna ng isang araw ay maaaring maging isang tagasagip-buhay. Ang Kanyang mga salita ay isang paalala ng ating sariling Likas na pagkatao. Maging ang pagbasa ng Kanyang mga lektyur na nakakapagturo ng mga bagay na ispiritwal sa Ang Susi sa Dagling Kaliwanagan na serye, o kaya ng mga tula Niyang emosyonal na nasa Silent Tears, palaging may mga hiyas ng karunungan mapupulot.

Sa listahan ng mga libro na susunod, nakalagay sa mga panaklong ang mga numero ng mga tema na mayroon sa bawat lingguwahe. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng mga ito at ibang mga libro, tingnan ang “Pagkuha ng mga Publikasyon” na bahagi.

The Key of Immediate Enlightenment (Ang Susi sa Dagling Kaliwanagan):

Makukuha sa Aulacese(1-15), Chinese(1-10), English(1-5), French(1-2), Finnish(1), German(1-2), Hungarian(1), Indonesian (1-5), Japanese(1-4), Korean(1-11), Mongolian(1,6), Portuguese(1-2), Polish(1-2), Spanish(1-3), Swedish(1), Thai(1-6) at Tibetan(1).

The Key of Immediate Enlightenment - Questions and Answers:

Aulacese(1-4), Chinese(1-3), Bulgarian, Czech, English(1-2), French, German, Hungarin, Indonesian(1-3), Japanese, Korean(1-4), Portuguese, Polish and Russian(1).

Special Edition/Seven-Day retreat in 1992:

English at Aulacese.

The Key of Immediate Enlightenment - Special Edition/1993 World Lecture Tour:

English(1-6) at Chinese (1-6).

Letters Between Master and Spiritual Practitioners:

English(1), Chinese(1-3), Aulacese(1-2), Spanish(1)

My Wondrous Experiences with Master:

Aulacese (1-2), Chinese (1-2)

Master Tells Stories:

English, Chinese, Spanish, Aulacese, Korean, Japanese at Thai.

Coloring Our Lives:

Aulacese, Chinese at English.

God Takes Care of Everything — Illustrated Tales of Wisdom from The Supreme Master Ching Hai:

Aulacese, Chinese, English, French, Japanese at Korean.

The Supreme Master Ching Hai's Enlightening Humor –Your Halo Is Too Tight!

Chinese at English.

Secrets to Effortless Spiritual Practice:

Aulacese, Chinese at English.

God's Direct Contact – The Way to Reach Peace:

Aulacese, Chinese at English.

Of God and Humans – Insights from Bible Stories:

Aulacese, Chinese at English.

The Realization of Health – Returning to the Natural and Righteous Way of Living:

Aulacese, Chinese, English.

I Have Come to Take You Home:

Arabic, Aulacese, Bulgarian, Czech, Chinese, English, French, German, Greek, Hungarian, Indonesian, Italian, Korean, Polish, Spanish, Turkish, Romanian at Russian.

Aphorisms 1: Mga hiyas ng walang hanggang karunungan mula kay Master.

Makukuha sa English/Chinese, Spanish/Portuguese, French/German , Japanese/ English at Korean/English.

Aphorisms 2: Mga hiyas ng walang hanggang karunungan mula kay Master.

Available in English/Chinese, Spanish/Portuguese, French/German and Korean.

The Supreme Kitchen(1) – International Vegetarian Cuisine:

Makukuha sa kombinasyo ng English/Chinese, Aulacese at Japanese.

The Supreme Kitchen(2) – Home Taste Selections:

Kombinasyong aklat ng English/Chinese

One World... of Peace through Music:

Kombinasyong aklat na English/Aulacese/Chinese.

A Collection of Art Creation by The Supreme Master Ching Hai:

English at Chinese.

S.M.Celestial Clothes (6):

Kombinasyong edisyong lingguwahi na English/Chinese.

The Dogs In My Life (1-2):

Aulacese, Chinese, English, German, Japanese, Korean, Spanish, Polish.

The Birds In My Life:

Aulacese, Chinese, English, French, German, Korean, Mongolian, Russian, Indonesian.

The Noble Wilds:

Aulacese, Chinese, English, French, German.

Celestial Art: Aulacese, Chinese, English

From Crisis to Peace:

Aulacese, Chinese, Dutch, English, French, Hungarian, Indonesian, Japanese, Korean, Norwegian, Portuguese, Polish, Russian,Romanian, Spanish, Swedish and Thai.

Thoughts on Life and Consciousness:

Isang librong sinulat ni: Dr. Janez: Makukuha sa Chinese

Koleksiyon ng Mga Tula

- Silent Tears: Isang aklat ng mga tula na sinulat ng Master.
Makukuha sa English/Chinese, German/French/English, , Aulacese, Spanish, Portuguese, Korean at Filipino.
- Wu Tzu Poems: Isang aklat ng mga tula na sinulat ng Master
Makukuha sa Aulacese, Chinese, English
- The Dream of a Butterfly: Isang aklat ng mga tula na sinulat ng Master
Makukuha sa Aulacese, Chinese at English.
- Traces of Previous Lives : Isang aklat ng mga tula na sinulat ng Master
Makukuha sa Aulacese, Chinese at English.
- The Old Time: Isang aklat ng mga tula na sinulat ng Master
Makukuha sa Aulacese , English.
- Pebbles and Gold: Isang aklat ng mga tula na sinulat ng Master
Makukuha sa Aulacese , Chinese at English.
- The Lost Memories: Isang aklat ng mga tula na sinulat ng Master
Makukuha sa Aulacese, Chinese at English.
- The love of Centuries. Isang aklat ng mga tula na sinulat ng Master Makukuha sa
Aulacese, Chinese, English, French, German, Mongolian, Korean at Spanish.
- The Real Love: Makukuha sa English at Chinese
- Loving The Silent Tears(The Musical):CD & DVD
- Beyond the Realm of Time (awiting pagtatanghal sa Aulacese): CD & DVD
- A Touch of Fragrance (awiting pagtatanghal sa Aulacese ng mga sikat na mang-aawit):
CD
- That and This Day (pagbigkas ng tula sa Aulacese): CD
- Dream in the Night (awiting pagtatanghal sa Aulacese): CD & DVD
- T-L-C, Please (awiting pagtatanghal sa Aulacese): CD
- Please Keep Forever (pagbigkas ng tula sa Aulacese): CD
- Songs & Compositions of The Supreme Master Ching Hai: (CD) English, Aulacese, at
Chinese

- The Song of Love: (DVD) Aulacese at English
- Good Night Baby: (CD) sa English
- The Jeweled Verses (mga tula ng mga pinagpipitagang Aulacese na makata, pagbigkas sa Aulacese): CDs 1, 2 & DVDs 1, 2
- The Golden Lotus (pagbigkas ng tula sa Aulacese): CD & DVD
Inaanyayahan ka naming makinig sa pagbigkas ng magagandang tula ng Venerable Thich Man Giac, sa pamamagitan ng malambing na tinig ni Supreme Master Ching Hai, kung saan binigkas din Niya ang dalawa sa Kanyang sariling mga tula, "Golden Lotus" at "Sayonara".
- An Ancient Love (pagbigkas ng tula sa Aulacese): CD & DVD
- Traces of Previous Lives (pagbigkas ng tula sa Aulacese): CDs 1, 2 & 3, DVDs 1, 2 (with 17 choices of subtitles)
- A Path to Love Legends: CDs 1, 2 & 3 (mga tula ng mga pinagpipitagang Aulacese na makata, pagbigkas sa Aulacese)

* Ang mga tula mula sa “A Path to Love Legends” , “An Ancient Love” , “Beyond the Realm of Time” , “Dream in the Night” , “Please Keep Forever” , “That and This Day” , “Traces of Previous Lives” , “The Jeweled Verses” , “The Golden Lotus” , at “T-L-C, Please” , ay binigkas o inilapat sa musika at inawit mismo ng Makata.

Ang mga MP3s, MP4s at DVDs ng lektyur, musika, at konserto ni Supreme Master Ching Hai, music and concerts ay makukuha sa Arabic, Armenian, Aulacese, Bulgarian, Cambodian, Cantonese, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Finnish, French, German, Greek, Hebrew, Hungarian, Indonesian, Italian, Japanese, Korean, Malay, Mandarin, Mongolian, Nepali, Norwegian, Persian, Polish, Portuguese, Russian, Sinhalese, Slovenian, Spanish, Swedish, Thai, Turkish at Zulu. Ang mga katalog ay pwede naming ipadala ayon sa inyong pakiusap. Lahat ng katanungan ay tinatanggap.

Ang Susi ng Dagling Kaliwanagan- Libreng Sample Booklet

Ang Susi ng Dagling Kaliwanagan - Libreng Sample Booklet ay nagtatanghal ng isang pagpapakilala sa mga aral ni Supreme Master Ching Hai. Ang pagkakaroon ng Booklet sa elektronikong aklat ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa sa buong mundo na i-download ito nang libre, o basahin ito online saan man may access sa Internet. Mula sa Afrikaans hanggang Zulu, mula sa Bengali hanggang Urdu, sa Macedonian, Malay at marami pang iba, ang hiyas na ito ay isinalin sa higit sa 80 mga wika.

Sa Booklet, binigyang diin ng Supreme Master Ching Hai ang kahalagahan ng pagninilay sa pang-araw-araw na buhay. Kasama rin sa teksto ang Kanyang mga diskurso sa mas mataas na mga espirital na dimensyon at mga benepisyong pagkain ng vegan, pati na rin ang impormasyon sa pagsisimula sa Paraan ng Quan Yin ng pagninilay, ang panghuli at pinakamataas na daan. Ang nakapagbibigay-inspirasyong pananaw ng Supreme Master Ching Hai sa Ang Susi ng Dagling Kaliwanagan ay naghahandog ng isang maliwanag na sinag ng pag-asa sa mga naghahangad ng Katotohanan.

Tulad ng sinabi ni Supreme Master Ching Hai, "Sa pamamagitan ng pagkamit ng panloob na kapayapaan makakamtan natin ang lahat. Ang lahat ng kasiyahan, lahat ng katuparan ng makamundo at makalangit na pagananais ay nagmumula sa Kaharian ng Diyos, ang panloob na pagsasakatuparan ng ating walang hanggang kapayapaan, ang ating walang hanggang karunungan at ang ating makapangyarihang kapangyarihan. Kung hindi natin makamtan ang mga ito hindi tayo makakahanap ng kasiyahan kahit gaano karaming pera o kapangyarihan, o gaano kataas ang posisyon na mayroon tayo. "

Para sa direktang pag-access sa Sample Booklet, mangyaring bisitahin ang:

<http://sb.godsdirectcontact.net/>

Naghahandog ang website na ito ng mga bersyon ng Sample Booklet ni Master sa maraming wika. Sumali sa amin sa pagdadala ng pinakamagandang regalo sa mundo sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mensahe ng Diyos at pag-aangat ng kamalayan ng tao. Kung nalaman mong ang iyong sariling o unang wika ay wala sa aming listahan at nais mong isalin ang Booklet sa nais mong wika, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa: Divine@Godsdirectcontact.org.

Libreng Pag-download ng Sample Booklet:

<http://sb.godsdirectcontact.net> (Formosa) (U.S.A.)

<http://www.direkter-kontakt-mit-ott.org/download/> (Europa)

Pagkuha ng mga Lathalain

Lahat ng mga lathalain ay maaring idownload nang libre. Kung nais mo namang bumili o makakuha ng inemprentang lathalain, sa mababang halaga, makipag-ugnayan muna sa pinakamalapit na center sa iyong lugar upang alamin kung mayroon maaring mabili. Para makakuha ng listahan ng mga lathalain, bumisita lamang sa:

<http://smchbooks.com/>

<http://edenrules.com>

<http://theCelestialShop.com>

Bilang karagdagan, maraming edisyon ng mga online News magazine ang makapagbibigay ng listahan ng mga bagong limbag na libro at tapes. Ang lugar ng eksibisyon sa mga retreat ay isa ring magaling na lugar upang matingnan ang mga aklat, tapes, litrato, painting, at mga alahas na ginawa ni Master.

Kung kinakailangan, maari kang umorder ng direkta sa headquarter sa Formosa, address: P.O. Box 9, Hsihu, Miaoli, Formosa, ROC (36899). Maaaring mag-request ng detalyadong katalog kung nais mo.

Quan Yin WWW Sites

God's direct contact — The Supreme Master Ching Hai International Association's global Internet: <http://www.Godsdirectcontact.org.tw/eng/links/links.htm>

Bisitahin ang directory ng mga Quan Yin web sites sa buong mundo, maaring i-browse sa maraming mga wika, pati na ang 24-oras na access sa programa sa TV , A Journey through Aesthetic Realms (Isang Paglalakbay sa Masining na Kaharian). Maari kang mag-download o mag-subscribe sa The Supreme Master Ching Hai News, maaaring makuha sa eBook o printable format. Ang mga multilingual na edisyon ng The Key of Immediate Enlightenment (Ang Susi sa Dagling Kaliwanagan) na sample booklet ay maaring ring makuha.

Paano Kami Kontakin

The Supreme Master Ching Hai International Association

P. O. Box 9, Hsihu, Miaoli, Formosa, ROC(36899)

Supreme Master Television

<https://suprememastertv.com/>

<https://suprememastertv.com/ch1/contact>

Book Department:

E-mail: divine@Godsdirectcontact.org

(Kung iyong nais, maaari mo kaming tulungan sa pagsasalin ng mga libro ni Master sa iba pang mga wika.)

The Supreme Master Ching Hai International Association Publishing Co., Ltd.

Taipei, Formosa.

E-mail: smchbooks@Godsdirectcontact.org

Tel:(886)2-23759688/ Fax:2-23757689

<http://smchbooks.com>

News Group:

E-mail: lovenews@Godsdirectcontact.org

Spiritual Information Desk:

E-mail: lovewish@Godsdirectcontact.org

S.M. Celestial Co., Ltd.

E-mail: oksure555@gmail.com

<http://celestial-design.co/>

Online Shop

Celestial: <http://thecelestialshop.com>

Eden Rules: <http://edenrules.com/>

Loving Hut International Company, Ltd

Tel: (886) 37-370-468/ Fax: (886)37-374-332

E-mail: info@lovinghut.com

<http://vegevegan.lovinghut.com>

Loving Food- for a healthy Vegan Lifestyle

<http://lovingfood.com.tw>

Ang Susi sa Dagling Kaliwanagan – Ika-2 Aklat

Awtor: The Supreme Master Ching Hai

Inilathala ng: The Supreme Master Ching Hai
International Association Publishing Co., Ltd.
Rm. 16, 8F, No. 72, Set.1, Zhongxiao W. Rd.,
Zhongzheng Dist., Taipei(100), Formosa, R.O.C.
Tel: 886-2-23759688 **Fax:** 886-2-23757689
Email: smchbooks@Godsdirectcontact.org
<http://www.smchbooks.com>

The Supreme Master Ching Hai ©1991~2011

Unang Edisyon: April 1991

Ikalawang Edisyon: April 1993

Ikatlong Edisyon: September 1994

Ikaapat na Edisyon: September 2007

Ikalimang Edisyon: September 2011

Inilimbag sa Formosa, R.O.C.

ISBN: 978-986-6895-11-1

All Rights Reserved.

Maari mong kopyahin ang mga nilalaman ng lathalain na ito nang may pahintulot mula sa tagapag-lathala.

*Kung may makita kang anumang mga nawawalang pahina, pinsala o pagkakamali sa pagkaka-bind, mangyaring ibalik ang libro sa aming kumpanya para papalitan.